# Primarya 1

Ako ay Anak ng Diyos
Alagain at gulang na 3

# Primarya 1

## Ako ay Anak ng Diyos

Para sa pagtuturo ng mga bata na may mga gulang na 18 buwan hanggang 3 taon, kasama ang mga mungkahi para sa pag-aangkop sa manwal upang magamit sa alagaan

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

© 1995, 1997 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan

Inilimbag sa Pilipinas

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/96
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 10/93
Pagsasalin ng *Primary 1 I Am a Child of God Nursery and Age 3*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Mga Tulong Para sa Guro | Pahina |
|---|---|
| Pagtuturo sa Pamamagitan ng Manwal na Ito | v |
| Ang Klase ng Tatlong Taong Gulang | v |
| Paghahanda ng mga Aralin | vii |
| Pagtuturo ng mga Aralin | viii |
| Musika sa Silid-aralan | viii |
| Mga Larawang Pantulong | ix |
| Mga Natatanging Tagubilin Para sa Pagsasali sa mga Batang May mga Kapansanan | x |
| Pag-aangkop sa Manwal Upang Magamit sa Alagaan | xii |
| Ang Klase ng Alagain | xii |
| Ang Tungkulin ng mga Magulang sa Paghahanda sa mga Bata Para sa Alagaan | xiv |
| Talaang Surian ng mga Magulang | xv |
| Mga Katangian ng Maliliit na Bata | xvi |
| Mga Maaaring Maging Suliranin at Kalutasan sa Alagaan | xvii |
| Mga Gawain at Palaro Para sa Alagaan | xix |
| Musika sa Silid-aralan ng Alagaan | xxv |

| Bilang at Pamagat ng Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Ako ay Anak ng Diyos | 1 |
| 2 | Ang Ama sa Langit ay May Katawan | 6 |
| 3 | Ang Plano ng Ama sa Langit Para sa Atin | 10 |
| 4 | Ako ay Maaaring Manalangin sa Ama sa Langit | 15 |
| 5 | Si Jesucristo ang Anak ng Ama sa Langit | 19 |
| 6 | Mahal Ako ng Ama sa Langit at ni Jesus | 22 |
| 7 | Tinutulungan Ako ng Espiritu Santo | 28 |
| 8 | Nagpapasalamat Ako Para sa Araw at Gabi | 32 |
| 9 | Nagpapasalamat Ako Para sa Tubig | 37 |
| 10 | Nagpapasalamat Ako Para sa mga Puno, Halaman at Bulaklak | 41 |
| 11 | Nagpapasalamat Ako Para sa Isda | 45 |
| 12 | Nagpapasalamat Ako Para sa mga Hayop | 51 |
| 13 | Nagpapasalamat Ako Para sa mga Ibon at mga Kulisap | 55 |

| | | |
|---|---|---|
| 14 | Sina Adan at Eva ay Nilikha sa Wangis ng Ama sa Langit | 61 |
| 15 | Ang Sabbath ay Araw ng Pagsamba | 65 |
| 16 | Ako ay May Katawan | 70 |
| 17 | Nagpapasalamat Ako Para sa Aking mga Kamay | 75 |
| 18 | Nagpapasalamat Ako Para sa Aking mga Tainga | 81 |
| 19 | Nagpapasalamat Ako Para sa Aking mga Mata | 86 |
| 20 | Nagpapasalamat Ako na Ako ay Nakaaamoy at Nakalalasa | 90 |
| 21 | Ako ay May Damdamin | 94 |
| 22 | Nakagagawa Ako ng Maraming Bagay | 100 |
| 23 | Ako ay Kabilang sa Isang Mag-anak | 104 |
| 24 | Mahal Ko ang Aking mga Kapatid | 109 |
| 25 | Mahal Ko ang Aking Buong Mag-anak | 113 |
| 26 | Ang mga Mag-anak ay Maaaring Magkasama-sama Magpakailanman | 117 |
| 27 | Maaari Tayong Manalangin Bilang Isang Mag-anak | 123 |
| 28 | Maaari Akong Maging Masunurin | 127 |
| 29 | Maaari Kong Sabihing Ikinalulungkot Ko | 131 |
| 30 | Maaari Kong Patawarin ang Iba | 136 |
| 31 | Nagpapasalamat Ako Para sa Aking Tahanan | 140 |
| 32 | Nagpapasalamat Ako Para sa Pagkain at Damit | 144 |
| 33 | Maaari Akong Maging Isang Kaibigan | 148 |
| 34 | Maaari Kong Mahalin ang Iba | 153 |
| 35 | Maaari Akong Maging Mabait sa mga Hayop | 158 |
| 36 | Maaari Akong Maging Mabuting Halimbawa | 163 |
| 37 | Maaari Akong Maging Matapat | 168 |
| 38 | Maaari Akong Maging Magalang | 172 |
| 39 | Ang Musika ay Nakapagpapasaya sa Akin | 177 |
| 40 | Tinutulungan Ako ng Sakramento na Isipin ang Tungkol kay Jesus | 181 |
| 41 | Ibinigay sa Atin ng Ama sa Langit at ni Jesus ang mga Banal na Kasulatan | 185 |
| 42 | Ako ay Kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw | 190 |
| 43 | Tayo ay May Buhay na Propeta | 195 |
| 44 | Lahat Tayo ay Maaaring Tumulong sa Simbahan | 199 |
| 45 | Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo (Pasko ng Pagkabuhay) | 203 |
| 46 | Ang Pagsilang ni Jesucristo (Pasko) | 208 |
| Indese sa mga Talatang Gawain at mga Awit na may Kasamang Paggalaw sa *Primarya 1* | | 212 |
| Mga Awit para sa Alagaan mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata* | | 214 |

# Pagtuturo sa Pamamagitan ng Manwal na Ito

Ang manwal na ito ay naglalaman ng mga aralin para sa pagtuturo sa mga bata na magtatatlong taong gulang pagsapit ng ika-1 ng Enero. Maaari ring iangkop ng mga guro ang manwal upang magamit sa mga bata na labing-walong buwan hanggang tatlong taong gulang. Kung may mga batang dumadalo sa Primarya na wala pang tatlong taong gulang, sila ay dapat na nasa klase ng alagaan na hiwalay sa mga tatlong taong gulang maliban na lamang kung ang purok o sangay ay napakaliit. Kung may walo o sampung bata na magkakatulad ang gulang sa isang purok o sangay, ang klase ay maaaring hatiin.

Dapat tingnan ng mga guro ng mga batang alagain ang "Pag-aangkop sa Manwal Upang Magamit sa Alagaan," bilang karagdagan sa bahaging ito.

Dapat na may pananalanging alamin ng mga pinuno at guro kung paano pinakamainam na maisasaayos ang mga klase at gamitin ang mga aralin at gawain sa manwal na ito upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga bata sa kanilang purok o sangay.

## ANG KLASE NG TATLONG TAONG GULANG

Ang mga bata na magtatatlong taong gulang pagsapit ng ika-1 ng Enero ay nasa klase ng tatlong taong gulang.

### Layunin

Ang layunin ng klase ng tatlong taong gulang ay tulungan ang mga bata na magkaroon ng pang-unawa at pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, makasali sa mga positibong karanasan sa Primarya at lumaki na may damdamin ng pagpapahalaga sa sarili.

### Panalangin

Ang bawat oras ng klase ay dapat na magsimula at magtapos sa pamamagitan ng panalangin ng isang bata. Ang pambungad na panalangin ay karaniwang nasa simula ng oras ng aralin at ang pangwakas na panalangin ay nasa hulihan ng klase. Turuan ang mga bata na magbigay ng mga maikli at simpleng panalangin. Tulungan sila kung kinakailangan.

### Takdang Palatuntunan

Ang klaseng ito ay naglalaan ng unti-unting pagbabago mula sa klase ng alagain patungo sa karaniwang Primarya. Sa unang bahagi ng taon, maaaring maging kanais-nais para sa mga tatlong gulang na magkaroon ng oras ng pagbabahagi at gawain sa kanilang sariling silid-aralan. Sa nalalabing bahagi ng taon, maaari silang dumalo sa oras ng pagbabahagi na kasama ng ibang mga bata sa Primarya. Ang pagkakaroon ng sapat na kaisipan ng mga bata sa klase ang magpapasiya kung kailan gagawa ng pagbabago sa klase. Pagmasdan ang mga bata upang makita kung handa na sila, at sumangguni sa panguluhan ng

Primarya upang malaman kung kailan gaganapin ang pagbabago. Maaaring dumalo ang mga tatlong taong gulang sa pambungad at pangwakas na mga pagsasanay na kasama ng iba pang mga bata sa Primarya sa buong taon.

Ang Primarya ay karaniwang tumatagal ng isang oras at apatnapung minuto. Ang pambungad o pangwakas na mga pagsasanay ay tumatagal ng dalawampung minuto, na may limang minuto para sa mga bata upang magpunta sa kanilang mga silid-aralan. Kung ang mga tatlong taong gulang ay nagdaraos ng oras ng pagbabahagi sa kanilang silid-aralan, ang oras ng klase ay pitumpu't limang minuto. Ang sumusunod na iminungkahing palatuntunan ay maaaring iakma ayon sa mga lokal na pangangailangan:

| | |
|---|---|
| Oras ng Pagbati: | 10–15 minuto |
| Oras ng Aralin: | 25–30 minuto |
| Oras ng Pagbabahagi at Gawain: | 20–25 minuto |
| Oras ng Pagtatapos: | 10–15 minuto |

Kapag ang mga tatlong taong gulang ay dumalo sa oras ng pagbabahagi na kasama ang ibang mga Primarya, ang oras ng klase ay tatagal ng apatnapung minuto at bubuuin ng oras ng aralin at higit na maikling mga oras ng pagbati at pagtatapos.

*Oras ng Pagbati:* Ang layunin ng oras ng pagbati ay hayaan ang mga bata na magsalita at makipag-ugnayan sa guro at sa bawat isa sa hindi pormal na kapaligiran. Magiging higit na matiwasay at positibo ang pakiramdam ng mga bata tungkol sa pagiging nasa Primarya kung sila ay malayang nakagagalaw sa paligid sa oras na ito.

Tulungan ang bawat bata na madama ang malugod na pagtanggap at kaginhawahan sa klase. Ipakita ang pagmamahal, sigla, at paggalang sa pamamagitan ng iyong mga salita at mga gawa. Talakayin ang mga pangangailangan at kinawiwilihan ng mga bata. Ang mga naaangkop na paksa ng talakayan ay maaaring kabilangan ng—

- Mga bagong karanasan sa buhay ng mga bata, katulad ng isang bagong sanggol sa tahanan o paglilibang ng mag-anak.
- Mga natatanging pista opisyal.
- Ang kalagayan ng panahon.
- Mga puna tungkol sa kalikasan.
- Mga kasanayang panlipunan katulad ng pakikinig, pagbabahagi, o paggamit ng mabubuting asal.
- Mga gawa ng kabutihan.

Ang mga larong pandaliri, pagyuko at pag-iinat na ehersisyo, at awit ay maaari ring gamitin sa oras na ito upang tulungan ang mga bata na mapaglabanan ang pagkabalisa.

*Oras ng Aralin:* Sundin ang pangkalahatang balangkas ng bawat aralin, iniaangkop ito kung kinakailangan para sa iyong klase. Pagtuunan ng pansin ang pang-unawa at mga kinawiwilihan ng mga bata. Piliin ang mga kuwento at gawain na pinakamahusay na makapagtuturo sa mga kasapi ng iyong klase ng mahahalagang alituntunin ng aralin. Pumili mula sa bahagi ng "Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman" ng mga gawain na sa pakiramdam mo ay

makabubuti sa mga bata sa iyong klase. Gamitin ang mga gawaing ito kailan mo man naisin habang nag-aaralin. Natututo nang mabuti ang mga bata sa pamamagitan ng pag-uulit, kaya maaari mong naising gamitin ang gayunding gawain, awit, kuwento, o banal na kasulatan nang mahigit sa isang beses habang nag-aaralin o sa mga susunod na aralin.

Ituro ang mga aralin nang sunud-sunod maliban sa mga aralin 45 at 46 (Pasko ng Pagkabuhay at Pasko).

*Oras ng Pagbabahagi at Gawain:* Kapag ang mga bata ay nagdaraos ng oras ng pagbabahagi sa klase sa halip na kasama ng ibang mga bata sa Primarya, gamitin ang mga gawain sa mga aralin at sa bahaging "Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman" para sa oras ng pagbabahagi. Maaaring naisin mong ulitin ang mga paboritong gawain ng mga bata mula sa mga nakaraang aralin. Maglaan ng oras para sa pag-awit ng mga awitin sa Primarya (tingnan ang "Musika sa Silid-aralan"). Himukin ang mga bata na makisali at magbahagi ng kanilang mga ideya sa isa't isa.

Pagkatapos na magsimulang dumalo ang mga tatlong taong gulang sa oras ng pagbabahagi na kasama ng ibang bata sa Primarya, sila ay maaaring paminsan-minsang hilingang magbigay ng pagtatanghal sa oras ng pagbabahagi. Magplano ng simpleng pagtatanghal ng ebanghelyo na magsasali sa lahat ng bata sa klase. Maaari mong—

- Tulungan ang mga bata na isadula ang isang kuwento o pangyayari mula sa isa sa mga aralin.
- Pagamitin ang mga bata ng mga larawan na makatutulong sa pagsasalaysay ng kuwentong mula sa isa sa mga aralin.
- Hayaan ang bawat bata na magbahagi ng sipi mula sa mga banal na kasulatan o kaisipan na tungkol sa isang alituntunin ng ebanghelyo.
- Paawitin ang mga bata ng isang awit na tungkol sa alituntuning itinuturo.

*Oras ng Pagtatapos:* Pagbalik-aralan at ibuod ang mga pangunahing ideya ng aralin. Tuwirang tukuyin ang isa o dalawang maiikling kataga ng banal na kasulatan na mula sa aralin, at bigyang-diin ang mga pangunahing ideya upang magawang maibahagi ng mga bata ang mga ito sa tahanan. Anyayahan ang isang bata na mag-alay ng pangwakas na panalangin.

---

## PAGHAHANDA NG MGA ARALIN

Ang unang susi sa matagumpay na pagtuturo sa mga batang paslit ay kilalanin at mahalin sila. Alamin at gamitin ang mga pangalan ng mga kasapi ng klase kapag nakikipag-usap ka sa kanila. Personal na makipag-ugnayan sa kanila at alamin ang tungkol sa kanilang mga buhay. Maghanap ng mga paraan upang maisali sila sa mga aralin at gawing personal na may kaugnayan ang mga aralin sa kanila. Magpakita ng naaangkop na pagmamahal at pagkawili sa lahat ng bata sa iyong klase.

Ang ikalawang susi ay maging handa. Simulan ang paghahanda ng bawat aralin ng kahit na isang linggo bago ang paglalahad. Basahin ang buong aralin, pagkatapos ay pag-aralan ito nang may panalangin upang malaman ang pinakamabuting paraan ng pagtuturo ng mga alituntunin sa mga bata sa iyong klase. Pumili ng Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman upang punan ang mga gawain sa aralin at panatilihing nawiwili at kasali ang mga bata. Magplano

ng ilang uri ng gawain, at pagkatapos ay ibagay sa pangyayari ang paggamit ng mga ito upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga bata. Alaming mabuti ang aralin upang hindi mo na kailanganing magbasa mula sa manwal at manatiling nakatingin sa mga mata ng mga bata hangga't maaari. Manalangin nang madalas habang iyong inihahanda ang bawat aralin at hangaring matamo ang Espiritu upang gabayan ka habang ikaw ay naghahanda at nagtuturo.

## PAGTUTURO NG MGA ARALIN

Habang iyong tinuturuan ang mga bata ng mga alituntunin ng ebanghelyo, dapat ay mahimok mo ang pagmamahal ng mga bata sa ebanghelyo. Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa iyong gawing kalugud-lugod ang Primarya para sa mga bata sa iyong klase:

- Bigyan ng maraming pagkakataon ang mga bata na magsalita at makisali.
- Makinig kapag nagsasalita ang mga bata at sikaping tumugon nang positibo subalit naaangkop.
- Maging masigasig. Kung nawiwili ang guro sa Primarya, ang mga bata ay mawiwili sa Primarya.
- Magsalita sa pamamagitan ng magiliw na tinig.
- Maging mapagpaumanhin, mabait at mapagmahal, lalo na kapag ang mga bata ay pagod o balisa.
- Magbigay ng positibong pansin sa mabuting asal at huwag pansinin ang negatibong asal kailanman maaari.
- Maghanda ng ilang uri ng gawain at ibagay sa pangyayari ang mga ito upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga bata. Ang maliliit na bata ay may higit na maikling oras ng pag-uukol ng pansin at kailangan ang madalas na paggalaw.
- Sikaping ituong muli ang pansin ng mga bata kapag may nangyayaring mga pagtatalo.
- Alalahaning nalulugod ang mga batang paslit sa mga kuwento, larawang pantulong, musika, at paggalaw. Ikinalulugod nila ang palagiang pag-uulit ng mga gawain at awit, lalo na ang mga alam na alam nila.

## MUSIKA SA SILID-ARALAN

Ang bawat aralin sa manwal na ito ay kinabibilangan ng mga awit upang tumulong sa pagpapatibay ng mga aral ng ebanghelyo. Hindi kinakailangang maging dalubhasang manunugtog upang gawing masaya at makabuluhan ang pag-awit sa silid-aralan. Hindi malalaman ng mga bata kung marunong kang umawit o hindi; malalaman lamang nila na ikinalulugod mo ang pag-awit. Pag-aralang mabuti ang bawat awit, at sanayin ito bilang bahagi ng iyong paghahanda ng aralin. Kung may makukuha, ang *Children's Songbook* na nasa mga *audiocassette* (tugtog lamang, 52505; tugtog at mga salita, 52428) o mga *compact disc* (tugtog lamang, 50505; tugtog at mga salita, 50428) ay makatutulong sa iyo upang matutuhan ang mga awit. Maaari mo ring gamitin ang mga nakarekord na ito habang umaawit kayo sa silid-aralan.

Ang paulit-ulit na pag-awit ang pinakamabuting paraan ng pagtuturo ng mga awit sa mga bata. Maaari mong gamitin ang iisang awitin nang ilang ulit habang nag-aaralin. Ang mga simpleng galaw ay makatutulong sa pagsasali sa maliliit na bata sa isang awit. Kung alam nang mabuti ng mga bata ang isang awit at ikinalulugod na inaawit ito, awitin ito nang madalas sa oras ng aralin o oras ng pagbabahagi at gawain.

Upang makapagturo ng bagong talata ng awit o gawain sa mga bata—

- Isaulo ang talata ng awit o gawain bago magklase.
- Ituro ang bagong talata ng awit o gawain sa pamamagitan ng pag-awit o pagbibigkas nito sa mga bata. Dagdagan ang mga galaw kung mayroon man.
- Anyayahan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita na kasama ka. Hindi nila kaagad malalaman ang mga salita, ngunit kung uulitin mo ang awit o talatang gawain nang ilang beses, matututuhan nila ang mga salita.
- Magdahan-dahan upang maunawaan ng mga bata ang mga salita at galaw.
- Gamitin paminsan-minsan ang mga larawang pantulong upang makatulong sa paglalahad ng talata ng awit o gawain. Ang mga bata ay nagtutuon ng pansin at natututong mabuti kapag mayroon silang tinitingnan.
- Gawing maikli ang talata ng awit o gawain kung ang mga bata ay nagiging balisa. Kung ang talata ng awit o gawain ay mahaba, maaaring naisin mong tulungan ang mga batang gawin ang mga galaw habang kayo ay umaawit o mag-isang bigkasin ang mga salita.

Ang maliliit na bata ay kadalasang hindi magnanais umawit na kasabay mo, ngunit malugod silang sumasali sa pamamagitan ng pakikinig sa pag-awit.

---

## MGA LARAWANG PANTULONG

Ang mga larawang pantulong ay mahalaga sa pagtuturo sa maliliit na bata. Ang mga larawan, ginupit na larawan, bagay, at iba pang larawang pantulong ay makakukuha at makapagpapanatili ng pansin ng mga bata, tinutulungan ang mga bata na maalaala ang iyong itinuturo.

Ang mga larawan at ginupit na larawang hinihiling sa aralin ay kasama sa manwal. Ang bahaging “Paghahanda” ng bawat aralin ay nagtatala ng mga larawang ginagamit sa araling iyon ayon sa pamagat at bilang. Ang mga bilang na nasa panaklong ay tumutukoy sa bawat larawan (o sa isang katulad nito) sa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo (34730 o 34735) at sa aklatan ng bahay-pulungan. Ang bahaging “Paghahanda” ay nagtatala rin sa bawat ginupit na larawan ayon sa pangkat ng Mga Ginupit na Larawang Pantulong sa Primarya (33239–33250 o 08456) na naglalaman ng mga katulad na ginupit na larawan.

Ang mga bagay ay mainam na mga larawang pantulong lalo na kung ang mga ito ay pangkaraniwang bagay na mahihipo o mahahawakan ng mga bata. Kapag ikaw ay nagsasalaysay ng kuwento mula sa banal na kasulatan, gamitin mo ang iyong sariling mga banal na kasulatan o ang mga banal na kasulatan mula sa aklatan ng bahay-pulungan bilang mga larawang pantulong.

## MGA NATATANGING TAGUBILIN PARA SA PAGSASALI SA MGA BATANG MAY MGA KAPANSANAN

Ang Tagapagligtas ay nagpakita ng halimbawa sa atin sa pagkakaroon ng damdamin ng pagkahabag sa mga taong may kapansanan. Nang dalawin niya ang mga Nefita pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli ay sinabi niyang:

"Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila dito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo" (3 Nephi 17:7).

Bilang isang guro sa Primarya ikaw ay nasa pinakamainam na katayuan upang magpakita ng pagkahabag. Kahit na maaaring hindi ka sinanay na magbigay ng propesyonal na tulong, bilang isang guro ay magagawa mong unawain at kalingain ang mga batang may mga kapansanan. Ang pagmamalasakit, pang-unawa at pagnanais na isali ang bawat kasapi ng klase sa mga gawain ng pagkatuto ay kailangan.

Ang mga batang may kapansanan ay maaaring mapukaw ng Espiritu maging ano pa man ang kanilang antas ng pang-unawa. Kahit na ang ilang bata ay hindi maaaring makadalo sa buong oras ng Primarya, kailangan nilang magkaroon ng pagkakataong makadalo kahit na sandali lamang upang madama ang Espiritu. Maaaring kailanganin ng bata na magkaroon ng kasama na madaling makadarama sa mga pangangailangan ng bata habang nasa Primarya sakaling kailanganing lumayo ang bata mula sa buong pangkat.

Ang ilang kasapi ng klase ay maaaring mahamon ng mga kawalang-kakayahan sa pagkatuto, pagkawala ng paningin o pandinig, kapansanan sa kaisipan, suliranin sa wika o pananalita, mga suliranin sa pag-uugali at panlipunan, sakit sa utak, mga suliranin sa paggalaw at pagkilos, o mga matagal na suliranin sa kalusugan. Maaaring sa iba, ang wika o pangkulturang kapaligiran ay hindi pangkaraniwan at mahirap. Anuman ang maging kalagayan ng bawat isa, ang bawat bata ay may magkakatulad na pangangailangan na mahalin at tanggapin, na matutuhan ang ebanghelyo, na madama ang Espiritu, na matagumpay na makisali at maglingkod sa iba.

Ang mga tagubiling ito ay makatutulong sa pagtuturo sa isang batang may kapansanan:

- Huwag pansinin ang kapansanan at kilalanin ang bata. Maging karaniwan, palakaibigan at masigla.
- Alamin ang tungkol sa mga tiyak na kalakasan at suliranin ng bata.
- Gawin ang lahat ng pagsisikap upang turuan at paalalahanan ang mga kasapi ng klase tungkol sa kanilang tungkuling igalang ang bawat kasapi ng klase. Ang pagtulong sa ilang kasapi ng klase na may mga kapansanan ay maaaring maging mala-Cristong karanasan ng pagkatuto para sa buong klase.
- Hanapin ang mga pinakamainam na pamamaraan ng pagtuturo sa bata sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga magulang, sa ibang kasapi ng mag-anak, at kapag naaangkop, sa bata.

- Bago tawagin ang isang batang may kapansanan upang manalangin o kahit paano ay makisali, tanungin siya kung ano ang kanyang pakiramdam tungkol sa pakikisali sa klase. Bigyang-diin ang bawat kakayahan at mga talino ng bawat bata at humanap ng mga paraan upang magawa ng bawat isa na makasali nang matiwasay at matagumpay.
- Ibagay sa pangyayari ang mga kagamitan ng aralin at ang pisikal na kapaligiran upang matugunan ang bawat pangangailangan ng mga batang may mga kapansanan.

Ang mga karagdagang kagamitan sa pagtuturo sa mga batang may mga kapansanan ay makukuha mula sa mga sentro ng pamamahagi ng Simbahan (tingnan ang "Materials for Those with Disabilities" sa katalogo ng Sentro ng Pamamahagi ng Salt Lake).

# Pag-aangkop sa Manwal Upang Magamit sa Alagaan

## ANG KLASE NG ALAGAIN

Ang mga bata na may labingwalong buwang gulang ngunit wala pang tatlong taong gulang sa ika-1 ng Enero ay makadadalo sa klase ng alagain ayon sa mabuting pagpapasiya ng kanilang mga magulang. Dapat tumawag ng kahit na dalawang guro man lamang para sa bawat klase ng alagain. Ang isang klase ng mga bata sa ganitong gulang ay nangangailangan ng higit na pamamahala ng may sapat na gulang kaysa sa maaaring maibigay ng iisang guro. Ang kapwa guro ay dapat manatili sa klase sa buong oras ng Primarya.

### Layunin

Ang layunin ng klase ng alagain ay maglaan ng ligtas, maayos na lugar kung saan maaaring mapagyaman ng mga batang paslit ang pang-unawa at pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, magkaroon ng mga positibong karanasan sa kapaligirang pang-Simbahan, at lumaking may damdamin ng pagpapahalaga sa sarili. Ang klase ng alagain ang unang karanasan sa Simbahan kung saan ang maliliit na batang ito ay nakikipag-ugnayan sa iba pang mga bata at sa mga may sapat na gulang. Ang klase ay dapat kabilangan ng malayang paglalaro at mga gawain ng pagkatuto.

### Pisikal na Kapaligiran

Dapat na malinis, masigla, at kaaya-aya ang silid-alagaan. Ito ay dapat na malapit sa isang silid na pahingahan. Ang silid-alagaan ay maaaring hatiin sa iba-ibang bahagi para sa paglalaro (sa alpombra, kung maaari), para sa pagbabasa o mga gawain, at para sa pagbibigay ng aralin. Ang mga laruan ay dapat na malinis, kawili-wili, ligtas at nasa mabuting kalagayan. Bilang pagsunod sa mga patakaran ng Simbahan, ang mga bahay-pulungan ay hindi dapat magkaroon ng anumang uri ng mga kagamitang inaakyatan ng mga bata.

### Panalangin

Ang bawat oras ng klase ng alagain ay dapat na magsimula at magtapos sa pamamagitan ng isang panalangin ng bata. Turuan ang mga bata na magbigay ng mga maikli, simpleng panalangin. Tulungan sila kung kinakailangan.

### Takdang Palatuntunan

Ang alagaan ay karaniwang tumatagal ng isang oras at apatnapung minuto. Ang mga batang alagain ay hindi nagpupunta sa oras ng pagbabahagi o sa mga pambungad o pangwakas na pagsasanay. Ang sumusunod na iminungkahing palatuntunan ay maaaring iakma ayon sa mga lokal na pangangailangan:

| | |
|---|---|
| Oras ng Pagbati: | 5–10 minuto |
| Oras ng Paglalaro: | 45 minuto |
| Oras ng Miryenda: | 15 minuto |
| Oras ng Aralin: | 20 minuto, hinahati sa dalawa o mahigit pang panahon |
| Oras ng Pagtatapos: | 5–10 minuto |

Ang layunin ng oras ng pagbati ay hayaan ang mga bata na magsalita at makipag-ugnayan sa guro at sa bawat isa sa hindi pormal na kapaligiran. Magiging higit na matiwasay at positibo ang pakiramdam ng mga bata tungkol sa pagiging nasa klase ng alagain kung sila ay malayang nakagagalaw sa paligid sa oras na ito.

Tulungan ang bawat bata na madama ang malugod na pagtanggap at kaginhawahan sa klase ng alagain. Ipakita ang pagmamahal, sigla at paggalang sa pamamagitan ng iyong mga salita at gawa. Maging sensitibo at makibagay sa mga pangyayari. Talakayin ang mga kailangan at kinawiwilihan ng mga bata. Ang mga naaangkop na paksa ng talakayan ay maaaring kabilangan ng—

- Mga bagong karanasan sa buhay ng mga bata, katulad ng isang bagong sanggol sa tahanan o paglilibang ng mag-anak.
- Mga natatanging pista opisyal.
- Ang kalagayan ng panahon.
- Mga puna tungkol sa kalikasan.
- Mga kasanayang panlipunan katulad ng pakikinig, pagbabahagi, o paggamit ng mabubuting asal.
- Mga gawa ng kabutihan.

Ang mga larong pandaliri, pagyuko at pag-iinat na ehersisyo at mga awit ay maaari ring gamitin sa oras na ito upang tulungan ang mga bata na mapaglabanan ang pagkabalisa.

*Oras ng Paglalaro:* Ang layunin ng panahon sa paglalaro ay pahintulutan ang mga bata na makapaglaro nang malaya ng mga laruan, palaisipan, larawan o aklat. Himukin ang bawat bata na pumili ng isa-isang bagay lamang upang paglaruan at isauli ito sa tamang lalagyan bago pumili ng iba pa. Huwag pilitin ang isang bata na magbahagi kung ayaw niyang gawin ito. Maraming bata sa ganitong gulang ang hindi pa handang maghayag ng damdamin o palakaibigan. Maging naroroon para sa mga bata, ngunit huwag makialam nang labis sa kanilang paglalaro.

*Oras ng Miryenda:* Samantalang hindi karaniwang namimigay ng pagkain sa Primarya, maaari kang maghanda ng isang miryendang mabuti para sa kalusugan ng mga bata sa alagaan. Tulungan ang isang bata na bumigkas ng simpleng panalangin para sa miryenda.

Ang mga tiyak na gawain ay maaaring pangasiwaan sa oras ito (tingnan sa “Mga Gawain at Palaro para sa Alagaan”), ngunit hindi dapat pilitin ang mga bata na makisali.

*Oras ng Aralin:* Ang mga aralin sa manwal na ito ay isinulat ayon sa antas ng mga batang tatlong taong gulang, subalit marami sa mga gawaing nasa aralin at sa bahaging “Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman” ang nababagay sa maliliit na bata. Ang bawat aralin ay naglalaman ng bahaging “Mga Karagdagang Gawain Para sa Mas Maliliit na Bata.” (Mapapansinin na ang mga kagamitan at paghahandang kailangan para sa Mga Karagdagang Gawain ay *hindi* nakatala sa bahaging “Paghahanda” ng bawat aralin. Maingat na basahin ang paglalarawan ng bawat gawain na nais mong gamitin, upang makatiyak na nasa iyo ang lahat ng iyong kailangan.)

Ibagay sa mga pangyayari ang mga aralin para sa mga bata sa iyong klase. Huwag piliting talakayin ang lahat ng kagamitan na nasa mga aralin; piliin lamang ang mga gawain at kuwento na mauunawaan at ikalulugod ng mga bata. Sa pagbabagay ng mga aralin para sa maliliit na bata, panatilihing nasa isipan ang mga tagubiling ito:

- Gamitin ang mga salitang mauunawaan ng mga bata.
- Magturo ng isa lamang na pangunahing ideya sa bawat aralin.
- Panatilihing simple at maikli ang aralin.
- Gawing masayang oras ang oras ng aralin.
- Gumamit ng magkahalong aktibo at mga tahimik na gawain.
- Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na gumalaw habang nag-aaralin.
- Magsama ng isang kataga ng banal na kasulatan sa bawat aralin, at bigyang-diin ang pangunahing ideya upang magawang ibahagi ito ng mga bata sa tahanan.

Paminsan-minsan ay maaari mong gamitin ang maikling bahagi ng aralin para lamang sa pag-awit.

Alalahanin na ibig ng mga batang nasa alagaing gulang ang paulit-ulit. Ang gayunding gawain, awit o talata ay maaaring ulitin nang maraming beses sa isang oras ng klase at pagbalik-aralan sa mga susunod na linggo.

Mauunawaan ng maliliit na bata ang mahahalagang kuru-kuro na itinuturo nang simple at madalas na inuulit. Pahintulutan ang mga batang may higit na maikling oras ng pagtutuon ng pansin na magbalik sa paglalaro kapag nais nila.

*Oras ng Pagtatapos:* Sa oras ng pagtatapos ang lahat ng kagamitan at mga laruan ay dapat na iligpit sa mga tamang kinalalagyan ng mga ito. Tulungang magligpit ang mga bata, at pagkatapos ay maikling pagbalik aralan at ibuod ang pangunahing ideyang itinuro sa aralin. Tulungan ang isang bata na mag-alay ng pangwakas na panalangin.

---

## ANG TUNGKULIN NG MGA MAGULANG SA PAGHAHANDA SA MGA BATA PARA SA ALAGAAN

Maaaring harapin ng isang bata ang kanyang unang pagkakataon sa alagaan nang may kasabikan o takot, may ngiti o luha. Maraming nagagawa ang mga magulang upang gawing kalugud-lugod ang karanasan ng kanilang anak sa alagaan sa pamamagitan ng paunang paghahanda sa bata. Kapag alam ng mga bata kung saan sila pupunta at kung ano ang maaasahan, sila ay karaniwang nasasabik na dumalo. Ngunit ang mga dumarating nang may kakaunti o walang paunang pagpapaliwanag ay maaaring matakot at ayaw lumagi.

Mga ilang linggo bago pumasok ang bata sa alagaan, ang unang tagapayo ay dapat na magbigay sa mga magulang ng bata ng kopya ng talaang surian (checklist) at makipag-ayos ng isang pulong sa pagitan ng mga magulang at ng mga guro ng alagaan.

# Talaang Surian (Checklist) ng mga Magulang

**Ihanda ang inyong anak na magpunta sa alagaan sa pamamagitan ng paggawa ng marami sa mga bagay na ito hangga't maaari:**

_____ 1. Sabihin sa inyong anak ang tungkol sa alagaan mga dalawang linggo man lamang bago ang kanyang unang pagdalo.

_____ 2. Makipag-ayos upang makatagpo ng inyong anak ang mga guro sa alagaan mga isa o dalawang linggo bago ang kanyang unang pagdalo sa alagaan.

_____ 3. Makipag-ayos upang makatagpo ng inyong anak ang ilan sa ibang mga bata sa alagaan.

_____ 4. Sa loob ng linggo bago pumasok ang inyong anak sa alagaan, araw-araw na magsabi ng mabubuting bagay tungkol sa alagaan.

_____ 5. Dalhin ang inyong anak upang makita ang silid-alagaan kapag walang sinumang naroon.

_____ 6. Isang araw bago pumasok, paalalahanan ang inyong anak na ang alagaan ay magsisimula kinabukasan.

_____ 7. Sa unang araw ng alagaan, bigyan ng maraming oras ang inyong anak na makapaghanda. Huwag magmadali.

_____ 8. Iwanan ang lahat ng laruan ng inyong anak sa tahanan.

_____ 9. Dalhin ang inyong anak sa silid na pahingahan at pakainin na siya bago dalhin sa alagaan. Ang bata na nangangailangang palitan ng lampin ay dadalhin sa magulang.

_____ 10. Dumating sa alagaan sa tamang oras.

_____ 11. Tiyaking muli sa inyong anak na kayo ay babalik pagkatapos. Bumalik sa tamang oras upang sunduin ang inyong anak pagkatapos ng alagaan. Huwag pahuhuli.

_____ 12. Kung ang inyong anak ay natatakot, manatiling kasama niya sa alagaan nang ilang ulit.

_____ 13. Sabihin sa mga guro sa alagaan kung saang klase kayo dadalo sa oras ng alagaan upang maihatid nila sa inyo ang inyong anak kung may suliranin.

_____ 14. Ipabatid sa mga guro ng alagaan kung may hindi pangkaraniwang suliranin ang inyong anak katulad ng alerdyi sa pagkain.

_____ 15. Pag-usapan ninyo ng inyong anak ang karanasan sa alagaan sa positibo, mapagmahal na paraan. Tiyaking magsabi ng mabubuting bagay tungkol sa klase ng inyong anak sa alagaan at sa mga guro.

_____ 16. Alalahaning magagawa ng pagmamahal at pagpapaumanhin na maging mabuting karanasan para sa inyong anak ang alagaan.

**Maaari lamang na huwag dalhin ang inyong anak sa alagaan kapag siya ay mayroon ng alinman sa mga sumusunod na sintomas:**

- Lagnat
- Malabnaw na sipon
- Ubo
- Hindi pangkaraniwang pagkamayamutin o pagkagalit
- Pagsusuka
- Pagtatae
- Butlig-butlig
- Pagmumuta
- Isang karamdaman o impeksiyon na ginagamot sa pamamagitan ng antibiotics sa loob ng nakaraang apatnapu't walong oras
- Isang pangkaraniwang sakit sa pagkabata na nakahahawa:

  bulutong-tubig (pitong araw)

  tigdas (hanggang sa mawala ang mga pantal)

  *scarlet fever* (hanggang sa mawala ang mga pantal)

  beke (hanggang sa mawala ang pamamaga, karaniwan ay pitong araw)

Kung ang inyong anak ay may alerdyi na nagiging sanhi ng malabnaw na sipon, ubo, o butlig-butlig, maaari po lamang na ipaalam sa mga guro ng alagaan na ang inyong anak ay hindi nakahahawa.

## MGA KATANGIAN NG MALILIIT NA BATA

Ang pag-aaral sa mga sumusunod na katangian ng maliliit na bata ay makatutulong sa iyo na higit na maunawaan kung bakit ang mga bata sa iyong klase ay kumikilos nang katulad ng kanilang ginagawa. Gamitin ang kaalamang ito sa paghahanda at pagtuturo ng mga aralin at sa pakikipag-ugnayan sa mga bata. Alalahanin na ang mga ito ay pangkalahatang tagubilin; hindi lahat ng bata ay umuunlad ng magkasingbilis o kumikilos sa magkatulad na paraan sa magkatulad na gulang.

### Mga Katangiang Pangkaisipan

- Nag-iisip nang simple at literal. Hindi nakauunawa ng mahihirap unawaing ideya.
- May maikling oras ng pagtutuon ng pansin (isa hanggang tatlong minuto).
- Kadalasang nagtatanong o gumagawa ng mga puna na malayo sa paksa.
- Ay napakamausisa at palatanong.
- Ay kalimitang sabik na matuto at sumubok ng mga bagong bagay.
- Nalulugod sa paulit-ulit.
- Nakagagawa ng mga simpleng pagpili.

### Mga Pisikal na Katangian

- Ay kalimitang napaka-aktibo.
- Ay pinagbubuti ang mga kakayahan sa pagmartsa, pagtalon at pagpalakpak.
- Nababalisa, mayayamutin at madaling napapagod.
- Nadadaliang magtanggal at magbaba kaysa magsauli.

### Mga Katangiang Panlipunan

- Ay nagtitiwala.
- Kalimitang nalulugod na maglaro nang nag-iisa.
- Ay kadalasang tila makasarili at maramot.
- Ay nahihirapang magbahagi at makipagpalitan.
- Kadalasang nakikipagtalo tungkol sa mga laruan.

### Mga Katangiang Pandamdamin

- Ay karaniwang nasasabik na magmahal at mahalin.
- Kadalasan ay may pagbubulalas ng damdamin.
- Kadalasan ay madaling umiyak.
- Madalas magbago ang kalagayan ng kalooban.

### Mga Espirituwal na Katangian

- Nais manalangin ngunit kailangang tulungan upang gawin ang gayon.
- Maaaring magsimulang matutuhan ang kahulugan ng paggalang.
- Ay mga sensitibo sa Espiritu.
- Nauunawaan na tayo ay mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus.
- Nauunawaan ang mga pangunahing espirituwal na kuru-kuro.

---

## MGA MAAARING MAGING SULIRANIN AT KALUTASAN SA ALAGAAN

Maging sa pinakamahusay na alagaan, ang mga bata ilang suliranin sa pag-uugali at mga mungkahi sa paglutas sa mga ito.

| Suliranin | Maaaring Maging Kalutasan |
| --- | --- |
| Isang magulang ang nagsasabi sa iyo na ayaw magpunta sa alagaan ang isang bata. Ang bata ay sumisigaw at umiiyak kapag ang magulang ay umaalis. | Himukin ang mga magulang na ihanda ang kanilang mga anak para sa alagaan nang maaga (tingnan sa “Ang Tungkulin ng mga Magulang sa Paghahanda sa mga Bata Para sa Alagaan”). Anyayahan ang magulang na lumagi hanggang sa mapayapa at mapatahimik ang bata. Maaaring makatulong na anyayahan ang ibang may sapat na gulang na hawakan ang mga batang umiiyak upang tulungan silang makadama nang higit na katiwasayan. |
| Isang bata ang tila natatakot sa iyo o sa ibang bata, gumagala sa loob ng alagaan, at ayaw makipag-usap kahit kanino. | Maging matiyaga; huwag pilitin ang bata. Bigyan siya ng panahon upang makilala ka, ang ibang bata at ang kapaligiran. Paminsan-minsan ay muling bigyang katiyakan ang bata at magmungkahi ng isa o dalawang gawain |

| | |
|---|---|
| | upang subukin. Tulungan ang bata na magkaroon ng anumang uri ng matagumpay na karanasan. |
| Pagkatapos na makarating sa alagaan, ang isang bata ay takbo nang takbo, dinadampot at ibinabagsak ang anumang makita. | Marahil ang bata ay nagtataka o nasasabik sa alagaan. Magiliw na imungkahi na tumingin siya sa mga laruan at pumili ng isa upang kunin mula sa lalagyan upang paglaruan. |
| Sa buong oras ng alagaan, ang isang bata ay kumakapit sa iyong binti at sinisikap na maupo sa iyong kandungan. | Ang maliliit na bata ay nangangailangan ng pagmamahal at pansin. Ang isang sandali ng paghawak at pakikipag-usap sa bata paminsan-minsan ay karaniwang nagbibigay ng kasiyahan sa kanya. Pagkatapos ay himukin ang bata na makisali sa mga gawain sa alagaan. |
| Sa oras ng aralin, ang ilang bata ay tumatayo at lumalakad papalayo bago pa man matapos ang mga gawain. | Maging maliksi at alamin ang mga pangangailangan, kinawiwilihan at ang haba ng oras ng pagbibigay ng pansin sa isang bagay ng bawat bata. Maghanap ng mga palatandaan ng pagkainip o pagkabalisa upang maiangkop mo ang gawain na lumalapat sa mga kinawiwilihan ng mga bata. Huwag pilitin ang isang bata na makisali sa alinmang gawain. Kung ang ilang bata ay nais magbalik upang maglaro ng mga laruan, hayaan silang gawin ang gayon. |
| Isang bata ang ayaw maupo nang tahimik at makinig. Itinutulak niya o hinahatak ang mga bata na nakaupo sa malapit. | Maaaring ituon ng ikalawang guro ang pansin ng bata sa gawaing pinangangasiwaan ng unang guro. Bigyan ang bata ng isang bagay na mahahawakan upang aktibo siyang makisali sa aralin o gawain. |
| Nagsimulang pag-awayan ng ilang bata ang isang laruan. Ang isang bata ay naninipa, nanununtok o nangangagat upang makuha ang laruan. | Kung minsan ay nalulutas mismo ng mga bata ang mga alitan, ngunit dapat kang makialam kung kailangan upang pigilan silang saktan ang bawat isa o sirain ang ari-arian. Maaari kang magmungkahi ng mga paraan upang malutas ng mga bata ang kanilang suliranin. |
| Isang bata ang nagsisimulang maglaro nang magulo—iniuugoy ang isang laruan, sinusuntok ito, at ibinabato. Pagkatapos siya ay tumatakbo sa isang bahagi ng silid. | Kailangan mong pigilin ang ganitong pag-uugali. Ipaliwanag sa bata kung bakit hindi siya maaaring kumilos sa ganitong paraan; pagkatapos ay ituon sa ibang gawain ang pansin ng bata. |
| Isa-isang kinukuha ng isang bata ang mga laruan mula sa lalagyan, tumatangging iligpit ang alinman sa mga laruan. | Marahan ngunit may katatagang banggiting muli ang inaasahang pag-uugali. Ipakita sa bata kung paano ililigpit ang mga laruan. |

| | |
|---|---|
| | Himukin ang bata na iligpit ang bawat laruan bago kumuha ng isa pa. |
| Isang bata ang nagsisimulang dumaing at umiyak. Kapag sinisikap mong magbigay ng aliw, siya ay nagsasabing, "Hindi kita gusto." | Ang maliliit na bata ay karaniwang madaling magambala. Ipakita sa bata ang isang natatanging laruan at imungkahi na ito ay maaaring magandang paglaruan. Kung iyon ay hindi mabisa, subukan ang isang kuwento o aklat. Ang pagpunas sa mata ng bata ay nakatutulong kung minsan sa pagpapatigil ng pag-iyak. Kung ang bata ay patuloy sa pag-iyak, dalhin siya sa magulang. |
| Isang bata ang nagtatanong, "Kailan darating ang nanay ko? Kailan ako makakauwi?" | Muling bigyan ng katiyakan ang bata na ang kanyang mga magulang ay babalik. Pag-usapan ang ilan sa mga bagay na mangyayari bago sumapit ang oras ng pag-uwi. |

## MGA GAWAIN AT PALARO PARA SA ALAGAAN

Gamitin ang mga gawain sa bahaging ito ayon sa iyong pagpili sa oras ng paglalaro sa alagaan. Maaari mo ring gamitin ang alinman sa mga gawain sa bahaging ito na nababagay sa isang tiyak na aralin sa oras ng aralin sa alagaan, at ang mga gawain mula sa mga aralin ay maaari ring gamitin sa oras ng paglalaro, ngunit huwag utusan ang mga bata na makisali. Mamabutihin ng ilang bata na maglaro ng mga laruan sa buong oras ng paglalaro.

### Mga Gawaing Pangsining

Ang karanasan sa sining ay maaaring maging kalugud-lugod at makatutulong sa mga bata na pagyamanin ang pagtitiwala sa sarili, pagkamalikhain, kahusayan sa gawaing pangkamay, pagtutugma ng mata at kamay, at kabatiran ng kanilang mga pandamdam. Ang sining ay maaari ring maging napakainam na paraan ng pagbibigay ng kasiyahan ng pagpapahiwatig ng sariling katangian. Gamitin ang iyong sariling imahinasyon at pagkamalikhain sa pagpaplano ng angkop na proyektong pangsining para sa iyong klase.

Ang mga patnubay na ito ay makatutulong sa iyo sa pagpaplano ng mga malikhaing proyektong pangsining:

- Panatilihing simple ang mga panukalang gawain.
- Maging handa. Kunin ang lahat ng kakailanganing kagamitan at alamin mismo kung paano gawin ang panukalang gawain.
- Iangkop ang sarili sa mga pangyayari. Kung iniaangkop mo ang iyong sarili sa mga pangyayari, ikaw ay hindi mababalisa kapag ang isang proyekto ay hindi natupad ayon sa binalak. Alalahanin na ang mga bata ay higit na nawiwili sa pag-eeksperimento ng mga kagamitang iyong ibinibigay sa kanila kaysa sa pagtatapos ng isang proyekto.

- Maging positibo. Maging interesado sa mga bata at kung ano ang ginagawa nila at magbigay ng taos-pusong papuri.
- Gumamit ng pagkakaiba-iba. Magplano ng mga proyekto na nagpapahintulot sa mga bata na gumamit ng maraming uri ng kagamitan at pamamaraan linggu-linggo.
- Maging magalang sa pakikitungo. Ang maliliit na bata ay hindi palaging nagsisikap na maglarawan ng isang bagay sa pamamagitan ng kanilang sining. Sila ay nasisiyahan lamang sa pag-eeksperimento sa mga kagamitang inilaan. Kung nais mong punahin ang gawa ng isang bata, sabihin lamang na, "Sabihin mo sa akin ang tungkol sa iyong larawan." Ito ay higit na mainam kaysa magtanong ng, "Ano ito?"
- Magbigay lamang ng kaunting tulong. Tumulong lamang kung kinakailangan ngunit pahintulutan ang mga bata na gawin ang kanilang sariling gawain.

*Pagkukulay ayon sa Musika*

Mga kailangang kagamitan: Nakarekord na musika o mga kagamitan sa pagtugtog; papel; mga krayola o lapis na may kulay.

Magpatugtog ng musika habang nagkukulay ang mga bata. Hayaan ang mga bata na magkulay ayon sa paraan na ipinadarama sa kanila ng musika.

*Tipunan (Collage)*

Mga kailangang kagamitan: Halos lahat ng kagamitan ay maaaring gamitin sa isang tipunan (*collage),* kaya't gamitin ang iyong imahinasyon. Ang papel na pambalot ng regalo, papel na tisyu, papel na pandingding (wall paper), mga dahon, buhangin at mga produktong *macaroni* ay maaaring gamitin. Kakailanganin mo rin ang pandikit at isang pirasong papel o iba pang patag na bagay (upang maging patungan ng *tipunan [collage]*) para sa bawat bata.

Hayaan ang mga bata na pumili ng mga kagamitan na ididikit sa isang pirasong papel, kahon o iba pang bagay na patag. Hayaan silang lumikha ng anumang disenyo na gusto nila.

*Pagtutuhog ng Macaroni*

Mga kailangang kagamitan: Malalaking hindi pa lutong macaroni (o mga piraso ng istro o anumang kagamitan na magiging madaling tuhugin), mahabang tali o sinulid para sa bawat bata, pandikit o pagkit.

Patigasin ang isang dulo ng bawat hibla ng tali o sinulid sa pamamagitan ng paglulubog nito sa pandikit o pagkit. Pagkatapos na ito ay matuyo, ito ay magiging sapat na matigas upang maipantuhog. Ibuhol ang kabilang dulo ng tali upang hindi lumabas ang *macaroni.* Ipatali sa mga bata ang macaroni, at pagkatapos ay ibuhol ang magkabilang dulo ng bawat tali kapag natapos na ang mga bata.

*Simpleng Laruang Masa*

Mga kailangang kagamitan:

2 tasang harina
1 tasang asin
1 kutsaritang mantika
3/4 tasang tubig
pangkulay sa pagkain (kung nanaisin)

Paghaluin ang harina at asin. Idagdag ang mantika at sapat na tubig upang maging tila luad. Unti-unting dagdagan ng tubig hanggang sa ang tinimpla ay maging malambot ngunit hindi gaanong madikit. Haluin at marahang masahin. (Kung nais mo ng may kulay na laruang masa, idagdag ang pangkulay ng pagkain ang tubig bago ihalo ito sa harina at asin.)

Gawin ang laruang masang ito sa tahanan bago naising gamitin ito sa alagaan at ilagay ito sa isang sisidlan na hindi pinapasok ng hangin, kung maaari. Magdala ng papel (higit na mainam gamitin ang papel na may pagkit) upang ilatag sa mga mesa kung saan ay gagamitin ng mga bata ang laruang masa.

### Mga Talatang Laro at Gawain

Ibig ng mga bata na gumawa ng mga bagay na kinabibilangan ng paggalaw, katulad ng mga simpleng laro o galaw sa mga talata o awit. Maraming talata ng gawain ang kasama sa mga aralin at ang ilang simpleng laro ay nakalarawan sa ibaba. Kapag nasisiyahan ang mga bata sa isang gawain, ito ay maaaring gamitin nang maraming ulit sa buong taon hindi lamang sa mga aralin kung saan ito binabanggit.

Ang mga patnubay na ito ay makatutulong sa iyo na maituro ang mga bagong talatang gawain sa mga bata:

- Isaulo mo mismo ang talata ng gawain bago magklase.
- Bigkasin muna ang mga salita at gawin ang mga galaw para sa mga bata, na pinalabis ang paggalaw. Pagkatapos ay anyayahan ang mga bata na sabayan ka.
- Magdahan-dahan upang maunawaan ng mga bata ang mga salita at galaw.
- Paminsan-minsang gumamit ng mga larawang pantulong upang makatulong sa paglalahad ng talatang gawain. Ang mga bata ay nagtutuon ng pansin at natututong mabuti kapag may tinitingnan sila.
- Gawing maikli ang talatang gawain kung ang mga bata ay nagiging balisa. Kung ang talatang gawain ay mahaba, maaaring naisin mong tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw habang binibigkas mong mag-isa ang mga salita.

#### *Mga Talata ng Paggalang*

Gamitin ang mga sumusunod na talata kapag ang mga bata ay balisa at kailangan ng tulong sa pagiging magalang. Ang paggamit ng isa sa mga ito nang magkasabay sa bawat linggo ay makatutulong sa mga bata na malaman kung oras na para sa pambungad at pangwakas na panalangin. Tulungan ang mga bata na bigkasin ang mga salita at pagbutihin ang mga galaw katulad ng isinasaad ng mga salita.

Ibukas, Isara [Mga kamay]

Ibukas, isara;
Ibukas, isara;
Magbigay ng palakpak.
Ibukas, isara;
Ibukas, isara;
Sa kandungan ilapag.

Ikinakaway Ko ang Aking Kamay

Ikinakaway ko ang aking kamay.
Ipinaiikot ko ang aking kamay.
At ito'y aking ipinapalakpak.

Ang aking kamay ay itinataas ko,
Pagkatapos ay ibinababa ito
At sa aking kandungan inilalapag.

Tahimik ang aking mga paa.
Ang mga paa ko'y ipinapahinga.
Matuwid na nakaupo sa aking silya.
Iyuyuko ko ang aking ulo.
Ipipikit ko ang mga mata ko.
Sa panalangin ako'y handa na.

*Minsan Ako'y Mataas, at Minsan Ako'y Maliit*

Gamitin ang sumusunod na talata pagyuko at pag-iinat kung ang mga bata ay matagal nang nakaupo at kailangang lumibot sa paligid. Ulitin kung nais.

Minsan ako'y mataas—tunay na napakataas *(tumayo, pagkatapos ay tumingkayad).*
Minsan ako'y maliit—tunay na napakaliit *(yumuko, pagkatapos ay magpakayuku-yuko).*
Minsa'y mataas, minsan maliit *(tumayo, pagkatapos ay yumuko).*
Ano ako ngayon? *(tumayo o yumuko; hayaang sabihin ng mga bata kung sila ay mataas o maliit).*

*Ang Munting Binhi*

Sabihin sa mga bata kung paano itinatanim ang mga binhi sa lupa, at tulungan ang mga bata na magkunwaring mga tumutubong binhi. Sabihing, "Tayo'y magkunwaring mga munting binhi" *(yumukyok o bumaluktot na tila isang bola, at ipikit ang mga mata).* "Ang araw ay sumikat at pinainitan ang mga binhi. Pagkatapos ay bumuhos ang ulan at nagsabi, 'Gising, mga munting binhi' " *(buksan ang mga mata at magsimulang mag-unat).* "Umusbong mula sa lupa, mga munting binhi, upang kayo'y lumaki" *(tumayo at mag-unat ng mga kamay sa may uluhan).* "Mga munting binhi, kayo'y lumaking magagandang bulaklak [o matataas na puno]."

*Tayo Na sa Bahay ng Lola [o Lolo]*

Sabihing, "Tayo na sa bahay ng Lola [o Lolo]. Una ay kailangan nating isuot ang ating mga damit [o magbihis]" *(magkunwaring nagsusuot ng damit o nagbibihis).* "Tayo nang sumakay sa kotse [o sasakyan]" *(magkunwaring nagbubukas ng pintuan o sumasakay).* "Naku, baku-bako ang daang ito" *(gawin ang mga galaw ng pagdaan sa baku-bakong daan).* "Tingnan n'yo, kawayan natin ang pulis" *(gawin ang mga kilos ng pagkaway).* "Malapit na tayo. Narito na ngayon ang Lola [o Lolo]. Yakapin natin siya" *(magkunwaring niyayakap ang Lola o Lolo).*

*Pagtulong sa Ating mga Magulang*

Utusan ang mga bata na gawin ang mga kilos na naglalarawan ng pagtulong sa kanilang mga magulang. Maaari mong sabihing, "Tumulong tayo sa pagwawalis ng sahig." Magkukunwari ang mga bata na nagwawalis ng sahig. Maaari mong ipagpatuloy sa pagliligpit ng mga higaan, paghuhugas ng mga bintana, pagpapagpag ng alikabok, pagkalaykay ng mga dahon, paghuhukay sa halamanan, paglilinis ng kotse, o iba pang angkop na gawain sa inyong lugar.

*Mga Madulang Palabas*

Maaari kang gumamit ng maraming kuwento bilang mga madulang palabas, kabilang na ang mga kuwento sa manwal na ito, iba pang kuwento mula sa banal na kasulatan, kuwento mula sa mga magasin ng Simbahan o iba pang angkop na mga kuwento. Pumili ng maiikling kuwento na hindi magpapabalisa sa mga bata at may mga tauhang madaling matukoy ng mga bata.

Una ay isalaysay ang kuwento sa mga bata. Pag-usapan ang tungkol sa mga tauhan at kung ano ang kanilang ginawa sa kuwento. Pagkatapos ay pumili ng ilang bata upang maging mga tauhan sa kuwento. Isalaysay muli ang kuwento habang isinasadula ito ng mga bata. Pagkatapos na masanay ang mga bata sa pagsasadula ng mga kuwento, sila mismo ay maaaring magkuwento. Maaari mong naising magdagdag ng mga simpleng kagamitan at kasuotan upang gawing higit na nakaaaliw at nakawiwili ang mga dula.

*Bibi, Bibi, Gansa*

Paupuin ang mga bata nang nakapabilog at pumili ng isang bata upang maging “taya.” Ang bata na siyang “taya” ay paikot na lalakad sa labas ng bilog na tinatapik ang bawat bata sa ulo at nagsasabing “Bibi” sa bawat tapik. Kapag tinapik ng bata na siyang “taya” ang isa pang bata at nagsabing “Gansa” sa halip na “Bibi” tatalon ang tinapik na bata at hahabulin ang bata na siyang “taya” nang paikot sa bilog.

Kung mahuhuli ng gansa ang bata na siyang “taya” bago sila nakabalik sa dating lugar ng gansa sa bilog, ang gansa ang magiging “taya,” at ang dating naging “taya” ay uupo sa bilog. Kung hindi mahuhuli ng gansa ang naging “taya,” ang gansa ay magbabalik sa upuan sa bilog at ang bata na siyang “taya” ay magpapatuloy sa pagtapik sa ibang mga bata. Maaari mong naisin na kaagad-agad maging “taya” ang gansa upang ang lahat ng bata ay magkaroon ng pagkakataon.

*Larong Pagpapagulong ng Bola*

Mga kailangang kagamitan: Isang bola.

Ang mga bata ay mauupo sa hugis na kalahating bilog. Maupo ka sa harapan nila at pagulungin ang bola papunta sa isang bata, na binabanggit ang pangalan ng batang iyon o nagtatanong ng nauugnay sa aralin. Ipagugulong muli ng bata ang bola pabalik sa iyo at babanggitin ang iyong pangalan o sasagutin ang tanong. Tiyaking bibigyan mo ang bawat bata ng isang pagkakataon. Maaari rin ninyong laruin ang larong ito nang nakatayo, na inihahagis nang pabalik-balik ang bola.

*Pag-ihip ng Lobo*

Ang mga bata ay pabilog na maghahawakan ng mga kamay. Iihip sila ng hangin mula sa kanilang mga bibig na tila umiihip sa isang lobo at kasabay niyon ay uusog sila upang palakihin ng palakihin ang bilog. Kapag sinabi mong “Putok,” bibitiwan ng mga bata ang pagkakahawak ng kanilang mga kamay at mauupo. O maaaring mawala ang hangin ng lobo sa halip na putukin: magpapatuloy ang mga bata sa paghahawakan ng mga kamay at paliliitin nang paliliitin ang bilog. Ang mga bata ay gagawa ng tunog ng hangin na lumalabas mula sa lobo.

*Kuneho, Kuneho, Kumusta ang Kapitbahay Mo?*

Ang mga bata ay uupo nang pabilog. Ilalagay ng isang bata ang kanyang mga kamay sa kanyang tainga na tulad ng isang kuneho at tatalon paikot sa bilog. Kakalibitin ng batang iyon ang isa pang bata sa balikat at itatanong, "Kuneho, Kuneho, kumusta ang kapitbahay mo?" Ang batang kinalabit ay sasagot, "Hindi ko alam, ngunit aking titingnan." Ang batang ito ngayon ay magtataingang kuneho at tatalon paikot sa bilog, at ang unang bata ay uupong muli sa bilog. Ipagpatuloy hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang bawat isa.

*Hayop, Hayop, Sino Ka?*

Ang mga bata ay uupo nang pabilog. Isang bata ang uupo o tatayo sa gitna at gagawin ang mga galaw o ihuhuni ang tunog ng isang hayop. Magtataas ng kanilang kamay ang ibang bata upang hulaan kung anong hayop ang ginagaya ng bata. Ang batang nakahula ng tama ang siya namang manggagaya ng ibang hayop. Maaari mong naisin na ibulong sa iyo ng bata na nasa gitna ang pangalan ng hayop bago niya gayahin ito. Sa gayon ay matitiyak mo na may naisip ng hayop ang bata at maaari mong tulungan ang bata kung kailangan.

*Pagtutugma-tugma ng mga Hugis*

Mga kailangang kagamitan: Papel na may kulay; gunting.

Gumamit ng papel na may kulay upang gumawa ng isang malaki at isang maliit na ginupit na larawan ng mga sumusunod na hugis: parisukat, bilog, tatsulok, parihaba, puso, waluhang-sulok at oblong. Ikalat ang mga hugis sa sahig. Ang bawat bata ay maghahalinhinan sa paglalagay ng maliit na hugis sa ibabaw ng katugmang higit na malaking hugis. Upang maiba, gumawa ng mga katulad na hugis sa iba't ibang kulay ng mga papel at ipatugma sa mga bata ang mga kulay sa halip na ang mga hugis.

*Mga Hugis na May Musika*

Mga kailangang kagamitan: Mga bilog na magkakaiba ang kulay na ginupit mula sa papel o tela; nakarekord na musika o instrumento; teyp (kung nanaisin).

Idikit o ilagay ang mga bilog sa isang malaking bilog sa sahig. Palakarin ang mga bata sa labas ng malaking bilog habang nagpapatugtog ng musika. Kapag tumigil ang musika, sasabihin ng bata ang kulay ng bilog na nasa tapat niya. Ipagpatuloy hangga't interesado ang mga bata. Upang maiba, gumamit ng iba't ibang hugis at ipatukoy sa mga bata ang kulay at ang hugis.

*Sundin ang Pinuno*

Ang mga bata ay pipila. Ang unang bata sa pila ay tatakbo, lulundag, lulukso, o gagawa ng iba pang galaw patungo sa kabilang bahagi ng silid. Susundan ng ibang bata ang unang bata, ginagawa kung ano ang ginawa niya. Pagkatapos ay pupunta ang unang bata sa hulihan ng pila at ang pangalawang bata ang magiging bagong pinuno. Magpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataon na maging pinuno.

*Tuntungang Tabla*

Mga kailangang kagamitan: Isang tabla na limang talampakan ang haba (tiyakin na walang nakausling salubsob) o isang piraso ng teyp na limang talampakan ang haba.

Ilagay nang patag sa sahig ang tabla. Palakarin ang mga bata dito nang pasulong, pagkatapos ay paurong, pagkatapos ay patagilid. Kung walang makuhang tabla, mag-teyp ng linya sa sahig upang lakaran ng mga bata. Ang mga bata ay maaari ding tumakbo, lumukso o maglaro ng "Sundin ang Pinuno" sa tabla o teyp.

*Saluhan ng Bag ng Bins*

Mga kailangang kagamitan: Mga bag ng bins; isang kahon, buslo o asintahan. (Maaari mong iangkop sa isang pista opisyal o aralin ang mga bag ng bins o ang asintahan.) Maaari ring ihagis ng mga bata ang mga bag ng bins sa mga kahon na pinagpatung-patong.

*Pagsasanay ng Tindig*

Mga kailangang kagamitan: Isang bag ng mga bins, aklat, buslo o iba pang bagay para sa bawat bata.

Tulungan ang bawat bata na ilagay sa kanyang ulo ang isang bag ng mga bins o iba pang bagay. Pagkatapos ay palakarin ang mga bata sa buong silid. Paalalahanan silang panatilihing matuwid ang kanilang mga likod, nakataas ang kanilang mga baba, at sa unahan ang tingin ng kanilang mga mata upang hindi mahulog ang kanilang bag ng mga bins. Upang maiba, maaari kang magpatugtog at palakarin ang mga bata na sinusundan ang tugtog.

*Supot na Tela na Lalagyan ng mga Damit*

Mga kailangang kagamitan: Isang punda ng unan, malaking supot na tela na lalagyan ng mga damit, o maleta; mga lumang damit para isuot.

Punuin ng mga lumang damit at sapatos ang punda ng unan, bag, o maleta. Hayaang isukat ng mga bata ang mga ito. Ang mga damit ay dapat na may kasamang mga bagay na madaling maisuot ng mga bata.

*Mga Istatuwa*

Mga kailangang kagamitan: Nakarekord na musika o instrumento.

Palibutin ang mga bata sa silid habang tumutugtog ang musika. Kapag tumigil ang tugtog, panatilihing nakatayo ang mga bata nang walang kagalaw-galaw na katulad ng mga istatuwa. Makagagalaw muli ang mga bata kapag nagsimula ang tugtog, ngunit kailangan nilang manatiling nakatayo nang walang kagalaw-galaw sa tuwing ito ay titigil.

## MUSIKA SA SILID-ARALAN NG ALAGAAN

Ang musika sa silid-aralan ng alagaan ay lumilikha ng kapaligiran na may magandang pagtanggap at mapagmahal, na dahilan upang ang Primarya ay maging isang masayang lugar na masarap puntahan. Ang mga batang nasa edad na alagain ay handa at sabik na matuto tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, tungkol sa kanilang sarili, at sa magandang daigdig na ito. Ang isang mahalagang paraan upang sila ay matuto ay sa pamamagitan ng musika. Maaaring masiyahan ang mga bata sa musika sa maraming iba't ibang paraan. Maaari silang umawit, tumugtog ng mga instrumento ng musika, gumalaw na kasabay ng musika at makinig sa musika. Tingnan ang "Musika sa Silid-aralan," para sa mga karagdagang puna tungkol sa paggamit ng musika upang turuan ang maliliit na bata.

### Pag-awit

Maaari mong naising gamitin ang gayunding mga awit bawat linggo habang sinisimulan mo ang iba't ibang gawain. Kapag narinig ng mga bata ang karaniwang himig, malalaman nila kung anong gawain ang nagsisimula. Maaari mo ring baguhin ang mga salita sa isang awit upang lumapat sa mga situwasyon o gawain ng mga bata. Awitin ang mga paboritong awit ng mga bata nang maraming ulit sa loob ng buong taon.

### Mga Instrumento sa Musika

Kumuha ng mga simpleng instrumento sa musika upang mapaglaruan ng mga bata o gumawa ng sarili mong instrumento:

*Plauta o torotot:* Lagyan ng ilang butas ang tagiliran ng isang matigas na papel na inilulon (katulad ng uri ng ginagamit na papel na pambalot (wrapping paper), madulas na papel (waxed paper) o papel na pamunas ng kamay (paper towels). Para sa natatanging epekto, dikitan ng selopeyn ang kabilang dulo. Upang makatugtog, humimig o umawit na itinatapat ang likhang instrumento sa bibig.

*Mga kampanilyang gawa sa mga takip ng Bote:* Gumamit ng pako upang butasan ang tatlo o apat na mga takip ng bote. Pagkatapos ay ipako ang mga takip sa isang patpat o kapirasong kahoy na mga anim na pulgada ang haba. Ang mga pakong gagamitin mo ay dapat na manipis lamang upang maging maluwag ang pagkabitin ng mga takip at makagawa ng tunog na tila kampanilya at maikli lamang upang hindi lumitaw sa kabilang dulo ng patpat o kapirasong kahoy. Upang makatugtog, kalugin ang patpat o kapirasong kahoy.

*Pompiyang:* Gumamit ng isang pako upang mabutasan ang mga takip ng garapon. Pagkatapos ay ipako (o ikabit) ang bawat takip sa isang patpat o kapirasong kahoy bilang hawakan. Upang makatugtog, hawakan ang mga ito sa magkabilang kamay at pag-umpugin ang mga ito.

*Sand blocks:* Pumutol ng dalawang pirasong kahoy na isang pulgada ang kapal, mga 2 pulgada ang lapad at 4 na pulgada ang haba. Pumutol ng dalawang mas maliit na piraso, mga 1 pulgada ang lapad at 2 1/2 pulgada ang haba. Pakinisin ang alinmang matalim na gilid o alisin ang makasasalubsob. Igitna ang maliliit na putol sa malalaking putol at ipakong mabuti. Lagyan ng kapirasong papel de lihiya ang malalaking putol. Upang makatugtog, pag-umpugin ang mga kahoy o pagkiskisin ang mga papel de lihiya.

*Marakas:* Maglagay ng mga butil ng mais o pinatuyong bins sa isang latang hindi matalim ang mga gilid o ibang lalagyan. Palagyan ng palamuti sa mga bata ang mga lalagyan. Iteyp na mabuti ang mga butas upang mapigilan ang mga bata sa pagkain o paglalaro ng mga nilalaman. Upang makatugtog, ikalog.

### Galaw na Nakasabay sa Musika

Ang mga malikhaing galaw na nakasabay sa musika ay nakatutulong sa mga bata na gamitin ang lakas sa mabuting paraan at pinauunlad ang kanilang kakayahan na gamitin ang kanilang kaisipan. Umawit, tugtugin ang piyano o iba pang instrumento, o gumamit ng nakarekord na musika para angkupan ng galaw ng mga bata.

Upang maisali ang mga bata sa galaw na nakasabay sa musika, maaari mong—

- Pangasiwaan ang mga bata sa pagtakbo, paglundag, pagyuko, pag-ikot, pagtingkayad, paggapang, pagtalon, o pag-iinat sa musika. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pamumuno sa mga galaw ng pangkat.

- Patugtugin o ipaawit ang mga awit nang may iba't ibang bilis at hayaang tumakbo o lumakad ang mga bata alinsunod sa isinasaad ng musika.
- Ipawagayway sa mga bata ang may kulay na panyo o papel na bandereta habang gumagalaw sila alinsunod sa musika.
- Gamitin ang mga awit na may galaw kapag kailangan ng mga bata ang pagbabago ng bilis. Kung matagal nang nakaupo ang mga bata, ang isang awit na may galaw na ginagamit ang malalaking kalamnan at malalaking paggalaw ay maaaring maiangkop. Kung sila ay magagalaw at kailangang patahimikin, ang isang awit na may galaw na ginagamit ang maliliit na kalamnan habang nakaupo ang mga bata ay maaaring epektibo.

**Pakikinig**

Ang manwal na ito ay may kasamang *audiocassette* na maaaring gamitin sa gawaing pakikinig. Ang *audiocassette* ay naglalaman ng limang bahagi:

1. "Tahimik na Musika"—patutugtugin habang pumapasok ang mga bata sa alagaan o sa ibang mga pagkakataong nais magkaroon ng payapang kapaligiran.
2. "Kaalamang Pangmusika"—upang tulungan ang mga bata na magkaroon ng kaalaman sa iba't ibang katangiang pangmusika.
3. "Paggalaw sa Saliw ng Musika"—patutugtugin para sa mga bata habang ginagawa nila ang mga kilos na tulad ng pagyuko at pag-iinat. Ang mga bata ay makapaglalabas ng lakas at magkakaroon ng pisikal at pag-indayog na mga kasanayan habang nakikinig at nakikisali sila.
4. "Pagpapahiwatig na Pangmusika"—upang himukin ang mga batang makinig at malayang gumalaw sa saliw ng musika. Gumamit ng hindi hihigit sa tatlong piniling saliw ng musika sa isang panahon ng klase.
5. "Pagpapanggap na mga Kuwento"—isasadula upang maglaan ng gawain para sa mga bata. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin at pakikinig nang mabuti sa mga kuwento, ang mga bata ay nakikibahagi sa *pantomime* at iba pang mga gawaing pisikal. Ang mga kuwento ay pinamagatang "A Walk in the Forest," "A Visit to the Zoo," at "The Toys in the Toy Box." Isang kuwento lamang ang gamitin sa isang panahon ng klase.

Maaari mo ring gamitin ang mga *audiocassette* ng *Children's Songbook* (tugtog lamang, 52505; tugtog at mga salita, 52428) o mga *compact disc* (tugtog lamang, 50505; tugtog at mga salita, 50428), kung may makukuha, at alinmang iba pang musikang makukuha mo na angkop para sa Sabbath.

Maaaring mahirapan ang mga bata na magtuon ng pansin sa musika kung sila ay nakikinig lamang. Isama ang pakikinig sa pag-awit, paggalaw o iba pang mga gawain, katulad sa mga sumusunod na halimbawa:

- Pahigain ang mga bata sa sahig at makinig sa iba't ibang uri ng musika. Pag-usapan ang ipinadadama ng musika sa kanila. Pagkatapos ay ipalarawan sa kanila kung ano ang kanilang nadarama.
- Magpatugtog ng pangmartsang musika at hayaang magmartsa ang mga bata sa paligid ng silid.
- Ipapalakpak sa mga bata ang mga indayog ng musika na pinakikinggan nila.

# Ako ay Anak ng Diyos

Aralin
1

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na tayo ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit, na nakakikilala sa atin at nagmamahal sa atin.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Exodo 2:1–10; Mga Awit 82:6; Doktrina at mga Tipan 138:55–56; at Moises 1:1–6. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 2.
2. Alamin ang dalawa o tatlong kahanga-hangang katangian ng bawat bata sa pamamagitan ng pagsangguni sa kanyang mga magulang.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at Mahalagang Perlas.
   b. Isang maliit na supot na puno ng bins o maliit at malambot na bagay.
   c. Larawan 1–1, Ang Daigdig (62196); larawan 1–2, Si Moises sa mga Takbang Yantok (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 106; 62063).
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Awitin ang "Ako ay Anak ng Dios" *(Mga Himno at Awit Pambata)* na kasabay ang mga bata.

Ako ay anak ng Dios,
Dito'y isinilang,
Handog ay 'sang tahanang may
Mahal na magulang.

Akayin at patnubayan,
Sa tamang daan.
Turuan ng gagawin
Nang S'ya'y makapiling.

Ihagis ang maliit na supot na puno ng bins o malambot na bagay sa isang bata habang binabanggit mo ang salitang "May kilala akong anak ng Diyos na nagngangalang ________." Hayaang sabihin ng bata ang kanyang sariling pangalan at ibigay muli sa iyo ang maliit na supot na puno ng bins. Ulitin ang gawain hanggang sa ang bawat isa ay magkaroon ng pagkakataon.

### Tayo ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit

- Sino ang Ama sa Langit? (Gamitin ang mga sagot ng mga bata upang tulungan kang malaman kung paano ipaliliwanag ang bahaging ito ng aralin sa paraan na madaling maunawaan ng mga bata.)

Ipakita ang larawan 1–1, Ang Daigdig. Ipaliwanag na bago tayo isinilang sa mundo tayo ay nanirahan sa langit na kasama ng Ama sa Langit. Tayo ay mga espiritu doon. Ang isang espiritu ay nasa loob natin na nagiging dahilan upang tayo ay maging buhay. Noong tayo ay mga espiritu pa, wala tayong laman at mga buto na katulad ng mayroon ang ating mga katawan ngayon, ngunit ang ating anyo ay gayon din.

Ipaliwanag na ang ating Ama sa Langit ang ama ng ating mga espiritu at tayo ang kanyang mga espiritung anak. Hindi natin naaalala ang pamumuhay na kasama ang Ama sa Langit bago tayo nagpunta sa lupa, ngunit alam natin na tayo ay kanyang mga espiritung anak sapagkat nababasa natin ito sa mga banal na kasulatan.

Ipakita ang Biblia at basahin ang Mga Awit 82:6, ipinaliliwanag na *ang Kataastaasan* ay nangangahulugang Ama sa Langit. Bigyang-diin na ang bawat tao sa mundo ay anak ng Ama sa Langit.

Awit

Awiting muli ang "Ako ay Anak ng Dios." Ipaliwanag na ang *Diyos* ay isa pang pangalan ng Ama sa Langit.

**Kilala tayo at mahal tayo ng Ama sa Langit**

Ipaliwanag na mahal na mahal ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin sapagkat tayo ay kanyang mga anak. Alam niya ang ating mga pangalan at ang lahat ng tungkol sa atin. Alam niya kung ano ang nagpapaligaya sa atin at kung ano ang nagpapalungkot sa atin. Alam niya ang pinakamabuti para sa bawat isa sa atin.

Gawain

Bigkasin ang sumusunod na talata nang ilang ulit na kasabay ang mga bata, ginagamit ang mga galaw na isinasalarawan.

Ako ay Kilala ng Ama sa Langit

Ako ay kilala ng Ama sa Langit *(ituro ang sarili)*
At ang nais kong gawin.
Alam niya ang aking pangalan at ang aking tirahan *(gumawa ng bubong sa pamamagitan ng pagdidikit ng mga daliri ng dalawang kamay).*
Alam kong mahal niya rin ako *(pag-ekisin ang mga kamay at ipatong ang mga kamay sa balikat nang payakap).*

Alam niya ang sa aki'y nagpapasaya *(ilagay ang mga daliri sa nakangiting labi).*
Alam niya ang sa aki'y nagpapalungkot *(ilagay ang mga daliri sa nakasimangot na labi).*
Alam kong nais niya akong tulungan *(ituro ang sarili),*
At iyon ay aking ikinalulugod!

Hilingin sa isang bata na magpunta sa harapan ng klase. Sa paggamit ng napag-alaman mo mula sa mga magulang ng bata, ipaliwanag na alam ng Ama sa Langit ang tungkol sa mga kahanga-hangang katangian ng bata. Halimbawa, maaari mong sabihing, "Alam ng Ama sa Langit na si Emily ay isang mapagmahal na anak, tinutulungan ang kanyang nanay na alagaan ang kanyang kapatid na babae at karaniwang masayahin at nakangiti." Magpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataon.

Ipaliwanag na kapag tayo ay gumagawa ng mabubuti at kaibig-ibig na bagay, tayo ay nagiging katulad ng Ama sa Langit.

### Maaari tayong maging katulad ng Ama sa Langit

- Ano ang tawag sa munting aso?
- Maaaring maging ano ang isang tuta?
- Ano ang tawag sa munting manok?
- Maaaring maging ano ang isang sisiw?

Ipaliwanag na kung paanong ang mga hayop ay lumalaki upang maging katulad ng kanilang mga magulang, tayo ay lumalaki upang maging katulad ng ating mga magulang. Ang Ama sa Langit ang ama ng ating espiritu, kaya tayo ay maaaring lumaki na katulad niya. Ang Ama sa Langit ay mapagmahal, mabuti at mabait at nais niyang tulungan tayo. Kapag tayo ay mapagmahal, mabuti at mabait, tayo ay nagiging katulad ng Ama sa Langit. Ipaliwanag na dapat nating sikapin na maging higit na katulad ng Ama sa Langit araw-araw.

### Ang Ama sa Langit ay may mahalagang gawaing ipagagawa sa atin

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–2, Si Moises sa mga Takbang Yantok, at isalaysay ang kuwento kung paanong iniligtas ng anak na babae ni Faraon si Moises mula sa panganib noong siya ay isang sanggol pa lamang, na matatagpuan sa Exodo 2:1–10.

Ipaliwanag na si Moises ay lumaki at naging isa sa mahahalagang katulong ng Ama sa Langit, isang propeta. Sinabi ng Ama sa Langit kay Moises na si Moises ay kanyang anak (tingnan sa Moises 1:4, 6) at mayroon siyang mahalagang ipagagawa kay Moises. Basahin ang unang parirala ng Moises 1:6 sa mga bata. Ginawa ni Moises ang gawaing ito nang kanyang ilabas ang mga Israelita sa Egipto, kung saan sila ay labis na pinagmalupitan, patungo sa ibang lupain, kung saan sila tinuruan ni Moises ng mga kautusan ng Ama sa Langit.

Isa-isang papuntahin ang mga bata sa harapan ng klase at tulungan ang bawat isa na ulitin ang unang parirala ng Moises 1:6, na ipinapalit ang kanyang sariling pangalan: "Ako ay may gawain para sa iyo, (pangalan ng bata), aking anak (lalaki o babae)."

Ipaliwanag na may mahahalagang bagay na ipagagawa sa atin ang Ama sa Langit habang tayo ay nabubuhay sa mundo, katulad ng pagiging isang ina o ama, misyonero, guro, katulong sa simbahan, o katulong sa pamayanan.

- Anong mahalagang gawain ang maaaring nais ipagawa ng Ama sa Langit sa iyo?

Gawain

Ipasadula sa mga bata ang nais nilang maging kapag sila ay malaki na, katulad ng pagiging isang ina o ama na nagduduyan ng sanggol, isang misyonero na nagtuturo sa mga tao ng ebanghelyo, o isang guro na nagtuturo sa klase.

Patotoo

Sabihin sa mga bata na dapat nilang palaging alalahanin na sila ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit at sila ay kilala at mahal niya. Tulungan silang maunawaan na maaari silang maging higit na katulad ng Ama sa Langit at mayroon silang mahalagang gagawin sa mundo. Maaari mong ibahagi sa kanila ang isang pansariling karanasan na nakatulong sa iyo na malaman na ikaw ay kilala at mahal ng Ama sa Langit.

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Magpakita ng mga larawan ng iba't ibang tao, pag-usapan ang mga tao na kilala ng mga bata, at itanong, "Ang tao bang ito ay anak ng Diyos?" Halimbawa, "Ang obispo bang ito ay anak ng Diyos?" "Ang opisyal ng pulisya bang ito ay anak ng Diyos?" at marami pang iba. "Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang bawat isa ay anak ng Diyos.

2. Upang bigyang-diin na kilala at nag-aalala ang Ama sa Langit tungkol sa bawat bata, ipatapos sa mga bata ang iyong mga pangungusap, katulad ng nasa mga halimbawang ito: "Alam ng Ama sa Langit na ako ay nalulungkot kapag ______," "Alam ng Ama sa Langit na ako ay masaya kapag ______," "Alam ng Ama sa Langit na ang bagay na paborito kong gawin ay ______," "Alam ng Ama sa Langit na gusto kong magpunta sa Primarya dahil ______," at marami pang iba.

3. Ipaliwanag na ang Ama sa Langit ang hari ng langit at lupa. Sapagkat tayo ay kanyang mga anak, tayo ay mga prinsipe at prinsesa. Gumawa ng simpleng korona para sa bawat bata at isulat ang mga salitang *Ako ay anak ng Diyos* sa bawat korona. Hayaang kulayan ng mga bata ang mga korona.

4. Kasabay ang mga bata, awitin o bigkasin ang mga salita ng kapwa talata ng "Aking Ama'y Buhay" *(Mga Alituntunin ng Ebanghelyo).*

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Hilingin sa mga bata na mag-isip ng isang bagay na gusto nila (maaari mo ring makuha ang kaalamang ito mula sa kanilang mga magulang). Tanungin ang bawat bata kung ano ang gusto niya at sabihin sa kanya na alam ito ng Ama sa Langit, katulad ng nasa halimbawang ito: "Alam ng Ama sa Langit na gusto ni Leah ng mga aso."

2. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain:

   Kung ikaw ay napakatangkad *(mag-inat at itaas ang mga kamay),*<br>
   May lugar sa Simbahan para sa iyo.<br>
   Kung ikaw ay napakaliit *(magyumukyok),*<br>
   May lugar sa Simbahan para sa iyo.

   Matangkad *(mag-inat)*<br>
   Maliit *(magyumukyok)*<br>
   Matangkad *(mag-inat)*<br>
   Maliit *(magyumukyok)*<br>
   Tayong lahat ay mahal ng Ama sa Langit.

3. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talata habang binibigkas mo ang mga salita:

   Ang Munting Sanggol na si Moises

Ang Munting Sanggol na si Moises ay may bangkang higaan *(itikom nang bahagya ang isang kamay at ilagay ang hintuturo ng kabilang kamay rito).*

Binantayan ng kanyang mapagmahal na kapatid sa damuhang pinagtaguan *(sumilip sa pamamagitan ng paglalagay ng mga daliri ng kamay sa may kilay).*

Isang araw ay natagpuan ng prinsesa *(yumuko nang kaunti na nakatingin sa ibaba*) at siya ay kanyang kinuha *(magkunwaring kakargahin ang sanggol);*

Ang sabi niya'y, "Kukunin ko ang sanggol at siya ay aking pangangalagaan" *(magkunwaring iniuugoy ang sanggol sa mga bisig)*.

(Mula sa *Fascinating Finger Fun* ni Eleanor Doan. © 1951. Ginamit nang may pahintulot.)

Aralin
2

# Ang Ama sa Langit ay May Katawan

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na ang Ama sa Langit ay tunay na tao, may sakdal na katawang may laman at mga buto, at na tayo ay ginawa alinsunod sa kanyang wangis.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 14:9; Doktrina at mga Tipan 130:22; Moises 2:27; at Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–17. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 1.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at Mahalagang Perlas.
   b. Papel at mga krayola para sa bawat bata.
   c. Maliit na salamin.
   d. Larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403; 62470).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Mamigay ng papel at mga krayola at paguhitin ang mga bata ng mga larawan ng kanilang sarili. Kapag sila ay tapos na, ipataas sa kanila ang kanilang mga larawan at tanungin sila kung sinong mga bata ang tunay, ang mga nasa papel o ang mga may hawak ng mga papel. Tanungin sila kung paano nilang nalaman.

Ipaliwanag na katulad lamang na sila ay tunay dahil sa sila ay may katawan, ang Ama sa Langit ay tunay at may katawan. Nakakikita tayo ng mga larawan ng Ama sa Langit, ngunit ang mga ito ay hindi ang tunay na Ama sa Langit. Ang tunay na Ama sa Langit ay may katawang may laman at mga buto.

### Si Jesucristo ay kamukha ng Ama sa Langit

Tanungin ang mga bata kung may nakapagsabi na sa kanila na kamukha sila ng kanilang mga magulang. Ipakita ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo, at ipaliwanag na si Jesucristo ay anak ng Ama sa Langit. Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na si Jesus ay kamukha ng Ama sa Langit. Ipakita ang Biblia at ipaliwanag ang Juan 14:9 sa mga bata.

- Sino ang kamukha ni Jesus?

Gawain

Patayuin ang mga bata. Tulungan silang isaulo ang unang bahagi ng unang saligan ng pananampalataya: “Naniniwala kami sa Diyos, ang Walang Hanggang Ama, at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.”

**Kamukha tayo ng Ama sa Langit at ni Jesus**

Ipaliwanag na dahil tayo ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit, tayo ay kamukha rin niya. Mayroon tayong katawan na katulad ng kanya. Ipaliwanag ang Moises 2:27 sa mga bata. Ipaliwanag na ang pagkalikha sa atin sa wangis ng Ama sa Langit ay nangangahulugan na kamukha niya tayo.

Gawain

Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagtingin sa salamin at sa ibang mga bata. Ipatukoy sa bawat bata ang bahagi ng katawan na kanyang nakikita, katulad ng mga bisig, binti, mata o tainga. Ipaliwanag na ang Ama sa Langit at si Jesus ay mayroon din ng mga bahaging ito ng katawan.

- May katawan ba kayong kamukha ng mga katawan ng Ama sa Langit at ni Jesus?

Ipaliwanag na alam natin kung ano ang anyo ng Ama sa Langit at ni Jesus dahil nakita ng ilang propeta (mga pinuno ng Simbahan) ang Ama sa Langit at si Jesus at nagsulat ng tungkol sa kanila sa mga banal na kasulatan.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–4, Ang Unang Pangitain. Isalaysay ang kuwento ng Unang Pangitain, na matatagpuan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–17.

- Paano nalaman ni Joseph Smith kung ano ang anyo ng Ama sa Langit at ni Jesus?
- Anong uri ng katawan mayroon si Jesus at ang Ama sa Langit?

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo kung gaano ang iyong pasasalamat sa pagkakaroon ng katawan na ginawa alinsunod sa wangis ng Ama sa Langit. Ipahiwatig ang pasasalamat sa maraming kahanga-hangang bagay na nagagawa ng iyong katawan.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Patayuin ang mga bata at ipabigkas ang sumusunod na talata ng gawain nang ilang ulit, na ginagamit ang mga nakasaad na galaw:

   Ako ay May Kahanga-hangang Katawan

   Ako ay may kahanga-hangang katawan *(ipatong ang mga kamay sa dibdib)*
   Ang Ama sa Langit ang sa aki'y naglaan.
   Upang makarinig ay binigyan niya ng tainga *(itakip ang kamay sa tainga)*
   At mga mata upang makakita *(ituro ang mga mata).*

   Ako'y may dalawang kamay na naipapalakpak *(ipalakpak ang mga kamay),*
   Dalawang paa na nailalakad *(umikot).*
   Kung nais ko'y aking mahihipo
   Mga daliri sa paa nang nakayuko *(yumuko at hawakan ang mga daliri sa paa).*

   Kapag naiisip ko ang aking katawan *(ilagay sa ulo ang daliri),*
   Ang bahagi nito na pinakamainam *(tahimik na maupo)*
   Ay ang plano ng Ama sa Langit ang siyang naglaan
   Upang ito'y maging katulad ng kanyang katawan.

2. Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa "I Have Two Ears" (*Children's Songbook,* p. 269) o "Head, Shoulders, Knees, and Toes"

(*Children's Songbook,* p. 275). Paalalahanan ang mga bata na binigyan tayo ng Ama sa Langit ng katawan na katulad ng sa kanya at na ang mga kahanga-hangang katawang ito ay nakagagawa ng maraming bagay.

3. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw ng sumusunod na talatang gawain habang binibigkas mo ang mga salita:
4. Isalaysay ang kuwento ni Marc at ang pagsasama-sama ng mag-anak:

   Namatay ang ama ni Marc nang si Marc ay sanggol pa lamang. Kadalasan ay nagtataka si Marc kung ano ang anyo ng kanyang tatay. Siya at ang kanyang nanay ay pupunta sa isang pagsasama-samang pangmag-anak kung saan ay makadadalaw siya sa kanyang mga tiyahin at tiyuhin na nakakilalang mabuti sa kanyang tatay.

   Pagdating nila, si Tiyo Joe ay lumapit upang batiin sila. Tumingin siya kay Marc at sinabing, "Makikilala kita kahit saan. Ang mga mata mo ay katulad ng sa iyong tatay." Sinabi ni Tiya Elizabeth, "Alam mo Marc, ang ilong mo ay katulad ng sa iyong tatay." Sinabi ni Tiya Mary, "Marc, ang ngiti mo ay nagpapaalala sa akin ng ngiti ng iyong tatay."

   Habang sila ay papauwi, nasabi ni Marc sa kanyang nanay, "Masaya ako ngayon! Marami akong natutuhan ngayon tungkol sa tatay. Nalaman kong kamukha niya ako, at iyan ay nagpapaligaya sa akin! Ngayon, kapag tumingin ako sa salamin, maaalala ko kung ano ang anyo niya, at hindi ko siya malilimutan." Lumapit ang nanay ni Marc, tinapik ang kamay ni Marc, at sinabing, "Dahil nariyan ka, hindi ko rin siya malilimutan."

   Sabihin sa mga bata na katulad ng alam ni Marc na kamukha siya ng kanyang tatay kahit na hindi niya siya nakikita, alam natin na kamukha tayo ng ating Ama sa Langit kahit na hindi natin siya nakikita.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Ipakita ang larawan 1–4, Ang Unang Pangitain. Isalaysay nang simple ang kuwento ng Unang Pangitain. Bigyang-diin na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay mga tunay na tao at nakikinig sila sa ating mga panalangin.
2. Gamitin ang larawan 1–4, Ang Unang Pangitain, upang ipakita kung paanong ang ating mga katawan ay katulad ng mga katawan ng Ama sa Langit at ni Jesus. Habang itinuturo mo ang bahagi ng katawan sa larawan, ipaturo sa mga bata ang katugmang bahagi sa kanilang sariling katawan. Halimbawa, kung itinuro mo ang bisig ng Ama sa Langit, dapat na ituro ng mga bata ang kanilang sariling mga bisig.
3. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw ng sumusunod na gawain habang binibigkas mo ang mga salita:

   Sa kakahuyan lumuhod si Joseph *(lumuhod at ihalukipkip ang mga kamay)*
   At natatanging panalangin ang kanyang sinambit *(hawakan ng daliri ang mga labi).*
   Nakita niya ang Ama at ang Anak *(tumingala na kinukusot ng kamay ang mga mata)*
   At doon sa kanila ay nakinig *(takpan ng kamay ang tainga).*

4. Ituro ang iyong bibig at sabihing, “Ito ang aking bibig.” Pagkatapos ay itanong, “Maipakikita ba ninyo sa akin ang inyong bibig?” at tulungan ang mga bata na ituro ang kanilang sariling bibig. Itanong, “Mayroon bang bibig ang Ama sa Langit?” Ulitin sa mata, ilong, tainga, mga kamay at paa. Pagkatapos ay ituro ang bawat bahagi ng katawan nang hindi binabanggit ang pangalan nito, at ipabanggit sa mga bata ang pangalan nito.

Aralin
3

# Ang Plano ng Ama sa Langit Para sa Atin

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na namuhay tayong kasama ang Ama sa Langit bilang mga espiritung anak bago tayo nagpunta sa lupa at na muli tayong makapamumuhay na kasama niya pagkatapos ng buhay na ito.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Abraham 3:22–27. Tingnan din ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 2.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang magkakasamang kopya ng mga banal na kasulatan.
   b. Isang manika o hugis na gawa sa papel.
   c. Larawan 1–1, Ang Daigdig (62196); larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572); larawan 1–5, Isang Mag-anak na May Sanggol (62307); larawan 1–6, Gabing Pantahanan ng Mag-anak (62521); larawan 1–7, Isang Mapagmahal na Mag-anak; larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento (62021); larawan 1–9, Panalangin sa Umaga (62310); larawan 1–10, Panalangin ng Mag-anak (62275); larawan 1–11, Batang Lalaki na Binibinyagan (62018); larawan 1–12, Batang Babae na Pinagtitibay (62020); larawan 1–13, Joseph Smith (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 400; 62449).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Maglagay ng manika o hugis na gawa sa papel sa isa sa mga upuan na malapit sa mga bata. Patayuin ang mga bata, paikutin at paupuing muli.

- Bakit hindi tumayo ang manika?
- Bakit nakakatayo kayo?

Pag-usapan ang tungkol sa mga pagkakaiba ng mga bata at ng manika. Tulungan ang mga bata na maunawaan na sila ay buhay. Ang bawat isa sa kanila ay may espiritu sa loob ng kanilang mga katawan na nagiging dahilan ng kanilang pagkabuhay upang sila ay makakita, makarinig, makatayo, makagalaw, mag-isip at makapagsalita.

### Tayo ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit

Pagbalik-aralan na kasama ang mga bata kung paano tayong namuhay na kasama ng Ama sa Langit bilang kanyang mga espiritung anak bago tayo isinilang sa daigdig. Maligaya tayo at ibig na ibig natin ang mamuhay na kasama ng Ama sa Langit. Wala pa tayong katawang lupa na taglay natin ngayon, ngunit tayo ay may mga espiritu. Ipaliwanag na ang espiritu ay kamukha ng katawang lupa ngunit walang katawang may laman at mga buto.

Awit — Awitin ang “Ako ay Anak ng Dios: *(Mga Alituntunin ng Ebanghelyo)* na kasabay ng mga bata. Paalalahanan ang mga bata na ang *Diyos* ay isa pang pangalan ng Ama sa Langit.

Ako ay anak ng Dios,
Dito’y isinilang,
Handog ay ‘sang tahanang may
Mahal na magulang.

Akayin at patnubayan,
Sa tamang daan.
Turuan ng gagawin
Nang S’ya’y makapiling.

Gawain — Patayuin sa tabi mo ang isang bata. Ginagamit ang pangalan ng bata, ipaliwanag na siya ay nabuhay na kapiling ng Ama sa Langit bago pa isinilang sa daigdig, at siya ay isang espiritung anak na mahal ng Ama sa Langit. Gawin ang gayundin sa bawat bata.

Ipaliwanag na dahil mahal tayo ng Ama sa Langit, siya ay may plano para sa atin. Bago likhain ang daigdig, magkakasamang tinawag ng Ama sa Langit ang lahat ng kanyang mga anak upang ipaliwanag ang kanyang plano. Lahat tayo, ang ating mga magulang at ang ating mga kapatid ay naroon.

**Ipinadala tayo ng Ama sa Langit upang mamuhay sa daigdig**

Ipakita ang larawan 1–1, Ang Daigdig. Ipaliwanag na ang mundo ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit. Sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit, nilikha ni Jesus ang daigdig para sa atin. Ipinadala tayo upang maisilang dito at makatanggap ng katawang lupa.

Ipakita ang larawan 1–5, Isang Mag-anak na May Sanggol. Hayaang pag-usapan ng mga bata ang tungkol sa larawan. Sabihin sa kanila na tayo ay nasabik na magpunta sa daigdig at matuto at lumaki. Dumating tayo sa daigdig bilang mga sanggol sa mga mag-anak na magmamahal sa atin at mangangalaga sa atin.

Sabihin sa mga bata na noong tayo ay nagpunta sa daigdig, tayo ay binigyan ng mga katawang lupa na may balat, kalamnan, dugo at mga buto. Ipahipo sa mga bata ang kanilang sariling mga bisig.

- Nahihipo ba ninyo ang buto sa loob ng inyong bisig?
- Nakikita ba ninyo at nadarama ang inyong balat?
- Nahihipo ba ninyo ang inyong mga kalamnan?

Paalalahanan ang mga bata na ang ating mga espiritu na nasa loob ng ating katawan ang nagbibigay sa atin ng buhay, ngunit hindi natin nakikita o nahihipo ang ating mga espiritu. Ang ating mga katawang lupa ay nakikita at nahihipo. Sabihin sa mga bata na malaking pagpapala ang magkaroon ng katawang lupa.

Gawain — Bigkasin ang sumusunod na talata na kasabay ng mga bata. Ituro ang bawat bahagi ng katawan kapag ito ay nabanggit.

Ako'y Nagpapasalamat para sa Aking mga Mata

Ako'y nagpapasalamat para sa aking mga mata,
Sa aking tainga, bibig at ilong;
Nagpapasalamat sa aking kamay at bisig,
Sa aking binti, paa at daliri.

(Hinango sa isang talata ni Lucy Picco.)

Ipaliwanag na habang tayo ay naririto sa daigdig tayo ay lumalaki at natututo ng maraming bagay. Habang natututo tayong pumili ng mga tamang bagay na gagawin, tayo ay magiging higit na katulad ng Ama sa Langit at ni Jesus. Ito ay isa pang bahagi ng plano ng Ama sa Langit.

**Nais ng Ama sa Langit na bumalik tayo sa kanya balang araw**

Ipahiwatig ang iyong pagmamahal sa Ama sa Langit. Sabihin sa mga bata na nais mong bumalik sa Ama sa Langit upang makita mo siya at makapiling siyang muli. Ipaliwanag na ito ay bahagi rin ng plano ng Ama sa Langit. Nais niya na ang bawat isa sa atin ay makabalik upang mamuhay na kapiling niya kapag ang ating buhay sa daigdig ay tapos na. Nais niya na tayo, ang ating mga magulang at ang lahat ng ating mga mag-anak ay makapiling niyang muli.

Ipaliwanag na upang mamuhay na kasama ng Ama sa Langit at ni Jesus, kailangan tayong mabinyagan at tuparin ang lahat ng kautusan. Ipakita ang magkakasamang kopya ng mga banal na kasulatan. Ipaliwanag na ang mga banal na kasulatan ay nagtuturo tungkol sa atin sa Ama sa Langit at kay Jesus at kung ano ang nais nilang gawin natin.

Ginagamit ang mga larawang nakatala sa bahaging "Paghahanda," pag-usapan ang tungkol sa nais ng Ama sa Langit na matutuhan natin at gawin dito sa daigdig. Nais niyang mahalin natin ang ating mag-anak, maging hindi makasarili, magsimba, tumanggap ng sakramento, manalangin sa umaga at gabi, magkaroon ng pangmag-anak na panalangin at gabing pantahanan ng mag-anak, mabinyagan, pagtibayin at tanggapin ang Espiritu Santo, maikasal sa templo, matutuhan ang tungkol sa mga propeta at maging katulad ng Ama sa Langit at ni Jesus.

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat sa Ama sa Langit at sa kanyang plano para sa atin. Himukin ang mga bata na palagiang gawin ang alam nilang tama upang makabalik sila balang araw upang mamuhay na kasama ng Ama sa Langit at ni Jesus.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Bigyan ang bawat bata ng piraso ng papel na sinulatan mo ng *Ako ay anak ng Diyos,* at paguhitin ng larawan ng kanyang sarili ang bawat bata. Hayaang ipakita ng mga bata ang kanilang mga larawan sa buong klase. Himukin ang bawat bata na magsabi ng isang mabuting bagay tungkol sa kanyang sarili habang ipinakikita ang larawan.
2. Tulungan ang mga bata na bigkasin ang sumusunod na talata at gawin ang mga galaw na nakasaad:

Ang Nilikha ng Diyos

Ginawa ng Diyos ang buwan *(gumawa ng bilog sa pamamagitan ng mga kamay)*
At mga bituing kumukutitap *(ibukas at isara ang mga kamay)*
At inilagay sa kalangitan *(umabot paitaas).*
Ginawa niya ang araw *(gumawa ng bilog sa pamamagitan ng paglalagay ng mga kamay sa uluhan)*
At mga puno't *(matuwid na itaas ang mga kamay)*
Mga bulaklak *(itikom nang kaunti ang mga kamay)*
At ibong maliliit na lumilipad *(ikampay ang mga kamay).*

(Mula sa *Fascinating Finger Fun* ni Eleanor Doan. © 1951. Ginamit nang may pahintulot.)

3. Isulat ang mga sumusunod na tanong sa hiwalay na mga pirasong papel. Pagbalik-aralan ang aralin sa pamamagitan ng pagpapapili sa bawat bata ng isang pirasong papel. Basahin ang tanong at hayaang sagutin ito ng mga bata. Ulitin kung kailangan upang bigyan ng pagkakataon ang bawat bata.

   a. Sino ang isang anak ng Diyos? (Ako; ang lahat.)
   b. Saan tayo namuhay bago tayo isinilang sa daigdig? (Sa langit kasama ng Ama sa Langit at ni Jesus.)
   c. Bakit hiniling ng Ama sa Langit kay Jesus na gawin ang daigdig para sa atin? (Upang magkaroon tayo ng katawang lupa at malaman ang kailangan nating gawin upang mamuhay na kasama ng Ama sa Langit at ni Jesus.)
   d. Ano ang kailangan nating gawin upang mamuhay na muling kasama ang Ama sa Langit at si Jesus? (Sundin ang mga kautusan, maging hindi makasarili, magpabinyag, magpunta sa templo at iba pa. Hayaang ipakita ng mga bata ang angkop na mga larawan habang sinasagot nila ang tanong na ito.)
   e. Sino ang ating makakapiling pagkatapos ng ating buhay dito sa daigdig? (Ang Ama sa Langit at si Jesus at ang ating mga mag-anak.)

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Sa pahintulot ng pangulo ng inyong Primarya, anyayahan ang isang ama na dalhin ang kanyang sanggol sa silid-aralan. Pag-usapan ang tungkol sa mga ama at kung gaano nila kamahal ang kanilang mga anak. Sabihin sa mga bata na mayroon silang dalawang ama na nagmamahal sa kanila: ang ama nila dito sa daigdig at ang kanilang Ama sa Langit. Bago isilang ang mga sanggol dito sa daigdig, sila ay namuhay kasama ng Ama sa Langit. (Paalala: Maging sensitibo sa mga kalagayan ng mga bata sa iyong klase, ang ilan sa mga ito ay maaaring walang ama sa kanilang mga tahanan.)

2. Magdala ng isa o higit pang pares ng "Sapatos ni Itay" sa klase. Pag-usapan ang tungkol sa kung sino ang nagsusuot ng malalaking sapatos na ito. Hayaang ihambing ng mga bata ang sukat ng kanilang sariling mga sapatos o paa sa malalaking ito. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa paglalakad na ginagamit ang "Sapatos ni Itay."

3. Awitin o bigkasin ang dalawang unang linya ng "Ako'y Namuhay Doon Sa Langit" (I Lived in Heaven, *Children's Songbook,* p. 4).

Ako'y namuhay doon sa langit, totoo;
Doo'y minahal natin ang lahat ng tao.

(© 1987 ni Janeen Jacobs Brady. Ginamit nang may pahintulot.)

- Sino ang kapiling nating namuhay sa langit? (Ang Ama sa Langit at si Jesus at ang lahat.)

4. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain habang binibigkas mo ang mga salita. Ulitin nang maraming beses alinsunod sa nais mo.

*Gumawa ng bilog na ang lahat ay nakatayo at naghahawakan ng mga kamay. Maghawakan ng kamay sa kabuuan ng gawain.*

Tayong lahat ay magkakasamang namuhay na kapiling ang Ama sa Langit *(ang lahat ay maglalapit-lapit, na inilalagay ang mga kamay papunta sa gitna ng bilog).*
Ipinadala niya tayo sa daigdig upang mamuhay *(palakihin ang bilog).*
Binigyan niya tayo ng mga mag-anak upang mahalin at tayo ay turuan *(maglapit-lapit muli).*
Ang ating mga mag-anak ay tutulong sa atin upang makapiling niyang muli *(palakihin muli ang bilog).*

# Ako ay Maaaring Manalangin sa Ama sa Langit

Aralin 4

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na matutuhan kung paano manalangin sa Ama sa Langit at malaman na siya ay makikinig.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Daniel 6. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 8.)
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–9, Panalangin sa Umaga (62310); larawan 1–10, Panalangin ng Mag-anak (62275); larawan 1–14, Si Daniel sa Kulungan ng mga Leon (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 117; 62096); larawan 1–15, Pagbabasbas ng Pagkain.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Panatilihing nakatayo sa harapan ng klase ang batang nagbigay ng pambungad na panalangin. Paalalahanan ang mga bata na sa huling aralin ay natutuhan nila na tayo ay namuhay na kasama ng Ama sa Langit bago pa tayo isinilang. Ipinadala tayo ng Ama sa Langit sa daigdig.

- Paano tayo makikipag-usap sa Ama sa Langit habang narito tayo sa daigdig?
- Sino ang kinakausap ni (pangalan ng bata na nagbigay ng panalangin) nang siya ay nanalangin?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag tayo ay nananalangin tayo ay tuwirang nakikipag-usap sa Ama sa Langit.

### Maaari tayong manalangin sa Ama sa Langit

Ibigay ang iyong patotoo na kahit hindi natin siya nakikita, maaari tayong manalangin sa Ama sa Langit at pakikinggan niya ang mga panalangin.

Ipakita ang larawan 1–9, Panalangin sa Umaga.

- Ano ang ginagawa ng batang babaeng ito?
- Sino ang kinakausap niya?
- Ano sa palagay ninyo ang sinasabi ng batang babaeng ito sa Ama sa Langit?

Gamitin ang larawan 1–9, Panalangin sa Umaga, larawan 1–10, Panalangin ng Mag-anak; at larawan 1–15, Pagbabasbas sa Pagkain, habang iyong tinatalakay sa mga bata ang mga pagkakataon na tayo ay nananalangin. Ipaliwanag na maaari tayong manalangin sa Ama sa Langit kailanman natin naisin; ang pinaka-karaniwang pagkakataon ay kapag nagigising at kapag

matutulog na tayo, sa hapag kainan, kasama ng ating mga mag-anak, at kapag kailangan natin ang natatanging tulong. Hayaang hawakan ng mga bata ang mga naaangkop na larawan habang tinatalakay mo ang mga ito.

**Tinuruan tayo ni Jesucristo na manalangin sa Ama sa Langit**

Ipaliwanag na tinuruan tayo ni Jesus na gawin ang ilang tiyak na bagay kapag tayo ay nananalangin. Habang naghahanda tayong manalangin, iniisip natin ang tungkol sa Ama sa Langit.

- Ano ang ginagawa natin sa ating mga kamay kapag tayo ay nananalangin?
- Ano ang ginagawa natin sa ating mga ulo at sa ating mga mata kapag tayo ay nananalangin?

Gawain

Ipagaya sa mga bata ang iyong mga galaw habang ipinakikita mo kung paano maging handang manalangin sa pamamagitan ng paghahalukipkip ng iyong mga kamay, pagyuyuko ng iyong ulo at pagpipikit ng iyong mga mata. Pagkatapos ay hilingin mo sa isang bata na tumayo sa harapan ng klase, at pasundan sa ibang bata ang kanyang mga galaw habang ipinakikita niya kung paano maghahandang manalangin.

Awit

Kasabay ng mga bata, bigkasin ang mga salita sa “Isang Awit ng Panalangin” (A Prayer Song, *Children’s Songbook,* p. 22) nang ilang ulit. Gawin ang mga galaw na isinasaad ng mga salita.

Iyuko ang ating ulo,
Kapag nananalangin,
Ipikit ang mga mata,
At Ama’y kausapin.

- Ano pa ang maaari nating gawin upang makapaghandang manalangin?

Ipaliwanag na sa tahanan, kapag binibigkas natin ang ating pansarili o pangmag-anak na mga panalangin, hindi lamang natin inihahalukipkip ang ating mga kamay, iniyuyuko ang ating mga ulo at ipinipikit ang ating mga mata, kundi kadalasan ay lumuluhod tayo.

Awit

Ipaliwanag na may mga natatanging bagay tayong binibigkas kapag tayo ay nananalangin. Bigkasin ang mga salita sa talatang “May Pananampalataya Akong Nananalangin” (*Children’s Songbook,* p. 14) nang ilang ulit. Ipataas sa mga bata ang isang daliri para sa bawat isa sa apat na natatanging bagay na binabanggit natin kapag tayo ay nananalangin.

Simula ko’y, “Mahal na Ama sa Langit”;
Salamat sa pagpapala;
At hihingin sa kanya ang kailangan,
Sa pangalan ni Jesus, Amen.

(© 1987 ni Janice Kapp Perry. Ginamit nang may pahintulot.)

- Paano natin sinisimulan ang ating mga panalangin?
- Ano ang maaari nating pasalamatan sa Ama sa Langit?
- Ano ang maaari nating hilingin sa Ama sa Langit?
- Paano natin winawakasan ang ating mga panalangin?

**Nakikinig ang Ama sa Langit sa atin kapag tayo ay nananalangin**

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–14, si Daniel sa Kulungan ng mga Leon. Isalaysay ang kuwento mula sa Daniel 6. Basahin nang malakas ang unang bahagi ng talata 22 upang maipaliwanag kung bakit hindi nasaktan si Daniel habang siya ay nasa kulungan ng mga leon.

Ipaliwanag na nais ni Daniel na manalangin dahil ito ay isang kautusan mula sa Ama sa Langit at dahil din sa nais niyang pasalamatan ang Ama sa Langit sa kanyang mga biyaya.

- Ano ang ginawa ng hari dahil sa nanalangin si Daniel? (Tingnan sa Daniel 6:16.)
- Ano ang nangyari kay Daniel sa kulungan ng mga leon? (Tingnan sa Daniel 6:22.)
- Paano ninyong nalaman na nakinig ang Ama sa Langit sa panalangin ni Daniel? (Tingnan sa Daniel 6:23.)

Patotoo

Magsabi ng isang pagkakataon kung kailan nakinig ang Ama sa Langit sa iyong mga panalangin. Hilingin sa mga bata na magbahagi ng anumang karanasan nila sa panalangin.

Sabihin sa mga bata kung gaano ang iyong pasasalamat na maaari tayong manalangin sa Ama sa Langit, at tiyakin sa kanila na nakikinig ang Ama sa Langit sa atin kapag tayo ay nananalangin.

Kapag hinilingan mo ang isang bata na bigkasin ang pangwakas na panalangin, pagbalik-aralan kung paano maghahandang manalangin.

- Ano ang dapat nating gawin upang maging handang manalangin? (Ihalukipkip ang ating mga kamay, iyuko ang ating mga ulo at ipikit ang ating mga mata.)
- Ano ang unang bagay na dapat banggitin ni (pangalan ng bata) sa panalangin?
- Ano ang maaaring pasalamatan ni (pangalan ng bata) sa Ama sa Langit?
- Ano ang maaaring hilingin ni (pangalan ng bata) sa Ama sa Langit?
- Paano dapat wakasan ni (pangalan ng bata) ang panalangin?

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Maghagis ng isang malambot na bagay, katulad ng isang bag ng mga bins, o bola, sa mga bata. Pagkatapos masalo ng bawat bata ang bagay, hilingan siya na buuin ang pangungusap “Kapag ako ay nananalangin, maaari kong pasalamatan ang Ama sa Langit para sa ______.” Maaaring sumagot ang bata na, “Aking mag-anak.” Pagkatapos na magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata, ulitin ang gawain at hayaang banggitin ng mga bata ang pangalan ng mga bagay na maaari nilang hilingin sa Ama sa Langit kapag sila ay nananalangin. Maaari kang magpakita ng mga larawan upang matulungan silang mag-isip ng mga ideya.
2. Bigkasin ang mga salita sa “Isang Awit ng Pasasalamat” (A Song of Thanks, *Children’s Songbook,* p. 20), na ginagawa ang mga galaw na nasasaad sa ibaba:

Salamat sa daigdig *(ihugis na pabilog ang mga kamay upang sumagisag sa daigdig);*
Salamat sa pagkain *(magkunwaring naglalagay ng pagkain sa bibig);*
Sa ibong umaawit *(pagdikitin ang mga daliri at hinlalaki upang gayahin ang tuka ng ibon);*
Salamat, O Dios namin *(ipakabukas ang mga kamay)!*

(Mula sa *First Year Music* nina Hollis at Dann. © 1957 ng D.C. Heath and Company. Inilimbag muli nang may pahintulot.)

3. Bigkasin ang talata "Ako'y Nagpapasalamat Para sa Aking mga Mata," na itinuturo ang mga bahagi ng katawan habang binabanggit ang mga ito:

   Ako'y nagpapasalamat para sa aking mga mata,
   Sa aking tainga, bibig at ilong;
   Nagpapasalamat sa aking kamay at bisig,
   Sa aking binti, paa at daliri.

   (Hinango mula sa isang talata ni Lucy Picco.)

4. Ipasadula sa mga bata ang kuwento ni Daniel sa kulungan ng mga leon. Maaari kang magdala ng mga simpleng kasuotan. Kung ayaw mong isadula ang buong kuwento, hayaan ang mga bata na magkunwaring umuungol na mga leon at pagkatapos ay ipasara ang kanilang mga bibig na tila ba isinara ng anghel ang mga ito.

5. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Thanks to Our Father" (*Children's Songbook,* p. 20) o "We Bow Our Heads" (*Children's Songbook,* p. 25).

6. Paguhitin ang mga bata ng mga larawan ng mga bagay na maaari nilang pasalamatan sa Ama sa Langit kapag sila ay nananalangin. Isulat ang, *Kapag Ako ay nananalangin, maaari kong pasalamatan ang Ama sa Langit para sa:* sa bawat larawan.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Paalalahanan ang mga bata na kapag tayo ay nananalangin nakikipag-usap tayo sa Ama sa Langit na nagmamahal at nakikinig sa atin. Tulungan ang mga bata na bigkasin ang sumusunod na talata:

   Mahal ko ang aking Ama sa Langit;
   Pinasasalamatan siya sa panalangin.
   Mahal ako ng aking Ama sa Langit;
   Aking sinasabi'y Kanyang naririnig.

2. Tulungan ang mga bata na bigkasin ang isa o magkasunod na mga talata, na ipinakikita ang angkop na mga galaw:

   Ating kamay ay itiklop, ating ulo ay iyuko,
   Ipikit ang ating mga mata, tayo ngayon ay handa na.

   Itiklop natin ating kamay at ating ulo'y iyuko,
   At tayo'y makinig habang ang dasal ay sinasabi.

3. Bakasin ang kamay ng bawat bata sa isang pirasong papel. Pag-usapan ang dapat nating gawin sa ating mga kamay habang tayo ay nananalangin. Hayaang kulayan ng mga bata ang mga bakas ng kanilang kamay. Lagyan ng pangalan ng bata ang bawat larawan.

# Si Jesucristo ang Anak ng Ama sa Langit

Aralin **5**

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na si Jesucristo ang anak ng Ama sa Langit.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 3:13–17 at Lucas 1:26–35; 2:1–7, 41—52. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 3.
2. Sa pahintulot ng pangulo ng inyong Primarya, anyayahan ang ama ng isa sa mga bata na magpunta sa klase upang magsalita tungkol sa kanyang anak noong siya ay sanggol pa. Hilingan siyang magdala ng mga larawan at isang paboritong laruan, kung maaari. Himukin siyang magpahiwatig ng pagmamahal para sa kanyang anak.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–16, Ang Pagsilang (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 201; 62495); larawan 1–17, Ang Batang si Jesus sa Templo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 205; 62500); larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 208; 62133).
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa Guro: Habang pinag-uusapan ninyo ang tungkol sa mga ama sa araling ito, maging sensitibo sa sinumang bata sa iyong klase na walang mga ama sa kanilang mga tahanan. Bigyang-diin na lahat tayo ay may Ama sa Langit na nagmamahal sa atin. Kung ang ilan sa mga bata sa iyong klase ay may amain, ipaliwanag na mahal din tayo at nag-aalala din sa atin ang ating mga amain.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Tanungin ang mga bata kung kilala nila ang panauhin. Anyayahan ang anak ng panauhin na ipakilala siya sa klase. Pagsalaysayin ang ama sa mga bata ng tungkol sa kanyang anak. Anyayahan ang bawat bata na magsabi ng tungkol sa kanyang ama, katulad ng kulay ng kanyang buhok o kanyang trabaho.

**Si Jesucristo ang anak ng Ama sa Langit**

Sabihin sa mga bata na ang bawat isa sa kanila ay may dalawang ama: isang ama sa lupa at isang Ama sa Langit. Ang ating ama sa lupa ang ama ng ating katawang lupa. Ang Ama sa Langit ang ama ng mga espiritung nasa loob ng ating mga katawan. Isa lamang ang ama ni Jesus dahil ang Ama sa Langit ang ama ng espiritu ni Jesus at ng kanyang katawang lupa. Kaya nga tinawag si Jesus na Anak ng Diyos.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–16, Ang Pagsilang, at ikuwento ang pagsilang ni Jesus na matatagpuan sa Lucas 1:26–35 at 2:1–7. Bigyang-diin na sinabi ng anghel kay Maria na ang kanyang sanggol ang magiging Anak ng Diyos. Tukuyin ang larawan habang itinatanong mo ang mga sumusunod:

- Sino dito ang ina ni Jesus?
- Ano ang pangalan niya? (Tingnan sa Lucas 1:27.)
- Sino ang lalaki sa larawan? (Tingnan sa Lucas 1:27.)
- Sino ang ama ni Jesus? (Ang Ama sa Langit. Si Joseph ay isang mabuting tao na pinili ng Ama sa Langit upang mangalaga kina Maria at Jesus.)

Awit

Patayuin ang mga bata at awitin o bigkasin ang mga salita sa "Sa Malayong Sabsaban" (Away in a Manger, *Children's Songbook,* p. 42). Kumatha ng angkop na mga galaw ng kamay at bisig na isinasaad ng mga salita.

Sa malayong sabsaban na higaan,
Panginoong Jesus do'n isinilang;
Mga bituin sa langit nagmasid,
Sa pagtulog ng Panginoong Jesus.

**Mahal ni Jesus ang Ama sa Langit at sinusunod siya**

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–17, Ang Batang si Jesus sa Templo, at isalaysay ang kuwento tungkol kay Jesus na nasa templo, na matatagpuan sa Lucas 2:41–52. Bigyang-diin na si Jesus ay nagpunta sa templo dahil mahal niya ang Ama sa Langit at nais niyang turuan ang mga tao ng tungkol sa kanya.

- Ano ang ginagawa ni Jesus sa templo? (Tingnan sa Lucas 2:46.)

Gawain

Patayuin ang mga bata at gawin ang sumusunod na talatang gawain nang ilang ulit:

Ang batang Jesus ay nagpunta sa templo *(lumakad sa kinatatayuan)*
Bago siya lumaking malakas at matangkad *(iunat ang mga bisig paitaas)*
Upang gawin ang gawain ng kanyang Ama *(iunat ang mga kamay)*
Sapagkat tayong lahat ay mahal niya *(yakapin ang sarili).*

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus, at ikuwento ang pagbibinyag kay Jesus, na matatagpuan sa Mateo 3:13–17. Ipaliwanag na si Jesus ay nagpabinyag dahil mahal niya ang Ama sa Langit at nais na sundin siya. Nais din ni Jesus na magpakita ng mabuting halimbawa sa atin. Basahin nang malakas ang talata 17 (na nagsisimula sa *Ito ang sinisinta kong Anak*), at ipaliwanag na ito ang mga salita ng Ama sa Langit. Ang Ama sa Langit ay natutuwa na si Jesus ay nabinyagan.

- Nakakita na ba kayo ng isang taong bininyagan?

Ipaliwanag na ang isang paraan na magiging masunurin ang mga bata sa Ama sa Langit at maipakikita sa kanya na siya ay mahal nila ay sa pamamagitan ng pagpapabinyag kapag sila ay walong taong gulang na.

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na si Jesucristo ang anak ng Ama sa Langit. Ipahiwatig ang iyong pagmamahal kay Jesus at ang pasasalamat na iyong nadarama para sa kanya.

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang magamit sa aralin.

1. Ilagay nang nakapataob sa iyong kandungan o sa mesa ang tatlong larawan na mula sa aralin. Anyayahan ang isang bata na pumili ng isa sa mga larawan, ipakita ito sa klase, at ikuwento ang inilalarawan ng larawan. Gawin din ang gayon sa dalawang larawan.
2. Ipaawit o ipabigkas ang mga salita sa unang talata ng "Ang Kuwentong Tungkol kay Jesus" (Tell Me the Stories of Jesus, *Children's Songbook,* p. 57).
3. Ipasadula sa mga bata ang kuwento ng pagsilang ni Jesus na ginagamit ang mga simpleng kagamitan katulad ng isang manika, isang alampay, at malalaking panyo.

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Ipakita ang larawan 1–6, Ang Pagsilang, at tanungin ang mga bata kung sino ang sanggol na nasa larawan. Sabihin sa kanila ang tungkol sa pagsilang ni Jesus.

   Ipaliwanag na si Jesus ay hindi na sanggol. Malaki na siya ngayon at siya ang pinakamahalagang katulong ng Ama sa Langit. Ipakita ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo, at sabihin sa mga bata na mahal na mahal tayo ni Jesus at tinutulungan tayo sa maraming paraan.
2. Patayuin ang mga bata at ipaawit ang sumusunod na mga salita sa himig ng "Once There Was a Snowman" (*Children's Songbook,* p. 249). Gamitin ang pagyuyumukyok na mga galaw para sa unang talata at pag-iinat para sa ikalawang talata.

   Minsan ako'y sanggol, sanggol, sanggol,
   Minsan ay sanggol na maliit.

   Ngayo'y malaki na, malaki na,
   Ngayo'y malaki na't mataas!
3. Paunang kausapin ang mga magulang ng mga kasapi ng iyong klase upang makakuha ng mga larawan ng mga kasapi ng klase noong sila ay sanggol pa at mga laruan na kanilang pinaglalaruan noon. Ipakita ang mga ito sa klase. Kilalanin ang sanggol sa bawat larawan o ang may-ari ng bawat laruan. Ipaliwanag na noong sila ay mga sanggol pa, ang mga bata ay kamukha ng mga nasa larawan at naglalaro ng mga laruan.

Aralin
6

# Mahal Ako ng Ama sa Langit at ni Jesus

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na madama na ang bawat isa sa atin ay mahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Marcos 10:13–16; Juan 3:16; at 3 Nephi 17:11—12, 21–24.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at Aklat ni Mormon.
   b. Isang maliit na salamin.
   c. Larawan 1–1, Ang Daigdig (62196); larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572); larawan 1–4, Ang Unang Pangitain (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403; 62470); larawan 1–19, Si Cristo at ang mga Bata (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 216; 62467); larawan 1—20, Binabasbasan ni Jesus ang mga Batang Nephita.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Kamayan ang bawat bata. Bigkasin ang pangalan ng bawat bata at sabihin sa bawat isa ang isang bagay na nais mo sa kanya.

Hilingin sa bawat bata na magbanggit ng isang taong nagmamahal sa kanya at sabihin kung ano ang ginagawa ng taong iyon na nakapagpapadama sa kanya na siya ay minamahal.

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa dalawang taong nagmamahal sa ating lahat. Ibinigay nila sa atin ang magandang daigdig na ito at ang ebanghelyo at ang Simbahan.

- Sino ang dalawang taong ito na nagmamahal sa lahat? (Ang Ama sa Langit at si Jesucristo.)

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–4, Ang Unang Pangitain. Magpatulong ka sa mga bata na isalaysay ang kuwentong nangyayari sa larawan.

- Naaalaala ba ninyo kung sino ang mga taong nasa larawang ito?
- Ano ang kanilang ginagawa?

**Ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay nagbibigay sa atin ng mga biyaya**

Paalalahanan ang mga bata na bago tayo pumunta sa daigdig, tayo ay namuhay na kasama ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Nagplano sila upang makapunta tayo sa mundo upang tayo ay matuto at umunlad. Kilala at mahal nila tayo.

Ipakita ang larawan 1–1, Ang Daigdig.

- Ano ang hiniling ng Ama sa Langit kay Jesucristo na likhain para sa atin?

Ipaliwanag na ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesus ang daigdig at ang lahat ng bagay na narito. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang lahat ng bagay na kailangan natin upang mabuhay at maging maligaya ay binalak ng Ama sa Langit at ni Jesus. Ang mga bagay na ito ay nagpapaalala sa atin ng kanilang pagmamahal sa atin.

- Anong mga bagay ang nagpapaalala sa inyo sa pagmamahal sa inyo ng Ama sa Langit at ni Jesus? (Maaaring kasali sa mga sagot ang mga bagay na tulad ng mag-anak, mga kaibigan, ang Simbahan, mga halaman, at hayop.)

Awit

Awitin o bigkasin ang mga salita ng "Ako ay Mahal ng Aking Amang nasa Langit" *(Babaeng Banal sa Huling-araw A),* na ginagamit ang mga galaw na isinasaad sa ibaba. Pagkatapos ay hilingin sa mga bata na tumayo at awitin ang awit na kasabay mo.

T'wing maririnig *(ilagay ang mga kamay sa tainga)* huni ng ibon *(ibukas at isara ang mga daliri na katulad ng tuka ng ibon)*
O susulyap *(tumingala)* sa langit *(itaas ang mga kamay at gawing parang arko)*
T'wing madarama, ulan sa mukha *(gumawa ng tila ulan na galaw sa pamamagitan ng mga daliri)*
O ang pag-ihip ng hangin *(pabalik-balik na iindayog ang mga kamay),*
T'wing hahawakan ang bulaklak *(magkunwaring hinahawakan o inaamoy ang bulaklak)*
O daraan sa puno *(lumakad sa kinatatayuan),*
Ako'y masaya't buhay sa mundong 'to
Na likha ng Ama sa Langit *(iunat ang mga kamay at bisig).*

Ipakita ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo.

- Sino ito?

- Sino ang ama ni Jesus?

Basahin ang unang bahagi ng Juan 3:16 (hanggang sa *Anak*) at ipaliwanag na pinakadakilang handog na ibinigay ng Ama sa Langit sa atin ang pagpapadala kay Jesucristo sa daigdig.)

**Ipinakita ni Jesus ang kanyang pagmamahal sa mga bata**

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–19, Si Cristo at ang mga Bata. Isalaysay ang kuwento tungkol sa pagbabasbas ni Jesus sa mga bata, na matatagpuan sa Marcos 10:13–16.

Ituro na nag-ukol ng panahon si Jesus upang mahalin at basbasan ang mga bata kahit iniisip ng ilan sa kanyang mga tagasunod na siya ay hindi dapat gambalain ng mga bata.

- Ano ang ginawa ni Jesus nang dumating ang mga bata? (Tingnan sa Marcos 10:16.)

- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng mga bata tungkol kay Jesus?

Awit

Kasabay ng mga bata, bigkasin ang mga salita ng "Mahal ni Jesus ang Munting Bata" (Jesus Loved the Little Children, *Children's Songbook* p. 59).

Mahal ni Jesus ang munting batang,
Tulad ko.
Sila'y tutulungan N'ya
At babasbasan.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–20, Binabasbasan ni Jesus ang mga Batang Nefita. Ipaliwanag na pagkatapos mamatay ni Jesus, dinalaw niya ang mga tao sa Amerika. Ang Amerika ay malayo sa lugar na tinirahan ni Jesus sa mundo.

Isalaysay ang kuwento tungkol sa pagbabasbas ni Jesus sa mga batang Nefita, na matatagpuan sa 3 Nephi 17:11–12, 21–24. Ipaliwanag na isa-isang binasbasan ni Jesus ang bawat bata.

- Paano ipinakita ni Jesus ang kanyang pagmamahal sa mga bata?
- Paano ninyo nalalaman na mahal kayo ni Jesus?

Gawain

Bigkasin nang ilang ulit ang sumusunod na talata na kasabay ang mga bata, na ginagawa ang mga galaw na isinasaad:

Mahal ni Jesus ang Lahat ng Bata

Mahal ni Jesus ang lahat ng bata *(iunat ang mga bisig)*
Ang mga batang maliliit *(gamitin ang kamay upang ipahiwatig ang batang hanggang tuhod lamang ang taas),*
Ang sanggol na nasa duyan *(gumawa ng duyan sa pamamagitan ng mga bisig),*
Ang malalaki at matatangkad *(itaas ang mga kamay sa may uluhan).*

(Mula sa *Finger Fun for Little Folk* ni Thea Cannon. Karapatang sipi © 1949 sa pamamagitan ng Standard Publishing Company, Cincinnati, Ohio. Ginamit nang may pahintulot.)

**Mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus ang bawat isa sa atin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan kung gaano kahalaga ang bawat isa sa kanila sa Ama sa Langit at kay Jesus. Ipaliwanag na ang bawat isa sa atin ay mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus at kilala tayo sa pangalan.

Gawain

Hawakan ang isang salamin at isa-isang palapitin ang mga bata. Habang lumalapit ang bawat bata at tumitingin sa salamin, sabihing, "Ito ay si (pangalan ng bata), at mahal na mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus si (pangalan ng bata)."

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na buhay ang Ama sa Langit at si Jesus at na mahal nila ang bawat isa sa atin. Sabihin sa mga bata kung gaano ang iyong nadaramang pagpapasalamat sa maraming biyayang ibinigay sa iyo ng Ama sa Langit at ni Jesus.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang magamit sa aralin.

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Jesus Is Our Loving Friend" (*Children's Songbook*, p. 58). Bigyan ang bawat bata ng bigay-siping " Si Jesus ang Ating Mapagmahal na Kaibigan" (na nasa hulihan ng aralin), at hayaang kulayan ng mga bata ang kanilang mga bigay-sipi.

2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Aking Ama’y Buhay” (*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*) o “I Feel My Savior’s Love” (*Children’s Songbook*, p. 74).
3. Ipakita ang mga larawan ng mga bagay na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesus, katulad ng templo, mga hayop, bulaklak, mag-anak, pagkain, kaibigan, tahanan, isang bahay-pulungan, o ang mga banal na kasulatan. (Ang mga larawan ay makukuha mula sa aklatan ng bahay-pulungan, sa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo, o mga magasin ng Simbahan.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na ibinigay ng Ama sa Langit at ni Jesus ang mga bagay na ito sapagkat mahal nila tayo.
4. Magdala ng isang bagay, katulad ng boteng walang laman, na maaaring paikutin na tulad ng panturo. Paupuin ang mga bata sa sahig nang pabilog at ilagay ang bote sa gitna ng bilog. Paikutin ang bote sa sahig. Kapag ito ay nakaturo na sa isang bata, ang batang iyon ay dapat magbigay ng isang bagay na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesus na nagpapakita ng kanilang pagmamahal sa atin. Tulungan ang bawat bata na mag-isip ng sagot kapag pagkakataon na niya. Pagkatapos sumagot ng isang bata, hayaang paikutin niya ang bote nang sa gayon ay maituro nito ang ibang bata.
5. Maghanda ng isang kahon o bag na naglalaman ng ilang bagay na kailangan natin upang mabuhay sa daigdig, katulad ng pagkain, tubig, o mga damit. Ipaliwanag na ang daigdig na ito ay plano ng Ama sa Langit at ni Jesus upang ating matirahan. Ipaliwanag na ang kahon o bag ay naglalaman ng ilan sa mga bagay na kailangan natin upang mabuhay sa daigdig. Bigyan ng ideya ang mga bata tungkol sa isang bagay hanggang sa mahulaan nila kung ano ito. Kapag nahulaan nila ito, alisin ang bagay na ito mula sa kahon o bag. Ipagpatuloy ang laro hanggang sa mahulaan ng mga bata ang lahat ng bagay.
6. Gumawa ng etiketa na nagsasabing *Mahal Ako ng Ama sa Langit at ni Jesus* upang maisuot o maiuwi ng bawat bata. Maaari mong idikit ang etiketa sa damit ng bawat bata o lagyan ng sinulid ang etiketa at ipasuot ito na parang kuwintas sa bata. Maaari mong naisin na itago ang mga etiketa sa ilalim ng mga upuan ng mga bata bago magklase at hayaang hanapin ng mga bata ang mga ito.

---

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Tulungan ang mga batang bigkasin ang sumusunod na mga salita at gawin ang mga galaw sa sumusunod na talata:

   Kung ikaw ay napakatangkad *(iunat ang mga bisig nang paitaas),*
   May lugar sa simbahan para sa iyo.
   Kung ikaw ay napakaliit *(magyumukyok),*
   May lugar sa simbahan para sa iyo.

   Matangkad *(mag-inat)*
   Maliit *(magyumukyok)*
   Matangkad *(mag-inat)*
   Maliit *(magyumukyok)*
   Tayong lahat ay mahal ni Jesus at ng Ama sa Langit.


2. Bigkasin ang sumusunod na talata at tulungan ang mga batang gawin ang mga galaw na nakasaad:

   Ako ay Kilala ng Ama sa Langit

   Ako ay kilala ng Ama sa Langit *(ituro ang sarili)*
   At ang nais kong gawin.
   Alam niya ang aking pangalan at ang aking tirahan *(gumawa ng bubong sa pamamagitan ng pagdidikit ng dulo ng mga daliri ng dalawang kamay).*
   Alam kong mahal niya rin ako *(pag-ekisin ang mga kamay at ipatong ang mga kamay sa balikat nang payakap*).

   Alam niya ang sa aki'y nagpapasaya *(ilagay ang mga daliri sa nakangiting labi).*

   Alam niya ang sa aki'y nagpapalungkot *(ilagay ang mga daliri sa nakasimangot na labi).*
   Alam kong nais niya akong tulungan *(ituro ang sarili),*
   At iyon ay aking ikinalulugod!



Si Jesus ang Ating Mapagmahal na Kaibigan

Aralin
7

# Tinutulungan Ako ng Espiritu Santo

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na ang Espiritu Santo ay tumutulong sa atin.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 14:16-17; 2 Nephi 32:5; Moroni 10:4-5; at Doktrina at mga Tipan 39:23; 130:22. Tingnan din ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 7.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at isang kopya ng Doktrina at mga Tipan.
   b. Isang pangkaraniwang bagay at isang bag na paglalagyan nito.
   c. Larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572); larawan 1–4, Ang Unang Pangitain (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403; 62470).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Palapitin mo sa iyo ang isang bata. Bumulong sa kanyang tainga ng isang bagay tungkol sa Espiritu Santo, katulad ng "Tinutulungan ng Espiritu Santo ang Ama sa Langit at si Jesus." Ulitin ito sa ibang bata na nasa klase (maaari mong sabihin ang gayunding bagay sa bawat bata). Tanungin ang mga bata kung alam nila kung sino ang inyong pag-uusapan sa araw na ito. Ipaliwanag na pag-uusapan ninyo ang tungkol sa katulong ng Ama sa Langit at ni Jesus.

Ipakita ang larawan 1–4, Ang Unang Pangitain. Ituro ang Ama sa Langit at si Jesus at ipaliwanag na sila ay may mga katawang lupa na katulad ng sa atin. Ipaliwanag na ang Espiritu Santo ay katulad ng Ama sa Langit at ni Jesus sa maraming paraan. Mahal niya tayo at tayo ay tinutulungan. Ngunit wala siyang katawang lupa na katulad ng Ama sa Langit at ni Jesus. Siya ay espiritu kaya tahimik niyang nailalagay ang mga ideya sa ating mga isipan at binibigyan tayo ng mga damdamin ng kasayahan at kaaliwan.

**Binibigyan tayo ng aliw at tulong ng Espiritu Santo**

- Kapag kayo ay nasasaktan o nalulungkot, paano kayo naaaliw o pinabubuti ang inyong pakiramdam ng inyong nanay o tatay?

Ipakita ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo. Sabihin sa mga bata na alam ni Jesus na ang mga disipulo, na kanyang mga katulong, ay malulungkot kapag siya ay namatay, kaya't sinabihan niya sila na hihilingin niya sa Ama sa Langit na ipadala ang isang taga-aliw upang tulungan silang hindi gaanong malungkot (tingnan sa Juan 14:16–17).

Sabihin sa mga bata na ang Espiritu Santo ang taga-aliw na ito, at maaaliw din niya tayo. Ipaliwanag na kapag tayo ay nalulungkot o nababagabag, tayo ay

tutulungan ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagpapadala ng Espiritu Santo upang tayo ay aliwin.

Kuwento

Ipaliwanag na ang Espiritu Santo ay maaari ding magbabala at gumabay sa atin kapag kailangan natin ng tulong. Isalaysay sa iyong sariling pananalita ang sumusunod na kuwento tungkol sa batang Harold B. Lee, na naging ikalabing-isang Pangulo ng Simbahan:

"Marahil ay walong taong gulang ako noon, o mas bata pa, nang ako ay dalhin ng aking ama sa isang bukid sa hindi kalayuan. Habang siya ay nagtatrabaho ay sinisikap kong gawing abala ang aking sarili sa mga bagay na ginagawa ng isang batang lalaki. Mainit ang araw at maalikabok at naglaro ako hanggang sa ako ay mapagod. Sa kabila ng bakod ay may sirang kamalig na labis na nakaakit sa akin. Sa aking isipan ay tila isang kastilyo ang sirang kamalig na ito na nais kong galugarin, kaya nagpunta ako sa bakod at nagsimulang umakyat upang makalipat at makapunta sa kamalig na iyon. Mayroon akong narinig na isang tinig na nagsabi ng napakahalagang bagay na ito, 'Harold, huwag kang pupunta doon.' Lumingon ako upang makita kung sino ang bumanggit ng pangalan ko. Ang tatay ko ay nasa kabilang dulo ng bukid. Hindi niya nakikita ang ginagawa ko. Wala akong nakitang nagsasalita. Noon ay napag-alaman ko na may isang tao na hindi ko nakikita ang nagbabala sa akin na huwag magpunta doon. Kung anuman ang naroon ay hindi ko na malalaman, ngunit nalaman ko kaagad na may mga taong hindi natin nakikita na maaaring makipag-usap sa atin" (sa Conference Report, Mexico City Area Conference 1972, p. 48–49)."

Ipaliwanag na minsan ay bumubulong sa atin nang malakas ang Espiritu Santo, katulad ng ginawa niya kay Pangulong Lee, ngunit kadalasan ay binibigyan lamang niya tayo ng pakiramdam sa kung ano ang dapat at hindi natin dapat gawin.

### Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman ang tama

Ipaliwanag na mahal tayo ng Espiritu Santo at tinutulungan tayong piliin ang tama. Pag-isipin ang mga bata ng mabubuting bagay na ginawa nila, katulad ng pagsunod sa mga magulang, pagtulong sa iba, at pagsambit ng kanilang mga panalangin.

- Ano ang inyong pakiramdam kapag ginagawa ninyo ang mga bagay na tama?
- Ano ang inyong pakiramdam kapag ginagawa ninyo ang mga bagay na mali?

Ipaliwanag na ang Espiritu Santo ay tumutulong sa atin na malaman ang pagkakaiba ng tama at mali sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng mabuti at mainit na damdamin kapag may isang bagay tayong ginawa na tama at malungkot na pakiramdam kapag ginawa natin ang isang bagay na mali.

Ipabahagi sa mga bata ang mga pagkakataon nang makadama sila ng mabuti at mainit na pakiramdam dahil sa nakagawa sila ng tamang pagpili o nakatulong sa isang tao. Tulungan silang maunawaan ang impluwensiya ng Espiritu Santo.

Awit

Kasabay ng mga bata, bigkasin ang mga salita sa "Dinggin, Dinggin." (Listen, Listen, *Children's Songbook*, p. 107).

Munting tinig ay dinggin!
Dinggin, dinggin!
Kung ikaw ay pipili,
S'ya'y gabay mo, 'lagi.

**Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay tunay**

Ipaliwanag na matutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman kung ang isang bagay ay totoo o tunay. Ipakita sa mga bata ang isang bag na may lamang isang bagay. Sabihin sa mga bata na may isang bagay na nasa loob ng bag, ngunit huwag ipakita sa kanila ang bagay.

- May laman ba ang bag na ito?

Ipaliwanag na kahit na hindi nakikita ng mga bata ang bagay na nasa loob ng bag, alam nila na naroon ito dahil sinabi mo sa kanila. Kahit na kakaunting tao lamang ang nakakita sa Ama sa Langit at kay Jesus, matutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman na ang Ama sa Langit at si Jesus ay tunay at mahal nila tayo. Ipaliwanag na ang kaalamang ito ay tinatawag na patotoo. Minsan ay ipinahahayag ng mga tao ang kanilang mga patotoo sa mga pulong sa Simbahan at sinasabi sa atin na alam nila na buhay si Jesus. Tinulungan sila ng Espiritu Santo upang malamang ito ay totoo.

**Matatanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo**

Isalaysay ang iyong karanasan sa pagpapabinyag at pagtitibay. Sabihin kung ano ang iyong naramdaman nang ipatong ng mga kalalakihan na maytaglay ng pagkasaserdote ang kanilang mga kamay sa iyong ulo at ibinigay sa iyo ang kaloob na Espiritu Santo.

Basahin nang malakas ang Doktrina at mga Tipan 39:23 hanggang sa *ang Espiritu Santo*. Ipaliwanag na kapag ang mga bata ay walong taong gulang na at nabinyagan at napagtibay, magagawa nilang tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo. Ang kaloob na Espiritu Santo ang tutulong sa kanila na tuparin ang mga pangakong ginawa nila noong sila ay binyagan.

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat sa Espiritu Santo at sabihin sa mga bata kung paano kang inaliw ng Espiritu Santo at tinulungang malaman kung ano ang tama.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa “The Still Small Voice” (*Children’s Songbook,* p. 106) o “The Holy Ghost” (*Children’s Songbook*, p. 105).
2. Magpakita ng mga larawan ng mga taong gumagawa ng mabubuting bagay katulad ng pagbibigayan at pagtutulungan sa isa’t isa. Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang pakiramdam kapag gumagawa sila ng mga bagay na tama. Ilarawan sa mga bata ang ilang kalagayan ng mga tao na gumagawa ng mabubuti at masasamang bagay, katulad ng pagtulong sa kanilang mga ina, pakikipag-away sa kanilang mga kapatid, pagbabahagi ng kanilang mga laruan, at pagsuway sa kanilang mga magulang. Pangitiin ang mga bata kapag ang galaw ay mabuti at pasimangutin kapag ang galaw ay masama.
3. Sa marahang tinig ay sabihing, “Ang lahat ng nakaririnig sa aking tinig, ilagay ang inyong daliri sa inyong ilong. Ang lahat ng nakaririnig sa aking tinig, ilagay ang inyong kamay sa inyong ulo.” Magpatuloy, na tinutukoy ang iba pang mga bahagi ng katawan, hanggang sa ang lahat ng bata ay nakikinig sa iyong marahang tinig. Ipaliwanag na kahit na nagsasalita ka nang

marahan, kapag nakikinig ang mga bata, ay maririnig nila ang iyong tinig at makasusunod sa iyong mga tagubilin. Ipaliwanag na ang Espiritu Santo ay nangungusap sa atin sa marahang tinig. Kung makikinig tayong mabuti ay sasabihin niya sa atin ang mahahalagang bagay.

4. Isalaysay sa pamamagitan ng iyong sariling pananalita ang sumusunod na kuwento tungkol kay Pangulong Wilford Woodruff ang ikaapat na Pangulo ng Simbahan:

   Isang gabi habang ang Pangulong Woodruff, ang kanyang asawa, at ang kanilang apat na anak ay naglalakbay, sila ay tumigil upang makitulog sa bahay ng isang kaibigan. Tatlo sa mga bata ang natulog sa bahay samantalang ang Pangulong Woodruff, ang kanyang asawa at ang isang anak ay natulog sa labas sa kanilang karwahe. Sinabi ni Pangulong Woodruff: "Kahihiga ko pa lamang sa aking higaan nang isang tinig ang nagsabi sa akin: 'Magbangon ka at ialis mo ang iyong karwahe.' Iyon ay hindi kulog, kidlat o isang lindol, kundi ang payapang maliit na tinig ng Espiritu ng Diyos—ang Espiritu Santo. . . . Bumangon ako at inialis ang aking karwahe . . . at itinabi sa bahay. Habang pabalik ako sa higaan ang Espiritu ring iyon ay nagsabi sa akin, 'Humayo ka at ilayo ang iyong mga mola sa puno.' . . . Inilipat ko ang mga ito sa kakahuyan at itinali ang mga ito. Pagkatapos ay nagbalik ako sa higaan. Sa loob ng tatlumpung minuto ay nagdaan ang isang buhawi sa puno na dating pinagtalian ko ng mga mola, binunot ito sa lupa at inihagis ng mga isang daang yarda ang layo at sinira ang dalawang bakod na dinaanan nito, at ibinagsak ito . . . sa [dating] kinatatayuan ng aking karwahe. . . . Sa pamamagitan ng pagsunod sa paghahayag ng Espiritu ng Diyos sa akin ay nailigtas ko ang aking buhay at mga buhay ng aking asawa at anak, gayundin ang sa aking mga hayop" ("Leaves from My Journal," *Millenial Star*, 12 Dis. 1881, p. 790–91).

---

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Isang linggo bago ang araling ito, hilingin sa mga magulang ng bawat bata na hayaang magdala ang bata ng isang "nakagiginhawang bagay" sa klase. Ito ay maaaring isang natatanging kumot o laruan o isang natatanging awit na aawitin. Magdala ng ilang labis na bagay sakaling makalimutan ng isa na magdala.

   Sa klase, pag-usapang kasama ang mga bata kung paano ipinadadama sa kanila ng mga bagay na ito na sila ay ligtas at minamahal. Ipaliwanag na ang isa sa mahahalagang katulong ng Ama sa Langit at ni Jesus ay makapagpapadama sa atin na tayo ay ligtas at minamahal. Ang nilikhang ito ay tinatawag na Taga-aliw kung minsan, dahil ipinadadala siya ng Ama sa Langit sa atin kapag tayo ay nakadarama ng kalungkutan o pag-aalala. Ang nilikhang ito ay ang Espiritu Santo, isang kahanga-hangang kaibigan!

2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa mga linya ng "Ang Munting Tinig." (The Still Small Voice, *Children*'s *Songbook*, p. 106) at tulungan ang mga bata na gawin ang nakasaad na mga galaw:

   Dinggin, dinggin *(takpan ng kamay ang tainga).*
   Sa 'tin s'yang nagsasabi *(ilagay ang hintuturo sa labi).*
   Dinggin, dinggin *(takpan ng kamay ang tainga)*
   Ang munting tinig *(ipatong ang kamay sa dibdib).*

Aralin
8

# Nagpapasalamat Ako Para sa Araw at Gabi

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na sa pagsunod sa plano ng Ama sa Langit, nilikha ni Jesus ang araw upang tayo ay makagawa at makapaglaro at ang gabi upang tayo ay makapagpahinga.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Genesis 1:1, 3–5, 14–18; Helaman 14:1–13; at 3 Nephi 1:15–23.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at isang Aklat ni Mormon.
   b. Ginupit na larawan 1–1, araw; ginupit na larawan 1–2, buwan; ginupit na larawan 1–3, mga bituin (ang mga katulad na ginupit na larawan ay matatagpuan din sa pangkat 3 ng Mga Ginupit na Larawang Pantulong sa Primarya).
   c. Larawan 1–21, Si Samuel, ang Lamanita, sa Bakod (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 314; 62370).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Sabihin sa mga bata na iniisip mo ang isang bagay na naiplano ng Ama sa Langit at nilikha ni Jesucristo. Hilingin sa mga bata na hulaan kung ano ang iniisip mo. Ibigay ang mga sumusunod na ideya nang isa-isa:

1. Pinaiinit tayo nito.
2. Ito ay bilog at dilaw.
3. Ito ay nasa langit.
4. Minsan ito ay tila nagtatago sa ulap o isang bundok.

Matapos na mahulaan ng mga bata “ang araw,” ipakita ang ginupit na larawan ng araw.

- Sino ang gumawa ng araw?

**Tayo ay gumagawa at naglalaro kapag araw**

Kuwento

Ikuwento sa mga bata ang pagkalikha ng araw at gabi mula sa Genesis 1:1, 3–5 at ang pagkalikha ng araw, buwan at mga bituin mula sa Genesis 1:14–18.

- Sino ang lumikha ng araw at gabi?
- Ano ang ipinalagay ng Ama sa Langit kay Jesus sa langit upang sabihin sa atin na umaga na?

Sabihin sa mga bata na nagbibigay sa atin ng liwanag ang araw upang tayo ay makakita. Pinaiinitan tayo ng araw at tumutulong na palaguin ang mga halaman. Hindi natin magagawang mamuhay sa mundo kung walang araw.

- Ano ang tawag natin sa panahon kapag ang araw ay nakasikat? (Araw.)

Ipaliwanag na maraming bagay tayong nagagawa kapag may araw na. Maaari tayong gumawa, maglaro at tumulong sa iba.

Gawain

Pabanggitin ang mga bata ng mga bagay na ginagawa nila kapag araw, katulad ng pagkain, paglalaro o pagwawalis ng sahig. Patayuin sila at ipagawa ang ilan sa kanilang mga ideya. Maaari mong naising gawin ang mga galaw na kasama nila.

- Ano ang maaari ninyong gawin upang matulungan ang isang tao kapag araw? (Maaaring kasama sa mga sagot ang pagdampot ng mga laruan, paghuhugas ng mga pinagkainan, o pakikipaglaro sa batang kapatid.)

**Nagpapahinga tayo kapag gabi**

- Nakikita ba natin palagi ang araw?

Ipaliwanag na tuwing gabi ay lumulubog ang araw at ang kalangitan ay nagdidilim. Hindi natin nakikita ang araw kapag gabi.

- Ano ang tawag natin sa panahon na madilim? (Gabi.)
- Ano ang ipinalagay ng Ama sa Langit kay Jesus sa langit upang tanglawan ang gabi? (Ang buwan at mga bituin.)

Ipalagay sa mga bata ang mga ginupit na larawan ng buwan at mga bituin sa tabi ng ginupit na larawan ng araw.

Gawain

Ipakuwento o ipagawa sa mga bata ang ilan sa mga bagay na ginagawa nila sa gabi, katulad ng pananalangin bago matulog, pakikinig sa mga kuwento, pagsesepilyo ng kanilang mga ngipin o pagtulog.

Ipaliwanag na ang ilan sa mga tao, katulad ng mga manggagamot, nars, at bumbero, ay nagtatrabaho sa gabi, ngunit karamihan sa atin ay ginagamit ang gabi sa pagtulog. Maraming hayop ang natutulog din sa gabi.

- Bakit tayo natutulog?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang pagtulog ay mabuti para sa ating katawan, at nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na pangalagaan nating mabuti ang ating mga katawan. Kung sapat ang ating pagtulog, mas mainam ang ating pakiramdam at magiging higit na malusog. Kung hindi sapat ang ating pagtulog, tayo ay magiging pagod at madaling mainis.

Kung ang haba ng oras sa araw ay nagbabago nang malaki sa iba’t ibang panahon sa inyong lugar, ipaliwanag na ang gabi ay mas mahaba sa ibang panahon ng taon at mas maikli sa ibang panahon. Tinutulungan tayo ng ating mga magulang upang malaman kung oras nang matulog at kung oras nang gumising at maging abala.

Gawain

Patayuin ang mga bata at gawin ang sumusunod na paglalaro sa pamamagitan ng daliri:

Ang Munting Taong Ito

Matutulog na ang munting taong ito *(itaas ang isang daliri).*
Sa unan ihihiga ang kanyang ulo *(ilagay ang daliri sa palad ng kabilang kamay).*
Ibinabalot ng kumot ang kanyang katawan *(itikom ang mga daliri upang takpan ang unang daliri),*
Ang magdamag na pagtulog ay sa ganitong paraan.

Dumating ang umaga at iminulat ang kanyang mga mata.
Ang kumot ay inihagis niya *(buksan ang kamay upang ipakita ang daliring nagpapahinga).*
Kapagdaka'y nagbangon at siya'y nagbihis *(itaas ang daliri),*
Handang gumawa, maglaro at ngumiti.

**Ginamit ng Ama sa Langit ang araw at ang gabi upang ipahayag ang pagsilang ni Jesus**

Kuwento

Sabihin sa mga bata na ginamit ng Ama sa Langit ang araw at ang gabi upang makatulong sa pagsasabi ng tungkol sa pagsilang ni Jesus. Ipakita ang larawan 1–21, Si Samuel, ang Lamanita, na nasa Bakod, at ipaliwanag kung ano ang nangyayari sa larawan. Ipaliwanag na sinabi ng propetang Samuel sa mga Lamanita kung ano ang mangyayari kapag oras na ng pagsilang ni Jesus. Ang araw ay lulubog, ngunit hindi magdidilim ang kalangitan. Ipaliwanag na maraming tao ang hindi naniwala kay Samuel, ngunit ang kanyang sinabi ay tunay na nangyari (tingnan sa Helaman 14:1–13 at 3 Nephi 1:15–23).

Tulungan ang mga batang maunawaan na ang pagsilang ni Jesus ay napakahalaga kung kaya sa malayong Amerika, kung saan nanirahan ang mga Nephita at Lamanita, ay ginawang kasingliwanag ng araw ang gabi nang si Jesus ay isilang.

- Anong mahalagang pangyayari ang sinasabi ni Samuel, ang Lamanita, sa mga tao?
- Ano ang nakita ng mga Nephita na nangyari sa kalangitan nang gabing isilang si Jesus?

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesus ang araw at ang gabi upang tulungan tayo. Himukin ang mga bata na magpasalamat sa Ama sa Langit para sa araw at sa gabi.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang magamit sa aralin.

1. Kumuha ng isang puting pirasong papel at kalahating pirasong itim o matingkad na asul na papel para sa bawat bata. Idikit ang kalahating pirasong may matingkad na kulay sa isang panig ng puting papel upang sumagisag sa araw at sa gabi. Gumupit ng maliliit na bilog ng mga papel upang sumagisag sa araw, sa buwan, at tulungan ang mga bata na idikit ang mga ito sa mga tamang lugar. Gumamit ng mga may pandikit o mga ginupit na bituin upang idagdag sa gabing tanawin. Isulat sa papel ng bawat bata ang *Nagpapasalamat ako para sa araw at gabi.*

2. Kasabay ang mga bata, awitin o bigkasin ang mga salita sa “The World is So Lovely” (*Children’s Songbook,* p. 233), o ang “Ang Mundo’y Malaki” (The World is So Big, *Children’s Songbook,* p. 235). Gawin ang mga galaw sa “Ang Mundo’y Malaki” tulad ng nakasaad sa ibaba:

   Ang mundo’y malaki at bilog *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig),*
   Naririto ang likha ng Dios;
   Mga bit’wing kumukutitap *(ituwid at iwisik ang mga daliri),*
   Araw na napakaliwanag *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig).*
   Ang mundo’y malaki at bilog.
   Tayong lahat ay mahal ng Dios *(hawakan ang mga bisig at yakapin ang sarili).*

3. Awitin ang “Fun To Do” (*Children’s Songbook,* p. 253). na ginagamit ang mga mungkahi ng mga bata para sa mga talata. Bago awitin ang bawat talata, tanungin ang mga bata kung ang mga galaw na kanilang ginawa ay ginagawa sa araw o sa gabi. Kumatha ng mga galaw alinsunod sa isinasaad ng mga salita.

4. Gumawa ng kuwento tungkol sa magkapatid na babae at lalaki na naglalaro sa labas pagkalipas ng maghapon. Gumamit ng mga pangalan at mga pangyayari sa mga bata sa iyong klase. Ilarawan ang ginawa ng mga bata sa pagtatapos ng kanilang maghapon. Isali ang mga detalye na tulad ng pagsikat ng araw, ng pagtawag ng kanilang nanay upang pumasok sila, at ang paggawa ng mga bata ng mga kailangang gawain sa bahay, paglilinis, paghahanda sa pagtulog, pakikinig sa kuwentong pampatulog at pag-usal ng panalangin sa gabi. Ilarawan kung paanong ang magkapatid na lalaki at babae, ang ibang tao, at mga ibon, kulisap at mga hayop ay tumatahimik at natutulog.

   Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag gabi, dapat nating ipikit ang ating mga mata at matulog upang lumaking malusog at malakas ang ating mga katawan. Ito ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit para sa atin.

   Ilarawan ang kuwento sa pamamagitan ng mga ginupit na larawan o italaga ang mga bahagi sa mga bata at ipasadula sa kanila ang kuwento.

---

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Ipakita ang mga ginupit na larawan ng araw, buwan at mga bituin. Itanong ang mga sumusunod:

   - Saan natin nakikita ang mga bagay na ito?
   - Nakikita ba natin ang araw kapag gabi?
   - Nakikita ba natin ang mga bituin kapag araw?

   Ipaliwanag na ipinagawa ng Ama sa Langit kay Jesus ang araw upang magbigay liwanag sa atin at panatilihin tayong mainit sa araw at ang mga buwan at bituin upang magbigay liwanag sa atin sa gabi.

2. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talata habang binibigkas mo ang mga salita:

Ang Nilikha ng Diyos

Ginawa ng Diyos ang buwan *(gumawa ng bilog sa pamamagitan ng mga kamay)*
At mga bituing kumukutitap *(ibukas at isara ang mga kamay)*
At inilagay sa kalangitan *(umabot paitaas).*
Ginawa niya ang araw *(gumawa ng bilog sa pamamagitan ng paglalagay ng mga kamay sa uluhan)*
At ang mga puno't *(matuwid na itaas ang mga bisig)*
Mga bulaklak *(itikom nang kaunti ang mga kamay)*
At ibong maliliit na lumilipad *(ikampay ang mga bisig).*
(Mula sa *Fascinating Finger Fun* ni Eleanor Doan. © 1951. Ginamit nang may pahintulot.)

3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa " I Am Like a Star" (*Children's Songbook,* p. 163) o "Jesus Wants Me for a Sunbeam" (*Children's Songbook,* p. 60).

# Nagpapasalamat Ako Para sa Tubig

Aralin **9**

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na makadama ng pagpapasalamat sa Ama sa Langit at kay Jesucristo para sa tubig.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 1:9–10; Exodo 17:1–6; at Mateo 3:13–17.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Kung maaari, kumuha ng mga larawan ng iba't ibang uri ng katawan ng tubig, katulad ng mga lawa, ilog at dagat.
   c. Larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento (62021); larawan 1–11, Batang Lalaki na Binibinyagan (62019); larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 208; 62133).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Hilingin sa isang bata na magpunta sa harapan ng klase. Ibulong sa kanyang tainga ang isang gawain na ginagamitan ng tubig, katulad ng pagsesepilyo ng ngipin, paghuhugas ng mga kamay o pagdidilig ng mga halaman. Ipagawa sa kanya ang gawain habang hinuhulaan ng ibang bata ang isinasagawa. (Maaaring kailanganin mong ipakita sa mga bata kung paano isinasagawa ang bawat tagpo.) Hayaang magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata na magsagawa ng gawain.

Ituro na ang bawat gawaing isinagawa ay nangangailangan ng tubig. Sabihin sa mga bata na dapat nating pasalamatan ang Ama sa Langit at si Jesus sa pagbibigay sa atin ng tubig.

### Ang tubig ay isang mahalagang bahagi ng Paglikha

Basahin nang malakas at ipaliwanag ang Genesis 1:9–10.

- Bakit napakahalaga ng tubig sa atin?
- Paano natin nakukuha ang ating tubig?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang tubig ay nagmumula sa maraming pinanggagalingan, kasama na ang mga lawa, ilog, dagat, ulan at niyebe. Ipaliwanag na ang niyebe at yelo ay tumigas na tubig. Ipakita ang mga larawan ng mga katawan ng tubig na nakuha mo at pag-usapan kung saan nanggagaling ang tubig sa inyong lugar. Sabihin sa mga bata na ikaw ay nagpapasalamat na ang tubig ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit.

Awit

Awitin ang "Masayang Gawain" (Fun to Do, *Children's Songbook,* p. 253). Para sa mga talata, magpabanggit sa mga bata ng mga paraan ng paggamit ng tubig, katulad ng paglalaba ng mga damit, paliligo o pagsesepilyo ng kanilang mga ngipin. Kumatha ng mga galaw para sa awit alinsunod sa isinasaad ng mga salita.

Paglalaba ay masaya,
Gawain na masaya!
Paglalaba ay masaya,
Masayang gawain.

(© 1963 ng D.C. Heath and Company. Muling inilimbag nang may pahintulot.)

**Kailangan natin ng tubig para sa maraming bagay**

- Bakit kailangan natin ng tubig? Saan ito ginagamit?

Ipaliwanag na ang lahat ng nabubuhay, kasama na ang mga tao, mga hayop, at halaman ay kailangan ang tubig upang mabuhay. Kung maaari, bigyan ang bawat bata ng isang maliit na tasa ng tubig na maiinom.

- Paano nakakukuha ng tubig na kailangan nila ang mga hayop at mga halaman?

Ipaliwanag na kailangan din natin ang tubig para sa ibang bagay, katulad ng paglalaba at pagluluto.

**Binigyan ni Jesus si Moises at ang mga Israelita ng tubig sa disyerto**

Kuwento

Isalaysay ang kuwento ni Moises na kumukuha ng tubig mula sa isang bato, na matatagpuan sa Exodo 17:1–6. Ipaliwanag na ang mga tao ay nasa mainit at tuyong disyerto. Walang tubig doon.

- Ano ang maaaring nangyari kung hindi tumanggap ng tubig ang mga Israelita?
- Nauhaw na ba kayo nang matindi? Ano ang pakiramdam kapag nakainom kayo ng malamig na tubig kapag kayo ay nauuhaw?

**Ang tubig ay mahalaga sa Simbahan**

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus. Ikuwento ang pagbibinyag ni Jesus, na matatagpuan sa Mateo 3:13–17.

- Saan bininyagan si Jesus?
- Paano bininyagan si Jesus?

Ipakita ang larawan 1–11, Batang Lalaki na Binibinyagan.

- Saan tayo binibinyagan kapag tayo ay walong taong gulang?
- Nakakita na ba kayo ng isang taong binibinyagan?

Pahintulutang mag-usap ang mga bata tungkol sa nangyari nang makita nila ang isang taong bininyagan. Ipaliwanag na kailangan natin ng tubig upang mabinyagan.

Ipakita ang larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento.

- Paano natin ginagamit ang tubig sa pulong sakramento?

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat sa tubig upang tayo ay mabinyagan at makatanggap ng sakramento.

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong patotoo sa plano ng Ama sa Langit at sa kanyang pagmamahal sa atin sa pagbibigay sa atin ng tubig. Sabihin sa mga bata na nagpapasalamat ka sa Ama sa Langit at kay Jesus sa kahanga-hangang kaloob na ito.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Bigkasin ang sumusunod na talata na kasabay ang mga bata, na ginagawa ang mga isinasaad na galaw:

   Ang mga Patak ng Ulan

   Kapag nauuhaw ang mga bulaklak
   At ang mga dahon ay natitigang *(buksan ang mga kamay at iunat ang mga bisig paitaas),*
   Masasaya't maliliit na patak ng ulan
   Ang bumabagsak mula sa kalangitan *(ibaba ang mga kamay at iwagwag ang mga daliri).*
   Sa buong paligid nagtitilamsikan *(iwagwag ang mga daliri sa tagiliran)*
   Sa kanilang masayang paglalaro,
   Hanggang sa abutan ng sikat ng araw *(itaas ang mga kamay sa uluhan at gumawa ng bilog)*
   At sila'y habuling papalayo *(itago sa likod ang mga daliri).*

2. Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa "Rain is Falling All Around" (*Children's Songbook,* p. 241) o "Sabi ng Munting Sapa, 'Magbigay,'" (*Piliin ang Tama, B*).
3. Paguhitin ang bawat bata ng larawan ng katawan ng tubig katulad ng lawa, ilog, o mga patak ng ulan. Isulat sa papel ng bawat bata ang *Nagpapasalamat ako para sa tubig.*
4. Magpabanggit sa mga bata ng tungkol sa o ipagawa ang mga paraan na maaari silang maglaro sa tubig, katulad ng paglalangoy, at iba pa.
5. Tulungan ang mga bata na maunawaan na tinutulungan tayo ng tubig na linisin ang mga bagay. Ipagawa sa kanila ang mga gawaing paglilinis na ginagamitan ng tubig katulad ng paglalaba ng mga damit o paghuhugas ng kanilang mga kamay.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Gawin ang ilan o ang lahat ng sumusunod na gawain upang matulungan ang mga bata na matutuhan ang iba't ibang paraan ng paggamit ng tubig:

   a. Bigyan ang bawat bata ng kaunting maiinom na tubig. Habang umiinom ang mga bata, ipaliwanag na ang tubig ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit para sa daigdig. Makaiinom tayo ng tubig kapag tayo ay nauuhaw.

b. Maglagay ng kaunting tubig sa isang palangganita at tulungan ang bawat bata na hugasan ang kanyang mga kamay. Paalalahanan ang mga bata na naiplano ng Ama sa Langit at ni Jesus na magkaroon tayo ng tubig. Ipaliwanag na magagamit natin ang tubig upang mahugasan ang mga bagay.

c. Kung maaari, ilabas ang mga bata at hayaang diligin ng bawat isa ang isang halaman. O magdala ng halaman sa klase at hayaang diligan ng kaunting tubig ng bawat bata ang halaman. Ipaliwanag na kailangan din ng mga halaman ang tubig upang mabuhay at lumago.

2. Gawin ang mga sumusunod na galaw habang nagkukunwari ang mga bata na umuulan—mahina sa umpisa, at dahan-dahang lumalakas.

   a. Sama-samang tapikin ang mga daliri.
   b. Sama-samang tapikin ang mga kamay.
   c. Tapikin ang mga tuhod, na pinagliliwas ang mga kamay.
   d. Tapikin ang mga paa.

# Nagpapasalamat Ako Para sa mga Puno, Halaman at Bulaklak

Aralin
10

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na makadama ng pasasalamat sa Ama sa Langit at kay Jesucristo para sa mga puno, halaman at bulaklak.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 1:11–13.
2. Maglagay ng prutas, gulay o maliit na sanga sa isang tela o bag na papel.
3. Maghanda ng maliliit na patikim na prutas, gulay o tinapay. Makipag-alam sa mga magulang ng mga bata upang makatiyak na walang sinuman sa mga bata ang may alerdyi sa pagkain.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Kung maaari, kumuha ng mga larawan ng mga lokal na puno, halaman, at mga bulaklak, at magdala ng ilang bagay na gawa sa kahoy, katulad ng lapis, kutsara at mangkok mula sa iyong tahanan.
   c. Ginupit na larawan 1–4, mga bulaklak (ang katulad na ginupit na larawan ay matatagpuan sa pangkat 3 ng Mga Ginupit na Larawang Pantulong sa Primarya).
   d. Larawan 1–22, Namumulaklak na Puno; larawan 1–23, Isang Pugad na May Maliliit na Ibon.
5. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipasa ang bag na may prutas, gulay o sanga sa loob nito nang nakasara upang hindi makita ng mga bata kung ano ang nasa loob. Ipasalat sa mga bata ang bag at pahulaan kung ano ang nasa loob nito. Sabihan sila na huwag hulaan nang malakas hangga't hindi nagkakaroon ng pagkakataon ang lahat na masalat ang bag. Kapag nasalat na ng lahat ang bag, hayaang sabihin ng mga bata sa iyo kung ano ang nasa loob ng bag. Kunin ang bagay mula sa bag at pag-usapan ang anyo nito at ang gamit nito.

### Ginagawang magandang lugar ng mga puno, halaman at bulaklak ang daigdig upang tirahan

Paalalahanan ang mga bata na ang lahat ng bagay sa daigdig ay nilikha alinsunod sa plano ng Ama sa Langit. Sa ikatlong araw ng paglikha, nilikha ni Jesus ang mga puno, halaman at bulaklak (tingnan sa Genesis 1:11–13). Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gawing maganda ang daigdig sa pamamagitan ng mga puno, halaman at bulaklak.

Ipakita ang ginupit na larawan ng mga bulaklak at anumang larawan ng mga puno, halaman o bulaklak na iyong nakuha. Hayaang pag-usapan ng mga bata ang tungkol sa anumang karanasan nila sa mga puno, halaman o bulaklak.

Kuwento

Isalaysay ang isang kuwento na nagtuturo sa mga bata na ginagawang magandang tirahan ng mga puno, halaman at bulaklak ang daigdig. Pag-usapan ang magagandang halaman na tumutubo sa inyong tinitirhan. Kung angkop sa inyong lugar, maaari mong naising gamitin ang larawan 1–22, Namumulaklak na Puno, at ang mga sumusunod na ideya:

Si Kelly ay may paboritong puno at sa tabi nito siya naglalaro. Isang umaga ay ginising siya ng kanyang nanay at sinabing may isa siyang sorpresang ipakikita kay Kelly. Ang paboritong puno ni Kelly ay hitik na hitik sa magagandang puting bulaklak na tila papkorn. Tinanong niKelly kung paanong napunta sa kanyang paboritong puno ang papkorn, at ipinaliwanag ng kanyang nanay ang kahalagahan ng mga bulaklak.

Awit

Patayuin ang mga bata at awitin ang “Papkorn,” na gumagamit ng mga galaw ng kamay na isinasaad ng mga salita. Sabihin na may isang bulaklak na kamukha ng papkorn, ang sampaguita.”

Ako’y dumungaw at aking nakita,
Isang mamang may papkorn na tinda!
O kayganda nitong umaga
Dulot ng papkorn na nakita.

Ito’y katulad ng sampaguita,
Mabuti ito at maganda.
Masarap kainin, papkorn na tinda
Nitong mama sa tuwing umaga.

Ipaliwanag na ang ilang bulaklak ay umuusbong sa mga puno, ang ilan ay umuusbong sa mga palumpong at baging at ang ilan ay umuusbong mula sa lupa mismo. Anyayahan ang mga bata na pag-usapan ang tungkol sa mga bulaklak na kanilang nakita.

- Paano natin ginagamit ang mga bulaklak upang pagandahin ang ating daigdig? (Itinatanim natin ang mga ito sa mga halamanan ng mga bulaklak, gumagawa ng mga pumpon ng mga bulaklak at inilalagay ang mga ito sa ating mga buhok o sa ating mga damit.)
- Bakit natin binibigyan ng bulaklak ang isang tao? (Para sa mga natatanging pagkakataon at upang paligayahin ang mga tao.)

**Kailangan natin ang mga halaman at puno upang mabuhay**

Kuwento

Ipaliwanag na kailangan natin ang mga halaman at puno upang mabuhay. Ipakita ang larawan 1–22, Namumulaklak na Puno, at magkuwento tungkol sa maraming gamit ng isang puno. Gamitin ang mga sumusunod na ideya o pag-usapan ang ibang paraan ng paggamit ng mga tao sa mga puno sa inyong lugar:

Una ay ginagamit ng mga ibon ang mga puno bilang kanilang tahanan. Maingat silang gumagawa ng salay at ang inang ibon ay nangingitlog dito. (Ipakita ang larawan 1–23, Isang Salay na May Maliliit na Ibon.) Kapag ang maliliit na ibon ay napipisa mula sa mga itlog, ang puno ay nagbibigay ng magandang tahanan para sa kanila. Pinangangalagaan sila nito mula sa mainit na araw, mula sa ulan

at mula sa mga hayop na makapipinsala sa kanila. Ang puno ay nagbibigay rin ng prutas para sa mag-anak na nakatira sa malapit. Ang mga bata ay naglalaro sa lilim ng puno at naglalagay ng duyan sa isang malaking sanga. Kapag namatay ang isang bahagi ng puno, pinuputol ito ng mag-anak at ginagawa itong panggatong upang makapagluto at panatilihing mainit ang loob ng bahay.

- Bakit mahalaga sa atin ang mga puno? (Ang mga ito ay nagbibigay ng pagkain, kahoy, lilim at lugar upang mapaglaruan.)

Magpakita ng ilang bagay na mula sa iyong tahanan o sa silid-aralan na gawa sa kahoy at pag-usapan ang maraming gamit ng kahoy.

- Anong iba pang mga bagay ang alam ninyong gawa sa kahoy?

Ipaliwanag na ginagamit din natin ang mga halaman sa maraming paraan. Ang isa sa mga pinakamahalagang bagay na ibinibigay sa atin ng halaman ay pagkain.

- Anong uri ng mga halaman ang ating kinakain?

Kung mayroon man sa mga lokal na larawan na nakuha ang nagpapakita ng mga halaman na ginagamit na pagkain, ipakita ang mga ito ngayon.

Gawain

Makipag-usap sa mga bata tungkol sa mga butil, prutas at mga gulay na itinatanim sa inyong lugar. Ipaliwanag na ang mga butil ay kadalasang ginagawang mga tinapay at *cereal.* Hilingin sa bawat bata na banggitin ang kanyang paboritong pagkain na nagmumula sa halaman. Hayaang tikman ng mga bata ang mga patikim na prutas, gulay o tinapay na iyong dinala. Sabihin sa kanila ang tungkol sa halaman o puno na pinagmulan nito.

Ipaliwanag na ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesus ang maraming iba't ibang halaman at puno upang magkaroon tayo ng mabuting pagkain.

- Paano natin mapasasalamatan ang Ama sa Langit para sa ating pagkain? (Sa pag-aalalang humiling ng pagbabasbas sa pagkain bago tayo kumain.)

Patotoo

Ibahagi ang iyong patotoo sa pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesus para sa bawat isa sa atin. Paalalahanan ang mga bata na tandaan ang pagmamahal na iyon sa araw-araw kapag nakakakita sila ng magagandang puno, halaman at bulaklak.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Magdala ng ilang binhi (katulad ng mga binhi ng bulaklak, bins, o trigo) at isang maliit na supot na puno ng lupa para iuwi ng bawat bata. Ipakita sa mga bata kung paano itatanim ang mga buto at paalalahanan sila na kakailanganin nilang maglaan ng tubig at sikat ng araw upang lumaki ang binhi.
2. Pasunurin ang mga bata sa pagbigkas sa mga salita ng awit na "Little Seeds Lie Fast Asleep" (*Children's Songbook,* p. 243). Pagkatapos ay papagkunwariing maliliit na binhi ang mga bata habang inaawit mo o binibigkas muli ang mga salita.
3. Gumupit ng mga talulot, dahon at tangkay mula sa papel na may kulay at ipadikit ang mga ito sa bawat bata upang ihubog na isang bulaklak sa isang pirasong papel. Pamagatan ang pahina na *Nagpapasalamat ako para sa magagandang bulaklak.*

4. Magdala ng prutas o gulay na may buto sa loob. Sabihin sa mga bata na may sorpresa sa loob. Buksan ang prutas o gulay upang makita ng mga bata ang mga buto. Ipaliwanag na kapag ang mga buto ay itinanim at pinaglaanan ng tubig at sikat ng araw, ang mga ito ay lalaki at lilikha ng maraming prutas o gulay.

5. Palakarin ang mga bata sa labas upang makita ang iba't ibang uri ng mga halaman. Kung hindi maganda ang panahon sa labas, maaaring tumanaw mula sa bintana ang mga bata at maghalinhinan sa pagsasabi kung anu-anong halaman ang kanilang nakikita. Kung naaangkop, ipaliwanag ang pana-panahong pagbabago na nakaaapekto sa mga halaman at puno.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Ipakita ang larawan 1–22, Namumulaklak na Puno. Sabihin sa mga bata na ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesucristo ang mga halaman at puno (tingnan sa Genesis 1:11–13). Ipaliwanag na binibigyan tayo ng kahoy at prutas ng mga puno. Binibigyan tayo ng prutas at mga gulay ng mga halaman.

2. Magdala ng isang halaman o isang bahagi ng isang halaman (katulad ng isang bulaklak o ilang dahon) para makita, mahipo at maamoy ng mga bata. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na mahipo o mahawakan ang halaman. Ituro ang kulay, amoy, o ganda nito. Ipahiwatig ang iyong pasasalamat sa mga halaman, bulaklak at puno.

3. Bigkasin ang sumusunod na talata na isinasagawa ang mga galaw. Pagkatapos ay ipagawa sa mga bata ang mga galaw na kasabay ka habang binibigkas mong muli ang talata.

   Ako'y patuloy na naghuhukay *(gumawa ng mga galaw ng paghuhukay),*
   At nagtatanim ng ilang binhi *(yumuko at magkunwaring nagtatanim ng ilang binhi).*
   Ako'y patuloy na nagkakalaykay *(gumawa ng mga galaw ng pagkakalaykay),*
   At inaalis ang ilang damo *(yumuko at magkunwaring nagbubunot ng damo).*
   Ang araw ay maliwanag at mainit *(gumawa ng bilog sa pamamagitan ng mga kamay),*
   Ang ulan ay bumabagsak *(ibaba ang mga kamay at iwagwag ang mga daliri)*
   Kaya't nakikita ng dalawang mata ko,
   Ang aking mga binhing nagsisimulang lumago *(itulak paitaas ang mga daliri ng kaliwang kamay na nasa pagitan ng mga daliri ng kanang kamay).*

4. Awitin ang "In the Leafy Treetops" (*Children's Songbook,* p. 240) na kasabay ng mga bata.

# Nagpapasalamat Ako Para sa Isda

Aralin 11

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na makadama ng pasasalamat sa Ama sa Langit at kay Jesucristo para sa mga isda at hayop sa tubig.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 1:20–23; Jonas 1–3; Mateo 14:15–21; at Lucas 5:1–11.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Isdang papel (tingnan ang parisan sa hulihan ng aralin).
   c. ”Bingwit”—isang patpat na may nakataling pisi dito at isang pang-ipit ng papel, kapirasong teyp o magneto na nakakabit sa dulo ng pisi. (Itabi ang bingwit na ito upang magamit sa mga aralin sa hinaharap.)
   d. Sisidlan na paglalagyan ng isdang papel.
   e. Kung maaari, kumuha ng mga larawan ng mga isda o iba pang mga hayop na nakatira sa tubig.
   f. Ginupit na larawan 1–5, isda (ang katulad ng ginupit na larawan ay matatagpuan sa pangkat 4 ng Mga Ginupit na Larawang Pantulong sa Primarya).
   g. Larawan 1–1, Ang Daigdig (62196); larawan 1–24, Si Jesus at ang mga Mangingisda (Pakete ng Larawang ng Sining ng Ebanghelyo 210; 62138); larawan 1–25, Isda; larawan 1–26, Palaka; larawan 1–27, Pagong.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Papagkunwariin ang mga bata na sila ay nakatayo sa isang tulay na natatanaw ang isang ilog o lawa.

- Ano ang makikita ninyo kapag tumingin kayo sa tubig?

Patayuin ang mga bata at magkunwaring sila ay lumalangoy sa tubig na katulad ng isang isda.

**Inatasan ng Ama sa Langit si Jesucristo na lumikha ng isda at iba pang mga hayop sa tubig**

Ipakita ang larawan 1–1, Ang Daigdig, at pagbalik-aralan ang ilan sa mga bagay na iniatas ng Ama sa Langit na likhain ni Jesus na tinalakay na sa mga nakaraang aralin. Sabihin sa mga bata na nilikha rin ni Jesus ang isda (tingnan sa Genesis 1:20–23). Ang isda ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit para sa daigdig. Ipakita ang larawan 1–25, Isda, at pag-usapan kung saan nakatira ang isda.

- Nakakita na ba kayo ng isang isda?

Hayaang pag-usapan ng mga bata ang tungkol sa isdang nakita nila.

Ipakita ang ginupit na larawan 1–5 at ang iba pang mga larawan ng isda na nakuha mo. Pag-usapan ang iba't ibang uri ng mga isda, katulad ng bangus, tilapia, mga pating, hito o anumang isda na pangkaraniwan sa mga bata sa klase.

- Ano pang hayop ang naninirahan sa tubig maliban sa isda?

Ipakita ang larawan 1–26, Palaka, at larawan 1–27, Pagong. Pag-usapan ang mga palaka, at pagong at kung saan sila nakatira. Pag-usapan din ang mga balyena, alimango at iba pang hayop sa tubig. Ipaliwanag na ang ilang hayop sa tubig ay nakatira sa dagat, ang ilan ay sa mga lawa at ang ilan ay sa mga ilog.

Gawain

Tulungan ang bawat bata na mag-isip ng isang hayop sa tubig at magkunwaring lumakad, tumalon, o lumangoy na tulad nito.

Kuwento

Itaas ang Biblia at ipaliwanag na makababasa tayo ng tungkol sa isda sa mga banal na kasulatan. Isalaysay ang kuwento ni Jonas na matatagpuan sa Jonas 1–3. Ipaliwanag na naghanda si Jesus ng malaking isda upang lulunin si Jonas nang sa gayon ay hindi malunod si Jonas. May ipagagawa si Jesus kay Jonas. Maaari mong naising basahin nang malakas ang isa o dalawang talata katulad ng Jonas 1:17 o Jonas 2:1, habang isinasalaysay mo ang kuwento. (Kung babasahin mo nang malakas ang isang talata, ipaliwanag na minsan ay tinatawag na "ang Panginoon" si Jesus.)

- Sino ang nagpadala ng malaking isda upang lulunin si Jonas? (Tingnan sa Jonas 1:17.)
- Ano ang ginawa ni Jonas nang siya ay lulunin ng isda? (Tingnan sa Jonas 2:1.)
- Ano ang ginawa ni Jonas nang siya ay makalabas sa isda? (Tingnan sa Jonas 3:1—3.)
- Naniwala ba ang mga tao kay Jonas at nagsisi? (Tingnan sa Jonas 3:5, 10.)

Sabihin sa mga bata na ang ilang isda ay napakalaki, katulad ng isda na lumulon kay Jonas, at ang ilan ay napakaliit at maaaring mabuhay maging sa isang mangkok.

Gawain

Tulungan ang mga bata na gawin ang sumusunod na larong pandaliri:

Ang Goldpis

Ang mahal kong goldpis ay walang daliri *(hipuin ang mga daliri).*
Tahimik na lumalangoy at ilong ay nabubundol *(ituro ang ilong).*
Hindi makalabas upang makipaglaro, hindi rin ako makapasok upang lumangoy *(gumawa ng mga galaw ng paglangoy).*
At kapag sinasabi kong, "Halina't maglaro,"
Tila sinasabi niyang, "Halina't magtuloy" *(igalaw ang kamay na isinasagisag ang "halina").*

Kuwento

Ipakitang muli ang Biblia habang isinasalaysay mo ang kuwento ni Simon Pedro na matatagpuan sa Lucas 5:1–11. Ipakita ang larawan 1–24, Si Jesus at ang mga Mangingisda, sa angkop na pagkakataon.

- Bakit lumulan si Jesus sa bangka ni Simon Pedro? (Tingnan sa Lucas 5:3.)
- Ano ang sinabi ni Jesus kay Simon Pedro na gawin? (Tingnan sa Lucas 5:4.)
- Ano ang nahuli ni Simon Pedro sa kanyang lambat? (Tingnan sa Lucas 5:6.)

**Ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesus ang isda at ang mga hayop sa tubig upang magamit natin**

Ipaliwanag na ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesus ang isda at mga hayop sa tubig upang gamitin natin bilang pagkain at sa iba pang layunin.

Kuwento

Sumasangguni muli sa Biblia, isalaysay ang kuwento na matatagpuan sa Mateo 14:15—21. Maaari mong naising basahin nang malakas ang isa o dalawang talata katulad ng Mateo 14:16–17 habang ikaw ay nagkukuwento.

- Ano ang ginawa ni Jesus nang magutom ang mga tao? (Tingnan sa Mateo 14:15—16.)
- Ano ang ipinakain ni Jesus sa mga tao? (Tingnan sa 14:19.)

Gawain

Ipakita sa klase ang inihanda mong bingwit at anyayahan ang isa sa mga bata na lumapit at mangisda. Maglagay ng ilang isdang ginupit sa lalagyan at kapag iniumang na ng bata ang pisi sa tapat ng lalagyan, kabitan ng isda ang pang-ipit ng papel, teyp o magneto at hayaang hilahin ito ng bata. Hayaang magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata na mangisda.

Hayaang pag-usapan ng mga bata ang tungkol sa mga pagkakataon na sila ay nangisda o nakakain ng isda.

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat sa isda at mga hayop sa tubig.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Hayaang kulayan ng mga bata ang isdang papel na nahuli nila sa gawaing pangingisda (ulitin ang gawain kung nais). Isulat ang *Nagpapasalamat ako para sa isda* sa likod ng isda ng bawat bata.
2. Paupuin ang mga bata sa hugis na kalahating bilog. Ilagay ang isda na kinulayan ng mga bata sa sahig sa kanilang harapan. Bigkasin ang sumusunod na talata nang magkakasabay:

   Maliit na isda sa sapa,
   Mahuhuli kita nang walang taga.

   Ituro ang isang bata at papiliin ang bata ng kanyang sariling isda sa pamamagitan ng bingwit o sa pagturo sa isda. Sasabihin ng bata, “Nakahuli ako ng ______ na isda,” na sinasabi ang kulay ng isda. Itatabi ng bata ang isda upang iuwi. Magpatuloy hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata.
3. Awiting kasabay ng mga bata ang, “Thanks to Our Father” (*Children’s Songbook,* p. 20).
4. Tulungan ang mga bata na gawin ang sumusunod na larong pandaliri. Ipaliwanag na ang isang *minnow* ay isang maliit na isda.

   Ang Munting Pagong

   Ako’y may isang munting pagong.
   Nakatira ito sa isang kahon *(itikom nang kaunti ang mga kamay).*
   Sa ilog ito lumalangoy *(gumawa ng mga kilos ng paglangoy),*
   At sa bato umaahon *(igalaw ang mga daliri paitaas na tila gumagapang).*

Sinakmal ang isda *(ipalakpak ang mga kamay),*
Sinakmal ang pulgas *(ipalakpak ang mga kamay),*
Sinakmal ang lamok *(ipalakpak ang mga kamay),*
Pati na ako *(ipalakpak ang mga kamay)!*

Nahuli ang isda *(ipalakpak ang mga kamay);*
Nahuli ang pulgas *(ipalakpak ang mga kamay);*
Nahuli ang lamok *(ipalakpak ang mga kamay);*
Ngunit hindi ako!

(Vachel Lindsay, mula sa *Collected Poems of Vachel Lindsay.* © 1920 ng Macmillan Publishing Co., Inc., binago noong 1948 ni Elizabeth C. Lindsay. Ginamit nang may pahintulot.)

5. Tulungan ang mga bata na bigkasin ang mga salita sa sumusunod na gawain. Ipaliwanag na ang sapa ay isang maliit na ilog at ang dakong tago ay isang lugar na pinagtataguan.

   Limang Maliliit na Isda

   *Patayuin ang limang bata sa harapan ng klase, ang bawat isa ay may hawak na isdang papel.*

   Limang maliliit na isda ang lumalangoy sa sapa.
   Ang isa'y lumangoy palayo sa dakong tago *(ang isang bata ay "lalangoy" pabalik sa kanyang upuan).*
   Maliliit na isda, maliliit na isda, masayang nangaglalaro.
   Maliliit na isda, maliliit na isda, maghapong lumalangoy.

   *Ulitin ang talata na may apat na isda, pagkatapos ay tatlo, pagkatapos ay dalawa. Isang bata ang lalangoy palayo sa bawat talata. Kapag iisa na lamang ang natitirang bata, gamitin ang sumusunod na talata:*

   Isang maliit na isda ang lumalangoy sa sapa.
   Siya'y lumangoy palayo sa dakong tago *(ang isang bata ay lalangoy pabalik sa kanyang upuan).*
   Maliit na isda, maliit na isda, masayang naglalaro.
   Maliit na isda, maliit na isda, maghapong lumalangoy.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Ipakita ang larawan 1–25, Isda; larawan 1–26, Palaka; at larawan 1–27, Pagong. Sa iyong sariling pananalita, ikuwento ang paglikha ng isda, at mga hayop sa tubig (tingnan sa Genesis 1:20–23). Ipahiwatig ang iyong pasasalamat para sa isda at iba pang hayop sa tubig.
2. Sabihin sa mga bata na maraming hayop ang nakatira sa o malapit sa tubig. Ipahula sa kanila kung anong hayop ang iniisip mo habang ibinibigay mo ang mga sumusunod na ideya:

   a. Ang balat ko ay berde at malambot at malagkit. Ako'y tumatalon. Nakatira ako sa malapit sa mga lawa, batis o dagat-dagatan. Mahuhulaan ba ninyo kung ano ako?





      (Kapag nahulaan ng mga bata ang "palaka", ipakita ang larawan 1–26, Palaka, o gumuhit ng isang palaka sa pisara.)

b. Napakabagal ko. May dala akong matigas na bao sa aking likod. Kapag ako ay nagugulat, itinatago ko ang aking ulo, mga kamay at paa sa aking bao. Ano ako?

(Kapag nahulaan ng mga bata ang “pagong” ipakita ang larawang 1–27, Pagong, o gumuhit ng isang pagong sa pisara.)

Pagkatapos na mahulaan ng mga bata ang dalawang hayop, paluksuhin silang katulad ng mga palaka; pagkatapos ay pagapangin silang katulad ng mga pagong.

3. Awiting kasabay ng mga bata ang “Oh, What Do You Do in the Summertime?” (*Children’s Songbook,* p. 245).

# Nagpapasalamat Ako Para sa mga Hayop

Aralin 12

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na makadama ng pasasalamat sa Ama sa Langit at kay Jesucristo para sa mga hayop.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 1:24–25 at 6:5–8:19.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Mga ginupit na larawan 1–6, hanggang 1–19, mga hayop (ang mga katulad na ginupit na larawan ay matatagpuan sa mga pangkat 4 at 5 ng Mga Ginupit na Larawang Pangtulong sa Primarya).
   c. Larawan 1–28, Ang Paglikha—Mga May Buhay na Kinapal (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 100; 62483); larawan 1–29, Paggawa ng Arka (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 102; 62053); larawan 1–30, si Noe at ang Arka na may mga Hayop (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 103; 62305).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag pansin

Ilagay ang mga ginupit na larawan ng mga hayop sa sahig o mesa na nasa harapan ng mga bata. Tulungan ang isang bata na dumampot ng isang ginupit na larawan, tukuyin ang hayop na iyon at ipakita ito sa klase. Ipagpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataon.

### Inatasan ng Ama sa Langit si Jesucristo na likhain ang mga hayop

Pagbalik-aralang kasama ang mga bata na ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesucristo ang ating magandang daigdig, kasama na ang araw at gabi, ang mga dagat at lupain, at ang mga halaman at puno. Ipakita ang Biblia at paalalahanan ang mga bata na mababasa natin ang tungkol sa paglikha sa aklat na ito. Ipaliwanag na sinasabi ng Biblia sa atin na ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesus ang lahat ng hayop at inilagay ang mga ito sa daigdig.

Ipakita ang larawan 1–28, Paglikha—Mga May Buhay na Kinapal.

- Sino ang lumikha sa mga bagay na nakikita ninyo sa larawang ito?
- Anu-ano ang pangalan ng mga hayop sa larawang ito?

Ipaliwanag na nilikha lahat ni Jesus ang lahat ng uri ng mga hayop upang ilagay sa daigdig. Ang ilang hayop ay nakatira sa mga bukirin at sa paligid ng ating tahanan. Ang ilang hayop ay nakatira sa kakahuyan, ang ilan ay sa mga bundok, at ang ilan ay sa disyerto. Ang ilan sa mga hayop ay nakatira sa malalamig na panig ng mundo at ang ibang mga hayop ay nakatira sa maiinit na lugar.

- Anong mga hayop ang nakatira sa bukirin?
- Anong mga hayop ang nakatira sa kakahuyan, mga bundok o disyerto?
- Ano ang inyong paboritong hayop?

Gawain

Patayuin ang mga bata at magkunwaring sila ang kanilang mga paboritong hayop.

**Tinutulungan tayo ng mga hayop**

Ipaliwanag na ipinalagay ng Ama sa Langit kay Jesus ang mga hayop sa daigdig upang tulungan tayo. Ginagamit natin ang ilang hayop bilang pagkain, ang ilan ay naglilingkod sa atin at ang ilan ay kawili-wiling tingnan at paglaruan.

- Paano tayong tinutulungan ng mga hayop?
- Sa aling mga hayop tayo nakakukuha ng pagkain katulad ng gatas, mga itlog o karne?
- Sa aling mga hayop tayo nakakukuha ng kagamitan para sa pananamit?
- Aling mga hayop ang nakatutuwang maging alaga?
- Aling mga hayop ang maaari nating sakyan?

Hayaang pag-usapan ng mga bata ang tungkol sa kanilang mga naging karanasan sa iba't ibang uri ng mga hayop.

**Ang mga hayop ay iniligtas sa baha**

Isalaysay ang kuwento ni Noe at ng Arka, na matatagpuan sa Genesis 6:5–8:19. Ipakita ang larawan 1–29, Paggagawa ng Arka, at larawan 1–30, si Noe at ang Arka na may mga Hayop. Maaari mo ring naising gamitin ang mga ginupit na larawan upang mailarawan ang kuwento.

- Paano pinagpala si Noe at ang kanyang mag-anak sa pagsunod kay Jesus?
- Paano nailigtas ang mga hayop?
- Kapag nakakikita tayo ng bahaghari, ano ang ipinaaalala nito sa atin?

Gawain

Patayuin ang mga bata at gawin ang mga galaw habang binibigkas mo ang sumusunod na talata:

Noe

Si Noe ay nagtayo ng napakalaking arka *(idipa ang mga kamay);*
Alam na alam niya ang gagawin niya *(ilagay ang daliri sa sentido).*
Siya'y naglagari, nagsukat at nagpukpok *(gawin ang mga galaw na isinaad)*
Katulad ng sa kanya'y iniutos *(tumango).*

Tinawag ni Noe ang kanyang mag-anak *(kumaway)*
Upang magmartsa patungo sa arka *(tahimik na magmartsa sa kinatatayuan)*—
At ang mga hayop ay dala-dalawang *(itaas ang dalawang daliri)*
Sumakay na sa arka.

Ang madidilim na ulap ay natipon *(ilagay ang mga kamay sa uluhan),*
Ang ulan ay nagsimulang bumuhos *(iwagwag ang mga daliri na ginagaya ang ulan)*—
Ang buong sanlibutan ay natakpan *(iindayog ang mga kamay);*
Lahat ng lupai'y natabunan *(ibaling ang ulo sa magkabila).*

Ang arka ay payapang lumutang *(gumawa ng galaw na lumulutang sa pamamagitan ng mga kamay)*
Pagkaraan ng maraming araw at gabi (ilagay ang magkadaop na kamay sa isang pisngi),
Hanggang sa ang araw ay sumikat muli *(ibilog ang mga kamay sa may uluhan)*
At maliwanag na sumikat at buong init.

Ang lahat ng tubig ay nawala *(pag-ekisin ang mga bisig sa may dibdib);*
Lumitaw ang tuyong lupa *(buksan ang mga bisig at iunat ang mga kamay).*
Ang mag-anak ni Noe'y nagpasalamat *(yumuko at itiklop ang mga kamay)*
Na ang Diyos ay palagiang gabay.

(Hinango mula sa talata ni Beverly Spencer.)

Patotoo

Ibahagi ang iyong damdamin ng pasasalamat sa magandang daigdig na nilikha ni Jesucristo alinsunod sa plano ng Ama sa Langit. Ipahiwatig kung gaano ang iyong pasasalamat sa mga hayop na inilagay sa daigdig na ito upang ating magamit at tamasahin.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang magamit sa aralin.

1. Maglaro ng "Hayop, Hayop, Sino Ka?" Pagawain ng bilog ang mga bata. Patayuin ang isang bata sa gitna ng bilog at magpanggap na isang hayop. Ang ibang mga bata ay magtataas ng kanilang mga kamay upang hulaan kung anong hayop ang ginagaya ng bata sa gitna. Kapag nahulaan nang tama ng isang bata ang hayop, siya ay pagigitna sa bilog at gagayahin ang isa pang hayop. Maaaring naisin mong ibulong muna sa iyo ang pangalan ng hayop na gagayahin niya upang makatiyak na malinaw sa isipan ng bata ang hayop.

2. Maglaro ng "Ano ang Hayop na Ito?" Bigyan ng ideya ang mga bata tungkol sa isang hayop. Ang mga ideya ay maaaring nagsasabi ng tungkol sa tinitirahan ng hayop, kung gaano ito kalaki, kung ano ang huni nito, kung ano ang kulay nito, at kung paano ito tumutulong sa mga tao. Sabihin sa mga bata na itaas ang kanilang mga kamay kapag sa palagay nila ay alam nila kung aling hayop ang iyong tinutukoy. Ulitin sa iba pang mga hayop hangga't nais mo.

3. Kasabay ng mga bata, awitin o bigkasin ang mga salita sa "Ang Mundo'y Malaki" (The World Is So Big, *Children's Songbook,* p. 235). Gawin ang mga galaw na nakasaad sa ibaba:

   Ang mundo'y malaki at bilog *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig).*
   Naririto ang likha ng Dios;
   Bundok *(ihugis bundok ang mga kamay sa uluhan)*
   Lambak *(ilagay ang mga kamay sa harapan na nakataob ang mga palad)*
   Punong mataas *(iunat ang mga kamay paitaas),*
   Malalaki't *(umabot paitaas)*
   Maliit na hayop *(umabot pababa).*
   Ang mundo'y malaki at bilog *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig),*
   Tayong lahat ay mahal ng Dios *(itikom ang mga kamay at yakapin ang sarili).*

4. Papagsalitain ang mga bata tungkol sa mga alaga nilang hayop at ang nais nilang mapasa kanila. Talakayin sa mga bata kung paano natin dapat pakitunguhan at alagaan ang mga alagang hayop.
5. Bigyan ang mga bata ng papel at mga krayola. Hayaang iguhit ng bawat bata ang kanyang paboritong hayop. Isulat sa bawat larawan ang *Nagpapasalamat ako para sa mga hayop.*

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Ipakita ang larawan 1–28, Paglikha—Mga May Buhay na Kinapal. Sa iyong sariling pananalita, ikuwento mo ang pagkalikha ng mga hayop (tingnan sa Genesis 1:24–25). Ipahiwatig ang iyong pasasalamat sa mga hayop.
2. Pumili ng ilang hayop na pangkaraniwan sa mga bata. Hayaang gayahin ng bawat bata ang bawat hayop. Talakayin ang anyo ng mga hayop at ang huni ng mga ito at kung saan ginagamit ang mga ito.
3. Tulungan ang mga bata na awitin ang unang linya ng “All Things Bright and Beautiful” (*Children’s Songbook,* p. 231).

# Nagpapasalamat Ako Para sa mga Ibon at mga Kulisap

Aralin
13

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na makadama ng pasasalamat sa Ama sa Langit at kay Jesucristo para sa mga ibon, mga kulisap, at mga bagay na gumagapang.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 1:20–25 at 1 Mga Hari 16:29–17:6.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Kung maaari, kumuha ng mga larawan ng mga ibon, mga kulisap, at mga bagay na gumagapang na pangkaraniwan sa inyong pook.
   c. Mga ginupit na larawan 1–20 hanggang 1–25, mga ibon at mga kulisap (ang mga katulad na ginupit na larawan ay matatagpuan din sa mga pangkat 4 at 5 ng mga Ginupit na Larawang Pantulong sa Primarya).
   d. Larawan 1–31, Pinakakain si Elias ng mga Uwak; larawan 1–32, Ang Himala ng mga Ibong Dagat (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo, 413; 62603).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ibigay ang sumusunod na mga pahiwatig at ipahula sa mga bata ang sagot sa tanong na "Ano Ako?"

1.Ako ay may tuka.

2.Ako ay may mga balahibo.

3.Ako ay may pakpak.

4.Ako ay lumilipad sa himpapawid.

Kapag nahulaan ng mga bata ang "isang ibon," pasundin mo sila sa iyo at magkunwaring mga ibon na lumilipad sa paligid ng silid. Akayin silang pabalik sa kanilang mga upuan.

### Inatasan ng Ama sa Langit si Jesucristo na likhain ang mga ibon

Ipaliwanag na ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesucristo ang mga ibon upang masiyahan tayo at gawing magandang lugar na tirahan ang daigdig. Ipakita ang Biblia at sabihin sa mga bata na ang Biblia ay nagsasabi sa atin ng tungkol sa paglikha ng mga ibon (tingnan sa Genesis 1:20–23).

Ipaliwanag na iba't ibang uri ng mga ibon ang nabubuhay sa buong mundo. Isa-isang ipakita ang anumang mga larawan ng mga ibon na nakuha mo at ang mga ginupit na hugis ng mga ibon.

- Ito ba ay isang ibon?
- Paano ninyong masasabi na ito ay isang ibon? (Ito ay may mga pakpak, balahibo, at tuka.)

Hayaang mag-usap ang mga bata tungkol sa anumang mga karanasan na mayroon sila sa mga ibon.

### Matutulungan tayo ng mga ibon

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–31, Pinakakain si Elias ng mga Uwak, at isalaysay ang kuwento tungkol sa pagpapakain ng mga uwak kay propetang Elias, na matatagpuan sa 1 Mga Hari 17:1–6. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang Ama sa Langit at si Jesus ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay, maging sa mga ibon. Sinabihan ni Jesus ang mga ibon na alagaan si Elias nang kailanganin niyang magtago mula sa masamang haring si Ahab.

- Paanong nalaman ng mga uwak na dapat silang magdala ng pagkain kay Elias? (Tingnan sa 1 Mga Hari 17:4.)
- Anong uri ng pagkain ang dinala ng mga uwak? (Tinapay at karne; tingnan sa 1 Mga Hari 17:6.)

Gawain

Pumili ng isang bata upang maging Elias. Papagkunwariin ang ibang mga bata na sila ang mga uwak na nagdadala ng pagkain sa umaga at muli sa gabi.

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol sa mga ibong dagat at mga kuliglig sa sarili mong salita:

Nang dumating ang mga tagabunsod sa Salt Lake Valley, sila ay nagtanim ng trigo at iba pang mga butil. Kailangan nila ang butil upang makagawa ng tinapay at iba pang pagkain. Ang mga trigo ay nagsilaki at nagsitaas. Nang halos aanihin na lamang ang trigo, isang malaking ulap ang pumuno sa himpapawid. Ito ay hindi ulap-ulan, kundi ulap ng libu-libong nagugutom na itim na mga kuliglig. Ang mga kuliglig ay dumapo sa trigo at nagsimulang kainin ito.

Ginawa ng mga tagabunsod ang lahat ng kanilang magagawa upang mapigilan ang mga kuliglig mula sa pagkain ng trigo. Nagsiga sila, hinampas ng mga walis at kumot ang mga kuliglig, at sinikap din na sabuyan ng tubig ang mga kuliglig. Ngunit hindi tumigil ang mga kuliglig. Natakot ang mga tagabunsod na sila ay mawalan ng pagkain sa taglamig. Sila ay lumuhod upang manalangin at humingi ng tulong sa Ama sa Langit.

Hindi nagtagal ay dumating ang malaking kawan ng mga ibong dagat at nagsimulang kainin ang mga kuliglig. (Ipakita ang larawan 1–32, Ang Himala ng mga Ibong Dagat.) Hindi nagtagal, marami sa mga kuliglig ang umalis na. Pinasalamatan ng mga tagabunsod ang Ama sa Langit sa pagpapadala ng mga ibong dagat at pagliligtas sa kanilang mga pananim (tingnan sa William E. Berrett, *The Restored Church* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1961], p. 283– 85).

- Paanong tinulungan ng mga ibong dagat ang mga tagabunsod?

### Inatasan ng Ama sa Langit si Jesucristo na lumikha ng mga kulisap at mga bagay na gumagapang

Sabihin sa mga bata na nilikha rin ni Jesucristo ang mga kulisap at mga bagay na gumagapang katulad ng mga gagamba at mga ahas. Ang mga nilikhang ito ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit.

Gawain

Pahulaan sa mga bata ang mga kulisap at mga bagay na gumagapang na inilarawan sa sumusunod na mga bugtong. Kapag nahulaan ang bawat bugtong, ipakita at talakayin ang naaangkop na ginupit na hugis.

1. Ako ay dilaw at ako'y umuugong.
   Sa aking tiyan ay may nakabalot.
   Ako ay gumagawa ng pulut-pukyutan
   Para sa iyo at sa akin.
   Ako ay isang ______. (Pukyutan; gumawa ng tunog na umuugong.)

2. Sapot ay hinahabi upang pagkain ay mahuli.
   Walong lahat ang aking mga binti.
   Kadalasan ako'y hindi gusto ng mga tao.
   Mahuhulaan ba ninyo kung ano ako? (Gagamba; igalaw ang mga daliri na katulad ng mga binti.)

3. Minsan ako ay isang higad.
   Sa himpapawid ay nakalilipad.
   Ako'y may magagandang pakpak.
   Ako ay isang ______. (Paru-paro; dahan-dahang igalaw ang mga daliri na katulad ng mga pakpak.)

- Ano ang nalalaman ninyo tungkol sa mga nilikhang ito?

Ipaliwanag na ang mga kulisap ay nilikha sa maraming kadahilanan. Ang ilang mga kulisap ay maaaring kainin ng mga ibon, mga hayop, at iba pang mga kulisap; ang ilan ay nakagagawa ng magandang tanawin at mga tunog. Ang mga pukyutan ay gumagawa ng pulut-pukyutan para kainin natin, at ang mga ito ay tumutulong sa paglaki ng mga bungang-kahoy, mga bulaklak, at mga gulay.

Gawain

Ipakita ang ginupit na larawan ng isang pukyutan at anumang larawan ng mga pukyutan o bahay-pukyutan na nakuha mo. Ilarawan kung paanong nagtitipon ng nektar ang mga pukyutan mula sa mga bulaklak upang gamitin sa paggawa ng pulut-pukyutan, at pagkatapos ay pagkunwariin ang mga bata na sila ay mga pukyutan na nagpapalipat-lipat sa mga bulaklak upang kumuha ng nektar upang gawing pulut-pukyutan.

- Aling mga kulisap ang gusto ninyo? Bakit?

Ipakita ang anumang larawan ng mga kulisap na nakuha mo. Ipaliwanag na ang ilang kulisap ay nakababahala sa atin. Kinakain nila ang ating pagkain at maaari tayong kagatin o tusukin. Paalalahanan ang mga bata tungkol sa kuwento ng mga ibong dagat at mga kulisap. Kinakain ng mga kulisap ang lahat ng pagkain ng mga tagabunsod.

Ipaliwanag na karaniwan, kapag sinasaktan o ginagambala tayo ng mga kulisap ay sinisikap lamang nilang pangalagaan ang kanilang mga sarili.

Patotoo

Paalalahanan ang mga bata na ang mga ibon, mga kulisap, at iba pang mga gumagapang na bagay ay mahalagang bahagi ng ating daigdig. Ipahiwatig ang iyong damdamin ng pasasalamat para sa mga nilikhang ito.

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Laruin ang larong paru-paro. Paupuin nang pabilog ang mga bata. Pumili ng isang bata upang maging paru-paro. Iwawagayway ng batang ito ang isang paru-parong papel sa may uluhan ng ibang mga bata habang lumalakad nang paikot sa labas ng bilog. Habang lumalakad ang bata na paikot sa bilog, bigkasin ang talatang ito:

   Isang munting paru-paro ang lumipad papalayo
   Sa ilalim ng matinding sikat ng araw.
   Ito'y lumipad sa bughaw na himpapawid,
   At nang ito'y dumapo, ito'y dumapo sa iyo!

   Kapag sinabi mong, "Ito'y dumapo sa iyo," ay ilalagay ng bata na siyang paru-paro ang paru-parong papel sa kandungan ng ibang bata. Ang batang iyon ang siya na ngayong paru-paro. Ulitin ang talata hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataon na maging paru-paro.

2. Ipaliwanag sa payak na paraan kung paanong nagiging paru-paro ang isang higad. Papagkunwariin ang mga bata na sila ay mga higad na humahabi ng mga bahay-uod. Paupuin sila sa kanilang mga upuan o sa sahig at ipayakap sa pamamagitan ng kanilang mga kamay ang kanilang mga binti, na nagkukunwaring natutulog. Sabihin sa kanila na kapag ang higad ay nagiging paru-paro, ang mga pakpak nito ay nagsisimulang gumalaw at umunat. Ipaunat sa mga bata ang kanilang mga kamay. Paalalahanan ang mga bata na ang mga paru-paro ay napakatahimik, maging kapag sila ay gumagalaw. Hayaang tumayo ang mga bata at magkunwaring lumilipad nang tahimik sa paligid ng silid.

3. Kasama ang mga bata, bigkasin ang mga salita sa "Ang Mundo'y Malaki" (The World is So Big, *Children's Songbook*, p. 235). Gamitin ang mga galaw sa ibaba sa "Ang Mundo'y Malaki":

   Ang mundo'y malaki at bilog *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig),*
   Naririto ang likha ng Dios;
   Bundok *(ihugis bundok ang mga kamay sa uluhan)*
   Lambak *(ilagay ang mga kamay sa harapan na nakataob ang mga palad)*
   Punong mataas *(iunat ang mga kamay paitaas),*
   Malalaki't *(umabot paitaas)*
   Maliit na hayop *(umabot pababa).*
   Ang mundo'y malaki at bilog *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig).*
   Tayong lahat ay mahal ng Dios *(hawakan ang mga bisig at yakapin ang sarili).*

4. Bigkasin ang mga salita sa "Lahat ng Bagay na Maganda" (All Things Bright and Beautiful, *Children's Songbook*, p. 231), na ginagamit ang mga galaw na isinasaad sa ibaba:

   Lahat ng bagay na maganda *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig),*
   Malaki't maliit *(iunat ang mga bisig, pagkatapos paglapitin ang mga kamay),*
   Ang lahat ng kahanga-hanga *(ituro ang isang daliri sa ulo),*
   Ay nilikha ng Dios *(ihalukipkip ang mga bisig tulad sa panalangin).*

Bawat munting bulaklak *(gumawa ng kamao, pagkatapos buksan ang kamay),*
Bawat ibong humuhuni *(paglapitin ang mga daliri at hinlalaki tulad sa tuka ng ibon),*
Ginawa N'ya ang kulay *(iwagayway ang bisig tulad sa hugis bahaghari);*
At kanilang pakpak *(ipagaspas ang mga kamay tulad sa mga pakpak).*

5. Magdala ng isang garapon ng pulut-pukyutan upang makita at matikman ng mga bata. (Makipag-alam sa mga magulang upang makatiyak na walang sinuman sa mga bata ang may alerdyi sa pulut-pukyutan.)

6. Tulungan ang mga bata na gawin ang isa o kapwa sumusunod na mga laro ng mga daliri:

   Dalawang Maliliit na Humuhuning Ibon

   Dalawang maliliit na humuhuning ibon
   Ang naupo sa isang bakod *(ilagay ang daliri sa magkabilang balikat),*
   Ang pangalan ng isa ay Pedro *(itaas ang kaliwang daliri)*
   At ang isa ay si Pablo *(itaas ang kanang daliri).*
   Lumipad ka, Pedro *(ilagay ang kaliwang daliri sa likuran);*
   Lumipad ka, Pablo *(ilagay ang kanang daliri sa likuran).*
   Magbalik ka, Pedro *(ilagay muli sa balikat ang kaliwang daliri);*
   Magbalik ka, Pablo *(ilagay muli sa balikat ang kanang daliri).*

   Bahay-pukyutan

   Narito ang bahay-pukyutan *(itikom nang pataob ang kaliwang kamay).*
   Nasaan ang mga pukyutan?
   Nakatago sa hindi nakikita ng sinuman *(itago ang mga daliri ng kanang kamay sa ilalim ng nakatikom na nakataob na kaliwang kamay).*
   Hindi magtatagal at sila'y magliliparan
   Papalabas sa bahay-pukyutan *(ilabas ang kanang kamay at ibukas nang isa-isa ang mga daliri habang nagbibilang ang mga bata).*
   Isa, dalawa, tatlo, apat, lima! BZZZ!

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Ipakita ang isang simpleng larawan, ginupit na hugis, o guhit ng isang ibon. Sabihin sa mga bata na inutusan ng Ama sa Langit si Jesucristo na likhain ang mga ibon (tingnan sa Genesis 1:20–23). Ipahiwatig ang iyong pasasalamat para sa mga ibon.

2. Ipaliwanag na ang mga ibon ay may natatanging mga tuka upang tulungan silang damputin ang kanilang pagkain. Pailagay sa mga bata ang mga kamay nila sa kanilang bibig na katulad ng mga tuka at magkunwaring dumadampot ng pagkain. Ipaliwanag na ang mga ibon ay mayroon ding mga pakpak upang tulungan silang lumipad. Paikampay sa mga bata ang kanilang mga kamay at magkunwaring lumilipad.

3. Bigkasin ang mga salita sa "Mga Ibon sa Puno" (Birds in the Tree, *Children's Songbook*, p. 241), na ginagamit ang mga galaw na isinasaad sa ibaba:

   Ang maliit na pugad *(magkasamang itikom nang bahagya ang mga kamay)*
   Sa puno'y makikita *(itaas ang mga kamay at gumawa ng bilog sa may uluhan).*

Itlog ay bilangin mo;
Isa, dalawa, tatlo *(itaas ang isa, dalawa at talong mga daliri).*

Inahi'y nasa pugad *(itikom nang bahagya ang kaliwang kamay, ipatong ang kanang kamay)*
Nang itlog ay limliman *(itaas ang tatlong daliri).*
Ama'y palipad-lipad *(igalaw ang mga kamay na tila lumilipad)*
Upang sila'y bantayan.

4. Tulungan ang mga bata na gawin ang sumusunod na laro ng daliri:

Maliliit na Gagamba

Maliliit na gagamba umakyat sa sanga *(gamitin ang dalawang daliri ng isang kamay upang "akyatin" ang kabilang kamay).*
Dumating ang ulan, itinaboy sila *(itaas ang mga kamay sa may uluhan, pagkatapos ay ibaba habang iwinawagwag ang mga daliri).*
Sumikat ang araw, natuyo ang sanga *(gumawa ng bilog sa may uluhan sa pamamagitan ng dalawang kamay).*
Maliliit na gagamba palaging masaya *(ulitin ang galaw mula sa unang linya).*

# Sina Adan at Eva ay Nilikha sa Wangis ng Ama sa Langit

Aralin
14

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang mga bata na maunawaan na sina Adan at Eva ay nilikha sa wangis ng Ama sa Langit.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 1; 2:15–25; at 3. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), mga kabanata 5 at 6.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Mga ginupit na larawan 1–1 hanggang 1–25 (ang mga katulad na ginupit na larawan ay matatagpuan sa mga pangkat 3, 4, at 5 ng Ginupit na Larawang Pantulong sa Primarya).
   c. Larawan 1–33, Adan at Eva (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 101; 62461); larawan 1–34, Tinuturuan nina Adan at Eva ang Kanilang mga Anak.
3. Gawin ang mga kailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Hilingan ang lahat ng anak ng Ama sa Langit na tumayo. Paalalahanan ang mga bata na tayong lahat ay mga anak ng Ama sa Langit, kaya ang bawat isa ay dapat na tumayo.

Awit

Awitin ang "Ako ay Anak ng Dios" (*Mga Himno at Awit Pambata*), na kasama ang mga bata. Ituro na ang awit ay nagsasabi sa atin na tayo ay binigyan ng Ama sa Langit ng makalupang tahanan.

Ako ay anak ng Dios,
Dito'y isinilang,
Handog ay 'sang tahanan
May mahal na magulang.

Akayin at patnubayan,
Sa tamang daan.
Turuan ng gagawin,
Nang S'ya'y makapiling.

**Ang daigdig ay nilikha ayon sa plano ng Ama sa Langit**

Gawain

Ilagay nang pataob ang mga ginupit na hugis sa isang mesa o sa iyong kandungan.

- Ano ang ilan sa mga bagay na nilikha ni Jesus para sa daigdig?

Habang binabanggit ng isang bata ang bawat nilikha, ipakikita niya ang kaukulang ginupit na larawan.

• Anong mga nilikha ang pinasasalamatan ninyo?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang daigdig at ang lahat ng narito ay nilikha para magamit natin at tamasahin. Paalalahanan ang mga bata na ang daigdig at ang lahat ng narito ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit.

Awit

Awiting muli ang "Ako ay Anak ng Dios" na kasama ang mga bata.

**Sina Adan at Eva ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit**

Ipatingin sa mga bata ang mga ginupit na hugis na nakapakita.

• Ano pa ang kailangang nasa daigdig?

Ipakita ang larawan 1–33, Adan at Eva. Ipaliwanag na pagkatapos na malikha ang lahat ng iba pang bagay, sina Adan at Eva ay nilikha. Isalaysay ang tungkol sa pagkalikha ng mga tao, na matatagpuan sa Genesis 1:26–28. Ipaliwanag na sina Adan at Eva ang unang dalawang tao na nabuhay sa daigdig. Sila ay may mga katawan ng laman at buto na katulad ng katawan ng Ama sa Langit.

• Sino ang unang tao na nabuhay sa daigdig?

• Sino ang unang babae?

• Anong uri ng mga katawan mayroon sina Adan at Eva?

Ipahipo sa mga bata ang kanilang mga kamay, at paalalahanan sila na ang kanilang mga katawan ay katulad ng mga katawan nina Adan at Eva.

Kuwento

Tinutukoy ang larawan 1–33, sina Adan at Eva, isalaysay ang kuwento nina Adan at Eva sa iyong sariling mga salita, na tinatalakay ang sumusunod na mga bagay (tingnan sa Genesis 2:15–25; 3):

1. Pagkatapos tumanggap ng pisikal na mga katawan sina Adan at Eva, sila ay tumira sa isang magandang lugar na tinawag na Halamanan ng Eden.
2. Sina Adan at Eva ay ikinasal ng Ama sa Langit para sa kawalang-hanggan.
3. Madaling lumago ang mga prutas at mga bulaklak sa Halamanan ng Eden, at ang lahat ng mga hayop ay maamo.
4. Hindi alam nina Adan at Eva ang kaibahan ng mabuti at masama.
5. Hindi magkakaanak sina Adan at Eva.
6. Maaaring kumain sina Adan at Eva mula sa bawat puno maliban sa isa.
7. Kinain nina Adan at Eva ang prutas mula sa punong iyon.
8. Kinailangang lisanin nina Adan at Eva ang Halamanan ng Eden.
9. Ang buong daigdig ay nagbago: Kinailangang gumawa nina Adan at Eva upang makakuha ng pagkain, ang mga damo ay nagsimulang tumubo, at ang mga hayop ay naging mababangis.
10. Nagsimulang magkaroon ng mga anak sina Adan at Eva.

Ipakita ang larawan 1–34, Tinuturuan nina Adan at Eva ang Kanilang mga Anak. Ipaliwanag na sina Adan at Eva ay biniyayaan ng maraming anak. Sila ang unang mga magulang sa daigdig. Tinuruan nila ang kanilang mga anak tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus. Lumaki ang kanilang mag-anak at kumalat sa buong mundo.

- Ano ang ginawa nina Adan at Eva matapos nilang lisanin ang Halamanan ng Eden?

Ipaliwanag na ginamit at tinamasa nina Adan at Eva at ng kanilang mga anak ang mga halaman at mga hayop na nilikha para sa daigdig.

Gawain — Papiliin ang bawat bata ng isang ginupit na hugis mula sa nakapakita, at talakayin sa klase kung paanong maaaring ginamit nina Adan at Eva ang nilikha na isinasagisag ng bawat ginupit na larawan. Tulungang mag-isip ng mga tiyak na sagot ang mga bata, katulad ng paggamit sa mga hayop bilang pagkain at damit at kahoy mula sa mga puno upang magtayo ng mga bahay.

Gawain — Tulungan ang mga bata na gawin ang sumusunod na laro sa daliri:

Adan at Eva

Sina Adan at Eva ay namuhay sa mundo *(pagtaklubin ang mga kamay upang isagisag ang daigdig)*
Noong ito ay napakabago.
Nag-alaga sila ng maraming hayop *(gamitin ang isang kamay upang himasin ang kabilang kamay)*
At ang pagkai'y kanilang pinalago *(ilagay ang mga daliri sa bibig, na tila kumakain).*
Nagkaanak sina Adan at Eva *(pagdikitin ang dalawang daliri).*
Na nagkaanak ng sariling kanila *(dagdagan ng dalawa pang daliri).*
Ngayo'y maraming bata ang naisilang *(iwagwag ang lahat ng sampung daliri).*
Masdan kung gaanong ang mundo'y uminam *(gamitin ang mga kamay upang gumawa ng malaking bilog, pagkatapos ay iunat ang mga kamay sa tagiliran)!*

Tulungan ang mga bata na maunawaan na dahil sa sina Adan at Eva ang unang mga magulang dito sa lupa, tayong lahat ay bahagi ng kanilang mag-anak.

### Sinabi ng Ama sa Langit at ni Jesus na ang daigdig ay mabuti

Basahin ang unang pangungusap ng Genesis 1:31 nang malakas. Ipaulit sa mga bata ang pangungusap na kasama ka. Ipaliwanag na nadama ng Ama sa Langit at ni Jesus na ang lahat ng kanilang nilikha ay mabuti. At pinakamahalaga sa lahat, nadarama nila na tayo ay mabuti at mahal na mahal nila ang bawat isa sa atin.

Patotoo — Ipahayag ang iyong patotoo tungkol sa pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesus para sa bawat isa sa atin. Ipaliwanag na ang daigdig at ang lahat ng narito ay para sa atin upang gamitin at tamasahin. Sa tuwing napapansin natin ang isang bulaklak, isang bituin, o alinmang nilikha, tayo ay pinaaalalahanan na mahal tayo ng Ama sa Langit at ni Jesus. Ipahayag ang iyong pasasalamat para sa kanilang pagmamahal at para sa daigdig.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Mamili ng ilang gawain mula sa aralin 8 hanggang 13, katulad ng "Ang Nilikha ng Diyos" o "Noe," upang gawin na kasama ang mga bata.
2. Pagbalik-aralan ang mga nangyari sa bawat araw ng Paglikha habang binibilang ng mga bata ang mga araw sa kanilang mga daliri.

3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Ako ay Mahal ng Aking Amang nasa Langit" (*Ang Babaeng Banal sa Huling-araw, Bahagi A*), na kasabay ang mga bata.
4. Paguhitin o pakulayan sa mga bata ang larawan ng isang bagay na bahagi ng plano ng Ama sa Langit, katulad ng isang bulaklak, isang puno, o ang araw. Isulat sa itaas ng papel ng bawat bata ang *Nagpapasalamat ako para sa mundo*.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Ang Mundo'y Malaki" (The World is So Big, *Children's Songbook*, p. 235). Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw na isinasaad sa ibaba:

   Ang mundo'y malaki at bilog *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig),*
   Naririto ang likha ng Diyos;
   Bundok *(ihugis bundok ang mga kamay sa uluhan)*
   Lambak *(ilagay ang mga kamay sa harapan na nakataob ang mga palad)*
   Punong mataas *(iunat ang mga kamay paitaas),*
   Malalaki't *(umabot paitaas)*
   Maliit na hayop *(umabot pababa).*
   Mga bit'wing kumukutitap *(ituwid at iwagwag ang mga daliri),*
   Sikat ng araw, maliwanag *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga kamay).*
   Ang mundo'y malaki at bilog.
   Tayong lahat ay mahal ng Dios *(itikom ang mga kamay at yakapin ang sarili).*

2. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na laro sa daliri habang binibigkas mo ang mga salita:

   Ang Nilikha ng Diyos

   Ginawa ng Diyos ang buwan *(gumawa ng bilog sa pamamagitan ng mga kamay)*
   At mga bituing kumukutitap *(ibukas at isara ang mga kamay)*
   At inilagay sa kalangitan *(umabot paitaas).*
   Ginawa niya ang araw *(gumawa ng bilog sa pamamagitan ng paglalagay ng mga kamay sa uluhan)*
   At mga puno't *(ituwid ang mga kamay paitaas)*
   Mga bulaklak *(itikom nang kaunti ang mga kamay)*
   At ibong maliliit na lumilipad *(ikampay ang mga kamay).*

   Mula sa *Fascinating Finger Fun* ni Eleanor Doan. © 1951. Ginamit nang may pahintulot.)

# Ang Sabbath ay Araw ng Pagsamba

Aralin 15

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na ang Sabbath ay araw ng pagsamba at pamamahinga.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 2:1–3 at Exodo 16:11–31. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 24.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–6, Gabing Pantahanan ng Mag-anak (62521); larawan 1–7, Isang Mapagmahal na Mag-anak; larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento (62021); larawan 1–9, Panalangin sa Umaga (62310); larawan 1–10, Panalangin ng Mag-anak (62275); larawan 1–35, Pamumulot ng Mana; larawan 1–36, Mga Anak at Magulang na Nagbabasa ng Kuwento sa Banal na Kasulatan.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Tulungan ang mga bata na isadula ang bawat araw ng Paglikha habang pinaaalalahanan mo sila tungkol sa kung ano ang nilikha sa bawat araw (tingnan sa Genesis 1):

Araw 1 Magkunwaring natutulog at pagkatapos ay gumising, upang ipakita ang gabi at araw.

Araw 2 Tumayo, tumingala, at iunat ang mga kamay upang ipakita ang kalangitan.

Araw 3 Yumuko upang pitasin ang isang bulaklak at pagkatapos ay amuyin ang bulaklak.

Araw 4 Gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng iyong mga kamay para sa araw, isang mas maliit na bilog sa pamamagitan ng iyong mga kamay para sa buwan, at iwagwag ang iyong mga daliri habang iginagalaw mo ang iyong mga kamay upang sumagisag sa mga kumikislap na bituin.

Araw 5 Magkunwaring isang ibon na lumilipad sa palibot ng silid o isang isda na lumalangoy sa dagat.

Araw 6 Magkunwaring isang hayop. Lumakad nang paikot sa silid nang ilang ulit na ginagaya ang hayop na iyon. Pagkatapos ay pumila at magsabi ang bawat isa na, “Ang pangalan ko ay (sariling pangalan ng bata). Ako ay anak ng Diyos.”

Tahimik na paupuin ang mga bata.

Sabihin sa mga bata na sa ikapitong araw, ang Ama sa Langit at si Jesus ay nagpahinga. Tinawag nila ang araw na ito ng pamamahinga na Sabbath.

Ipaulit sa mga bata ang salitang *Sabbath* nang ilang ulit.

**Ang Sabbath ay banal na araw**

Basahin nang malakas ang Genesis 2:1–2 at ang talata 3 hanggang sa salitang *araw*. Ipaliwanag na noong matapos likhain ng Ama sa Langit at ni Jesus ang daigdig at ang lahat ng naririto, pinagpala nila ang ikapitong araw. Ito ay magiging isang banal na araw, kaiba sa ibang araw ng linggo. Ang Sabbath ay isang araw para sa atin upang magpahinga sa ating mga gawain at upang sambahin ang Ama sa Langit at si Jesus.

- Aling araw ng linggo ang Sabbath?
- Ano ang ginawa ng Ama sa Langit at ni Jesus sa araw ng Sabbath? (Tingnan sa Genesis 2:2.)

Gawain

Ipataas sa mga bata ang pitong daliri. Magbilang hanggang pito na kasama sila, iginagalaw ang bawat daliri kapag ito ay nabilang na. Ipaliwanag na sa loob ng anim na araw, (*iwagwag ang unang anim na daliri*), ginagawa natin ang ating mga gawain. Sa ikapitong araw (*mag-isang iwagwag ang ikapitong daliri*), tayo ay nagpapahinga sa ating gawain dahil ito ang araw ng Sabbath.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–35, Pamumulot ng Mana, at isalaysay ang kuwento ng mga Israelita at ng mana, na matatagpuan sa Exodo 16:11–31.

Tulungan ang mga bata na maunawaan ang himala ng mana. Ipaliwanag na sa bawat araw ang mga Israelita ay pumupulot ng mana na sapat lamang para sa araw na iyon, ngunit sa ika-anim na araw, sila ay namumulot ng sapat para sa dalawang araw. Kung ang mga Israelita ay mamumulot ng labis na mana sa alinmang araw maliban sa ika-anim, ang mga ito ay mabubulok. Sa ikapitong araw, na siyang Sabbath, ay walang mapupulot na mana. Sa araw na ito kinakain ng mga Israelita ang labis na mana na pinulot sa ika-anim na araw.

- Paanong kumukuha ng pagkain ang mga Israelita?
- Bakit hindi sila namumulot ng mana sa araw ng Sabbath?

Basahin nang malakas ang Exodo 16:26. Ipaliwanag na ang mga Israelita ay tinuruang huwag gumawa sa araw ng Sabbath. Sa araw ng Sabbath, nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na isipin natin sila sa halip na ang ating gawain. Ang Sabbath ay napakabanal na araw sa Ama sa Langit at kay Jesus.

Bigyang-diin na ang Sabbath ay hindi araw upang magtrabaho at gawin ang mga palagiang bagay kundi araw upang sambahin ang Ama sa Langit at si Jesus. Ang ibig sabihin ng *pagsamba* ay isipin ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus at gawin ang mga bagay na nagpapakita kung gaano natin sila kamahal.

**Ang Sabbath ay isang araw ng pagsamba**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang Sabbath ay isang masayang araw dahil maaari nating sambahin ang Ama sa Langit at si Jesus sa maraming magkakaibang paraan.

- Ano ang ginawa ninyo ngayon upang maipakita sa Ama sa Langit at kay Jesus na mahal ninyo sila?

Ipaliwanag na ang isang mahalagang paraan na maaari nating sambahin ang Ama sa Langit at si Jesus, o ipakita sa kanila na mahal natin sila, ay sa pamamagitan ng pagpunta sa simbahan at pakikibahagi sa sakramento. Ipakita ang larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento. Maligaya ang Ama sa Langit at si Jesus kapag tayo ay umaawit at nakikinig at kapag tahimik tayo at kumikilos nang wasto upang marinig natin ang ating mga guro at dinarama ang pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesus para sa atin.

Gawain

Tulungan ang mga bata na gawin ang sumusunod na laro sa daliri:

Ako’y Nagagalak na Dumating sa Simbahan Ngayon

Ako'y nagagalak na dumating sa simbahan ngayon *(pagdaupin ang mga kamay at gumawa ng mataas na tore ng simbahan sa pamamagitan ng pagdidikit ng mga dulo ng mga hintuturo).*
Natutuhan kong makinig *(itikom nang bahagya ang kamay at ilagay sa may tainga)*
At manalangin *(ihalukipkip ang mga kamay at iyuko ang ulo).*
Natutuhan ko ang tungkol kay Jesus na nasa itaas *(tumuro paitaas);*
Naisip ko si Jesus at ang kanyang pagmamahal *(yakapin ang sarili).*

Ipinapakita rin natin sa Ama sa Langit at kay Jesus na mahal natin sila sa pamamagitan ng pagiging maayos at malinis kapag nagpupunta tayo sa simbahan. Dapat nating linisin ang ating mukha at buhok at isuot ang ating pinakamagandang damit.

Gawain

Ipasadula sa mga bata ang paghahanda sa pagpunta sa simbahan.

- Ano ang ginagawa natin upang sambahin ang Ama sa Langit at si Jesus kapag tayo ay nasa simbahan?
- Ano ang ginagawa natin upang sambahin ang Ama sa Langit at si Jesus kapag tayo ay nasa bahay?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na hindi tayo dapat na gumasta ng pera o mamili sa araw ng Sabbath. Hindi tayo dapat magpunta sa mga gawaing palaro o paglilibang sa araw ng Sabbath. Hindi tayo dapat gumawa sa ating mga bakuran o halamanan o mangisda o mangaso sa araw ng Sabbath.

Ipaliwanag na maraming bagay ang magagawa sa tahanan upang mapanatiling banal ang araw ng Sabbath. Magpakita ng mga larawan mula sa bahaging “Paghahanda” sa naaangkop na panahon sa kasalukuyan ng talakayang ito. Makapaglalaro tayo ng mga tahimik na laro na kasama ang mga kasapi ng ating mag-anak, basahin sa atin ang mga kuwento sa banal na kasulatan, gumawa ng mga album na pangmag-anak, dumalaw sa mga kamag-anak o sa mga maysakit, gumuhit ng mga larawan ng mga bagay na pinasasalamatan natin, maglakad-lakad kasama ang isang kasapi ng mag-anak, manalangin, umawit ng mga awit, at makinig sa mabuting tugtugin.

Gawain

Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagsasadula ng mga bagay na ikasisiya nilang gawin sa tahanan upang mapanatiling banal ang araw ng Sabbath.

Patotoo

Sabihin sa mga bata na maligaya ang Ama sa Langit at si Jesus kapag tayo ay dumarating sa simbahan sa araw ng Sabbath kapag umaawit tayo,

nananalangin, at nakikinig sa ating mga guro. Maligaya rin sila kapag kumikilos tayo nang angkop sa tahanan sa araw ng Sabbath. Sabihin ang tungkol sa ilang mapitagang mga bagay na nais mong gawin sa araw ng Sabbath, at ipahiwatig kung gaano kaligaya ang iyong pakiramdam sa araw ng Sabbath. Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mga mag-anak ang kanilang natutuhan sa araling ito.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Gawin ang sumusunod na gawain na lumilikha ng isang talata para sa bawat bata sa iyong klase. Anyayahan ang mga bata na gawin ang mga galaw na kasama ka.

   Dahil Linggo Ngayon

   *Ituro ang isang bata sa iyong klase at sabihin ang pangalan ng batang iyon habang binibigkas mo ang talatang ito at gawin ang nakasaad na galaw:*

   Si (pangalan ng bata) ay nakinig sa mga banal na kasulatan ngayon *(ilagay ang bahagyang nakatikom na kamay sa likuran ng tainga).*
   Si (pangalan ng bata) ay nakinig sa mga banal na kasulatan ngayon, dahil Linggo ngayon.

   *Bumigkas ng isang talata para sa bawat bata na ginagamit ang mga sumusunod na ideya na may anyo na katulad ng nasa itaas:*

   Si (pangalan ng bata) ay nanalangin sa Primarya ngayon *(ihalukipkip ang mga kamay, iyuko ang ulo, ipikit ang mga mata).*
   Si (pangalan ng bata) ay gumuhit ng larawan ngayon *(magkunwaring gumuguhit sa pamamagitan ng kamay).*
   Si (pangalan ng bata) ay dumalaw sa isang taong malungkot ngayon *(makipagkamay sa batang binanggit).*
   Si (pangalan ng bata) ay natuto ng tungkol sa kasaysayan ng mag-anak ngayon *(magkunwaring nagbubuklat ng mga pahina at tumingin sa mga larawan).*
   Si (pangalan ng bata) ay sumulat sa Lola at sa Lolo ngayon *(igalaw ang mga kamay na tila nagsusulat).*
   Si (pangalan ng bata) ay nakinig sa isang kuwento ngayon *(ilagay ang bahagyang nakatikom na kamay sa likuran ng tainga).*

2. Isalaysay sa mga bata ang sumusunod na kuwento sa sarili mong mga salita:

   Ang mga tagabunsod ay naglakbay ng maraming milya upang makarating sa Salt Lake Valley upang manirahan. Dumating sila mga ilang araw bago ang araw ng Sabbath. Kahit na sila ay may maitatayong mga bahay at maitatanim na mga pananim, ipinasiya nilang huwag gumawa sa araw ng Sabbath. Buong sipag at buong bilis silang gumawa upang hukayin ang lupa at ihanda ito upang tamnan. Napakatigas ng lupa kaya kinailangan nilang basain ito nang sapat upang mabungkal ng mga araro. Pagsapit ng Sabado ng gabi, mayroon na silang malaking bukirin na natatamnan ng mga gulay. Nang Linggo ng umaga, sila ay nagtipon para sa kanilang mga Linggong pagpupulong at pinasalamatan ang Ama sa Langit sa pagdadala sa kanila sa isang bagong lupain upang manirahan.

3. Paguhitin ang bawat bata ng isang larawan ng kanyang sarili na gumagawa ng isang gawain sa araw ng Sabbath. Hayaan ang mga bata na sabihin nila sa bawat isa ang tungkol sa kanilang mga larawan. Isulat sa bawat larawan ang pangalan ng bata at ang gawain, katulad ng nasa halimbawang ito: *Si David ay umaawit ng mga awit sa Primarya sa araw ng* Sabbath.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain habang binibigkas mo ang mga salita:

   Ang Paglikha

   Sinabi ni Jesus na ang araw ay dapat sumikat *(gumawa ng malaking bilog sa may uluhan sa pamamagitan ng mga kamay),*
   Ang ulan ay dapat bumagsak *(ibaba ang mga kamay sa may harapan ng katawan habang iwinawagwag ang mga daliri),*
   Ang mga bulaklak ay dapat lumaki *(bahagyang itikom ang mga kamay, nakaharap paitaas ang mga palad).*
   Sinabi ni Jesus na dapat umawit ang mga ibon *(ibukas at isara ang mga daliri na katulad ng tuka ng ibon),*
   At ito'y nagkagayon, nagkagayon *(ihalukipkip ang mga kamay).*

   (Johnie B. Wood, sa *Sing, Look, Do, Action Songs for Children,* inihanda upang mailimbag, Dorothy M. Peterson [Cincinnati: Standard Publishing Co., 1965].)

   Ipaliwanag na pagkatapos ng paglikha sa daigdig, ang Ama sa Langit at si Jesus ay nagpahinga. Ang Sabbath ay araw kung kailan tayo ay nagpapahinga at inaalaala ang Ama sa Langit at si Jesus.

2. Sabihin sa mga bata na kapag ginagawa natin ang ating gawain sa Sabado, ginagawa nitong mas madali na alalahanin si Jesus at ang Ama sa Langit sa Linggo. Awitin ang "Natatangi ang Sabado" (*Ang Babaeng Banal sa Huling-araw, Bahagi B*), na kumakatha ng mga galaw na isinasaad ng mga salita.

Aralin
16

# Ako ay May Katawan

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na pahalagahan at igalang ang kanyang katawang pisikal.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Daniel 1 at Doktrina at mga Tipan 89. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 29.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at isang kopya ng Doktrina at mga Tipan.
   b. Larawan 1–5, Mag-anak na may Sanggol (62307); larawan 1–37, Tinatanggihan ni Daniel ang Karne at Alak ng Hari (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 114; 62094); larawan 1–38, Mga Batang Naglalaro ng Bola.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa guro: Maging madaling makadama sa mga damdamin ng sinuman sa mga bata sa iyong klase na may mga pisikal na kapansanan. Ituon ang pansin sa mga bagay na *nagagawa* ng kanilang mga katawan, hindi sa kanilang mga kapansanan.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Patayuin ang mga bata. Tulungan silang umawit at gawin ang mga galaw sa, "Paa, Tuhod, Balikat, Ulo." Awitin nang mabagal ang awit upang maituro o maigalaw ang mga bahagi ng katawan kapag nababanggit ang mga ito. Halimbawa, itango ang iyong ulo, ikibit ang iyong mga balikat, ibali ang mga tuhod, at tumayo nang patingkayad.

Paa, tuhod, balikat, ulo.
Paa, tuhod, balikat, ulo.
Paa, tuhod, balikat, ulo.
Tayo'y magpalakpakan.

Ipaliwanag sa mga bata na ginamit nila ang kanilang mga katawan upang matulungan silang awitin ang awit na ito.

**Binalak ng Ama sa Langit na ang bawat isa sa atin ay magkaroon ng katawang pisikal**

Pagbalik-aralang kasama ng mga bata na noong tayo ay namuhay sa langit na kasama ang Ama sa Langit at si Jesucristo, tayo ay walang mga katawang pisikal. Tayo ay mga espiritu noon. Kinailangan nating magpunta sa daigdig upang magkaroon ng mga katawang pisikal. Binalak ng Ama sa Langit na tayo ay maisilang sa daigdig at magkaroon ng mga magulang sa lupa upang mangalaga sa atin.

Ipakita ang larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol.

- Sino ang mga tao sa larawang ito?
- Sino ang nagbalak na tayo ay magpunta sa daigdig upang magkaroon ng mga katawan at magkaroon ng mga mag-anak?

Gawain

Patayuin ang mga bata at ipagaya ang iyong mga galaw habang ipinapaliwanag mo na ang ating mga katawan ay mula sa tuktok ng ating ulo *(hipuin ang ulo)* hanggang sa dulo ng mga daliri ng ating paa (*hipuin ang mga daliri ng paa*). Ang ating mukha *(ngumiti)* at ang ating mga daliri *(iwagwag ang mga daliri)* ay bahagi lahat ng ating katawan. Paikuting minsan ang mga bata at paupuin.

Ipaliwanag na maraming bagay ang magagawa ng ating katawan. Ang bawat bahagi ng katawan ay may natatanging gawain.

- Ano ang magagawa ninyo sa pamamagitan ng inyong mga mata?
- Ano ang magagawa ninyo sa pamamagitan ng inyong mga tainga?
- Ano ang magagawa ninyo sa pamamagitan ng inyong bibig?
- Ano ang magagawa ninyo sa pamamagitan ng inyong mga kamay?
- Ano ang magagawa ninyo sa pamamagitan ng inyong mga paa?

Gawain

Patayuin ang mga bata at ipagawa ang mga sumusunod na gawaing talata:

Ako ay may Kahanga-hangang Katawan

Ako ay may kahanga-hangang katawan *(ilagay ang mga kamay sa dibdib)*
Ang Ama sa Langit ang sa aki'y naglaan.
Upang makarinig ay binigyan Niya ng tainga *(itakip ang kamay sa tainga)*
At mga mata upang makakita *(ituro ang mga mata).*

Ako'y may dalawang kamay na naipapalakpak *(ipalakpak ang mga kamay),*
Dalawang paa na nailalakad *(umikot).*
Kapag nais ko'y aking mahihipo
Mga daliri sa paa nang nakayuko *(yumuko at hipuin ang mga daliri sa paa).*

Kapag naiisip ko ang aking katawan *(ilagay ang daliri sa ulo),*
Ang bahagi nito na pinakamainam *(tahimik na maupo)*
Ay ang plano ng Ama sa Langit ang siyang naglaan
Upang ito'y maging katulad ng kanyang katawan.

### Nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na ingatan natin ang ating mga katawan

Ipaliwanag na dahil sa ang ating katawan ay napakahalaga, tayo ay binigyan ng Ama sa Langit at ni Jesus ng mga alituntunin upang tulungan tayo na pangalagaan ang ating katawan at panatilihing malakas at malusog ang mga ito. Ang mga alituntuning ito ay tinatawag na Salita ng Karunungan. Ipakita ang isang sipi ng Doktrina at mga Tipan (o ipakita kung saan nagsisimula ang Doktrina at mga Tipan sa tatluhang kombinasyon). Ipaliwanag na ang Salita ng Karunungan ay nakasulat sa aklat na ito ng banal na kasulatan.

Talakayin ang mga uri ng pagkain na sinasabi ng Salita ng Karunungan sa atin na makatutulong sa pagpapanatiling malusog ng ating mga katawan, katulad ng mga prutas, mga gulay at mga butil. Pagkatapos ay talakayin ang mga

bagay na sinabi ng Ama sa Langit at ni Jesus na hindi natin dapat gamitin, katulad ng tabako, alkohol (alak), at kape. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag sinusunod natin ang Salita ng Karunungan at kinakain ang tamang pagkain, ang Ama sa Langit at si Jesus ay natutuwa sa atin at tayo ay pagpapalain.

Kuwento

Isalaysay ang kuwento sa Daniel 1 tungkol sa kung paano kumain si Daniel ng pagkain na nais ng Ama sa Langit na kainin niya. Ipakita ang larawan 1–37, Tinatanggihan ni Daniel ang Karne at Alak ng Hari, sa angkop na panahon.

- Ano ang ginawa ni Daniel nang sabihin sa kanya ng hari na kainin ang mga bagay na hindi makabubuti sa kanya? (Tingnan sa Daniel 1:8, 12–13.)
- Paanong pinagpala si Daniel at ang kanyang mga kaibigan sa pagsunod sa mga alituntunin ng Ama sa Langit tungkol sa kung ano ang dapat kainin? (Tingnan sa Daniel 1:15, 17, 20.)
- Anong mga pagkaing pangkalusugan ang kinakain ninyo?
- Bakit dapat kayong kumain ng pagkaing pangkalusugan?
- Ano ang inyong nadarama kapag kumakain kayo ng mga pagkain mabuti para sa inyo?

Ipaliwanag na kailangan din tayong gumawa ng ibang mga bagay upang mapanatiling malusog at malakas ang ating mga katawan.

Ipakita ang larawan 1–38, Mga Batang Naglalaro ng Bola.

- Ano ang ginagawa ng mga batang ito?
- Bakit mahalaga na ihersisyo ang ating mga katawan?
- Ano ang iba pang mga paraan na maiehersisyo natin ang ating mga katawan?

Magkasamang ilagay ang iyong mga kamay sa isang panig ng iyong mukha at ipikit ang iyong mga mata na tila ba ikaw ay natutulog.

- Ano ang pakunwari kong ginagawa?
- Bakit mahalagang magkaroon ng sapat na oras ng pagtulog?

Magkunwaring hinuhugasan mo ang iyong mga kamay.

- Ano ang pakunwari kong ginagawa?
- Kailan tayo dapat maghugas ng ating mga kamay?
- Kailan tayo dapat maligo?
- Kailan tayo dapat magsepilyo ng ating mga ngipin?
- Bakit tayo kinakailangang maging malinis?

Talakayin ang iba pang mahahalagang alituntunin sa kalusugan, katulad ng wastong pananamit sa lahat ng uri ng panahon, pagsasanay ng mabuting kaugalian sa pag-iingat, at paglanghap ng sariwang hangin.

**Nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na pangalagaan natin ang ating mga katawan**

Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na ingatan natin ang ating mga katawan mula sa sakit at kapinsalaan. Tanungin ang mga bata tungkol sa

mga panganib na maaari nilang makasagupa, na ginagamit ang sumusunod na mga tanong o gumawa ng sarili mong mga tanong:

- Ano ang maaaring mangyari kung maglalaro kayo ng posporo?
- Ano ang maaaring mangyari kung maglalaro kayo sa daan o sa tabi ng mga sasakyan?
- Ano ang maaaring mangyari kung hindi kayo maingat sa matatalim na bagay tulad ng mga kutsilyo at gunting?
- Bakit tayo nagsusuot ng mga sinturong pangkaligtasan (seat belt) kapag sumasakay tayo sa kotse?

Ipaliwanag na kailangan nating pangalagaan ang ating mga katawan. Hindi natin dapat gawin ang mga bagay na mapanganib sa ating mga katawan at maaaring makasakit sa mga ito. Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na madama natin na tayo ay ligtas at masaya. Nais nilang pangalagaan natin ang ating mga katawan upang tayo ay maging malusog.

Patotoo

Ibahagi ang iyong damdamin ng pasasalamat para sa iyong katawang pisikal. Ipahiwatig ang iyong pasasalamat sa pangangalaga ng mga bata sa kanilang mga katawan upang sila ay maging malusog at malakas.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Awitin ang “Do As I’m Doing” (*Children’s Songbook,* p. 276) o “Hinges” (*Children’s Songbook*, p. 277), na ginagawa ang mga galaw na isinasaad ng mga salita. Sabihin sa mga bata kung gaano ang iyong pasasalamat sa isang katawan na nakagagawa ng maraming bagay.
2. Magdala ng iba’t ibang larawan ng mga pagkain at inumin. Papagpasiyahin ang mga bata kung ang bawat bagay ay mabuti o masama sa kanilang katawan. Ipaliwanag na ang ilang bagay ay mabuti, ngunit hindi rin kung labis ang pagkain natin ng mga ito. Halimbawa, ang kendi ay masarap sa panlasa, ngunit ang labis na pagkain nito ay makapagdudulot sa atin ng sakit. Ipakita ang mga larawan ng mabubuting bagay upang matingnan ng mga bata.
3. Sa isang bag o kahon, magdala ng ilang bagay na tumutulong sa atin na pangalagaan ang ating katawan. Magsali ng isang bagay na tumutulong sa atin na manatiling malinis, katulad ng sabon, maliit na tuwalya, o isang sepilyo. Magsali ng bagay ng mabuting pagkain, isang maliit na kumot na sasagisag sa pagtulog, at isang bagay na sasagisag sa ehersisyo, katulad ng isang maliit na bola. Bigyan ang mga bata ng palatandaan tungkol sa isang bagay at pahulaan sa kanila kung ano ito. Ipakita sa kanila ang bagay kapag tama ang hula nila dito. Ipagpatuloy hanggang sa ang lahat ng mga bagay ay naihayag na.
4. Patayuin ang mga bata at ipasadula sa kanila ang pagpapanatiling maayos at malinis ng kanilang katawan. Papagkunwariin silang hinuhugasan ang kanilang mga kamay, sinisipilyo ang kanilang mga ngipin, at sinusuklay ang kanilang buhok. Pagkatapos ay ipagawa sa kanila ang paborito nilang paraan ng ehersisyo, katulad ng pagtalon, paglundag, paglukso, o paghagis ng bola.

5. Kausapin ang mga bata tungkol sa kung paanong ang ibang tao ay may kapansanan sa kanilang katawan. Hindi natin dapat libakin ang mga taong ito o ituro o pagtawanan sila. Pag-usapan kung paano natin dapat pakitunguhan ang mga taong may kapansanang pisikal (kausapin sila, maging kaibigan nila, pakitunguhan sila nang normal, tulungan sila kung kailangan nila ng tulong).
6. Paguhitin ang bawat bata ng larawan ng kanyang sarili. Pamagatan ang bawat papel ng *Nagpapasalamat ako para sa aking katawan.*

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Ipakita ang larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol, at papagsalitain ang mga bata tungkol dito.

   - Naging sanggol ba kayo?
   - Nakalalakad o nakapagsasalita ba ang mga sanggol?

   Paalalahanan ang mga bata na minsan ay naging sanggol sila, ngunit ngayon ang kanilang mga katawan ay lumaki na at makagagawa sila ng mas maraming bagay. Habang lumalaki ang kanilang mga katawan, makagagawa sila nang higit pa.

   Ipakita ang larawan 1–16, Ang Pagsilang, at paalalahanan ang mga bata na maging si Jesus ay minsang naging sanggol.

2. Ituro ang iyong bibig at sabihing, "Ito ang bibig ko." Pagkatapos ay itanong "Maipakikita ba ninyo sa akin ang inyong bibig?" at tulungan ang mga bata na maituro ang kanilang sariling bibig. Ulitin para sa mata, ilong, tainga, mga kamay at paa. Pagkatapos ay ituro ang bawat bahagi ng katawan nang hindi sinasabi ang pangalan nito at ipabanggit sa mga bata ang pangalan nito. Kung masasabi ng mga bata ang pangalan ng lahat ng mga bahaging ito, maaari mo ring itanong ang mga pangalan ng mga bahagi ng katawan na hindi gaanong alam ng mga bata, katulad ng mga siko, tuhod, pulso, at bukung-bukong.
3. Gumawa ng simpleng kuwento tungkol sa isang maliit na bata sa inyong lugar. Sabihin ang tungkol sa paggising ng bata sa umaga, pagbibihis, pagkain ng almusal, at hanggang sa buong maghapon. Habang pinag-uusapan ninyo ang bawat gawain, tanungin ang mga bata kung aling mga bahagi ng katawan ang ginagamit ng bata.
4. Patayuin ang mga bata at ipaawit ang sumusunod na awit sa himig ng "Once There Was a Snowman" (*Children's Songbook*, p. 249). Gumamit ng mga pagyuyumukyok na galaw para sa unang talata at mga pag-iinat na galaw para sa ikalawang talata.

   Minsan ako'y sanggol, sanggol, sanggol.
   Minsa'y 'sang sanggol na maliit.

   Ngayo'y malaki na, malaki na.
   Ngayo'y malaki na't mataas!

# Nagpapasalamat Ako Para sa Aking mga Kamay

Aralin 17

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na pahalagahan ang kanyang mga kamay at ang mga nagagawa ng mga ito.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 19:13–15 at Doktrina at mga Tipan 20:70; 35:6; 42:43–44.
2. Maghanda ng isang bag o kahon na naglalaman ng mga karaniwang bagay na may iba't ibang pagkayari at hugis, katulad ng isang bato, dahon, isang piraso ng tela, isang kutsara, isang suklay, at isang lapis. Magdala ng kahit na isang bagay para sa bawat bata sa klase.
3. Kung maaari, gumawa ng kopya ng bigay-sipi ng pakikipag-usap sa pamamagitan ng senyas (na matatagpuan sa hulihan ng aralin) para sa bawat bata.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Isang maliit na bagay tulad ng isang butones o barya.
   c. Larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento (62021); larawan 1–11, Batang Lalaking Binibinyagan (62018); larawan 1–12, Batang Babaeng Pinagtitibay (62020); larawan 1–39, Pagbabasbas ng Isang Sanggol; larawan 1–40, Pangangasiwa sa Maysakit (62342).
5. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa guro: Maging madaling makadama sa mga damdamin ng sinuman sa mga bata sa iyong klase na may mga pisikal na kapansanan. Ituon ang pansin sa mga bagay na *nagagawa* ng kanilang katawan, hindi sa kanilang mga kapansanan.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipaabot sa kamay ng isang bata ang bag o kahon na inihanda mo, nang hindi tinitingnan ang loob nito. Hilingin sa bata na salatin ang isa sa mga bagay at sabihin kung ano ang salat nito (malambot, matigas, makinis, magaspang), at subukang hulaan kung ano ito. Pagkatapos ay ipaalis sa bata ang bagay mula sa bag o kahon at ipakita ito sa klase. Ipahipo ito sa ibang mga bata. Ipagpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataon.

- Ano ang ginamit mo upang maabot ang bag (kahon)?
- Ano ang ginamit mo upang masalat ang bagay?

Ipaliwanag na ang ating mga kamay ay malaking pagpapala sa atin. Magagamit natin ang ating mga kamay sa maraming paraan.

**Magagawa natin ang maraming bagay sa pamamagitan ng ating mga kamay**

Ipataas sa mga bata ang kanilang mga kamay at tumingin sa mga ito. Pag-usapan ang magagawa ng mga bata sa pamamagitan ng kanilang mga kamay. Maaari nilang damputin ang isang bagay sa pamamagitan ng kanilang mga daliri at hinlalaki; mahahawakan nila ang isang bagay sa kanilang mga palad; maikakaway nila at maihaharap sa anumang direksiyon ang kanilang mga kamay.

Gawain

Sa pamamagitan ng paggamit ng isang maliit na bagay na katulad ng isang butones o barya, hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagsubok na damputin ang bagay nang hindi ginagamit ang kanilang mga hinlalaki. Paalalahanan ang mga bata na ang bawat isang bahagi ng ating katawan ay mahalaga.

Gawain

- Paano kayong tinulungan ng inyong mga kamay upang makapaghanda sa pagpunta sa simbahan?

Ipasadula sa mga bata ang mga gawain sa umaga, katulad ng paghihilamos ng kanilang mukha, pagbibihis, pagsusuklay ng kanilang buhok, pagkain, at pagsisipilyo ng ngipin.

- Paano kayong tinutulungan ng inyong mga kamay na maglaro?

Ipasadula sa mga bata ang mga paraan ng paggamit nila ng kanilang mga kamay sa paglalaro, katulad ng pagpapatalbog ng bola, pagpapakain ng manika, paggawa sa pamamagitan ng maliliit na mga bloke ng kahoy o buhangin, o pagtugtog ng tambol.

- Paano kayong tinutulungan ng inyong mga kamay na magtrabaho?

Ipasadula (pantomime) sa mga bata ang mga paraan ng paggamit nila ng kanilang mga kamay sa pagtatrabaho, katulad ng pagdampot ng mga laruan, paghahanda ng mesa, pagliligpit ng higaan, o pagpapakain ng isang alaga.

- Paano kayong tinutulungan ng inyong mga kamay kapag nagpupunta kayo sa simbahan?

Ipasadula (pantomime) sa mga bata ang mga paraan ng paggamit natin ng ating mga kamay sa simbahan, katulad ng pakikipagkamay, paghawak ng isang larawan, pagtataas ng kamay upang sagutin ang isang tanong, o pagtanggap ng sakramento.

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang ating mga kamay ay isang malaking pagpapala sa atin at nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gamitin natin ang ating mga kamay upang tulungan ang ating sarili at ang iba. Ipaliwanag na ayaw ng Ama sa Langit at ni Jesus na gamitin natin ang ating mga kamay sa pagiging malupit sa iba—upang manghampas o mangurot o mangalmot. Nais nilang matutuhan nating gamitin ang ating mga kamay sa mga tamang paraan.

**Ginagamit ng ibang tao ang kanilang mga kamay upang tulungan tayo**

- Paanong ginagamit ng inyong mga magulang at ng ibang kasapi ng mag-anak ang kanilang mga kamay upang tulungan kayo?

Pag-usapan kung paano inihahanda ng ating mag-anak ang ating pagkain, nilalabhan ang ating mga damit, itinatali ang ating mga sapatos, nakikipaglaro sa atin, at ginagawa ang marami pang bagay para sa atin.

Ipaliwanag na tayo ay maaaring basbasan ng mga kalalakihang maytaglay ng pagkasaserdote sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Isa isang ipakita ang mga larawan na nakalista sa bahaging "Paghahanda," at ipabanggit sa mga bata ang iba't ibang uri ng mga pagbabasbas na matatanggap natin sa pamamagitan ng mga kamay ng mga maytaglay ng pagkasaserdote. Tulungan silang maunawaan na maaari tayong mabigyan ng mga pagbabasbas kapag tayo ay mga sanggol; maaari tayong binyagan kapag tayo ay walong taong gulang; maaari tayong pagtibayin pagkatapos ng binyag at mabigyan ng kaloob na Espiritu Santo; maaari nating tanggapin ang tinapay at tubig, na nabasbasan at ipinapasa ng mga maytaglay ng pagkasaserdote, sa panahon ng sakramento bawat linggo; at maaari tayong tumanggap ng mga pagbabasbas kapag maysakit tayo.

Kuwento

Buksan ang inyong Biblia sa Mateo 19:13–15 at isalaysay ang kuwento ng pagbabasbas ni Jesus sa mga bata. Basahin nang malakas ang unang bahagi ng talata 13 (hanggang sa *ipanalangin*). Pag-usapan kung paanong ginamit ni Jesus ang kanyang mga kamay upang basbasan ang mga bata.

Ipaliwanag na ginamit din ni Jesus ang kanyang mga kamay upang tulungan ang mga tao sa ibang paraan, katulad ng pagbabasbas sa kanila kapag sila ay maysakit, bulag, o bingi.

**Maaaring makapagsalita ang ating mga kamay**

Gamitin ang iyong mga kamay upang kumaway o sumenyas. Tanungin ang mga bata kung ano ang sinasabi mo sa pamamagitan ng iyong mga kamay.

Ipaliwanag na ang ilang taong bingi at hindi makarinig o makapagsalita ay gumagawa ng mga senyas sa pamamagitan ng kanilang mga kamay na nangangahulugan ng mga salita. Nagsasalita sila sa pamamagitan ng kanilang mga kamay. Ito ay tinatawag na *pakikipag-usap sa pamamagitan ng senyas*.

Gawain

Sa pamamagitan ng paggamit ng bigay-sipi sa hulihan ng aralin, turuan ang mga bata kung paanong sabihin ang “ama,” “ina,” at “Mahal kita” sa pakikipag-usap sa pamamagitan ng senyas. Kung maaari, bigyan ang bawat bata ng isang kopya ng bigay-sipi upang maiuwi at maibahagi sa kanyang mag-anak.

Patotoo

Itaas ang iyong mga kamay at ipahiwatig ang iyong pasasalamat sa mga ito. Himukin ang mga bata na pasalamatan ang Ama sa Langit para sa kanilang mga kamay at gamitin ang kanilang mga kamay upang tulungan ang kanilang mga sarili at ang iba.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Bakasin ang mga kamay ng bawat bata sa isang pirasong papel. Isulat ang *Nagpapasalamat ako para sa aking mga kamay* sa bawat papel, at pakulayan sa bata ang bakas at ipauwi ito.
2. Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita ng “I Have Two Little Hands” (*Children’s Songbook*, p. 272) o “My Hands” (*Children’s Songbook*, p. 273). Kumatha ng mga galaw na ayon sa isinasaad ng mga salita.

3. Kung ipinapahintulot ng lugar at panahon, dalhin ang mga bata upang maglakad sa labas para hipuin ang mga bagay na may iba't ibang salat, katulad halimbawa ng laryo, simento, mga katawan ng puno, at damo.

4. Gawin ang sumusunod na gawain upang tulungan ang mga bata na bilangin ang kanilang mga daliri at hinlalaki:

   Pagbibilang ng mga Daliri

   *Itaas ang isang kamay at gamitin ang isang daliri ng kabila mong kamay upang magturo at magbilang, nagsisimula sa pinakamaliit na daliri*.

   Isa, dalawa, tatlo, apat na mga daliri.
   Ngayo'y may dagdag pang isang hinlalaki.
   Limang lahat sa isang kamay,
   Ayon sa plano ng Ama.

   *Itaas ang kabilang kamay at ituro at bilangin sa gayunding paraan*.

   Isa, dalawa, tatlo, apat na mga daliri.
   Ngayo'y may dagdag pang isang hinlalaki.
   Limang lahat sa kamay ding ito.
   Ang mga ito'y natuturuan ko.

   *Itaas ang kapwa mga kamay at itikom ang bawat daliri kapag ito ay nabilang*.

   Sampu lahat—muli nating bilangin.
   Isa at dalawa at tatlo at apat,
   Lima, anim, pito, walo, siyam, sampu—lahat.
   *(Ituwid ang lahat ng mga daliri nang sabay-sabay.)*
   Matuwid na nakatatayo silang lahat.

5. Awitin ang awit na "Masayang Gawain" (Fun To Do, *Children's Songbook*, p. 253), nang ilang ulit. Sa bawat talata, hayaang magsabi ang mga bata ng isang bagay na nagagawa ng kanilang mga kamay, katulad halimbawa ng pagpapatalbog ng bola, pagpitas ng isang bulaklak, paghehele ng isang manika, pagtugtog ng piyano, o pagkaway ng pamamaalam.

6. Tulungan ang mga bata na gawin ang sumusunod na talatang gawain, na ginagamit ang mga galaw na isinasaad ng mga salita:

   Naaabot Ko ang Mataas

   Naaabot ko ang mataas,
   At ang mababa'y naaabot ko,
   At kapwa kamay ay pinagkakamay ko.
   Ang aking mga daliri inilaladlad ko,
   At ngayo'y gumagawa ako ng kamao.
   Naaabot ko ang harapan,
   At naaabot ko ang likuran;
   Ipinapalakpak ko ang aking mga kamay
   Sa ganitong paraan.
   Pagkatapos ay ipinapatong at ipinapahinga
   Ang mga ito sa aking kandungan,
   Nang buong katahimikan.

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Tulungan ang mga batang gawin ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain habang binibigkas mo ang mga salita:

   Gusto Ko ang Aking mga Kamay

   Gusto ko ang aking mga kamay; sila'y aking mga kaibigan *(ilagay ang mga kamay sa harapan at tumingin sa mga ito).*
   Sila'y abala at tumutulong hanggang sa maghapon *(isadula ang mga gawaing ginagawa ng mga kamay).*
   Tahimik silang humahalukipkip *(ihalukipkip ang mga kamay)* o pumapalakpak ng napakalakas (*pumalakpak*)!
   Ako'y nakapagmamalaki kapag sila'y gumagawa ng tama!

2. Paupuin nang pabilog ang mga bata. Ilarawan ang isang kalagayan at ipasadula (pantomime) sa mga bata kung ano ang dapat gawin ng kanilang mga kamay sa kalagayang iyon.

   Mga halimbawa:

   Ipakita ninyo sa akin kung ano ang dapat gawin ng inyong mga kamay bago ang oras ng pagkain.
   Ipakita ninyo sa akin kung ano ang dapat gawin ng inyong mga kamay kapag pinakikinggan ninyo ang isang kuwento.
   Ipakita ninyo sa akin kung ano ang dapat gawin ng inyong mga kamay kapag inuutusan kayong damputin ang inyong mga laruan.
   Ipakita ninyo sa akin kung ano ang dapat gawin ng inyong mga kamay kapag kayo ay nananalangin.

   Ipaliwanag na kailangan nating tulungan ang ating mga kamay na gawin ang mga bagay na dapat nilang gawin.

3. Bigkasin ang sumusunod na talata na kasama ang mga bata, na ginagawa ang mga galaw na isinasaad ng mga salita:

   Ipalakpak ang Inyong mga Kamay


   Ipalakpak ang inyong mga kamay,
   Ipalakpak ang inyong mga kamay,
   Ipalakpak na katulad ng ginagawa ko.

   Hawakan ang inyong balikat,
   Hawakan ang inyong balikat,
   Hawakan na katulad ng ginagawa ko.

   Tapikin ang inyong tuhod,
   Tapikin ang inyong tuhod,
   Tapikin na katulad ng ginagawa ko.


   Igalaw ang inyong ulo,
   Igalaw ang inyong ulo,
   Igalaw na katulad ng ginagawa ko.

   Ipalakpak ang inyong mga kamay,
   Ipalakpak ang inyong mga kamay,
   Ngayo’y patahimikin ang mga ito.


AKO


MAHAL


IKAW


AMA


INA

Nakapagsasalita ang Ating mga Kamay

# Nagpapasalamat Ako Para sa Aking mga Tainga

Aralin 18

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na pahalagahan ang kanyang mga tainga at ang nagagawa ng mga ito.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Marcos 7:32–35 at Joseph Smith–-Kasaysayan 1:17.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at isang Mahalagang Perlas.
   b. Larawan 1–4, Ang Unang Pangitain (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403; 62470); larawan 1–41, Isang Bata na May Pantulong sa Pandinig (hearing aid); isang larawan ng buhay na propeta.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa guro: Maging madaling makadama sa mga damdamin ng sinumang bata sa iyong klase na may mga pisikal na kapansanan. Ituon ang pansin sa mga bagay na *nagagawa* ng kanilang katawan, hindi sa kanilang mga kapansanan.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Gawin ang sumusunod sa pamamagitan ng pagbulong:

Batiin ang bawat bata. Pangasiwaan ang mga bata upang gawin ang ilang bagay, katulad halimbawa ng pag-upo, pagtataas ng kanilang mga kamay, pagbababa ng kanilang mga kamay, at pagtataas ng dalawang daliri.

Sa iyong karaniwang tinig, tanungin ang mga bata kung paano nilang nalaman kung ano ang dapat gawin habang ikaw ay bumubulong.

- Anong bahagi ng inyong katawan ang tumulong sa inyo upang malaman kung ano ang aking sinabi?

**Ang ating mga tainga ay isang pagpapala sa atin**

Awit

Kasabay ang mga bata, awitin o bigkasin ang mga salita sa mga talata 1 at 2 ng “Pasalamatan Natin ang Ating Ama” (Thanks To Our Father, *Children’s Songbook*, p. 20).

Pasasalamat sa Ama’y iaalay,
Sapagkat ang lahat, S’ya ang may bigay.

Mata, tainga, at kamay, at mga paa;
Damit at pagkain, ay bigay din N’ya.

- Ano ang sinasabi ng awit na ito na ibinigay ng Ama sa Langit sa atin?
- Alin sa mga bagay na ito ang tumutulong sa atin upang makarinig? (Ang ating mga tainga.)

Hilingin sa mga bata na maingat na hipuin ang kanilang mga tainga. Ipaliwanag na hindi ang bahagi ng kanilang mga tainga na nasa labas ng ulo ang nakaririnig. Ang bahaging ito ang tumutulong sa tunog upang makapasok sa kanilang tainga papunta sa salamin ng tainga at sa ibang mga bahagi ng tainga na tumutulong sa kanila upang makarinig.

- Paano nating mapag-iingatan ang ating mga tainga?

Ipaliwanag na dapat nating pangalagaan ang ating mga tainga mula sa malalakas na ingay at mula sa mga bagay na maaaring makasira sa mga ito.

Ipaliwanag na dahil sa iba't ibang dahilan, ang tainga ng ilang mga tao ay hindi gaanong nakaririnig, kaya hindi nila marinig ang lahat ng mga tunog na naririnig ng karamihan sa mga tao. Kung may kakilala ang mga bata na may kapansanan sa pandinig, maaari mong ipaliwanag ang tungkol sa pantulong sa pandinig ng taong iyon. Ipakita ang larawan 1–41, Isang Bata na May Pantulong sa Pandinig, habang ikaw ay nagpapaliwanag. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kadalasan ang mga taong hindi gaanong nakaririnig ay hindi rin gaanong nakapagsasalita, dahil ang mga tao ay natututong magsalita sa pamamagitan ng panggagaya ng mga tunog na naririnig nila.

Gawain

Gawin ang mga senyas ng pakikipag-usap sa pamamagitan ng senyas para sa "Mahal kita" (tingnan sa aralin 17).

- Natatandaan ba ninyo kung ano ang ibig sabihin nito?

Ipagawa sa mga bata ang mga senyas na ito.

Paalalahanan ang mga bata na noong nakaraang linggo ay pinag-usapan ninyo kung paanong nakapagsasalita ang mga kamay sa pamamagitan ng pakikipag–usap sa pamamagitan ng senyas. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga taong hindi nakaririnig ay maaaring makipagtalastasan sa ibang mga paraan, katulad halimbawa ng pakikipag-usap sa pamamagitan ng senyas, pagsusulat, at pagbabasa ng galaw ng mga labi.

Kuwento

Isalaysay ang kuwento ni Jesus at ng taong bingi, na matatagpuan sa Marcos 7:32–35.

- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng taong bingi nang malaman niyang siya ay maaaring makarinig?

Bigyang-diin kung gaanong pagpapala ang magawang makarinig.

**Naririnig natin ang mga tunog sa pamamagitan ng ating mga tainga**

Gawain

Sabihin sa mga bata na sila ay magsasanay sa paggamit ng kanilang mga tainga.

Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpunta sa harapan ng silid. Ibulong sa tainga ng bata ang pangalan ng karaniwang hayop o bagay na gumagawa ng tunog. Ipagawa sa bata ang tunog para sa klase, at pahulaan sa ibang mga bata kung ano ang gumagawa ng tunog na iyon. (Ang mga tunog ay maaaring kabilangan ng pag-unga ng baka, pagtahol ng aso, pagtunog ng telepono, o pagbusina ng kotse.)

Talakayin sa mga bata ang ilan sa mahahalagang tunog na maaaring marinig ng kanilang mga tainga, katulad halimbawa ng pagtawag ng kanilang mga magulang at mga tunog na nagbababala sa kanila na sila ay masasaktan.

- Ano ang mga tunog na paborito ninyong marinig?

**Maaari tayong makinig sa mga aral ng Ama sa Langit at ni Jesucristo**

Paupuin nang tahimik ang mga bata at makinig.

- Ano ang naririnig ninyo?

Talakayin ang iba't ibang tunog na naririnig nila, katulad halimbawa ng pagbukas at pagsara ng mga pinto, mga taong nag-uusap sa pasilyo, tugtugin ng organo, o ang hangin.

- Anong iba pang mga tunog ang naririnig natin sa simbahan?

Ipaliwanag na naririnig natin ang ating mga guro, mga magulang, mga pinuno ng Primarya, obispo, at iba pang mga pinuno sa simbahan.

- Bakit mahalaga para sa atin na pakinggan ang mga taong ito?

Ipaliwanag na ang mga taong ito ay tumutulong sa atin upang malaman ang nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gawin natin.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–4, Ang Unang Pangitain, at hayaang sabihin sa iyo ng mga bata kung ano ang kanilang naaalala tungkol sa larawan. Buksan ang mga banal na kasulatan sa Mahalagang Perlas at basahin nang malakas ang sinabi ng Ama sa Langit kay Joseph Smith sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17: "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!"

Ipaulit sa mga bata ang pangungusap na ito na kasama ka nang ilang ulit. Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit na makinig tayo sa sasabihin niya at ni Jesus. Tulungan ang mga bata na maunawaan na maaaring hindi tuwirang makipag-usap sa bawat isa ang Ama sa Langit at si Jesus, ngunit maaari tayong makinig sa ating mga magulang, mga guro, at mga pinuno ng Simbahan. Masasabi nila sa atin kung ano ang nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na malaman natin. Matutulungan din tayo ng Espiritu Santo na malaman kung ano ang nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gawin natin.

Ipakita ang larawan ng buhay na propeta.

- Sino ito?

Ipaliwanag na ang Ama sa Langit at si Jesus ay nakikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng mga pinuno ng ating Simbahan, lalo na ang ating propeta at ating obispo. Sasabihin sa atin ng mga pinunong ito kung ano ang nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gawin natin. Dapat tayong makinig sa kanila nang buong ingat.

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat para sa iyong mga tainga at para sa kaloob na pandinig.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Ipapikit sa mga bata ang mga mata nila at takpan ang mga ito ng kanilang mga kamay. Hawakan ang isang bata sa ulo. Dapat sabihin ng batang iyon na, "Nagpapasalamat ako para sa aking mga tainga." Pahulaan sa ibang mga bata kung kanino ang narinig nilang tinig. Ipagpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataon na magsalita.

2. Patayuin ang mga bata at ipabigkas ang sumusunod na talata, na ginagawa ang mga galaw na isinasaad ng mga salita:

   Ako ay may Kahanga-hangang Katawan

   Ako ay may kahanga-hangang katawan *(ipatong ang mga kamay sa dibdib)*
   Ang Ama sa Langit ang sa aki'y naglaan.
   Upang makarinig ay binigyan Niya ng tainga *(itakip ang kamay sa tainga)*
   At mga mata upang makakita *(ituro ang mga mata).*

   Ako'y may dalawang kamay na naipapalakpak *(ipalakpak ang mga kamay),*
   Dalawang paa na nailalakad *(umikot).*
   Kapag nais ko'y aking mahihipo
   Mga daliri sa paa nang nakayuko *(yumuko at hawakan ang mga daliri sa paa).*

   Kapag naiisip ko ang aking katawan *(ilagay sa ulo ang daliri),*
   Ang bahagi nito na pinakamainam *(tahimik na maupo)*
   Ay ang plano ng Ama sa Langit ang siyang naglaan
   Upang ito'y maging katulad ng kanyang katawan.

3. Paharapin ang mga bata sa isang direksiyon habang nakatayo ka sa likuran nila. Gumawa ng mga tunog sa pamamagitan ng iyong mga kamay o iba pang mga bagay na lumilikha ng tunog, at pahulaan sa mga bata kung ano ang ginagawa mo upang magawa ang tunog. Maaari mong ipalakpak ang iyong mga kamay, pitikin ang mga daliri, o patunugin ang isang kampana. Pasubukan sa mga bata na gawin nila mismo ang mga tunog.

4. Irekord ang mga tunog sa inyong kapitbahayan, katulad halimbawa ng pagtahol ng isang aso, pag-awit ng isang ibon, o paghalakhak. Patugtugin ang mga tunog na ito sa klase at iparinig at ipahula sa mga bata kung ano ang mga tunog.

5. Turuan ang mga bata ng simpleng awit o parirala sa pakikipag-usap sa pamamagitan ng senyas. Kung may kilala kang isang tao na marunong sumenyas, maaari mo siyang anyayahan na magpunta sa klase at sabihin sa pamamagitan ng pagsenyas ang "Ako ay Anak ng Diyos" habang umaawit ang klase.

6. Maupo nang pabilog na kasama ang mga bata. Bumulong ng maikling mensahe sa batang katabi mo. Pagkatapos ay ibubulong ng batang ito ang mensahe sa kasunod na bata, at gayon nga hanggang sa malibot ang bilog. Sasabihin ng huling bata ang mensahe nang malakas. Sabihin sa klase ang mensaheng ibinigay mo sa unang bata upang makita kung paano ito nagbago.

   Pagkatapos ng gawain ay tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang ginamit upang marinig ang mensahe. (Mga tainga.) Paalalahanan sila na pasalamatan ang Ama sa Langit para sa kanilang mga tainga.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Kung maaari, ilabas ang mga bata. Himukin silang makinig nang tahimik sa pamamagitan ng kanilang mga tainga. Anong mga tunog ang naririnig nila? Kapag bumalik na kayo sa silid-aralan, pagbalik-aralan ang mga tunog na narinig nila.

2. Patayuin ang mga bata at ipabigkas ang sumusunod na talata, na ginagawa ang mga galaw na isinasaad:

   Hipuin ang Inyong mga Mata

   Hipuin ang inyong mga mata,
   Hipuin ang inyong mga ilong,
   Hipuin ang inyong mga tainga,
   Hipuin ang inyong mga daliri sa paa.

   Ipakaunat ang inyong mga kamay,
   Abot langit itong ikaway.

   Ilagay ang inyong mga kamay sa inyong buhok;
   Buong katahimikang sa upua'y maupo.

Aralin
19

# Nagpapasalamat Ako Para sa Aking mga Mata

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na pahalagahan ang kanyang mga mata at ang nagagawa ng mga ito.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 9:1–7 at 3 Nephi 11:1–17.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at isang Aklat ni Mormon.
   b. Isang ikiran ng sinulid na may malaking butas at isang sintas o isang piraso ng pisi. (Kung malaki ang iyong klase, maaari mong naising magdala ng higit para sa bawat isa.)
   c. Isang bandana o tela para pampiring.
   d. Larawan 1–43, Pinagagaling ni Jesus ang Bulag (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 213; 62145); larawan 1–44, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 316; 62380).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa guro: Maging madaling makadama sa mga damdamin ng sinuman sa mga bata sa iyong klase na may mga pisikal na kapansanan. Ituon ang pansin sa mga bagay na *nagagawa* ng kanilang mga katawan, hindi sa kanilang mga kapansanan.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita sa mga bata kung gaano kadaling isuot ang sintas o pisi sa ikiran ng sinulid nang nakabukas ang iyong mga mata. Pagkatapos ay isara ang iyong mga mata at sikaping isuot ang sintas sa ikiran ng sinulid. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata upang subukin.

**Ang ating mga mata ay pagpapala sa atin**

Ipaliwanag na mayroon tayong mga mata upang tayo ay makabasa at matuto, gumawa at maglaro, at makita ang magandang daigdig.

Talakayin sa mga bata kung paanong magiging kaiba ang kanilang buhay kung sila ay hindi nakakakita.

- Paano ninyo kakainin ang inyong pagkain?
- Paano ninyo malalaman kung anong damit ang isusuot?
- Paano ninyo mahahanap ang daan sa paligid ng inyong tahanan?

Awit

Tulungan ang mga bata na bigkasin ang mga salita sa “Dalawang Matang Maliliit” (Two Little Eyes, *Children’s Songbook*, p. 268).

Mga matang kumukurap,
At nakakakita;
Ulo, balikat, tuhod;
Bahagi ng katawan.
Tralala, ang mata ko'y nakakakita,
Mga matang kumukurap,
Bahagi ng katawan.

(Mula sa *Merrily We Sing*, © 1948, 1975 ng Pioneer Press, Inc. [isang sangay ng Jackman Music]. Ginamit nang may pahintulot.)

Gawain

Patanawin ang mga bata sa bintana (o patingnan ang isang magandang larawan) at magkunwaring ito ang kauna-unahang pagkakataon na sila ay makakita. Anyayahan silang sabihin ang tungkol sa nakita nila. Pag-usapan ang mga kulay at mga hugis. Tulungan ang mga bata na makilala kung gaanong pagpapala ang makakita.

- Ano ang ilan sa mga bagay na paborito ninyong makita?

Ipaliwanag na ang mga mata ng ilang tao ay hindi gaanong makakita. Kinakailangang magsalamin ang mga taong ito o magsuot ng *contact lens* upang matulungan silang makakita. Ang ilang tao ay bulag at hindi makakita ng anumang bagay.

Gawain

Talakayin kung paanong ang mga taong bulag ay natututong maglakad-lakad nang nag-iisa na may kasamang gabay na aso o tungkod. Piringan ang isa sa mga bata at magkunwari kang gabay na aso. Iunat ang iyong kamay upang mahawakan ng bata na katulad ng tali ng aso. Akayin ang bata sa palibot ng silid. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagkukunwaring mga bulag o gabay na aso.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–43, Pinagagaling ni Jesus ang Bulag, at isalaysay ang kuwento tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa lalaking bulag, na matatagpuan sa Juan 9:1–7.

- Ano ang ginawa ni Jesus sa putik? (Tingnan sa Juan 9:6.)
- Ano ang nangyari nang ang lalaking bulag ay naligo sa paliguan? (Tingnan sa Juan 9:7.)
- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng lalaki nang makakita siya?

**Nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit para sa aking mga mata**

Gawain

Patayuin ang mga bata at ulitin ang sumusunod na talata na kasama ka, na itinuturo ang bawat bahagi ng katawan kapag ito ay nabanggit:

Ako'y Nagpapasalamat Para sa Aking mga Mata

Ako'y nagpapasalamat para sa aking mga mata,
Sa aking tainga, bibig at ilong;
Nagpapasalamat sa aking kamay at bisig,
Sa aking binti, paa at daliri.
(Hinango sa isang talata ni Lucy Picco.)

Kuwento

Ipasa ang larawan 1–44, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig, at hilingan ang bawat bata na magsabi ng isang bagay na nakikita niya sa larawan. Isalaysay ang kuwento tungkol sa pagdalaw ni Jesus sa kanluraning bahagi ng daigdig, na matatagpuan sa 3 Nephi 11:1–17.

- Sino ang nakita ng mga tao?
- Ano ang naramdaman ng mga tao nang makita nila si Jesus? (Tingnan sa 3 Nephi 11:16–17.)
- Ano ang kulay ng bata ni Jesus? (Tingnan sa 3 Nephi 11:8.)

Ipaliwanag na maaaring hindi natin magawang makita si Jesus nang harap-harapan na katulad ng mga tao ni Nephi, ngunit sa tuwing makikita natin ang magandang daigdig, maaalala natin ang kanyang pagmamahal sa atin.

Patotoo

Sabihin sa mga bata kung gaano ang iyong pasasalamat para sa iyong mga mata. Sabihin kung paanong ang magagandang nilikha na nakikita mo sa araw-araw ay nakapagpapaalala sa iyo sa pagmamahal ni Jesus at ng Ama sa Langit para sa iyo. Paalalahanan ang mga bata na pasalamatan ang Ama sa Langit para sa kanilang mga mata.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Anyayahan ang mga bata na buong ingat na titigan ang mga mata, talukap ng mata, kilay, at pilik-mata ng bawat isa. Ipaliwanag na ang ating mga talukap ng mata, kilay, at pilik-mata ay tumutulong upang mapangalagaan ang ating mga mata sa dumi, alikabok, at pawis.
2. Bago magklase, gumamit ng matalim na bagay katulad halimbawa ng aspili upang gumawa ng bilog o parisukat sa pamamagitan ng pagtutusok sa isang pirasong papel. Sa klase, isa-isang piringan ang mga bata at hilingin sa kanilang salatin ang bahagi ng papel na may mga tusok at sabihin kung anong hugis ang mga ito. Ipaliwanag na ito ay katulad ng *braille* (ang paraan ng pagsusulat para sa mga bulag na gumagamit ng mga titik na gawa sa nakaumbok na mga tuldok), na siyang paraan ng pagbabasa ng mga bulag.
3. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga bag na papel, gumawa ng mga mata na nagmumulat at pumipikit (tingnan ang paglalarawan sa hulihan ng aralin) para sa bawat bata. Isulat sa bawat bag na papel ang *Nagpapasalamat ako para sa aking mga mata*. Pakulayan sa mga bata ang mga mata at gumuhit ng buhok sa kanilang bag na papel. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga mata na gawa sa bag na papel, isadulang (pantomime) kasama ng mga bata ang mga panahon na ating binubuksan at ipinipikit ang ating mga mata, katulad halimbawa kapag gumigising tayo o matutulog, kapag nananalangin tayo at kapag tayo ay nagugulat.
4. Kung maaari, dalhin ang mga bata sa labas upang maglakad sa kalikasan. Hilingan silang itiklop ang kanilang mga kamay at maging napakatahimik habang sila ay naglalakad, upang mapagtuunan nila ng pansin ang paggamit ng kanilang mga mata. Kapag bumalik na sila sa klase, anyayahan silang maghalinhinan sa pagsasabi kung ano ang nakita nila.

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Papkorn" (Popcorn Popping, *Children's Songbook*, p. 242). Ipaliwanag na ang mga bulaklak ng sampaguita ay katulad ng papkorn.

   Magdala ng bulaklak ng sampaguita sa klase at ipakita ito sa mga bata. Talakayin kung paano ito nahahawig sa papkorn.

   - Ano ang ginagamit ninyo upang makita ang mga bagay na ito? (Mga Mata.)


   Ipaliwanag na dapat tayong magpasalamat sa Ama sa Langit para sa ating mga mata.

2. Patayuin ang mga bata at ipabigkas ang mga salita sa "Hipuin ang Inyong mga Mata," na ginagawa ang mga galaw na isinasaad ng mga salita:

   Hipuin ang inyong mga mata,
   Hipuin ang inyong mga ilong,
   Hipuin ang inyong mga tainga,
   Hipuin ang inyong mga daliri sa paa.

   Ipakaunat ang inyong mga kamay,
   Abot langit itong ikaway.
   Ilagay ang inyong mga kamay sa inyong buhok;
   Buong katahimikang sa upua'y maupo.

3. Ipakita sa mga bata ang isang maliit na bagay. Ipaliwanag na ilalagay mo ito kahit saan sa loob ng silid, at gagamitin nila ang kanilang mga mata upang hanapin ito. Ipapikit sa mga bata ang kanilang mga mata, at ilagay ang bagay sa lugar na makikita ngunit hindi gaanong mapapansin. Ipamulat sa mga bata ang kanilang mga mata at ipahanap ang bagay nang hindi gumagalaw o gumagawa ng ingay. Sabihin sa kanilang itiklop ang kanilang mga kamay kapag nahanap na nila ang bagay. Paalalahanan ang mga bata na kailangang maging tahimik sila at hayaan ang iba na hanapin ang bagay sa pamamagitan ng kanilang mga mata. Ulitin ng maraming ulit ayon sa nais.



Aralin
20

# Nagpapasalamat Ako na Ako ay Nakaaamoy at Nakalalasa

**LAYUNIN** Upang tulungan ang bawat bata na pahalagahan ang pang-amoy at panlasa.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Exodo 16:11–15, 31 at Doktrina at mga Tipan 59:18–19.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at isang kopya ng Doktrina at mga Tipan.
   b. Isang maliit na patikim ng mabangong pagkain para sa bawat bata (katulad ng prutas, tinapay, galyetas (cookies), o papkorn). Ilagay ang mga patikim sa bag. Makipag-alam sa mga magulang ng mga bata upang makatiyak na walang batang may alerdyi sa pagkain.
   c. Mga patikim na maaasim (katulad ng katas ng limon), maaalat (katulad ng asin), at matatamis (katulad ng asukal) upang matikman ng mga bata. Makipag-alam sa mga magulang ng mga bata upang makatiyak na walang batang may alerdyi sa alinman sa mga patikim na pagkain.
   d. Larawan 1–35, Pamumulot ng Mana.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa guro: Maging madaling makadama sa mga damdamin ng sinuman sa mga bata sa iyong klase na may mga pisikal na kapansanan. Ituon ang pansin sa mga bagay na nagagawa ng kanilang mga katawan, hindi sa kanilang mga kapansanan.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Hilingin sa mga bata na ipikit ang kanilang mga mata. Ipaamoy sa bawat bata ang mga patikim na pagkain na nasa bag at hulaan kung anong pagkain ang mga ito. Habang nakapikit pa ang kanilang mga mata, bigyan ang mga bata ng patikim upang kainin. Ipamulat sa mga bata ang kanilang mga mata, at ipakita o sabihin sa kanila ang kinain nila.

- Ano ang amoy ng pagkaing ito?
- Ano ang lasa ng pagkaing ito?

Sabihin sa mga bata na masasarapan sila sa pagkain kahit na hindi nila ito nakikita. Nagawa nila ito dahil biniyayaan sila ng Ama sa Langit ng pang-amoy at panlasa.

**Ang bawat isa sa atin ay may ilong upang tayo ay makaamoy**

- Paano nating naaamoy ang mga bagay?

Talakayin sa mga bata ang ilan sa mga bagay na naamoy nila sa buong linggo, katulad ng pagluluto ng pagkain, sariwang hangin pagkatapos umulan, o mga

bulaklak. Sabihin sa mga bata na dapat nating pasalamatan ang Ama sa Langit para sa ating pang-amoy.

- Anong mga bagay ang nais ninyong amuyin?

Gawain

Tulungan ang mga bata na gawin ang sumusunod na talatang gawain:

Ako'y May Ilong

Ako'y may ilong (*ituro ang ilong*).
Ito'y nasa pinakagitna
Ng aking mukha (*ilagay ang mga kamay sa pisngi*),
Sa lugar na tamang-tama (*gamitin ang daliri upang gumuhit ng kathang-isip na bilog sa palibot ng ilong*).

Ang ilong ko'y nakasisinghot (*suminghot*);
Ang ilong ko'y nakaaamoy (*huminga nang malalim sa pamamagitan ng ilong at ihinga ito*).
Ama sa Langit ay aking pinasasalamatan (*itiklop ang mga kamay*)
Sa ilong ko na napakainam.

**Ang bawat isa sa atin ay may dila upang tayo ay makalasa**

Ipaliwanag na biniyayaan ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin ng dila upang tayo ay makalasa. Hayaang tikman ng mga bata ang maasim, maalat, at matamis na mga bagay kung nais nila.

- Alin ang maasim?
- Alin ang maalat?
- Alin ang matamis?
- Ano ang paborito ninyong tikman?

Ipakita ang kopya ng Doktrina at mga Tipan (o ang pahina ng pamagat ng Doktrina at mga Tipan sa tatluhang kombinasyon). Ipaliwanag na sinabihan tayo sa aklat na ito ng banal na kasulatan na ang mga bagay na mabango at masarap ang lasa ay para sa atin upang gamitin at tamasahin (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:18–19).

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–35, Pamumulot ng Mana. Isalaysay ang kuwento ng mana, na matatagpuan sa Exodo 16:11–15, 31.

- Ano ang lasa ng mana? (Tingnan sa Exodo 16:31.)
- Nakatikim na ba kayo ng pulut-pukyutan?
- Ano ang lasa nito?

Ipaliwanag na maraming bagay ang hindi ligtas kainin: ang ilang bunga ng mga halaman, mga gamit sa paglilinis, mga bagay mula sa mga bote o lata na walang tatak, o gamot o pildoras nang walang pahintulot ng mga magulang. Makapagbibigay sakit sa atin ang mga bagay na ito. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagtatanong sa isang maysapat na gulang bago tikman o kainin ng mga bata ang anumang bagay na matatagpuan nila.

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat para sa ilong upang maamoy ang mga bagay at sa dila upang malasahan ang mga bagay. Paalalahanan ang mga bata na pasalamatan ang Ama sa Langit para sa kanilang mga pang-amoy at panlasa.

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Magdala ng ilang bagay na may matatapang at mababangong amoy, katulad ng sabon, isang bulaklak, at isang limon, at ilang mga bagay na walang amoy, katulad ng isang pirasong papel at isang laruan. Ipadampot sa mga bata ang mga naaamoy nila. Isa-isang papikitin ang mga bata, amuyin ang isa sa mga bagay, at hulaan kung ano ito. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata.
2. Patingnan sa mga bata ang kanilang mga dila sa salamin. Ipaliwanag na may bahaging panlasa ang ating mga dila (taste buds) na tumutulong sa ating malasahan ang mga bagay na matatamis, maaasim, at maaalat. Patikimin ng tubig ang mga bata. Ipaliwanag na ang ating mga dila ay makatutulong din sa atin na malaman kung ang mga bagay ay basa o malamig.
3. Paguhitin ang bawat bata ng isang larawan ng kanyang paboritong pagkain. Hilinging ipakita ng mga bata ang kanilang mga larawan at sabihin kung ano ang mga paborito nilang pagkain.
4. Maglabas ng kaunting bahagi ng mga bagay na magkakamukha ngunit magkakaiba ang lasa, katulad ng asin at asukal o harina at gawgaw. Patikman nang kaunti ng bawat bagay ang bawat bata. Pagkatapos ay tanungin ang mga bata kung ano ang lasa ng bawat bagay. Talakayin kung paanong ang ilang mga bagay ay maaaring magkakamukha ngunit magkakaiba ng lasa. (Makipag-alam sa mga magulang ng mga bata upang makatiyak na walang sinuman sa mga bata ang may alerdyi sa alinman sa dinala mo.)
5. Awitin ang “For Health and Strength” (*Children’s Songbook*, p. 21).

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Gumuhit ng isang hugis-itlog sa pisara o pirasong papel. Ipaliwanag na ang hugis-itlog na ito ay larawan ng isang mukha.

   - Ano ang kulang?

   Habang binabanggit ng mga bata ang mga mata, tainga, ilong, at bibig, iguhit ang mga ito sa larawan. Pagkatapos ay pagbalik-aralan ang ginagawa ng bawat bahagi. Ipahiwatig kung gaano ang iyong pasasalamat sa Ama sa Langit para sa iyong katawan.
2. Ituro ang iyong bibig at sabihing, “Ito ang bibig ko.” Pagkatapos ay itanong, “Maipakikita ba ninyo sa akin ang inyong mga bibig?” at tulungan ang mga bata na ituro ang kanilang mga bibig. Ulitin para sa mga mata, ilong, mga tainga, kamay, at paa. Pagkatapos ay ituro ang bawat bahagi ng katawan nang hindi sinasabi ang pangalan nito at hayaang ibigay ng mga bata ang pangalan nito. Kung mababanggit ng mga bata ang pangalan ng mga bahaging ito, maaari mo ring itanong ang mga pangalan ng ibang mga bahagi ng katawan na hindi gaanong alam ng mga bata, katulad ng mga siko, tuhod, pulso, at bukung-bukong.

3. Patayuin ang mga bata at bigkasin ang sumusunod na talata, na ginagawa ang mga galaw na isinasaad ng mga salita:

   Hipuin ang Inyong mga Mata

   Hipuin ang inyong mga mata,
   Hipuin ang inyong mga ilong,
   Hipuin ang inyong mga tainga,
   Hipuin ang inyong mga daliri sa paa.

   Ipakaunat ang inyong mga kamay,
   Abot langit itong ikaway.
   Ilagay ang inyong mga kamay sa inyong buhok;
   Buong katahimikang sa upua'y maupo.

Aralin
# 21 Ako ay May Damdamin

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan at matukoy ang mga damdamin at matutuhan ang mga paraan upang maging maligaya.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 15:11–32.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan ng Nakangiti/Nakasimangot na Mukha (tingnan ang parisan sa hulihan ng aralin).
   c. Tisa at pambura.
   d. Larawan 1–45, Paghuhugas ng mga Pinggan; larawan 1–46, Mga Batang Nagbibigay ng mga Bulaklak sa Ina; larawan 1–47, Mga Batang Nag-aaway; larawan 1–48, Mga Bata na Naglalaro ng Maliliit na Piraso ng Kahoy; larawan 1–49, Ang Alibughang Anak (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 220; 62155).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan ng Nakangiti/Nakasimangot na Mukha. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Mga Ngiti” (Smiles, *Children’s Songbook*, p. 267), nang ilang ulit na kasama ang mga bata. Bigyang pagkakataon ang ilan sa mga bata na ibaligtad ang mukha na nakangiti o nakasimangot sa angkop na mga pagkakataon.

Kung nakasimangot ka,
H’wag patagalin.
Dagliang baligtarin
At ika’y ngumiti.

Sa simangot na mukha,
Ngiti’y ipalit.
Mundo’y gawing masaya,
Palaging ngumiti.


**Ang ating mga damdamin ay nakikita sa ating mukha at sa ating mga kilos**

- Ano ang inyong pakiramdam kapag mayroon kayong ngiti sa inyong mukha?
- Ano ang inyong pakiramdam kapag nakasimangot ang inyong mukha?

Ipaliwanag na kadalasan ay nalalaman ng mga tao ang ating damdamin sa pamamagitan ng pagtingin sa ating mukha. Hilingin na ipakita ng mga bata sa iyo ang kanilang masasayang mukha.

Gawain

Gumuhit ng apat na malalaking bilog sa pisara. Iguhit nang simple ang mga pagmumukha upang makagawa ng mga mukha na nagpapakita ng iba't ibang damdamin: ligaya, lungkot, galit, at sindak (tingnan ang paglalarawan sa ibaba). Habang iginuguhit ang bawat mukha, hilingin sa mga bata na ilarawan ang mga damdaming ipinapahayag ng mukha, at pagkatapos ay hilingan silang gumawa ng sarili nilang mga mukha na anyong masaya, malungkot, at nasindak.



- Ano ang nakapagpapasaya sa inyo?
- Ano ang nakapagpapalungkot sa inyo?
- Ano ang nakapagpapagalit sa inyo?
- Ano ang nakapagpapasindak sa inyo?

Ibahagi sa mga bata ang isang panahon nang ikaw ay nalungkot, nagalit, o nasindak at isang panahon nang ikaw ay naging maligaya.

**Matututuhan nating pigilin ang ating mga damdamin**

Ipaliwanag na mabuting ipakita ang lahat ng iba't ibang damdamin na mayroon tayo, ngunit kailangan nating ipakita ang mga ito sa mga tamang paraan, lalo na kapag galit tayo.

Ipakita ang larawan 1–47, Mga Batang Nag-aaway.

- Ano sa palagay ninyo ang nadarama ng mga batang ito?
- Ano sa palagay ninyo ang sinasabi nila sa bawat isa?
- Ano ang dapat ninyong gawin kapag kayo ay nagagalit?

Ipaliwanag na kahit na nadarama natin na gusto nating suntukin, sigawan, o saktan ang isang tao kapag tayo ay nagagalit, mapag-aaralan nating ipakita ang ating mga damdamin nang may pagpipitagan at may kabaitan. Kapag nanuntok tayo o sumigaw, lalo lamang tayong nakadarama ng galit, subalit ang pagiging mabait ay nakatutulong sa atin na magkaroon ng mabuting pakiramdam.

Gawain

Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagiging ang bata na nasa larawan. Tulungan silang mag-isip ng mga bagay na maaaring sabihin sa isa't isa ng mga bata na nasa larawan sa halip na sumigaw o manuntok, katulad halimbawa ng "Maaari bang ako naman ngayon?" "Maghalinhinan tayo," "Nalulungkot ako kapag kinakantiyawan mo ako," o "Hindi ko gusto kapag ginagawa mo iyon."

Ipakita ang larawan 1–48, Mga Bata na Naglalaro ng Maliliit na Piraso ng Kahoy. Ituro na ang mga batang ito ay malugod na naglalaro nang sama-sama at may masasayang mukha sapagkat sila ay nagbabahaginan at nagsasalita nang may kabaitan sa bawat isa.

- Sino ang makatutulong sa inyo na magkaroon ng higit na mabuting pakiramdam kapag kayo ay nalulungkot, nagagalit, o nasisindak?

Ipaliwanag na kapag tayo ay nakikipag-usap sa ating mga ina, ama, at sa iba na nagmamahal sa atin, matutulungan nila tayong maunawaan kung bakit nararamdaman natin ang gayon. Kung mananalangin tayo sa Ama sa Langit, matutulungan tayo ng Espiritu Santo na magkaroon ng higit na mabuting pakiramdam. Tutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman kung ano ang gagawin upang muli tayong maging maligaya.

Gawain

Patayuin ang mga bata at ipagawa ang sumusunod na talatang gawain nang ilang ulit:

Ang Aking Damdamin

Minsan kapag ako'y napakalungkot *(palungkutin ang mukha),*
Niyayakap ako ng aking ina. At ako'y nalulugod *(yakapin ang sarili at gawing masaya ang mukha).*

Minsan kapag ako'y galit na galit *(magmukhang galit),*
Kinakausap ko si Itay at ako'y umaalis *(lumakad sa kinatatayuan at itango ang ulo, na tila nakikipag-usap).*

Kung may isang bagay na sumisindak sa akin *(magmukhang nasindak),*
Ako'y nananalangin upang sarili'y aliwin *(ihalukipkip ang mga kamay).*

At kapag ako'y lumalabas upang maglaro,
Ako'y nagiging maligaya sa bawat maghapon *(gawing masaya ang mukha).*

**Maligaya tayo kapag tumutulong tayo sa iba**

Ipakita ang larawan 1–46, Mga Batang Nagbibigay ng mga Bulaklak sa Ina.

- Ano sa palagay ninyo ang nararamdaman ng mga tao sa larawang ito?
- Bakit sa palagay ninyo ganoon ang nararamdaman nila?
- Ano ang inyong nararamdaman kapag nagbibigay kayo ng isang bagay sa isang tao?

Ipakita ang larawan 1–45, Paghuhugas ng mga Pinggan.

- Ano ang ginagawa ng batang babaeng ito?
- Ano sa palagay ninyo ang nararamdaman ng batang babae sa larawan? Bakit?
- Ano ang inyong pakiramdam kapag tumutulong kayo sa isang tao?

Gawain

Tulungan ang mga bata na gawin ang sumusunod na talatang gawain:

Ang Pagtulong ay Nakapagpapaligaya sa Akin

Nais kong tulungan ang aking ina *(magkunwaring nagsusuot ng epron);*
Napakarami ng kanyang gawain.
Tinutulungan ko siyang patuyuin ang mga pinggan *(magkunwaring nagpapatuyo ng mga pinggan)*
At ang sanggol ay pinakakain rin *(magkunwaring pinapasuso ang sanggol).*

Nais kong tulungan ang aking ama *(magkunwaring nagsusuot ng mga guwantes sa paghahalaman);*
Napakarami ng kanyang gawain *(magkunwaring gumugupit ng mga palumpong at nagbubunot ng mga damo).*

Tinutulungan ko siya sa hardin *(magkunwaring nagdidilig ng mga halaman)*
Hanggang sa matapos ang kanyang gawain.

Ang pagtulong ay nakapagpapaligaya sa akin *(ituro ang nakangiting mukha).*
Ito'y nakapagpapabuti sa aking damdamin *(ilagay ang mga kamay sa magkabilang balikat at yakapin ang sarili).*
Dahil kung ang iba'y aking tinutulungan *(ipakaunat ang mga kamay),*
Ay ginagawa ko ang nararapat lamang *(itango ang ulo at ihalukipkip ang mga kamay)!*

**Nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na tayo ay maging maligaya**

Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na tayo ay maging maligaya. Alam nila na maaari tayong maging maligaya kapag ginawa natin ang ipinagagawa nila sa atin.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–49, Ang Alibughang Anak, at isalaysay ang kuwento na matatagpuan sa Lucas 15:11–32. Ituro ang magkakaibang damdamin na ipinahihiwatig ng ama at ng kanyang mga anak na lalaki. Habang ipinahihiwatig ang bawat damdamin, maaari mong ipaturo sa isang bata ang naaangkop na mukha sa pisara. Halimbawa, maaari mong sabihing: Nais lisanin ng isang batang lalaki ang kanyang tahanan at magpunta sa isang malayong bansa. Nang siya ay umalis, ang kanyang ama ay *nalungkot*. Pagkalipas ng sandaling panahon, ang batang lalaki ay iniwan ng kanyang mga kaibigan. Nakadama siya ng *lungkot*. Hindi nagtagal at wala na siyang pera. *Nasindak* siya dahil sa siya ay gutom at walang sinumang nagbigay sa kanya ng anumang pagkain . . . at iba pa.

- Ano sa palagay ninyo ang nadama ng batang lalaki nang siya ay umuwi?
- Bakit maligaya ang ama nang magbalik ang kanyang anak na lalaki? (Tingnan sa Lucas 15:24.)
- Bakit nagalit ang nakatatandang kapatid nang magbalik ang kanyang nakababatang kapatid? (Tingnan sa Lucas 15:28–30.) Ano ang maaari niyang gawin upang maging maligayang muli?

Patotoo

Tiyakin sa mga bata na nararamdaman ng lahat ang ligaya, lungkot, galit, o pagkasindak kung minsan. Dapat nating matutuhang ipakita ang mga damdaming ito sa mga tamang paraan. Paalalahanan ang mga bata na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na tayo ay maging maligaya. Sabihin sa mga bata kung paano ka nagiging maligaya kapag ginagawa mo ang nais ipagawa sa iyo ng Ama sa Langit at ni Jesus.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Patayuin nang pabilog ang mga bata. Hilingin sa kanilang ituwid ang kanilang mga labi at huwag ngumiti. Pagkatapos ay simulan ang ngiti sa palibot ng bilog sa pamamagitan ng pagngiti at pagsasabi ng sumusunod na mga salita: "Magbibigay ako ng ngiti kay (pangalan ng bata)." Ang batang tinawag mo ay dapat na ngumiti na ngayon at ulitin ang parirala, na isinisingit ang pangalan ng kasunod na bata. Ipagpatuloy hanggang sa ang lahat ng mga bata sa bilog ay nakangiti.

Paalalahanan ang mga bata na kapag ngumingiti tayo sa ibang tao, sila ay kadalasang ngingiti din sa atin. Mahirap maging malungkot, nagagalit, o nasisindak kapag tayo ay nakangiti.

2. Awitin ang "When We're Helping" (*Children's Songbook*, p. 198) o "Jesus Wants Me for a Sunbeam" (*Children's Songbook*, p. 60).
3. Pag-isipin ang mga bata ng isang bagay na maaari nilang gawin upang maging maligaya. Maghagis ng isang bag ng bins o malambot na bagay sa isang bata at sabihing, "Si (pangalan ng bata) ay maligaya kapag ______." Papunan sa bata ang patlang ng isang bagay na nakapagpapaligaya sa kanya at pagkatapos ay ipabalik sa iyo ang bag ng bins. Ipagpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataon.
4. Magsalaysay ng isang kuwento tungkol sa isang bata na gumagawa ng isang kalugud-lugod na bagay para sa kanyang ina, katulad ng paggawa ng gawaing bahay. Hindi alam ng ina kung sino ang tumulong sa kanya, kaya tinanong niya ang bawat bata sa mag-anak kung sino ang tumulong sa kanya. Nang makarating siya sa bata na nagsagawa sa mabuting gawa, alam niya na ang batang ito ang gumawa dahil sa malaking ngiti nito. Maligaya ang pakiramdam ng bata dahil nakagawa siya ng isang bagay na kalugud-lugod.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**


1. Habang binibigkas mo ang sumusunod na talata, pamunuan ang mga bata sa mga galaw. Ulitin kung nais ng mga bata.

   Gawing Masasaya ang mga Araw

   Dalawang mata upang makita ang mga bagay na dapat gawin *(ituro ang mga mata),*
   Dalawang labi upang sa maghapon ay ngumiti *(ngumiti nang malaki).*
   Dalawang tainga upang marinig ang sinasabi ng iba *(bahagyang itikom ang mga kamay sa may tainga),*
   Dalawang kamay upang ang mga larua'y maitabi *(magkunwaring dumadampot ng mga laruan at itabi ang mga ito).*

   Isang dila ang sa araw-araw ay bibigkas ng mabubuting salita *(ituro ang bibig),*
   Isang pusong mapagmahal sa laro at paggawa *(pagdaupin ang mga kamay sa tapat ng puso).*
   Dalawang paa na tumatakbo nang masaya *(ituro ang mga paa)*—
   Ginagawang masasaya ang mga araw para sa bawat isa.

2. Awitin ang "If You're Happy" (*Children's Songbook*, p. 266) at gawin ang mga galaw na isinasaad ng mga salita. Ulitin na may dagdag na mga parirala na katulad ng mga iminungkahi sa ibaba ng pahina ng aklat ng mga awit.
3. Ipagawa sa mga bata ang masayang mukha, malungkot na mukha, galit na mukha, at pagod na mukha. Ipaliwanag na maaari nilang sabihin sa mga salita kung ano ang nararamdaman nila sa halip na umiyak o maligalig. Kapag pinag-uusapan natin ang ating mga damdamin, kadalasan ay bumubuti ang ating pakiramdam.



Aralin
22

# Nakagagawa Ako ng Maraming Bagay

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na malaman na bilang mga anak ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin ay makagagawa ng maraming bagay.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 1 Samuel 17.
2. Makipag-alam sa mga magulang ng bawat bata sa klase upang malaman ang isang bagay na nagagawang mabuti o pinag-aaralang gawin ng bata.
3. Maghanda ng mga pirasong papel na may simpleng mga tagubilin, katulad ng ipalakpak ang mga kamay, bumilang ng hanggang tatlo, lumakad sa paligid ng silid, tumalon, gumuhit ng bilog (sa pisara o isang pirasong papel), tumayo sa isang paa, ihalukipkip ang mga kamay, o ituro ang isang bagay na kulay bughaw. Magkaroon ng mga pirasong papel na kasindami ng mga bata sa klase. Palaging isipin ang mga batang may kapansanan sa iyong klase, at tiyaking isali ang mga bagay na magagawa nila.
4. Isulat ang pangalan ng bawat bata sa hiwalay na pirasong papel.
5. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Isang bingwit (kung nanaisin; tingnan ang aralin 11).
   c. Isang sisidlan na paglalagyan ng mga pangalan (kung nanaisin).
   d. Larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol (62307); larawan 1–10, Panalangin ng Mag-anak (62275); larawan 1–38, Mga Batang Naglalaro ng Bola; larawan 1–50, Ako ay Nakapagbibihis; larawan 1–51, Isang Mag-anak na Sama-samang Gumagawa (62313); larawan 1–52, Pinatay ni David si Goliath (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 112; 62073).
6. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa guro: Maging madaling makadama sa mga damdamin ng sinuman sa mga bata sa iyong klase na may mga pisikal na kapansanan. Ituon ang pansin sa mga bagay na *nagagawa* ng kanilang mga katawan, hindi sa kanilang mga kapansanan.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Itupi ang mga pirasong papel na may pangalan ng mga bata at ilagay ang mga ito sa isang sisidlan o sa sahig. Ipagamit sa isang bata ang bingwit o ang kanyang kamay upang damputin ang isa sa mga piraso ng papel. Hilinging tumayo sa tabi mo ang batang nakapangalan sa nabunot na papel. Sabihin sa klase ang isang bagay na nagagawang mabuti o pinag-aaralang gawin ng batang ito. Ulitin hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata na pumili ng pangalan at makapagsabi ka ng tungkol sa bawat bata. Batiin ang mga bata sa mga bagay na nagagawa nila at pinag-aaralang gawin.

**Maraming bagay ang nagagawa ng ating katawan**

Awit

Awitin ang "Ako ay Anak ng Dios" *(Mga Himno at Awit Pambata)* na kasabay ang mga bata.

Ako ay anak ng Dios,
Dito'y isinilang,
Handog ay 'sang tahanang may
Mahal na magulang.

Akayin at patnubayan,
Sa tamang daan.
Turuan ng gagawin,
Nang S'ya'y makapiling.

- Sino ang ama ng inyong espiritu?
- Sino ang nagpadala sa inyo dito sa daigdig upang magkaroon ng katawan?

Pagbalik-aralan na kasama ang mga bata na nagplano ang Ama sa Langit para tayo ay magpunta dito sa daigdig upang magkaroon ng mga katawan. Ipaliwanag na nais niyang matutuhan nating gumawa ng maraming bagay sa pamamagitan ng ating mga katawan at nais na gamitin natin ang ating mga katawan sa mga tamang paraan upang tayo ay maging katulad niya.

- Ano ang magagawa ninyo sa pamamagitan ng inyong mga kamay? inyong mga paa? inyong mga bibig? inyong mga mata?

Ipakita ang larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol.

- Ano sa palagay ninyo ang magagawa ng sanggol na ito?

Itanong ang mga sumusunod na katanungan o mga katulad nito upang maituro kung gaano karaming mga bagay ang natutuhan ng mga bata simula nang sila ay mga sanggol.

- Makalalakad ba ang isang sanggol?
- Makapagsasalita ba ang isang sanggol?
- Mapakakain ba ng isang sanggol ang kanyang sarili?
- Mabibihisan ba ng isang sanggol ang kanyang sarili?
- Makapagsisirko ba ang isang sanggol?
- Makakakanta ba ng mga awitin ang isang sanggol?
- Makasasakay ba ng traysikel ang isang sanggol?

Ipaliwanag na ang mga bata ay lumalaki at matututuhan nilang gawin ang marami pang mga bagay. Isa-isang ipakita ang mga larawan 1–10, 1–38, 1–50, at 1–51. Pahawakan sa isang bata ang larawan habang ipinapaliwanag ng ibang mga bata kung ano ang nangyayari sa larawan. Pagkatapos sumagot ng mga bata, purihin sila sa mga bagay na alam nilang nagagawa ng ating mga katawan.

Gawain

Papiliin ang bawat bata ng pirasong papel na may nakasulat na tagubilin dito. Basahin nang malakas ang tagubilin at ipagawa sa bata ang isinasaad nito. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata.

- Ano ang natututuhan ninyong gawin ngayon?
- Ano ang gusto ninyong matutuhang gawin kapag mas malaki na kayo?

Sabihin sa mga bata na nagpapasalamat ka sa Ama sa Langit na mayroon tayong mga katawan na nakagagawa ng napakaraming bagay.

**Matutulungan tayo ng Ama sa Langit na gumawa ng maraming bagay**

Sabihin sa mga bata na kung minsan ay hinihilingan tayong gumawa ng mga bagay na mahirap.

- Ano ang bagay na mahirap na sinubukan ninyong gawin?
- Sino ang makatutulong sa atin upang matutuhang gawin ang mga bagay na ito? (Mga magulang, mga kapatid na lalaki at babae, mga guro.)
- Kanino tayo makapananalangin upang humingi ng tulong kapag kailangan nating gawin ang isang bagay na mahirap? (Ama sa Langit.)

Ipaliwanag na matutulungan din tayo ni Jesucristo kapag ang mga bagay ay mahirap gawin.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–52, Pinatay ni David si Goliath, at isalaysay ang kuwento nila David at Goliath, na matatagpuan sa 1 Samuel 17. Ipaliwanag na tinulungan ni Jesus si David upang magawa ang isang bagay na mahirap.

- Sino ang tumatakot sa hukbong Israelita? (Tingnan sa 1 Samuel 17:4–8.)
- Sino ang inasahan ni David na tutulong sa kanya? (Tingnan sa 1 Samuel 17:37.)

Patotoo

Ipahiwatig kung gaano ang iyong pasasalamat sa Ama sa Langit para sa iyong katawan at sa maraming bagay na nagagawa nito. Himukin ang mga bata na hilingin sa Ama sa Langit na tulungan silang gamitin ang kanilang mga katawan upang gumawa ng mabubuting bagay.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Kasabay ang mga bata, awitin ang “Masayang Gawain” (Fun to Do, *Children’s Songbook*, p. 253) at gawin ang mga angkop na galaw. Magpamungkahi ng mga galaw sa mga bata para sa karagdagang mga talata.
2. Bigyan ang mga bata ng papel at mga krayola at hayaang gumuhit ang bawat bata ng isa o higit pang mga bagay na magagawa niya. Isulat ang *Magagawa ko ang maraming bagay* sa papel ng bawat bata.
3. Tulungan ang mga bata na pagpasiyahan ang isang bagay na magagawa nila sa tahanan upang matulungan ang isang tao, katulad halimbawa ng paghahanda ng mesa, pagwawalis ng sahig, o pagpapakain ng isang alaga. Paalalahanan sila na sabihin sa kanilang mga magulang ang tungkol dito pagkatapos ng Primarya upang matulungan sila ng kanilang mga magulang na maalala ito.
4. Ulitin ang ilan sa mga angkop na gawain sa mga aralin 16 hanggang 20.

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Patayuin ang mga bata at awitin ang sumusunod na mga salita sa himig ng "Once There Was a Snowman" (*Children's Songbook*, p. 249). Gumamit ng mga galaw na pagyuyumukyok para sa unang talata at mga galaw ng pag-iinat para sa ikalawang talata.

   Minsan ako'y sanggol, sanggol, sanggol.
   Minsa'y 'sang sanggol na maliit.

   Ngayo'y malaki na, malaki na.
   Ngayo'y malaki na't mataas!

   Hayaang mag-usap ang mga bata tungkol sa mga bagay na natutuhan nila simula ng sila ay mga sanggol pa.

2. Ipakita ang galaw katulad ng paglukso, pagpalakpak, o pagtalon, at hilingin sa mga bata na sabihin kung ano ang ginagawa mo. Pagkatapos ay ipagawa sa mga bata ang gayunding galaw. Bigyan ang bawat bata ng pagkakataon na ipakita ang isang galaw. Hilingin na sabihin ng ibang mga bata kung ano ang galaw at pagkatapos ay gayahin ito.

Aralin
# 23 Ako ay Kabilang sa Isang Mag-anak

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na binalak ng Ama sa Langit na ang bawat isa sa atin ay mapabilang sa isang mag-anak na nangangailangan sa atin at nagmamahal sa atin.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 1:26–35.
2. Kilalaning mabuti ang mga mag-anak ng mga bata sa iyong klase at maghandang banggitin ang isang positibong bagay na nangyayari sa bawat isa sa atin, katulad ng isang bagong silang na sanggol, isang kapatid na lalaki o babae na nasa misyon, o isang gawain ng mag-anak sa labas.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Tisa at pambura.
   c. Larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol (62307); larawan 1–7, Isang Mapagmahal na Mag-anak; larawan 1–16, Ang Pagsilang (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 201; 62495); larawan 1–23, Isang Pugad na May Maliliit na Ibon; larawan 1–51, Isang Mag-anak na Sama-samang Gumagawa (62313); larawan 1—53, Kasayahang Pangmag-anak (62384).
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa guro: Maging madaling makadama sa mga pangmag-anak na kalagayan ng mga bata sa iyong klase. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mahalagang bagay sa isang mag-anak ay hindi ang bilang ng mga tao sa mag-anak, kundi na ang mga kasapi ng mag-anak ay nagmamahalan sa isa't isa at pinangangalagaan ang bawat isa.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan 1–23, Isang Pugad na May Maliliit na Ibon. Hayaang pag-usapan ng mga bata ang tungkol sa larawan at ipatukoy sa kanila ang mga ibon at ang pugad.

- Sino ang gumawa ng pugad para sa maliliit na mga ibon?
- Bakit kailangan ng maliliit na ibon ang isang ina at ama upang mangalaga sa kanila? (Upang pakainin sila, upang panatilihin silang mainit, at upang ilayo sila sa panganib.)
- Kapag ang maliliit na ibon ay lumaki na nang kaunti at lumakas, sino ang magtuturo sa kanilang lumipad?

Ipaliwanag na ang maliliit na ibon ay kabilang sa isang mag-anak na tutulong na pangalagaan ang kanilang mga pangangailangan.

**Ako ay kabilang sa isang mag-anak**

- Mayroon ba kayong mag-anak?
- Bakit kailangan ninyo ng isang mag-anak na mag-aalaga sa inyo?

Ipakita ang larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol. Pagbalik-aralan kung paanong binalak ng Ama sa Langit upang ang bawat isa sa atin ay mapunta sa mundo at maging bahagi ng isang mag-anak. Ipaliwanag na kapag isinilang ang isang sanggol, hindi kayang pangalagaan ng sanggol ang kanyang sarili. Kailangan nito ng isang mag-anak upang mangalaga dito.

- Sino ang nag-alaga sa inyo nang kayo ay isilang?
- Ano ang ilan sa mga bagay na ginawa para sa inyo ng inyong mag-anak noong sanggol pa kayo?
- Ano ang ilan sa mga bagay na ginagawa ng inyong mag-anak para sa inyo ngayon?
- Sino ang nagplano upang kayo ay mapabilang sa isang mag-anak?

Tulungan ang mga bata na maunawaan kung gaano kaligaya ang kanilang mga mag-anak noong sila ay isinilang. Bigyang-diin kung gaano sila kamahal ng kanilang mga magulang at ng iba pang mga kasapi ng mag-anak at nais na sila ay lumigaya.

Awit

Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa “Ako ay Anak ng Dios” (*Mga Himno at Awit Pambata*).

Ako ay anak ng Dios,
Dito’y isinilang.
Handog ay ‘sang tahanang may
Mahal na magulang.

Akayin at patnubayan,
Sa tamang daan.
Turuan ng gagawin
Nang S’ya’y makapiling.

Ipakita ang larawan 1-16, Ang Pagsilang, at ipaliwanag na si Jesus ay isinilang sa isang mag-anak nang siya ay magpunta sa lupa (tingnan sa Lucas 1:26–35).

- Sino ang mga tao sa larawang ito?
- Sino ang ina ni Jesus?
- Sino ang ama ni Jesus? (Paalalahanan ang mga bata na ang Ama sa Langit ang ama ni Jesus; si Jose ay isang mabuting tao na pinili ng Ama sa Langit upang kumalinga kay Maria at Jesus.)
- Ano sa palagay ninyo ang nadama nina Maria at Jose tungkol kay Jesus?
- Ano sa palagay ninyo ang ginawa nina Maria at Jose upang mapangalagaan ang sanggol na si Jesus?
- Sino ang nagplano upang magkaroon si Jesus ng mag-anak na magmamahal at mangangalaga sa kanya?

**Mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus ang bawat mag-anak**

Ipakita ang larawan 1-7, Isang Mapagmahal na Mag-anak. Ipaliwanag na ang ilang mga mag-anak ay mayroong isang ina at isang ama, at ang ilang mag-anak ay may iisa lamang na magulang. Ang ilang mag-anak ay mayroong lolo at lola o ibang tao na tumutulong upang mapangalagaan ang mga bata. Ang ilang mga mag-anak ay may maraming anak, samantalang ang ibang mga mag-anak ay may iisang anak o walang mga anak. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang bawat mag-anak ay magkakaiba at mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus ang bawat mag-anak.

Gawain

Anyayahan ang bawat bata na magsabi ng tungkol sa kanyang mag-anak. Isa-isang tulungan ang bawat bata na gumuhit ng mga larawang patpat sa pisara upang sumagisag sa mga kasapi ng kanyang mag-anak. Hilingin na sabihing malakas ng bata ang pangalan ng bawat kasapi ng mag-anak at pagkatapos ay bilangin ang mga kasapi ng mag-anak. Sa pagtatapos ng bawat bata, ibahagi sa klase ang isang bagay na iyong natutuhan tungkol sa mag-anak ng bata.

**Nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na magpakita ng pagmamahalan sa bawat isa ang mga kasapi ng mag-anak**

Awit

Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa “Mag-anak na Kaysaya” (A Happy Family, *Children’s Songbook*, p. 198).

Mahal ko ang nanay ko;
Mahal namin, tatay ko;
Kami’y mahal n’ya kaya,
Mag-anak nami’y kaysaya.

(Mula sa *Merrily We Sing*, © 1948, 1975 ng Pioneer Music Press, Inc. [isang sangay ng Jackman Music]. Ginamit nang may pahintulot.)

- Paano ninyong alam na mahal kayo ng inyong mag-anak?
- Ano ang inyong ginagawa upang ipakita sa mga kasapi ng inyong mag-anak na mahal ninyo sila?

Ipakita ang larawan 1–53, Kasayahang Pangmag-anak.

- Ito ba ay maligayang mag-anak? Paano ninyong alam?
- Ano ang ikinalulugod ninyong gawin na kasama ang inyong mag-anak?
- Kapag ang lahat ay mabait sa bawat isa, ano ang inyong pakiramdam?

Ipakita ang larawan 1-51, Isang Mag-anak na Sama-samang Gumagawa.

- Ano ang ginagawa ng mag-anak na ito?
- Ano ang ginagawa ninyo upang makatulong sa inyong mag-anak?
- Ano ang pakiramdam ninyo kapag tinutulungan ninyo ang mga kasapi ng inyong mag-anak?

Gawain

Papag-isipin ang mga bata ng iba’t ibang paraan na makatutulong sila sa kanilang mga mag-anak sa tahanan, katulad ng pagdampot ng kanilang mga laruan, pakikipaglaro sa sanggol, o pagtulong sa paghuhugas ng mga pinggan. Hayaang isadula ng mga bata ang kanilang mga kuru-kuro. Himukin ang mga bata na tulungan ang kanilang mga mag-anak sa buong linggo.

Patotoo

Ibahagi ang iyong damdamin ng pasasalamat sa Ama sa Langit para sa biyaya ng pagiging bahagi ng isang mag-anak.

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Awiting muli ang "Mag-anak na Kaysaya." Pumili ng apat na bata upang sila ang maging mag-anak sa awitin. Ipahawak sa kanila ang mga tanda upang ipakita kung aling kasapi ng mag-anak ang isinasagisag ng bawat isa. Tumayo sa likuran ng apat na bata at ituro ang ulo ng batang tinutukoy habang inaawit o binibigkas mo ang mga salita na kasama ang mga bata. Ulitin ang awit, na pinahihintulutan ang ibang bata na maging ang mga kasapi ng mag-anak. Ipagpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataon.
2. Sabihin sa mga bata ang tungkol sa mga tagubilin ni Haring Benjamin sa mga mag-anak, na matatagpuan sa Mosias 4:14–15. Basahin nang malakas ang huling kalahating bahagi ng talata 15. Hilingan ang mga bata na magmungkahi ng mga paraan upang mahalin at paglingkuran ng mga kasapi ng mag-anak ang bawat isa.
3. Tulungan ang mga bata na gawin ang sumusunod na laro sa daliri:

   Ang Aking Mag-anak

   Narito ang maganda kong ina *(ituro ang hintuturo);*
   Narito ang matangkad kong ama *(ituro ang gitnang daliri).*
   Narito ang ate ko *(ituro ang palasingsingan),*
   At hindi lang iyan ang tungkol dito.
   Narito ang nakababata kong kapatid na lalaki *(ituro ang kalingkingan),*
   Na tunay na napakaliit.
   Sino naman ang taong ito *(ituro ang hinlalaki)?*
   Mangyari pa, ito'y ako.
   Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, tingnan ninyo *(hawakan ang bawat daliri habang nagbibilang ka),*
   Lumikha ng mag-anak na napakasaya!

   Tulungan ang bawat bata na ipakita ang angkop na bilang ng mga daliri upang isagisag ang bilang ng mga tao sa kanyang mag-anak (kung ang mag-anak ng isang bata ay mahigit sa sampung tao, patulungin ang isa pang bata). Tulungan ang bawat bata na ulitin ang huling dalawang linya ng talata, na bumibilang hanggang sa bilang ng mga tao sa kanyang mag-anak bago sabihing "lumikha ng mag-anak na napakasaya!"

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Ipakita ang larawan 1-23, Isang Pugad na May Maliliit na Ibon. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa "Mga Ibon sa Puno" (Birds in the Tree, *Children's Songbook*, p. 241), habang inaawit o binibigkas mo ang mga salita:

Ang maliit na pugad *(magkasamang itikom nang bahagya ang mga kamay)*
Sa puno'y makikita *(itaas ang mga kamay at gumawa ng bilog sa may uluhan).*
Itlog ay bilangin mo;
Isa, dalawa, tatlo *(itaas ang isa, dalawa, at tatlong mga daliri).*
Inahi'y nasa pugad *(itikom nang bahagya ang kaliwang kamay, ipatong ang kanang kamay)*
Nang itlog ay limliman *(itaas ang tatlong daliri).*
Ama'y palipad-lipad *(igalaw ang mga kamay na tila lumilipad)*
Upang sila'y bantayan.

2. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talata habang binibigkas mo ang mga salita:

   Ang Aking Mag-anak

   Tulad ng mga ibon sa itaas ng puno *(ipagaspas ang mga kamay bilang mga pakpak),*
   Ako'y may mag-anak na sariling akin *(ituro ang sarili).*
   Binibigyan nila ako ng pagkain *(magkunwaring kumakain)*
   At sa paglalaro'y tinuturuan din *(tumalon),*
   Upang ako'y maging ligtas at maligaya sa maghapon *(ngumiti ng malaking ngiti).*

3. Bigkasin ang mga sumusunod na salita o awitin ang mga ito sa alinmang naaangkop na himig:

   Mahal ka ni Inay, Mahal ka ni Inay.
   At gayundin ni Itay, at gayundin ni Itay.
   Ang mga tao sa mag-anak ninyo, ang mga tao sa mag-anak ninyo,
   Ay nagmamahal sa iyo ng totoo, nagmamahal sa iyo ng totoo.

# Mahal Ko ang Aking mga Kapatid

Aralin 24

**LAYUNIN**

Upang himukin ang bawat bata na magpakita ng pagmamahal sa kanyang mga kapatid.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Exodo 1:22–2:10.
2. Sa pagsang-ayon ng pangulo ng inyong Primarya, anyayahan ang isang ina na dalhin niya ang kanyang sanggol sa klase. Hilingan siyang magsalita tungkol sa kung paano niya inaalagaan ang sanggol, kabilang na ang mga bagay na ginagawa niya at ng kanyang mag-anak upang mapanatiling ligtas ang sanggol. Himukin siya na sabihin ang tungkol sa pagmamahal na kanyang nadarama para sa kanyang sanggol. Kung walang ina na mayroong sanggol, maaari mong anyayahan ang isang ina na magpunta at magdala ng mga larawan ng kanyang anak noong sanggol pa.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Isang manikang sanggol.
   c. Larawan 1–2, Si Moises sa mga Takbang Yantok (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 106; 62063); larawan 1–13, Joseph Smith (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 400; 62449).
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa guro: Sa pagbibigay mo ng araling ito, maging madaling makadama sa mga damdamin ng mga bata sa iyong klase na walang mga kapatid.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakilala ang ina sa klase at hayaang magsabi siya sa mga bata ng tungkol sa kanyang sanggol. Hayaang magtanong ang mga bata sa ina tungkol sa sanggol. Ipapaliwanag sa ina kung gaano kasabik ang mag-anak na magkaroon ng bagong sanggol sa kanilang tahanan.

**Maaari nating mahalin ang ating mga kapatid**

- Mayroon ba sa inyong may nakababatang kapatid na lalaki o babae?

Hilingan ang mga bata na may nakababatang kapatid na lalaki o babae na magsalita tungkol sa sanggol at sabihin kung paanong naghanda ang kanilang mag-anak para sa isang bagong sanggol.

- Mayroon ba sa inyong may nakatatandang mga kapatid na lalaki o babae?

Hayaang mag-usap nang ilang sandali ang mga bata tungkol sa kanilang mga kapatid. Paalalahanan ang mga bata na pinag-usapan ninyo sa nakaraang aralin kung paanong ang mga mag-anak ay magkakaiba. Ang ilang mga tao ay may maraming kapatid, at ang ilang tao ay may kakaunti o ni walang kapatid.

Kahit na gaano pa kadami ang ating mga kapatid, dapat nating ipakita ang ating pagmamahal sa kanila at maging mabait sa kanila.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–13, Joseph Smith, at ipaliwanag na si Propetang Joseph Smith, ang unang Pangulo ng Simbahan, ay may kapatid na lalaki na nagngangalang Hyrum na mahal na mahal niya. Sina Hyrum at Joseph ay mabuting magkaibigan at nagtulungan ang bawat isa sa buong buhay nila. Sa sarili mong mga salita, isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol sa isang pagkakataon nang tinulungan ni Hyrum si Joseph:

Noong bata pa si Joseph Smith, siya ay nagkaroon ng mabigat na karamdaman. Nagkaroon siya ng napakasakit na impeksiyon sa kanyang binti. Nagkasakit ang kanyang ina sa pag-aalaga sa kanya sa gabi at araw at kinailangang magpahinga. Itinanong ng nakatatandang kapatid na lalaki ni Joseph na si Hyrum kung maaari siyang pumalit sa kanyang ina. Halos patuloy na nanatili nang ilang araw si Hyrum sa tabi ng kanyang naghihirap na kapatid. Hinawakan niya ng kanyang magkabilang kamay ang binti ni Joseph, na siyang tanging paraan upang maibsan niya nang kaunti ang matinding sakit (tingnan sa Lucy Mack Smith, *History of Joseph Smith*, isinaayos para sa paglilimbag ni Preston Nibley, [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1954], p. 55).

- Paano ninyong nalaman na mahal ni Hyrum ang kanyang kapatid na si Joseph?

Ipaliwanag na ang isang paraan na maipakikita natin ang pagmamahal para sa ating mga kapatid ay sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila.

### Matutulungan natin ang ating mga kapatid

- Paano ninyo matutulungan ang inyong mga kapatid?
- Paano kayong tinutulungan ng inyong mga kapatid?

Gawain

Ilarawan ang ilang gawa na nagpapakita kung paano maaaring tumugon ang mga bata sa kanilang mga kapatid. Ipataas sa mga bata ang kanilang hinlalaki kung ang gawa ay isang paraan ng pagtulong sa isang kapatid. Maaaring naisin mong gamitin ang ilan sa mga sumusunod na ideya:

- Ipahiram ang inyong bagong laruan sa inyong kapatid [na babae].
- Hiramin ang bola ng inyong kapatid [na lalaki] nang hindi hinihingi ang kanyang pahintulot.
- Tulungan ang inyong kapatid [na babae] na damputin ang kanyang mga laruan.
- Humingi ng pahintulot sa inyong kapatid [na lalaki] na laruin ang kanyang bola.
- Tumangging makipaglaro sa inyong kapatid [na babae].
- Maging mabait kapag malungkot ang inyong kapatid [na lalaki].
- Makipaglaro sa inyong kapatid [na babae] kapag nalulungkot siya.

### Makatutulong tayo sa ating mga nakababatang kapatid

Ipaliwanag na kung minsan ay mahirap kapag ang isang sanggol ay isinilang sa isang mag-anak dahil nakukuha ng sanggol ang marami sa panahon at pagtingin ng mga magulang. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kahit na maging abala ang mga magulang sa bagong sanggol, mahal pa rin nila ang lahat ng iba nilang anak. Paalalahanan ang mga bata na kailangan ng tulong ng isang sanggol sa halos lahat ng mga bagay, samantalang ang mga

nakatatandang anak (katulad ng nasa klase mo) ay makagagawa ng maraming bagay para sa kanilang sarili at para sa isang nakababatang kapatid.

- Paano ninyong matutulungan ang inyong mga magulang sa isang nakababatang kapatid?

Gawain

Ipakita sa mga bata kung paano hawakan nang maingat ang manikang sanggol. Turuan sila ng simpleng awit na panghele o awitin ang "Ako ay Anak ng Dios" *(Mga Himno at Awit Pambata)* habang halinhinan nilang hinahawakan ang manika.

Ako ay anak ng Dios,
Dito'y isinilang.
Handog ay 'sang tahanang may
Mahal na magulang.

Akayin at patnubayan,
Sa tamang daan.
Turuan ng gagawin
Nang S'ya'y makapiling.

Kuwento

Ipaliwanag na si Moises ay may nakatatandang kapatid [na babae] na nagmamahal sa kanya at tumutulong sa kanya nang siya ay isang sanggol pa. Ginagamit ang larawan 1—2, Si Moises sa mga Takbang Yantok, pagbalik-aralan ang kuwento ng sanggol na si Moises, na matatagpuan sa Exodo 1:22–2:10. Bigyang-diin kung paano binantayan ni Miriam ang kanyang nakababatang kapatid [na lalaki].

- Paano tinulungan ni Miriam ang sanggol na si Moises?

Patotoo

Ibahagi ang iyong damdamin tungkol sa kahalagahan ng pagtutulungan at pagmamahalan ng magkakapatid sa bawat isa. Kung maaari, ibahagi ang isang pansariling karanasan sa pagkabata noong ikaw at ang iyong kapatid ay nagtulungan. Paalalahanan ang mga bata na ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa ating mga kapatid kapag tinutulungan natin sila. Ipahiwatig kung gaano ang iyong pasasalamat sa Ama sa Langit sa paglalagay sa atin sa mga mag-anak.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Bigyan ng papel at mga krayola o mga lapis ang mga bata, at ipaguhit sa kanila ang mga larawan ng kanilang mga kapatid. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpapakita ng kanilang mga larawan at pag-uusap tungkol sa kanilang mga kapatid. Himukin ang mga bata na sabihin ang mga bagay na gusto nilang gawin na kasama ang kanilang mga kapatid.
2. Kumuha ng isang larawan ng bawat bata noong sila ay mga sanggol pa at pahulaan sa mga bata kung sino ang sanggol. (Tiyaking isauli nang walang sira ang mga larawan sa mga magulang.) Paalalahanan ang mga bata na may nakatatandang mga kapatid na ang kanilang mga kapatid ay tumulong sa pag-aalaga sa kanila noong sila ay mga sanggol pa.
3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Masayang Gawain" (Fun to Do, *Children's Songbook,* p. 253) na ginagamit ang mga parirala na katulad ng "Ang paghehele ng isang sanggol ay masayang gawain" o "Ang pagtulong sa aking kapatid [na babae] ay masayang gawain." Kumatha ng mga galaw na isinasaad ng mga salita.

4. Awitin o bigkasin ang mga salita sa unang talata ng “When We’re Helping” (*Children’s Songbook*, p. 198) na inihahalili ang *kapatid [na babae]* o *kapatid [na lalaki]* sa *ina*, o awitin ang ikalawang talata ng “Mag-anak na Kaysaya” (A Happy Family, *Children’s Songbook,* p. 198).
5. Magdala ng larawan ng iyong sariling mag-anak at sabihin sa mga bata ang tungkol sa iyong mga kapatid. Maaari mong naisin na magbahagi ng ilang masasayang karanasan ninyo nang kayo ay magkakasama.
6. Tulungan ang mga bata na isadula ang kuwento ni Miriam at ng sanggol na si Moises sa mga takbang yantok, na ginagamit ang mga kagamitan na katulad ng isang manikang sanggol, isang maliit na basket o kahon, isang kumot, at isang bandana.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Maglagay ng maliit ngunit madaling makilalang gamit ng sanggol sa isang supot o malaking medyas. Padukutin ang mga bata sa loob nang hindi tumitingin at subukang hulaan kung ano ang bagay sa pamamagitan ng paghipo nito.
2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa kapwa mga talata ng “Mag-anak na Kaysaya” (A Happy Family). Habang umaawit ka, maghawakan ng mga kamay at gumalaw nang pabilog na kasama ang mga bata, o gumawa ng mga simpleng galaw na lalapat sa awit.
3. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na laro sa daliri habang binibigkas mo ang mga salita:

   Ganito ang ginagawa ng sanggol:
   Klap - klap - klap - klap *(ipalakpak ang mga kamay)!*
   Ganito ang ginagawa ng sanggol:
   It, bulaga, nakita kita *(maglaro ng it, bulaga, sa pamamagitan ng mga kamay)!*
   Ganito ang ginagawa ng sanggol:
   Gapang - gapang - gapang - gapang *(palakarin ang mga daliri sa hangin).*
   Ganito ang ginagawa ng isang sanggol:
   Tulog - tulog - tulog - tulog *(ihilig ang pisngi sa mga magkadaop-palad na mga kamay).*

4. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain habang binibigkas mo ang mga salita:

   Ang Munting Sanggol na si Moises

   Ang munting sanggol na si Moises ay may bangkang higaan *(itikom nang bahagya ang isang kamay at ilagay ang hintuturo ng kabilang kamay dito).*
   Binantayan ng kanyang mapagmahal na kapatid sa damuhang pinagtaguan *(sumilip sa pamamagitan ng paglalagay ng mga daliri ng kamay sa may mata).*
   Isang araw ay natagpuan siya ng prinsesa *(yumuko nang kaunti na nakatingin sa ibaba*) at siya ay kanyang kinuha (*magkunwaring iniaangat ang sanggol);*
   Ang sabi niya’y, “Kukunin ko ang sanggol na ito at siya ay aking pangangalagaan” *(magkunwaring iniuugoy ang sanggol sa kamay).*

   (Mula sa *Fascinating Finger Fun* ni Eleanor Doan. © 1951. Ginamit nang may pahintulot.)

# Mahal Ko ang Aking Buong Mag-anak

Aralin 25

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na makadama ng pagmamahal para sa lahat ng mga kasapi ng mag-anak.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 1:36–44, 56.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–7, Isang Mapagmahal na Mag-anak; larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 208; 62133); larawan 1–54, ang Templo sa Salt Lake (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 502; 62433), o isang larawan ng templo sa inyong pook.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Awitin ang "Mag-anak na Kaysaya" (A Happy Family, *Children's Songbook*, p. 198), na kasabay ang mga bata.

Mahal ko ang nanay ko.
Mahal namin, tatay ko.
Kami'y mahal n'ya kaya,
Mag-anak nami'y kaysaya.

Mahal ko ang ate ko.
Mahal ko ang kuya ko.
Kami'y mahal n'ya kaya,
Mag-anak nami'y kaysaya.

(Mula sa *Merrily We Sing*, © 1948, 1975 ng Pioneer Music Press, Inc. [isang sangay ng Jackman Music]. Ginamit nang may pahintulot.)

Hayaang mag-usap ang mga bata kung ano ang ginawa nila na kasama ang kanilang mga mag-anak noong nakaraang linggo. Ipabanggit sa bawat bata ang isang tao sa kanyang mag-anak, katulad ng ama, ina, kapatid na lalaki o kapatid na babae.

- Sino pa ang bahagi ng inyong mag-anak?

**Ang mga lolo at lola, mga tiya, mga tiyo, at mga pinsan ay mahahalagang bahagi ng ating mga mag-anak**

Ipakita ang larawan 1–7, Isang Mapagmahal na Mag-anak.

- Paanong katulad ng inyong mag-anak ang mag-anak na ito?
- Paanong kakaiba ang mag-anak na ito sa inyong mag-anak?

• Aling mga tao ang Iola at Iolo sa larawang ito?

Ipaliwanag na ang mga lolo at lola ay ang mga magulang ng ating mga ina at ama. Lahat tayo ay may mga lolo at lola, kahit na kung minsan ay hindi natin sila gaanong kakilala dahil sila ay namatay na o sa malayo sila nakatira.

• Ilan sa inyo ang nakakikilala sa inyong mga lolo at lola?

• Ang mga lolo at lola ba ninyo ay nakatira sa malapit sa inyo o sa malayo?

• Ano ang nais ninyong gawin na kasama sila?

Awit

Bigkasin ang mga salita sa unang dalawang mga talata ng "Lola" (Grandmother), na ginagamit ang sumusunod na mga galaw. Ulitin kung nais, na ginagamit ang *lolo* na kapalit ng *lola* sa huling linya ng bawat talata.

Hinahagkan n'yo *(ilagay ang mga daliri sa labi, pagkatapos ay ilayo ang mga ito).*
Niyayakap n'yo *(iyakap ang mga kamay sa sarili).*
Nginingitian din ako *(ngumiti).*
Sana'y bawat bata sa mundong 'to *(iunat ang mga kamay)*
Ay may 'sang lolang tulad n'yo *(ituro).*

Binabasahan *(magkunwaring hawak ang isang aklat).*
Inaawitan *(ibukas ang bibig na tila umaawit)*
Bulong n'yo'y mahal n'yo ako *(ilagay ang bahagyang nakatikom na kamay sa may bibig).*
Sana'y bawat bata sa mundong 'to *(iunat ang mga kamay)*
Ay may 'sang lolang tulad n'yo *(ituro).*

• Sino pa ang nasa inyong mag-anak? (Mga tiya, mga tiyo, at mga pinsan.)

Maikling ipaliwanag kung paanong ang mga tiya, mga tiyo at mga pinsan ay magkakamag-anak (halimbawa, ang inyong tiyo ay ang kapatid na lalaki ng inyong ina o ama). Hilingang magsabi ang mga bata ng tungkol sa kanilang mga tiya, mga tiyo, at mga pinsan.

Kuwento

Ipakita ang Biblia at paalalahanan ang mga bata na mababasa natin ang tungkol sa buhay ni Jesus sa aklat na ito. Buksan sa Lucas 1:36–44, 56 at ipaliwanag na bago isinilang si Jesus, si Maria ay dumalaw sa kanyang pinsan na si Elisabet, na nagdadalantao din. Ang sanggol ni Elisabet ay pinangalanang Juan, at siya ay pinsan at kaibigan ni Jesus. Nang sina Juan at Jesus ay malaki na, bininyagan ni Juan si Jesus. Ipakita ang larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus, at ipaturo sa mga bata sina Jesus at Juan.

### Ang mga kasapi ng mag-anak ay ating mabubuting mga kaibigan

Ipaliwanag na ang lahat ng mga kasapi ng ating mag-anak ay maaaring maging mabubuting kaibigan natin. Kung ikaw ay may kamag-anak na malapit sa iyo, sabihin sa mga bata kung ano ang nadarama mo para sa taong ito.

• Bakit gusto ninyong kasama ang inyong mag-anak?

Awit

Awitin muli ang "Mag-anak na Kaysaya" na kasabay ang mga bata. Sa pagkakataong ito ay magsama ng mga talata para sa tiya, tiyo, pinsan, at mga lolo at lola.

• Ano ang ginagawa ninyo na kasama ang inyong mga tiya, mga tiyo, mga pinsan, at mga lolo at lola?

Sabihin sa mga bata ang tungkol sa isang muling pagtitipon ng mag-anak o ibang pagkakataon nang ang inyong mag-anak ay nagtipun-tipon para sa isang natatanging pagdiriwang. Ipasalaysay sa mga bata ang tungkol sa mga pagsasalu-salo o pagdalaw ng mag-anak na naaalaala nila.

Ipaliwanag na nagplano ang Ama sa Langit at si Jesus upang makapiling natin magpasawalang-hanggan ang ating mga mag-anak. Ipakita ang larawan 1–54, ang Templo sa Salt Lake, o ang larawan ng isang templo sa inyong pook. Maikling ipaliwanag na kung sa templo tayo magpapakasal at mamumuhay nang matwid, maaari nating makapiling ang ating mag-anak magpasawalang-hanggan.

Patotoo

Sabihin sa mga bata ang iyong pagmamahal para sa mga kasapi ng iyong mag-anak. Bigyang-diin na ang ating mga mag-anak ay isang pagpapala sa atin. Himukin ang mga bata na maging mapagmahal at mabait sa mga kasapi ng kanilang mag-anak.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Sa pahintulot ng pangulo ng inyong Primarya, hilingan ang isang lolo o lola ng isa sa mga bata, o ang isang tao sa purok na lolo o lola na, na dumalaw sa klase. Hilingang sabihin ng panauhin sa mga bata ang tungkol sa kanyang pagmamahal sa kanyang mga apo. (O maaari mong anyayahan ang isang tiya, tiyo, o pinsan ng isa sa mga bata na magsalita tungkol sa pagmamahal para sa lahat ng mga kasapi ng mag-anak.)

2. Magdala ng isa o higit pang mga larawan ng inyong mag-anak, lalo na ang may kasamang lolo at lola, mga tiya, mga tiyo, o mga pinsan. Ipahanap ang iyong sarili sa mga bata at sa sinumang maaaring kakilala nila (katulad ng iyong asawa o mga anak) sa mga larawan. Sabihin sa mga bata ang tungkol sa iba pang mga tao na nasa mga larawan.

3. Bigyan ang bawat bata ng etiketa na may nakasulat na pangalan ng isang kasapi ng mag-anak, katulad ng “Ina,” “Ama,” “Kapatid [na lalaki],” “Kapatid [na babae],” “Lola,” “Lolo,” “Tiyo,” “Tiya,” o “Pinsan.” (Kung kakaunti lamang ang mga bata sa iyong klase, gamitin ang ilan lamang sa mga pangalang ito; kung marami ang mga bata sa iyong klase, maaaring maging magkatulad ang pangalan ng mahigit sa isang bata.) Papuntahin sa harapan ng klase ang bawat bata habang sinasabi mo ang pangalan na nasa kanyang etiketa. Ipaliwanag na ang mga mag-anak ay mahalaga at nakatakdang magkasama sama. Magpagawa ng bilog sa mga bata at maghawakan ng mga kamay. Hilingan silang gumawa ng ilang mga galaw habang magkakahawak ang mga kamay, katulad ng pag-uugoy ng kanilang mga kamay, paglalakad sa bilog, at pag-awit ng “Mag-anak na Kaysaya.”

4. Ipaguhit sa bawat bata ang isang larawan ng kanyang mga lolo at lola o ng ibang mga kamag-anak. Pamagatan ang larawan na *Ang Aking mga Lolo at Lola* o kung anuman ang naaangkop.

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Gumawa ng isang kahon o supot na may isang puso sa ibabaw nito upang sumagisag sa pagmamahal. Gumupit ng mga simpleng larawan o mga guhit na sumasagisag sa mga kasapi ng sariling mag-anak o kamag-anak. Tanungin ang mga bata, "Sino ang nagmamahal sa inyo?" Habang sumasagot ang mga bata, isa-isang ilagay ang mga angkop na larawan sa kahon o supot. Kapag ang lahat ng mga larawan ay nasa loob na ng kahon o supot, itaas ito at sabihin sa mga bata, "Ang lahat ng mga taong ito ay lubos na nagmamahal sa inyo."
2. Ilagay ang mga ginupit na larawan ng mga kasapi ng mag-anak (tingnan ang gawain 1, sa itaas) sa ibabaw ng mesa o sahig. Patalikurin ang mga bata at ipasara ang kanilang mga mata habang inaalis mo ang isang ginupit na larawan. Ipahula sa mga bata kung sino ang nawawala. Ulitin nang maraming ulit hanggang nais mo. Pagsama-samahing muli ang mga ginupit na larawan at sabihin sa mga bata na nais ng Ama sa Langit na makasama niyang muli ang mga mag-anak, na wala ni isang mawawala.
3. Awitin ang "When We're Helping" (*Children's Songbook*, p. 198), na ginagamit ang mga pangalan ng mga kasapi ng kamag-anak na kapalit ng *ina*. Ipasadula sa mga bata ang mga bagay na magagawa nila upang makatulong sa mga kasapi ng mga mag-anak na ito.

# Ang mga Mag-anak ay Maaaring Magkasama-sama Magpakailanman

Aralin
# 26

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na ang mga templo ay mga banal na lugar kung saan maaaring sama-samang ibuklod ang mga mag-anak hanggang sa walang-hanggan, at upang himukin ang bawat bata na maghanda upang makapasok sa templo.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Doktrina at mga Tipan 97:15–17 at 124:37–41. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 36, at "*Temple*" sa *Bible Dictionary*.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang kopya ng Doktrina at mga Tipan.
   b. Larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol (62307); larawan 1–7, Isang Mapagmahal na Mag-anak; larawan 1–54, ang Templo sa Salt Lake (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 502, 62433); mga larawan ng iba pang mga templo na makukuha (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 505; 62434–62448, 62566–62569, 62583–62601, 62613–62619); ang pahina ng mga drowing sa hulihan ng aralin.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan 1–54, ang Templo sa Salt Lake, at ang mga larawan ng iba pang mga templo, kasama na ang templo sa inyong pook, kung may makukuha. Pahintulutan ang mga bata na sabihin ang nalalaman nila tungkol sa mga templo.

- Nakakita na ba kayo ng isang templo?
- Ano ang naiisip ninyo kapag nakakakita kayo ng isang templo?

Talakayin ang kagandahan ng mga templo, na itinuturo ang mga tulis ng tore ng templo, mga bintana, at mga pintuan. Ipaliwanag na sa labas na dingding ng bawat templo ay ang mga salitang *Ang Tahanan ng Panginoon*. Ang mga kasapi ng Simbahan ay nagpupunta sa templo upang matutuhan ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus at ang kanilang pagmamahal sa atin.

Gawain

Ipalagay sa mga bata ang mga kamay nila sa itaas ng kanilang mga ulo upang gumawa ng tulis ng templo. Hilingan silang tumayo nang matuwid at mataas at magkunwaring sila ay isang magandang templo. Pagkatapos ay hilingan silang maupo nang tahimik.

**Ang templo ay isang banal na pook**

Ipaliwanag na ang templo ay isang banal na pook (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:15–17). Hilingin sa mga bata na ulitin ang salitang *banal*. Nangangahulugan ito na ang templo ay isang natatanging pook kung saan ang lahat ng bagay ay nagpapaalaala sa atin sa Ama sa Langit at kay Jesus.

Sabihin sa mga bata na kung susundin nila ang mga kautusan ng Ama sa Langit, makapapasok sila sa templo kapag mas matanda na. Ipaliwanag na sa templo ay gumagawa tayo ng mga natatanging pangako sa Ama sa Langit na susundin ang kanyang mga kautusan. Maaari din tayong maikasal sa templo, at maaari din tayong mabinyagan para sa mga taong hindi nabinyagan habang nabubuhay sila sa mundo.

Ipataas sa mga bata ang tatlong mga daliri at ulitin ang tatlong bagay na magagawa nila sa templo kapag sila ay mas matanda na:

"Sa templo ay makagagawa ako ng mga natatanging pangako sa Ama sa Langit."

"Sa templo ay maikakasal ako."

"Sa templo ay maaari akong binyagan para sa iba."

Awit

Patayuin ang mga bata at awitin o bigkasin ang mga salita sa unang bahagi ng "Templo'y Minamasdan Ko"(I Love to See the Temple, *Children's Songbook*, p. 95), na ginagamit ang mga sumusunod na galaw:

Templo'y kaygandang masdan *(pagsalabirin [interlock] ang mga daliri at ilitaw ang mga hintuturo ng bawat kamay upang gumawa ng tulis ng tore ng templo).*
Doon ay pupunta *(lumakad sa kinatatayuan)*
Espiritu'y dadamhin *(ilagay ang kamay sa tapat ng puso),*
At mananalangin *(ilagay ang kamay sa may likuran ng tainga, pagkatapos ay ihalukipkip ang mga kamay).*

(© 1980 ni Janice Kapp Perry. Ginamit nang may pahintulot.)

Ipaliwanag na dahil ang templo ay isang banal na pook, tayo ay nagsusuot ng puting damit kapag nasa loob tayo. Ipinapaalaala sa atin ng damit na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging malinis tayo at dalisay at palaging piliin ang tama.

- Anong kulay ng damit ang suot ninyo ngayon?
- Anong kulay ng damit ang isusuot ninyo sa loob ng templo?

Ipaliwanag na dahil ang templo ay isang banal na pook, tayo ay magalang kapag nasa loob tayo. Bumubulong tayo o mahinang nagsasalita. Ipabulong sa mga bata ang, "Mahal ko ang Ama sa Langit at si Jesus." Ipaliwanag na maligaya at tahimik ang mararamdaman natin sa templo dahil nadarama nating malapit tayo sa Ama sa Langit at kay Jesus.

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol kay Pangulong Lorenzo Snow sa sarili mong mga salita:

Alam na ni Lorenzo Snow na hindi magtatagal at siya ang magiging propeta ng Simbahan. Nagpunta siya sa templo, isinuot ang kanyang puting damit, at lumuhod sa isang natatanging silid upang manalangin. Nais niyang sabihin sa kanya ng Ama sa Langit ang kanyang gagawin upang mapamunuan ang Simbahan. Nanalangin siya nang nanalangin ngunit hindi nakatanggap ng

kasagutan. Nang papalabas na ng silid si Pangulong Snow kung saan siya nananalangin, nagpakita si Jesus sa kanya. Magagandang puting bata ang suot ni Jesus at napakaliwanag at nagniningning na halos hindi siya matingnan ni Pangulong Snow. Si Jesus ay tila nakatuntong sa solidong ginto. Sinabi ni Jesus kay Pangulong Snow ang mga bagay na ipinanalangin niya na malaman (tingnan sa LeRoi C. Snow, "An Experience of My Father's," *Improvement Era*, Set. 1933, p. 677).

- Bakit sa palagay ninyo nanalangin si Pangulong Snow sa templo sa halip na sa ibang pook? (Sapagkat nararamdaman niyang mas malapit siya sa Ama sa Langit at Jesus sa loob ng templo.)

### Ang templo ay tumutulong sa mag-anak upang magkasama-sama hanggang sa walang-hanggan

Ipakita ang larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol, at larawan 1–7, Isang Mapagmahal na Mag-anak. Ipaliwanag na ang mga templo ay makatutulong sa mga mag-anak upang magkasama-sama hanggang sa walang-hanggan. Kapag ang isang lalaki at isang babae ay nagpakasal sa templo at sumunod sa mga kautusan, ipinapangako ng Ama sa Langit sa kanila na maaari silang magkasama at kasama ang lahat ng kanilang mga anak hanggang sa walang-hanggan. Ito ay tinatawag nating pagbubuklod bilang isang mag-anak.

- Sino ang mga tao sa inyong mag-anak?
- Ano ang pakiramdam ninyo kapag kasama ninyo ang inyong mag-anak?
- Paanong magkakasama-sama ang isang mag-anak hanggang sa walang-hanggan?

Tiyakin sa mga bata na mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus ang bawat mag-anak at nais na mabuklod hanggang sa walang-hanggan ang mga mag-anak. Ipaliwanag na maihahanda ng mga mag-anak na hindi naibuklod sa templo ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagiging masunurin sa mga kautusan ng Ama sa Langit. Pagkatapos ay makapupunta na sila sa templo upang maibuklod bilang isang mag-anak.

Awit

Kasabay ang mga bata, awitin o bigkasin ang mga salita sa koro ng "Mag-anak ay Magkakasama-sama sa Kawalang-hanggan" (Families Can Be Together Forever, *Children's Songbook*, p. 188) nang ilang ulit.

Mag-anak ay ma'aring magsama
Sa kawalang-hanggan.
Nais ko'y kapiling ang aking mag-anak,
Itinuro ng Dios ang daan.
'Tinuro ng Dios ang daan.

### Makapaghahanda ako upang magpunta sa templo

Paalalahanan ang mga bata na ang lahat ng sumusunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit ay makapupunta sa templo. Ipakita ang pahina ng mga drowing na kasama sa hulihan ng aralin at ipatalakay sa mga bata ang mga kautusang ipinakita. Ipaliwanag na ang pagsunod sa mga kautusang ito ay makatutulong sa mga bata na maging karapat-dapat na magpunta sa templo kapag sila ay mas matanda na.

- Manalangin.
- Sundin ang mga magulang.
- Mahalin ang bawat isa.
- Magpunta sa simbahan.
- Magbayad ng ikapu.
- Kumain ng mga mabubuting pagkain (sundin ang Salita ng Karunungan).
- Maging matapat.

Patotoo

Ibahagi ang iyong damdamin tungkol sa kahalagahan ng pagsasama-sama ng mga mag-anak sa walang-hanggan at ang tungkol sa mga biyaya ng templo. Paalalahanan ang mga bata na ang pagsunod sa kanilang mga magulang at pagsunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit ay mahahalagang paraan upang makapaghanda na magpunta sa templo.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang walang-hanggan ay mahabang panahon. Maaari mong sabihin sa kanila na ito ay higit na matagal kaysa sa panahon ng ipaghihintay nila sa kanilang kaarawan o sa susunod na pista opisyal; higit na mahaba ito kaysa sa panahon nang ang pinakamatandang taong kilala nila ay nabubuhay pa; higit na mahaba ito kaysa noong panahong sina Adan at Eva ay nabubuhay pa. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *walang-hanggan* ay na ang isang bagay ay walang katapusan.

   Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talata habang binibigkas mo ang mga salita:

   Gaano Katagal ang Walang-hanggan?

   Gaano katagal ang walang-hanggan *(ituro ang ulo, na tila ba nag-iisip)?*
   Ito'y higit na matagal kaysa isang taon *(ilagay ang kamao sa ilalim ng baba, ipatong ang siko sa kabilang kamay).*
   Ito'y higit na matagal kaysa sa panahon *(ilagay ang kabilang kamao sa ilalim ng baba, ipatong ang siko sa kamay)*
   Ng pagsapit ng Kapaskuhan.
   Gaano katagal ang walang-hanggan *(ituro ang ulo, na tila ba nag-iisip)?*
   Ito'y hindi gaanong matagal na gugulin *(igalaw-galaw ang daliri)*
   Na kasama ang mga mag-anak na inyong minamahal *(yakapin ang sarili),*
   Sapagkat hindi ito magwawakas kailanman!

2. Sa pahintulot ng pangulo ng inyong Primarya, anyayahan ang mga magulang ng isang bata sa iyong klase na magbahagi ng kanilang mga damdamin tungkol sa kahalagahan ng pagpapabuklod sa templo.

3. Gumawa ng kopya ng pahina ng mga drowing na nasa hulihan ng aralin para sa bawat bata. Pakulayan sa mga bata ang mga drowing.

4. Sa pahintulot ng pangulo ng inyong Primarya, anyayahan ang isang mag-anak sa inyong purok na kagagaling lamang sa templo upang magpabuklod na sabihin sa klase ang tungkol sa karanasang iyon.

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talata habang binibigkas mo ang mga salita:

   Ako ay Tagatulong

   Ngayong ako'y matangkad at malaki *(tumingkayad at iunat paitaas ang mga kamay),*
   Ako'y magiging tagatulong na mabuti.
   Isang tagatulong kay ama *(itaas ang unang daliri),*
   Na mabait at mabuti;
   Gagawin ko para sa aking ina *(itaas ang pangalawang daliri)*
   Ang mga bagay na dapat kong gawin.
   Isang tagatulong sa kapatid na babae *(itaas ang pangatlong daliri),*
   At sa kapatid na lalaki rin *(itaas ang pang-apat na daliri);*
   Isang tagatulong sa lahat ng mga tapat kong kaibigan *(itaas ang hinlalaki).*
   At tagatulong ng Diyos ay sisikapin kong gawin
   Sa pamamagitan ng pagmamahal sa iba na tulad ng pagmamahal niya sa akin *(ihalukipkip ang mga kamay).*
   Nais kong maging tagatulong ng lahat *(iunat pabukas ang mga kamay),*
   Ngayong ako'y matangkad at malaki *(tumingkayad at iunat paitaas ang mga kamay).*

2. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain habang binibigkas mo ang mga salita. Ulitin hangga't nais mo.

   *Gumawa ng bilog na ang lahat ay nakatayo, na naghahawakan ng mga kamay. Maghawakan ng mga kamay sa kabuuan ng gawain*.

   Tayong lahat ay magkakasamang namuhay na kapiling ang Ama sa Langit *(maglalapitan ang bawat isa, na inilalagay ang mga kamay papunta sa gitna ng bilog).*
   Ipinadala niya tayo sa mundo upang mabuhay *(palakihin ang bilog).*
   Binigyan niya tayo ng mga mag-anak na magmamahal at magtuturo sa atin *(muling maglapit-lapit).*
   Tutulungan tayo ng ating mga mag-anak na mamuhay na muli siyang kapiling *(muling palakihin ang bilog).*

3. Maglaan ng isang simpleng guhit ng isang templo sa papel upang kulayan ng mga bata.

# Makapaghahanda Ako Upang Makapunta sa Templo




Manalangin




Sundin ang
mga Magulang



Mahalin ang Bawat Isa



Magpunta sa Simbahan



Magbayad ng Ikapu



Kumain ng Mabubuting Pagkain



Maging Matapat

# Maaari Tayong Manalangin Bilang Isang Mag-anak

Aralin
27

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na ang palagiang pangmag-anak na panalangin ay tumutulong na mapanatiling malapit ang isang mag-anak sa Ama sa Langit at sa bawat isa.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Alma 34:19–27 at 3 Nephi 18:17–21. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 8.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon.
   b. Ginupit na larawan 1–26, ama; ginupit na larawan 1–27, ina; ginupit na larawan 1—28, batang babae; ginupit na larawan 1–29, batang lalaking nasa gulang ng misyonero (ang mga katulad na ginupit na larawan ay matatagpuan din sa pangkat 1 ng mga Ginupit na Larawang Pantulong sa Primarya).
   c. Larawan 1–10, Pangmag-anak na Panalangin (62275); larawan 1–15, Pagbabasbas ng Pagkain; larawan 1–44, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 316; 62380).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman ng Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Hilingan ang mga bata na magsabi ng tungkol sa isang bagay na ginagawa nila na kasama ang kanilang mga mag-anak. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata upang sumagot. Pagkatapos ay ipakita ang larawan 1–10, Pangmag-anak na Panalangin.

- Ano ang ginagawa ng mag-anak na ito?

Ipaliwanag na kapag tayo ay nananalangin bilang isang mag-anak, ginagawa natin ang isang bagay na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gawin natin. Ang pananalangin bilang isang mag-anak ay tinatawag na pangmag-anak na panalangin.

**Nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na manalangin tayo na kasama ang ating mga mag-anak**

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–44, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig. Sabihin ang tungkol sa pagdalaw ni Jesucristo sa mga Nephita at pag-uutos sa kanila na manalangin, na katulad ng inilalarawan sa 3 Nephi 18:17–21. Ipakita sa mga bata ang Aklat ni Mormon at basahin nang malakas ang 3 Nephi 18:21. Tulungan ang mga bata na maunawaan na nais ni Jesus na manalangin tayo na kasama ang ating mga mag-anak. Sa katulad na paraan na binasbasan ang mga

batang Nephita sa pamamagitan ng pangmag-anak na panalangin, ay gayundin na tayo ay babasbasan sa pamamagitan ng pangmag-anak na panalangin.

**Maaari tayong magkaroon ng pangmag-anak na panalangin araw-araw**

Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na manalangin tayong kasama ang ating mag-anak tuwing umaga at gabi. Karaniwan na ang tatay o ang taong namamahala sa mag-anak ang humihiling sa isang tao upang magbigay ng panalangin. Kahit sino sa mag-anak ay maaaring magbigay ng pangmag-anak na panalangin.

- Kailan tayo dapat manalangin na kasama ang ating mga mag-anak?
- Sino ang maaaring bumigkas ng pangmag-anak na panalangin?

Awit

Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Panalangin ng Mag-anak” (Family Prayer, *Children’s Songbook*, p. 189).

Mag-anak nati’y tipunin,
Sa pananalangin.
Ama’y pasalamatan,
Sa biyayang nakamtan.

- Ano ang binabanggit natin sa mga pangmag-anak na panalangin?

Ipaliwanag na ang mga bagay na sinasabi natin sa mga pangmag-anak na panalangin ay katulad din ng mga sinasabi natin sa sarili nating mga panalangin sa umaga at gabi. Ngunit sa mga pangmag-anak na panalangin ay binabanggit natin ang mga bagay na may kinalaman sa buong mag-anak, hindi lamang sa ating mga sarili.

Awit

Pagbalik-aralan ang mga bagay na binabanggit natin kapag nananalangin tayo sa pamamagitan ng pag-awit o pagbigkas ng mga salita sa pangalawang talata ng “Ako ay Nananalangin nang may Pananampalataya” (I Pray in Faith, *Children’s Songbook,* p. 14).

Simula ko’y, “Mahal na Ama sa Langit”;
Salamat sa pagpapala;
At sa kanya’y hihingin ang kailangan,
Sa pangalan ni Jesus, Amen.

(© 1987 ni Janice Kapp Perry. Ginamit nang may pahintulot.)

- Ano ang sinasabi natin sa simula ng panalangin?
- Ano ang sinasabi natin sa hulihan ng panalangin?
- Ano ang dapat gawin ng lahat habang binibigkas ang panalangin?

Ipaliwanag na ang pagsasabi ng “amen” sa hulihan ng isang panalangin ay nangangahulugan na sumasang-ayon tayo sa binanggit sa panalangin.

Ipakita ang larawan 1–15, Pagbabasbas ng Pagkain. Ipaliwanag na nananalangin din tayo bilang isang mag-anak kapag humihingi tayo ng pagbabasbas sa ating pagkain.

- Ano ang sinasabi natin kapag humihingi tayo ng pagbabasbas sa pagkain? (Pinasasalamatan natin ang Ama sa Langit para sa pagkain at hinihiling sa kanyang basbasan ito.)

- Sino ang maaaring bumigkas ng panalangin upang humiling sa Ama sa Langit na basbasan ang pagkain?

Awit — Bigkasin muli ang mga salita sa "Ako ay Nananalangin nang May Pananampalataya."

**Tumatanggap tayo ng maraming biyaya sa pamamagitan ng sama-samang pananalangin bilang isang mag-anak**

Kuwento — Ginagamit ang mga ginupit na larawan 1–26 hanggang 1–29, isalaysay ang isang kuwento tungkol sa isang mag-anak na sama-samang nananalangin para sa isang kasapi ng mag-anak na naglilingkod sa misyon. Maaaring naisin mong gamitin ang sumusunod na mga ideya:

Si Catherine ay isang batang babae. Mahal niya ang kanyang mag-anak at alam na siya ay mahal nila. Kung minsan ang kanyang nakatatandang kapatid na [lalaki] na si Paul ay nagsasalaysay sa kanya ng mga kuwentong mula sa Biblia at sa Aklat ni Mormon. Pinag-aaralan ni Paul ang mga aklat na ito dahil sa nais niyang magpunta sa misyon at sabihin sa ibang mga tao ang tungkol sa mga ito.

Isang araw ay tumanggap ng liham si Paul. Nang buksan niya ang liham, siya ay tuwang-tuwa. "Magmimisyon na ako!" ang sabi niya. Pagkaraan ng ilang linggo, sa wakas ay nakahanda nang umalis si Paul. Bago siya umalis, ang mag-anak ay lumuhod para sa pangmag-anak na panalangin. Pinasalamatan ng ama ni Catherine ang Ama sa Langit para sa maraming biyayang tinanggap ng kanilang mag-anak at sa pagkakataon na makapaglingkod si Paul sa misyon. Hiniling niya sa Ama sa Langit na basbasan si Paul, na panatilihin siyang ligtas, at tulungan siyang maging isang mabuting misyonero. Ang panalangin ay nagdulot ng maligayang pakiramdam kay Catherine. Alam niyang tutulungan ng Ama sa Langit si Paul sa kanyang misyon. Si Catherine at ang kanyang mag-anak ay nanalangin araw-araw para kay Paul habang siya ay nasa kanyang misyon.

Ipaliwanang na maaaring sama-samang manalangin ang mga mag-anak para sa isang taong maysakit, para sa tulong sa isang suliranin ng mag-anak, para sa isang misyonero na nangangailangan ng tulong ng Ama sa Langit, at para sa marami pang mga dahilan. Ipaliwanag na maaari tayong manalangin para sa alinmang bagay na mahalaga sa atin. Gamitin ang Alma 34:19–27 upang tulungan ang mga bata na maunawaan kung kailan mananalangin.

Basahin muli nang malakas ang 3 Nephi 18:21. Paalalahanan ang mga bata na ipinangako ni Jesus na tayo ay pagpapalain kung nagkakaroon tayo ng pangmag-anak na panalangin.

Patotoo — Ipahiwatig ang iyong patotoo sa pangmag-anak na panalangin. Maaaring naisin mong pag-usapan ang tungkol sa isang panahon kung kailan pinatatag ng pangmag-anak na panalangin ang iyong sariling mag-anak.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Gawin ang sumusunod na talatang gawain na kasama ang mga bata:

Ito ang nanay ko, na tumutulong sa akin sa paglalaro *(itaas ang unang daliri):*
Ito ang tatay ko, na gumagawa sa buong maghapon *(itaas ang pangalawang daliri).*
Ito ang kuya ko, na napakalakas at napakatangkad *(itaas ang pangatlong daliri);*
Ito ang ate ko, na nais maglaro ng bola *(itaas ang pang-apat na daliri).*
At ako ito; ikinagagalak kong sabihin *(itaas ang hinlalaki).*
Sama-samang lumuluhod ang mag-anak namin sa panalangin *(itikom ang kamao).*

2. Isa-isang ihagis o iabot ang isang malambot na bagay katulad ng supot ng bins o bola sa mga bata. Pagkatapos na masapo ng mga bata ang bagay, hilingan silang magbanggit ng isang bagay na mapasasalamatan nila sa Ama sa Langit kapag binibigkas nila ang pangmag-anak na panalangin. Pagkatapos na magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata, ulitin ang gawain, na ipinababanggit sa mga bata ang mga bagay na maaari nilang hilingin sa Ama sa Langit kapag binibigkas nila ang pangmag-anak na panalangin.
3. Bigyan ang bawat bata ng isang pirasong papel at mga krayola o mga lapis. Ipaguhit sa mga bata ang mga larawan ng kanilang mga mag-anak na nananalangin. Pamagatan ang bawat larawan ng *Maligaya ako kapag sama-samang nananalangin ang aking mag-anak*.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Tulungan ang mga bata na ulitin ang talatang ito nang hanay sa hanay:

   Mahal natin ang Ama sa Langit;
   Pinasasalamatan natin siya kapag tayo'y nananalangin.
   Mahal tayo ng Ama sa Langit;
   Naririnig niya ang mga bagay na ating binabanggit.

2. Isalaysay ang kuwento ng isang mag-anak na sama-samang nananalangin at tumatanggap ng kailangang tulong. Halimbawa, maaaring naligaw ang isang mag-anak at pagkatapos ay nahanap nila ang daan; maaaring naiwala nila ang isang bagay at pagkatapos ay nahanap ito; o maaaring maysakit ang isa sa mag-anak at pagkatapos ay napagaling. Imungkahi na bilang karagdagan sa pananalangin para sa tulong, dapat alalahanin ng mag-anak na mag-alay ng panalangin ng pasasalamat pagkatapos na tanggapin ang tulong na kailangan nila. Paalalahanan ang mga bata na maligaya ang Ama sa Langit kapag pinasasalamatan natin siya para sa mga biyaya na ibinibigay niya sa atin.
3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa una at pangatlong mga talata ng "Thanks to Our Father" (*Children's Songbook*, p. 20).

# Maaari Akong Maging Masunurin

Aralin
28

---

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na naising sundin ang Ama sa Langit at si Jesucristo at upang sundin ang kanyang mga magulang.

---

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Daniel 3; Juan 14:15; at Efeso 6:1. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 35.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Magkakasamang kopya ng mga banal na kasulatan.
   b. Larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol (62307); larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento (62021); larawan 1–9, Panalangin sa Umaga (62310); larawan 1–46, Mga Batang Nagbibigay ng mga Bulaklak sa Ina; larawan 1–55, Sermon sa Bundok (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 212; 62166); larawan 1–56, Tatlong Lalaki sa Hurnong Nagniningas (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 116; 62093).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

---

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

May paggalang na hilingan ang mga bata na gawin ang ilang mga galaw, katulad ng pagtayo, pag-ikot, pag-abot sa itaas, paghipo sa mga daliri ng kanilang paa, at pag-upo. Pasalamatan sila sa paggawa ng iyong hiniling. Ipaliwanag na sila ay naging mga masunurin. Sinunod nila ang iyong mga tagubilin.

**Nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na sundin natin ang ating mga magulang**

Ipakita ang larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol.

- Ano ang ipinakikita ng larawang ito?

Ituro ang bata sa larawan at pag-usapan kung paanong ang bawat isa sa atin ay napunta sa mundo bilang mga sanggol. Paalalahanan ang mga bata na dahil ang mga sanggol ay napakaliit at walang magagawa, kailangan nila ang isang taong nakatatanda at higit na malaki upang alagaan sila.

- Sino ang nag-alaga sa inyo noong kayo ay sanggol pa?
- Sino ang nag-aalaga sa inyo ngayon?

Ipaliwanag sa mga bata na ang mga tao na nag-aalaga sa kanila, katulad ng kanilang mga magulang at iba pang mga kasapi ng mag-anak, ay nagmamahal sa kanila at nais na maging ligtas at maligaya sila.

- Ano ang itinuturo ng mga magulang ninyo na hindi ninyo dapat gawin?

Pag-usapan ang mga bagay na maaaring gawin ng mga bata na makasasakit sa kanila o makapagpapalungkot sa kanila, katulad ng paglalaro sa lansangan,

paghawak ng mainit na kalan, pagdampot ng isang matalim na kutsilyo, pagtakbo sa isang matarik na burol, o pakikipag-away sa kanilang mga kapatid.

- Bakit ayaw ng mga magulang ninyo na gawin ninyo ang mga bagay na ito?

Pag-usapan ang mga bagay na magagawa ng mga bata nang ligtas at maligaya, katulad ng paglalaro ng kanilang mga laruan, pagpunta sa mga pook na kasama ang kanilang mga magulang, at pagiging mabait sa kanilang mga kapatid.

- Bakit hinahayaan kayo ng mga magulang ninyo na gawin ang mga bagay na ito?
- Bakit dapat ninyong sundin ang inyong mga magulang?

Ipaliwanag na mahal tayo ng ating mga magulang at nais na gawin natin ang mga bagay na magpapanatili sa atin na ligtas at maligaya.

Gawain

Patayuin ang mga bata at ipagawa ang sumusunod na talatang gawain:

Nais ng mga paa ko ang tumatakbo *(tumakbo nang tahimik sa kinatatayuan),*
Nais ng mga kamay ko na maglaro *(iwagwag ang mga kamay),*
Ngunit kapag ang Inay [o Itay] ay nagsabi, "Halina" *(isenyas sa pamamagitan ng kamay),*
Kaagad akong sumusunod sa kanila.

- Ano ang inyong pakiramdam kapag sinusunod ninyo ang inyong mga magulang at lumalapit kapag tinatawag nila kayo?
- Ano ang inyong pakiramdam kapag ginagawa ninyo ang ibang bagay na hiniling ng inyong mga magulang na gawin ninyo?

Ipaliwanag na kapag sinusunod natin ang ating mga magulang, magiging maligaya ang ating pakiramdam. Maligaya rin ang ating mga magulang kapag sumusunod tayo.

Sabihin sa mga bata na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na sundin natin ang ating mga magulang. Basahin at ipaliwanag ang Mga Taga Efeso 6:1 sa mga bata.

Awit

Awitin o bigkasin ang mga salita sa lahat ng tatlong talata ng "Agad Susundin" (Quickly I'll Obey, *Children's Songbook*, p. 197).

Si Inay ay aking
Agad susundin.
Ang pinakamainam ay
Aking gagawin.

Si Itay ay aking
Agad susundin.
Ang pinakamainam ay
Aking gagawin.

Ako ay mahal ng
Ama sa Langit.
Ang pinakamainam ay
Aking gagawin.

**Nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na sundin natin ang mga kautusan**

Ipakita ang larawan 1–55, ang Sermon sa Bundok.

- Sino ang nasa larawang ito?

Ipaliwanag na noong nasa daigdig si Jesus, tinuruan niya ang mga tao ng nais ipagawa sa kanila ng Ama sa Langit. Ang mga aral na ito ay tinatawag na mga kautusan. Itaas ang mga banal na kasulatan. Sabihin sa mga bata na ang mga kautusan ay nasusulat sa mga banal na kasulatan.

Gawain

Buklatin ang inyong Biblia at basahin ang Juan 14:15. Ipaliwanag na sinabi ni Jesus ang mga salitang ito. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *tuparin* ay sundin. Ipaulit sa mga bata ang banal na kasulatan na kasama mo nang ilang ulit.

- Ano ang ilan sa mga kautusan na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na sundin natin?

Ginagamit ang mga sumusunod na larawan, pag-usapan ang ilan sa mga kautusan na maaaring masunod ng mga bata:

Larawan 1–5, Mag-anak na May Sanggol—mahalin ang ating mga mag-anak
Larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento—dumalo sa mga pulong sa Simbahan
Larawan 1–9, Panalangin sa Umaga—manalangin sa Ama sa Langit
Larawan 1–46, Mga Batang Nagbibigay ng mga Bulaklak sa Ina—maging mabait sa iba

- Ano ang ginagawa ng Ama sa Langit kapag sinusunod natin ang kanyang mga kautusan?

**Binibiyayaan tayo ng Ama sa Langit kapag sumusunod tayo**

Kuwento

Maikling isalaysay ang kuwento nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego, na matatagpuan sa Daniel 3. Ipakita ang larawan 1–56, Tatlong Lalaki sa Hurnong Nagniningas, sa angkop na pagkakataon. Ipaliwanag na ang isa sa mga kautusan ng Ama sa Langit ay ang tanging sa kanya tayo manalangin. Hindi tayo nananalangin sa ibang tao o sa mga rebulto, na katulad ng mga estatwa. Ipaliwanag na alam nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ang mga kautusan ng Ama sa Langit at nais na sundin ang mga ito. Iniligtas ng Ama sa Langit ang mga taong ito mula sa apoy dahil siya ay sinunod nila. Hindi sila sinunog ng apoy.

- Bakit hindi nasaktan sa pamamagitan ng apoy sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego?
- Ano sa palagay ninyo ang naging pakiramdam nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego nang sila ay iligtas ng Ama sa Langit mula sa apoy?

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong damdamin tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa ating mga magulang at Ama sa Langit at kay Jesus. Sabihin sa mga bata kung paano kayong tinutulungang maging maligaya ng pagsunod sa mga kautusan.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa unang talata ng “Keep the Commandments (*Children’s Songbook*, p. 146) o ang ikalawang talata ng “I Have Two Little Hands” (*Children’s Songbook*, p. 272).”
2. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagbibigay ng ilang tagubilin sa klase, katulad ng “tumayo” at “ilagay ang inyong mga kamay sa inyong ulo.” Pasunurin ang ibang mga bata sa mga tagubilin.
3. Gamitin ang bingwit mula sa aralin 11 at maghanda ng ilang isdang papel na may nakasulat na mga simpleng tagubilin, katulad ng “ihalukipkip

ang inyong mga kamay," "ulitin ang 'sabi ni Jesus na, Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos,'" "lumakad nang tahimik sa palibot ng silid," "ngumiti sa ibang mga bata," at "tulungan ang klase na awitin ang 'Ako ay Anak ng Dios.'" Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na manghuli ng isdang papel at sundin ang tagubilin na nakasulat sa isda.

4. Pagbalik-aralan ang kuwento ni Noe, na binibigyang-diin na si Noe at ang kanyang mag-anak ay naligtas mula sa baha dahil sinunod nila ang mga kautusan.
5. Bigyan ang bawat bata ng isang pirasong papel na kung saan ay naiguhit mo ang isang masayang mukha at naisulat ang mga salitang *Maligaya ako kapag ako ay sumusunod*. Pakulayan sa mga bata ang mga mukha.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na laro sa daliri:

   Masisipag na maliliit na daliri *(itaas ang isang kamao),*
   Sino ang tutulong sa ating sumunod?
   "Ako." "Ako." "Ako." "Ako." "Ako." *(iladlad ang isang daliri sa bawat "Ako" hanggang sa ang lahat ng mga daliri ay mailadlad),*
   Ang sabi ng masisipag na daliri.

2. Magdala ng ilang mga bagay na nagdudulot ng pangangalaga, katulad ng mga sapatos, mga sumbrero, at mga guwantes. Tanungin ang mga bata kung anong uri ng pangangalaga ang ibinibigay ng bawat bagay (halimbawa, pinangangalagaan ng mga sapatos ang ating mga paa; pinangangalagaan ng mga sumbrero ang ating mga ulo mula sa lamig o ang ating mga mata mula sa araw). Sabihin sa mga bata na kapag sinusunod natin ang ating mga magulang, tayo ay napangangalagaan din. Pag-usapan ang ilang mga alituntunin at kung paano tayong pinangangalagaan ng mga ito.
3. Itaas ang iyong mga kamay at ipakita sa mga bata kung paano mong naigagalaw ang iyong mga daliri. Ipataas sa mga bata ang mga kamay nila, ipagalaw ang kanilang mga daliri at ibukas at isara ang kanilang mga kamay. Ipaliwanag na maigagalaw natin ang ating sariling mga kamay at daliri, ngunit hindi ng iba. Ipaliwanag na mauutusan nating sumunod ang ating mga kamay kapag hinilingan tayo ng isang tao na gawin ang isang bagay. Ang paggawa nito ay nagpapaligaya sa ating damdamin.
4. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain habang binibigkas mo ang mga salita:

   Mahal Ko ang Aking mga Kamay

   Mahal ko ang aking mga kamay; sila ay aking mga kaibigan *(ilagay sa harapan ang mga kamay at tumingin sa mga ito).*
   Masisipag sila at matulungin sa buong maghapon *(isadula ang mga gawain na ginagawa ng mga kamay).*
   Tahimik silang naihahalukipkip *(ihalukipkip ang mga kamay)* o naipapalakpak nang napakalakas *(pumalakpak)!*
   Kapag ginagawa nila ang tama, ito'y aking ikinatutuwa!

# Maaari Kong Sabihing Ikinalulungkot Ko

Aralin 29

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na kapag nakagagawa tayo ng isang bagay na mali, dapat na sabihin nating ikinalulungkot natin at sikaping itama ang maling bagay na nagawa natin.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Mosias 27:8–37.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a.Isang Aklat ni Mormon.
   b.Isang maliit na laruang magkakasya sa bulsa.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawain na Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Habang papasok ang mga bata sa silid o nagtitipon para sa aralin, sadyaing gumawa ng ilang pagkakamali sa pagsasaayos ng silid-aralan o paghahanda para sa aralin. Maaari mong—

- Ihulog ang isang bagay sa sahig.
- Ilagay ang upuan nang patalikod.
- Ipakita ang isang larawan nang pabaligtad.
- Simulang isulat ang isang bagay sa pisara o sa isang pirasong papel at pagkatapos ay burahin ito o ekisan ito.

Pagkatapos ng bawat pagkakamali ay sabihing, "Ikinalulungkot ko; nagkamali ako." Pagkatapos ay itama ang pagkakamali.

Tanungin ang mga bata kung napansin nila ang lahat ng mga pagkakamali na nagawa mo. Ituro na ang bawat isa ay nakagagawa ng mga pagkakamali.

**Minsan ay gumagawa tayo ng mga bagay na mali**

Ipaliwanag na habang lumalaki tayo at natututong piliin ang tama, minsan ay nakagagawa tayo ng mga maling pagpili. Ang mga ito ay hindi lamang mga pagkakamali na katulad ng paglalagay ng isang larawan nang pabaligtad; ang mga ito ay mga pagkakataong nakagagawa tayo ng isang bagay na mali, isang bagay na ayaw ipagawa sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesus at ng ating mga magulang. Sa pamamagitan ng paggawa ng mga maling pagpili, maaaring mapalungkot natin ang ating sarili at ang ibang mga tao.

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento sa sarili mong mga salita, na gumagamit ng isang maliit na laruan upang mailarawan ito:

Sina Travis at Matt ay masayang naglalaro sa bahay nina Matt. Nagustuhan ni Travis ang mga laruan ni Matt at hinangad na sana ay sa kanya ang mga ito. Nagpasiya si Travis na hiramin ang ilan sa mga laruan nang hindi nagpapaalam kay Matt at inilagay ang mga ito sa kanyang bulsa.

Nang pinaglalaruan na ni Travis ang mga laruan sa tahanan, siya ay hindi gaanong masaya. Tinanong siya ng kanyang ina kung bakit hindi siya maligaya. Sinabi ni Travis sa kanyang ina na hiniram niya ang mga laruan ni Matt nang hindi nagpapaalam at ngayon ay ikinalulungkot niya ito.

Sinabi ng ina ni Travis sa kanya na mali ang kumuha ng isang bagay na pag-aari ng iba. Tinanong niya si Travis kung ano ang dapat niyang gawin upang maitama ang kanyang maling pagpili. Nais ni Travis na isauli ang mga laruan, ngunit natatakot siya na maaaring galit sa kanya si Matt. Sinabi ng ina ni Travis na kahit na maaaring galit si Matt, ang pagsasauli ng mga laruan ang tamang bagay na dapat gawin. Sinabi din niya kay Travis na ang pagsasabi niya kay Matt na nagsisisi siya ay mag-aalis sa masamang damdamin na nasa kanya dahil sa paggawa ng isang bagay na mali.

Isinauli ni Travis ang mga laruan kay Matt. Sinabi niyang ikinalulungkot niya ang pagkuha sa mga laruan nang walang paalam at nangakong hindi na ito muling gagawin. Naligayahan si Matt sa pagsasauli ni Travis sa mga laruan. Ikinagalak ni Travis ang pagsasabi ng totoo at pagtatama ng mga bagay (hinango mula sa Pat Graham, “Travis Repents,” *Friend*, Mar. 1987, p. 40–41).

- Ano ang maling nagawa ni Travis?
- Ano ang naging pakiramdam ni Travis nang kunin niya ang mga laruan ni Matt?

Ipaliwanag na kapag nakagagawa tayo ng maling bagay ay malungkot ang ating kalooban. Isang paraan ito ng pagtulong sa atin ng Ama sa Langit na malaman na nakagawa tayo ng isang maling bagay.

- Ano ang ginawa ni Travis upang maalis ang masamang damdamin?
- Ano ang naging pakiramdam ni Travis nang isauli niya ang mga laruan ni Matt at sinabing siya ay nagsisisi?

**Dapat nating sabihing ikinalulungkot natin**

- Ano ang pakiramdam ninyo kapag nakagagawa kayo ng maling bagay?
- Ano ang maaari ninyong gawin upang maialis ang masasamang damdamin?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag nalaman natin na nakagawa tayo ng mali, kailangang aminin natin ito. Pagkatapos ay kailangan nating sabihing “Ikinalulungkot ko.” Kailangan din nating sikaping itama ang nagawa nating mali at ipangako na hindi na natin ito muling gagawin.

Gawain

Patayuin ang mga bata at ipagawa ang sumusunod na talatang gawain na kasama ka:

Kapag nakagagawa ako ng isang bagay na mali *(iwagwag ang mga daliri sa may tagiliran),*
“Ikinalulungkot ko,” ang wika ko.
Pakiramdam ko’y napakalungkot *(ibaba ang mga sulok ng bibig sa pamamagitan ng mga daliri, na sumisimangot)*
Sa bagay na ngayo’y ginawa ko.

Aking pagbubutihin *(ilagay ang mga kamay sa balakang at itangu-tango ang ulo);*
Sa abot ng makakaya'y susubukin.
Ako'y magiging maligaya *(ngumiti)*
Kung aking gagawin ang tama *(ihalukipkip ang mga kamay at itango ang ulo).*

**Dapat nating gawin ang lahat ng makakaya natin upang maitama ang mali**

Kuwento

Ipakita sa mga bata ang Aklat ni Mormon. Sabihin sa kanila na ang Aklat ni Mormon ay nagsasabi tungkol sa isang taong nakagawa ng mali.

Buklatin ang Aklat ni Mormon at isalaysay ang kuwento ni Alma, na matatagpuan sa Mosias 27:8–37. Ipaliwanag na ayaw makinig ni Alma sa kanyang ama. Sinuway niya ang Ama sa Langit at si Jesus. Gumawa siya ng maraming maling bagay. Sinabi niya sa mga tao ang mga bagay na hindi totoo tungkol sa Simbahan. Maraming tao ang naniwala sa kanya at ayaw makinig sa mga pinuno ng Simbahan.

Ipaliwanag na nagbago si Alma sa paggawa ng mga maling bagay tungo sa paggawa ng mga tamang bagay. Sinikap niyang itama ang mga maling bagay na nagawa niya sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga tao ng katotohanan.

- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ni Alma nang malaman niyang ginagawa niya ang mga maling bagay? (Tingnan sa Mosias 27:29.)
- Paano sinikap ni Alma na itama ang mga maling bagay na kanyang nagawa? (Tingnan sa Mosias 27:32, 35–36.)
- Ano sa palagay ninyo ang nadama ni Alma nang simulan niya ang pagtuturo ng katotohanan sa mga tao?
- Kapag nakagagawa kayo ng maling bagay, bakit dapat ninyong sikaping itama ito?

Magbahagi ng isang simpleng pansariling karanasan tungkol sa isang panahon nang sabihin ninyong ikinalulungkot ninyo. Sabihin sa mga bata kung ano ang iyong pakiramdam at kung paano mo sinikap na itama ang maling bagay na nagawa mo.

Pagbalik-aralan ang mga bagay na kailangan nating gawin kapag nalaman natin na nakagawa tayo ng isang maling bagay:

1. Aminin na nakagawa tayo ng isang maling bagay.
2. Sabihing "Ikinalulungkot ko."
3. Mangakong hindi na ito uulitin.
4. Gawin ang lahat ng ating makakaya upang maitama ang nagawa nating mali.

Ipaliwanag na ang magkakasamang hakbang na ito ay tinatawag na pagsisisi. Maligaya ang Ama sa Langit at si Jesus kapag pinagsisisihan natin ang mga maling bagay na ginagawa natin.

Ipatalakay sa mga bata kung paano nila masusunod ang mga hakbang na ito ng pagsisisi sa sumusunod na mga kalagayan:

- Ano ang dapat ninyong gawin kung kinuha ninyo ang isang bagay na hindi sa inyo?

- Ano ang dapat ninyong gawin kung may nasabi kayong hindi mabuti sa isang tao?
- Ano ang dapat ninyong gawin kung hindi ninyo sinabi ang totoo sa inyong mga magulang?
- Ano ang dapat ninyong gawin kung may isang tao kayong itinulak?

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging mapagpatawad tayo. Himukin ang mga bata na manalangin at hilingin sa Ama sa Langit na tulungan silang patawarin ang iba.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa “Repentance” (*Children’s Songbook,* p. 98). Ipaliwanag na ang pagsisisi ay nangangahulugan ng pagsasabing ikinalulungkot ninyo ang nangyari, na nangangakong hindi na muling gagawin ang maling bagay, at sikaping itama ang maling bagay.
2. Paglaanan ang bawat bata ng isang piraso ng luwad o laruang masa. Ipakita sa mga bata kung paano pagulungin ang luwad o laruang masa at gawing bola at pagkatapos ay palaparin ito. Tulungan silang gumawa ng nakangiting mukha sa luwad o laruang masa upang paalalahanan sila na kapag sinasabi nilang "Ikinalulungkot ko" ay magiging mabuti ang kanilang pakiramdam. (Ang resipe ng laruang masa ay matatagpuan sa pahina xx ng manwal na ito.)
3. Bigyan ang bawat bata ng isang pirasong papel at isang krayola o lapis. Paguhitin ang bawat bata ng nakangiting mukha. Pamagatan ang larawan ng *Maaari akong maging maligaya kapag sinasabi kong nalulungkot ako*.
4. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "I Want to Live the Gospel" (*Children's Songbook*, p. 148).

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. “Hindi sinasadyang” ihulog ang isang kahon ng mga krayola o iba pang maliliit na bagay sa sahig. Sabihin sa mga bata na ikinalulungkot mong naihulog mo ang mga krayola, at pagkatapos ay itanong kung ano ang dapat mong gawin upang mapabuti ang kalagayan. Habang inililigpit mo, sabihin sa mga bata na higit na mabuti ang iyong pakiramdam kung maayos at malinis na muli ang sahig. Anyayahan ang mga bata na tulungan kang maglinis.

   Ipaliwanag na kung minsan ay gumagawa tayo ng mga bagay na nakapagpapalungkot sa atin at sa ibang tao. Kapag nangyari ito, dapat nating sabihing “Ikinalulungkot ko” at sikaping higit na mapagbuti ang mga bagay. Pasalamatan ang mga bata sa pagtulong sa iyo sa paglilinis, at paalalahanan sila na maligaya sila kapag tumutulong sa iba.

2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Jesus Said Love Everyone" (*Children's Songbook,* p. 61).
3. Ipabigkas sa mga bata ang isang malaking salita, katulad ng *hippopotamus*. Sabihin sa kanila na mahirap bigkasin minsan ang ilang mga salita. Ipaliwanag na maaaring mahirap sabihing "Ikinalulungkot ko" kapag nakagawa tayo ng isang maling bagay. Ipaliwanag na maging kapag ang mga salitang "Ikinalulungkot ko" ay mahirap sabihin, makatutulong ang mga ito na baguhin ang mga malungkot na damdamin tungo sa higit na mabuting damdamin.
4. Magsalaysay ng isang kuwento tungkol sa dalawang bata na magkasamang naglalaro. Kapag nabunggo ng isang bata ang isa pa, ang unang bata ay magsasabing, "Ikinalulungkot ko" at sisikaping tulungan ang nasaktan na maging mabuti ang pakiramdam. Isama ang ideya na pagbabago ng malungkot na damdamin tungo sa maligayang damdamin. Maaaring naisin mong gamitin ang larawang Nakangiti/Nakasimangot na Mukha mula sa aralin 21. Pahawakan sa bata ang larawan at ipihit ito upang ipakita ang damdamin ng mga bata sa kuwento.

Aralin
30

# Maaari Kong Patawarin ang Iba

**LAYUNIN** Upang himukin ang bawat bata na maging mapagpatawad.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Genesis 37:12–28; 41:38–43; 42:1–8; 45:1–15; Mateo 18:21–22; at Lucas 23:33–34.
2. Maghanda ng maliliit na pirasong papel at isulat sa bawat papel ang pangungusap na katulad ng isa sa mga sumusunod:
   - May humampas sa inyo at itinulak kayo.
   - Ayaw ng isang tao na maglaro kayo sa laro.
   - Nabasag ng isang tao ang isang bagay na sa inyo.
   - May tumawag sa inyo ng hindi magandang pangalan.
   - May kumuha sa pinaglalaruan ninyo at ayaw ibahagi ito.

   Maghanda ng isang pirasong papel para sa bawat bata sa klase (lumikha ng marami pang kalagayan kung kailangan). Ilagay ang mga papel sa isang maliit na kahon na pinamagatang "Kahon ng Pagpapatawad."
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–47, Mga Batang Nag-aaway; larawan 1–57, Ipinagbili si Jose ng Kanyang mga Kapatid na Lalaki (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 109; 62525); larawan 1–58, Ipinakikilala ni Jose ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga Kapatid na Lalaki; larawan 1–59, Ang Pagpapako sa Krus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 230; 62505).
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan 1–47, Mga Batang Nag-aaway.

- Ano ang ginagawa ng mga batang ito?
- Bakit sa palagay ninyo nag-aaway sila?
- Ano sa palagay ninyo ang pakiramdam nila?
- Ano ang maaaring sabihin ng mga bata sa bawat isa upang tapusin ang pag-aaway at gawing higit na mabuti ang kanilang pakiramdam?

Pagbalik-aralan mula sa nakaraang aralin kung gaano kahalaga ang pagsasabi ng "Ikinalulungkot ko." Ipaliwanag na matapos sabihin ng mga bata na nalulungkot sila, dapat nilang patawarin ang isa't isa. Ang ibig sabihin nito ay hindi na sila dapat magalit sa isa't isa at dapat silang maging magkakaibigan. Ipaalala sa mga bata ang kuwento tungkol kina Matt at Travis mula sa nakaraang aralin. Pinatawad ni Matt si Travis sa pagkuha sa mga laruan. Magkaibigan pa rin sila.

### Pinatawad ni Jose ang kanyang mga kapatid na lalaki

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–57, Ipinagbili si Jose ng Kanyang mga Kapatid na Lalaki. Isalaysay ang kuwento tungkol kay Jose na ipinagbili sa Ehipto, na matatagpuan sa Genesis 37:12–28.

- Ano sa palagay ninyo ang nadama ni Jose nang ipagbili siya ng kanyang mga kapatid na lalaki bilang isang alipin sa Ehipto?

Ipaliwanag na si Jose ay naging isang mahalagang tao sa Ehipto (tingnan sa Genesis 41:38–43). Paglipas ng maraming taon, nagpunta ang mga kapatid na lalaki ni Jose sa Ehipto upang kumuha ng pagkain dahil wala silang sapat na pagkain sa kanilang sariling bansa. Natuklasan nila na buhay pa si Jose at siya ay isang mahalagang tao sa Ehipto (tingnan sa Genesis 42:1–8; 45:1–15).

Ipakita ang larawan 1–58, Ipinakikilala ni Jose ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga Kapatid na Lalaki.

- Ano sa palagay ninyo ang pakiramdam ni Jose nang makapiling muli ang kanyang mga kapatid na lalaki? (Tingnan sa Genesis 45:14–15.)
- Nagalit ba si Jose sa kanyang mga kapatid na lalaki? (Tingnan sa Genesis 45:5.)
- Ano sa palagay ninyo ang damdamin sa kanya ng mga kapatid niyang lalaki?
- Paanong ipinakita ni Jose na pinatawad na niya ang kanyang mga kapatid na lalaki? (Tingnan sa Genesis 45:5–15.)

Gawain

Papagkunwariing si Jose ang isang bata at magkunwari ang ibang mga bata na mga kapatid na lalaki ni Jose. Tulungan ang mga bata na isadula ang kuwento ni Jose na muling nakapiling ng kanyang mga kapatid na lalaki at pinatatawad sila.

### Sinabihan tayo ni Jesus na maging mapagpatawad

Itaas ang isang kopya ng Biblia. Ipaliwanag na sa Biblia, sinabi ni Jesus sa atin na maging mapagpatawad. Isa sa mga apostol ni Jesus ang nagtanong sa kanya tungkol sa pagpapatawad sa iba (tingnan sa Mateo 18:21–22). Sinabi sa kanya ni Jesus na dapat tayong magpatawad palagi. Ipaliwanag na sinasabi din sa atin ng Biblia na si Jesus ay mapagpatawad.

Ipakita ang larawan 1–59, Ang Pagpapako sa Krus. Ipaliwanag na naging napakalupit ng mga kawal kay Jesus. Siya ay hinampas nila at dinuraan. Ibinaon ng mga kawal ang mga pako sa mga kamay at paa ni Jesus at ibinayubay siya sa krus upang mamatay. Ipaliwanag na pinatawad ni Jesus ang mga kawal. Hindi siya galit sa mga kawal sa kanilang ginawa sa kanya. (Mag-ingat na maging napakadula habang isinasalaysay mo ang kuwentong ito. Ang ilang bata ay maaaring napakasensitibo sa ideyang sinasaktan ng mga tao si Jesus.)

Buklatin sa Lucas 23:34 at sabihin sa mga bata ang sinabi ni Jesus nang manalangin siya sa Ama sa Langit bago siya namatay: "Ama, patawarin mo sila." Ipaulit nang ilang beses sa mga bata ang pariralang ito nang malakas.

- Kahit na sinaktan ng mga kawal si Jesus, ano ang ginawa niya?
- Ano ang nais ni Jesus na gawin natin kung may taong nagpalungkot sa atin o nagpagalit?

Gawain

Hilingin sa mga bata na gawin ang lahat ng ginagawa mo. Hayaang sundan ka nila habang ikaw ay nakatayo, nag-iinat, nakangiti, nakaupo at nakahalukipkip ang mga kamay. Ipaliwanag na dahil ginawa nila ang lahat ng bagay na ginawa

mo, sila ay sumusunod sa iyo. Kung sinusunod mo ang isang tao, ginagawa mo rin ang bagay na ginagawa ng taong iyon. Kapag pinatatawad natin ang iba, sinusunod natin si Jesus. Ginagawa natin ang ginawa niya. Nais ni Jesus na patawarin natin ang mga nagpapalungkot at gumugulo sa atin.

**Maaari nating patawarin ang iba**

Gawain

Ipakita ang "Kahon ng Pagpapatawad" at isa-isang anyayahan ang mga bata na kumuha ng isang pirasong papel mula dito.

Basahin ang bawat pangungusap at itanong ang katulad ng mga sumusunod:

- Nangyari na ba ito sa inyo?
- Ano ang magiging pakiramdam ninyo dito?
- Ano ang dapat sabihin ng taong nagpalungkot o nagpagalit sa inyo?
- Ano ang dapat ninyong gawin o sabihin sa taong naging malupit sa inyo o nagpalungkot o nagpagalit sa inyo?

Ikuwento ang isang pagkakataon nang magpatawad ka ng isang tao at kung ano ang naramdaman mo. Tulungan ang mga bata na maunawaan na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging mapagpatawad tayo.

Awit

Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa "Ama Tulungan na Magpatawad" (Help Me, Dear Father, *Children's Songbook*, p. 99).

Ama tulungan na magpatawad,
Sa lahat ng sa 'ki'y malupit
Bawat araw, aking dasal;
Ako'y tulungang mapalapit.

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging mapagpatawad tayo. Himukin ang mga bata na manalangin at hilingin sa Ama sa Langit na tulungan silang maging mapagpatawad.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Pagbalik-aralan ang kuwento ng alibughang anak, na matatagpuan sa Lucas 15:11–32. Gamitin ang larawan 1–49, Ang Alibughang Anak. Tulungan ang mga bata na maunawaan na mahal ng ama ang kanyang anak na lalaki at pinatawad siya.

2. Gawin ang sumusunod na laro sa daliri. Anyayahan ang mga bata na gawin ang mga galaw na kasama mo.

   Dalawang maliliit na magkaibigan, isang kaliwa at isang kanan (itaas ang *kapwa kamay na nakatikom ang mga kamao*),
   Ang nagsimulang mag-away at nagsimulang magsuntukan (magkaharap na *paikutin ang bawat kamao*).
   Sa araw na iyon ay hindi natuwa ang maliliit na magkaibigan,
   Sapagkat sila'y tinuruang maglaro sa tamang paraan.
   Sa gayo'y yumuko ang isang kaibigan sa kahihiyan (*iyuko ang kanang kamao at italikod*);

Gayundin ang ginawa ng isang kaibigan (*iyuko ang kaliwang kamao at italikod din*).
Ang unang maliit na kaibigan ay nagsabing, "Alam ko na ang aking gagawin (*ipalakpak ang mga kamay*)."
Upang ipakitang ako'y nagsisisi, hihingi ako ng kapatawaran sa iyo."
"Ikinalulungkot ko rin," ang sabi ng isa,
"Halina't maglaro at sa maghapon ay maging maligaya" (*ihalukipkip ang mga kamay at maupo*).

3. Gumawa ng simpleng etiketa upang isuot pauwi ng bawat bata. Isulat sa bawat etiketa ang Maaari akong maging mapagpatawad.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Pagbalik-aralan ang kuwento mula sa aralin 29 tungkol sa dalawang bata na naglalaro (tingnan sa Mga Karagdagang Gawain Para sa Mas Maliliit na Bata, gawain 4). Sabihin kung paanong pinatawad ng nasaktang bata ang isa pa.
2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Lahat ay Magmahalan, Sabi ni Jesus" (Jesus Said Love Everyone, *Children's Songbook*, p. 61) o kaya ang "Jesus Wants Me for a Sunbeam" (*Children's Songbook*, p. 60).
3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Kung Ikaw ay Masaya" (If You're Happy, *Children's Songbook*, p. 266). Ipaliwanag sa mga bata na kapag pinatatawad natin ang mga malupit sa atin, magiging maligaya ang ating pakiramdam.

Aralin
31

# Nagpapasalamat Ako Para sa Aking Tahanan

**LAYUNIN**

Upang himukin ang bawat bata na makadama ng pagpapasalamat para sa kanyang tahanan at upang tumulong na mangalaga nito.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang 1 Nephi 2:2–6; 17:7–8; at 6, 23.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon.
   b. Isang sisidlan na may tubig, isang sisidlan na may lupa at isang maliit na sanga. Kung mamarapatin mo, magdala ng mga larawan ng isang lawa, lupa at isang puno.
   c. Papel at krayola o mga lapis.
   d. Larawan 1–60, Si Lehi at ang Kanyang mga Tao ay Dumating sa Lupang Pangako (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 304; 62045); larawan 1–61, Paglalakbay Mula sa Nauvoo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 410; 62493).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang sisidlan o larawan ng tubig at itanong kung anong mga hayop o mga kulisap ang tumitira sa tubig. Tulungan ang mga bata na mag-isip ng marami hangga't maaari. Ipakita ang lupa at pagkatapos ang sanga, at tulungan ang mga bata na mag-isip ng mga hayop at mga kulisap na gumagawa ng kanilang tahanan sa lupa at mga puno.

- Ano sa palagay ninyo ang magiging anyo ng inyong tahanan kung ito ay nasa tubig?
- Ano ang maaaring mangyari kung ang inyong tahanan ay nasa isang puno?

**Maraming iba't ibang uri ng mga tahanan**

Ipaliwanag na ang mga hayop at mga kulisap ay nakatira sa maraming iba't ibang uri ng tahanan. Ang mga tao ay nakatira din sa iba't ibang uri ng mga tahanan.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–60, si Lehi at ang Kanyang mga Tao ay Dumating sa Lupang Pangako, at ipakita ang Aklat ni Mormon habang isinasalaysay mo ang tungkol kay Lehi at sa kanyang mag-anak at ang mga uri ng mga tahanan na kanilang tinirahan (tingnan sa 1 Nephi 2:2–6; 17:7–8; at 18:6, 23). Ang mag-anak ni Lehi ay may maginhawang tahanan sa Jerusalem , ngunit nang sabihin ng Panginoon sa kanila na lisanin ang Jerusalem, sila ay naglakbay sa disyerto at nanirahan sa mga tolda. Pagkalipas ng maraming taon ay inutusan ng Panginoon si Nephi, ang anak na lalaki ni Lehi, na magtayo ng isang sasakyang-dagat. Si Lehi at ang kanyang mag-anak ay tumira sa sasakyang-

dagat habang naglalakbay sila patungo sa lupang pangako, isang pook na inihanda ng Ama sa Langit at ni Jesus upang kanilang tirahan. Pagkatapos na dumating sa lupang pangako, muling nanirahan sa mga tolda si Lehi at ang kanyang mag-anak hanggang sa makapagtayo sila ng higit na pangmatagalang mga tahanan.

- Anong iba't ibang uri ng mga tahanan ang tinirahan ni Lehi at ng kanyang mag-anak?

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–61, Ang Paglalakbay Mula sa Nauvoo. Sabihin ang tungkol sa mga naunang kasapi ng Simbahan na nagtatag ng isang lungsod na tinawag na Nauvoo. Masipag silang gumawa upang maitayo ang kanilang mga tahanan at ang isang magandang templo. Ngunit ang ilang tao sa paligid ng Nauvoo ay hindi nalugod sa mga kasapi ng Simbahan at pinilit silang lumisan. Naglakbay ang mga kasapi ng Simbahan na ang tanging dala ay ang mga ari-arian na nagkasya sa mga natataklubang bagon. Dahil sa ang mga natataklubang bagon ay maliliit, kinailangang iwanan ng marami sa mga bata ang kanilang mga laruan. Ang ilan sa mga tao ay tumira sa kanilang natataklubang bagon at sa mga tolda nang mahabang panahon.

- Bakit magiging mahirap ang tumira sa isang natataklubang bagon o tolda?

Gawain

Patayuin ang mga bata at ipagawa ang sumusunod na talatang gawain:

Ang mga batang tagabunsod ay naglakad at nag-usap-usap (*lumakad sa kinatatayuan*);
Pagkatapos sila ay naglaro at kandirit na nagpalundag-lundag (*lumundag o tumalon sa kinatatayuan*).
Nang gumabi, mga tala'y nagkislapan at nagningning (*isara at ibukas ang mga kamay*);
Sa loob ng kanilang mga bagon ay natulog at nanaginip (*ipikit ang mga mata, ihimlay ang ulo sa mga kamay*).

**Ang tahanan ay isang pook kung saan tayo ay minamahal**

Ipaliwanag na ang uri ng tahanan na ating tinitirahan ay hindi mahalaga. Maaari tayong tumira sa isang malaking bahay, sa isang maliit na bahay, isang paupahang-bahay, isang tolda o isang bangka. Ang mahalagang bagay ay na ang ating mga tahanan ay mga pook kung saan nagmamahalan ang bawat isa sa mga kasapi ng mag-anak. Magsabi ng tungkol sa iyong sariling tahanan at kung ano ang ginagawa mo upang gawin itong kaibig-ibig na pook.

- Bakit gusto ninyong nasa tahanan?
- Paano ninyo malalaman na mahal kayo ng inyong mag-anak?
- Nagpalipas na ba kayo ng gabi nang malayo sa tahanan?
- Saan kayo natulog?
- Ano ang naging pakiramdam ninyo nang magbalik kayo sa inyong sariling tahanan?

Paalalahanan ang mga bata kung gaano kasarap ang magbalik sa kanilang sariling mga tahanan at mga higaan.

Awit

Hayaang tumayo ang mga bata at makinig habang binibigkas mo ang mga salita sa “Tahanan” (Home, *Children's Songbook*, p. 192). Sabihin sa mga bata na yakapin ang kanilang mga sarili sa tuwing maririnig nila ang salitang

*tahanan*. Kung nanaisin mo, ulitin ang talata at hayaang awitin o bigkasin ng mga bata ang mga salita na kasama ka.

Puso'y masaya
Kapag nasa tahanan.
Dito matatagpuan
Ang pagmamahalan.

(© 1975 ng Sonos Music, Orem, Utah. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Ginamit nang may pahintulot).

**Matutulungan natin ang ating mga mag-anak na pangalagaan ang ating mga tahanan**

Ipaliwanag na kailangan nating pangalagaan ang ating mga tahanan upang ang mga ito ay maging mabuting pook na titirahan. Ang bawat kasapi ng mag-anak ay dapat na tumulong na panatilihing masinop at malinis ang tahanan.

Gawain

Ipasadula sa mga bata ang mga bagay na magagawa nila upang tumulong na mapanatiling masinop at malinis ang kanilang mga tahanan, katulad ng pagdampot ng kanilang mga laruan, pagwawalis ng sahig, at pagtutupi at pagliligpit ng kanilang mga damit.

Anyayahan ang mga bata na isa-isang lumapit at tumayo sa tabi mo. Ilarawan sa bawat bata ang kalagayan kung saan siya ay maaaring maging mabuting tagatulong sa tahanan. Tanungin ang bata kung ano ang kanyang gagawin sa bawat kalagayan upang makatulong. Gamitin ang sumusunod na halimbawa o gumawa ng mga sarili mong kalagayan upang umangkop sa mga kasapi ng klase:

- Natapon ang isang basong tubig sa sahig nang hindi mo sinasadya. Ano ang dapat mong gawin?
- Naglaro ka ng iyong maliliit na piraso ng kahoy sa buong maghapon. Ngayon ay oras na para kumain. Ano ang gagawin mo sa iyong maliliit na piraso ng kahoy?
- Nagmamadali ang iyong ina sa paghahanda ng hapunan sa mesa. Kailangan niya ng isang tao upang maiayos ang mesa bago makakain ang mag-anak. Ano ang maaari mong gawin?
- Nalabhan na ang iyong mga damit at maayos na naitupi. Ano ang dapat mong gawin sa mga ito ngayon?
- Naglalaro ka sa labas at punung-puno na ng putik ang iyong mga sapatos. Ano ang dapat mong gawin bago ka pumasok sa bahay?
- Magulo ang iyong higaan nang umagang magbangon ka mula rito. Ano ang dapat mong gawin dito?

Himukin ang mga bata na pag-usapan ang mga bagay na ginagawa nila upang makatulong sa pagpapanatiling masinop at malinis ng kanilang mga tahanan. Sabihin sa mga bata kung paano kang gumagawa upang mapanatiling masinop at malinis ang iyong tahanan.

Gawain

Bigyan ang mga bata ng papel at mga krayola o lapis at hayaan ang mga bata na gumuhit ng larawan ng isang bagay na gagawin niya sa buong linggo upang makatulong sa tahanan. Pamagatan ang bawat larawan ng *Nagpapasalamat ako para sa aking tahanan*.

Patotoo

Ibahagi ang iyong damdamin tungkol sa iyong tahanan at ipahiwatig ang iyong pasasalamat sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pagbibigay biyaya sa iyo ng isang tahanan.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Magdala ng ilang pangkaraniwang kagamitang pantahanan (kahit isa lamang para sa bawat bata) sa isang supot. Hayaang pumili ang bawat bata ng isang bagay mula sa supot at ipaliwanag kung paano gamitin ito habang tumutulong sa paligid ng bahay. Halimbawa, ang isang tela ay magagamit sa pagpupunas ng alikabok o pagpapatuyo ng mga pinggan, ang isang kutsara ay magagamit kapag inihahanda ang mesa para sa pagkain, at ang isang laruan ay maaaring iligpit kapag naglilinis ng silid.
2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Masayang Gawain," (Fun to Do, *Children's Songbook*, p. 253), na ginagamit ang mga parirala na katulad ng "Ang pagliligpit ng higaan ay masayang gawain" o "Ang pag-aayos ng mesa ay masayang gawain" habang isinasadula (pantomime) ang galaw.
3. Bakasin ang mga kamay ng bawat bata sa isang pirasong papel upang maiuwi. Pamagatan ang bawat papel ng *Ako ay may mga kamay na tumutulong*. Pag-usapan ang maaaring gawin ng mga kamay ng mga bata upang makatulong.
4. Papagkunwariin ang mga bata na ang kanilang mga upuan ay mga natataklubang bagon. Hayaang hilahin nila ang kanilang mga upuan at gumawa ng malaking bilog na katulad ng ginawa ng mga tagabunsod kapag gabi na bilang pananggalang mula sa mga hindi magiliw na mga tao at mababangis na hayop. Hayaang isadula nila ang pagsisiga at pagluluto ng hapunan, pag-aawitan at pagsasayawan pagkatapos ng hapunan, at paglulan sa kanilang mga bagon (mga upuan) upang matulog.
5. Magdala ng mga larawan ng iba't ibang mga tahanan, o iguhit ang mga ito sa pisara o sa isang pirasong papel. Talakayin sa mga bata kung saang yari ang bawat bahay at kung paano ang tumira dito. Maaari mong isama ang isang tolda, isang *igloo* (bahay na yari sa mga bloke ng yelo na pabilog ang bubong), isang kastilyo, isang kubo at isang bahay na nasa tayakad.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "When We're Helping" (*Children's Songbook*, p. 198). Ipasadula ng mga bata ang mga bagay na magagawa nila upang makatulong sa paligid ng kanilang mga tahanan.
2. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na laro sa daliri:

Masisipag na maliliit na daliri (*itaas ang isang kamao*),
Sino ang tutulong sa ating sumunod?
"Ako." "Ako." "Ako." "Ako." "Ako." (*magiladlad ang isang daliri sa bawat "Ako" hanggang sa ang lahat ng mga daliri ay mailadlad*),
Ang sabi ng masisipag na daliri.

Aralin
32

# Nagpapasalamat Ako Para sa Pagkain at Damit

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na makadama at magpahiwatig ng pasasalamat para sa pagkain at damit.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Genesis 1:11–12 at 1 Mga Hari 17:8–16.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Isang prutas o gulay na may mga buto sa loob.
   c. Isang supot ng bins o iba pang malambot na bagay.
   d. Ginupit na larawan 1–5, isda; ginupit na larawan 1–7, baboy; ginupit na larawan 1–8, tupa; ginupit na larawan 1–9, baka; ginupit na larawan 1–22, mga manok (ang mga katulad na ginupit na larawan ay matatagpuan sa pangkat 4 ng mga Ginupit na Larawang Pantulong sa Primarya); o maghanap ng mga larawan ng mga hayop na nagbibigay ng pagkain at kasuotan sa inyong pook.
   e. Larawan 1–15, Pagbabasbas sa Pagkain; larawan 1–50, Ako ay Nakapagbibihis.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ibigay ang mga sumusunod na tagubilin, na pinupunan ang mga patlang ng mga pangkaraniwang pagkain sa almusal:

Kung gusto ninyong kainin ang ________ para sa almusal, itaas ang isang kamay.

Kung gusto ninyong kainin ang ________ para sa almusal, itaas ang kabilang kamay.

Kung gusto ninyong kainin ang ________ para sa almusal, tumayo.

Magpatuloy sa pamamagitan ng iba pang mga galaw hanggang sa mabanggit ang kahit isa man lamang sa gustong pagkain ng bawat bata. Pagkatapos ay sabihing, “Kung nagpapasalamat kayo sa Ama sa Langit para sa pagkaing inyong kinakain, maupo kayo at ihalukipkip ang inyong mga kamay.”

**Ginagamit natin ang mga halaman at mga hayop bilang pagkain**

- Ano pa ang ibang pagkaing gusto ninyong kainin?
- Saan natin kinukuha ang ating pagkain?
- Sino ang lumikha sa mga halaman at mga hayop na pinagkukunan natin ng pagkaing kinakain?

Pag-usapan ang tungkol sa ilan sa mga pagkaing inyong kinakain at kung saan nanggagaling ang mga ito. Ipaliwanag na marami tayong nakukuhang pagkain mula sa mga halaman.

Biyakin o buksan ang prutas o gulay na iyong dinala at ituro ang mga buto.

- Ano ang mga ito?
- Bakit may buto ang mga halaman?

Ipaliwanag na binalak ng Ama sa Langit na magkaroon ng mga buto ang mga halaman upang sa gayon ay tumubo ang mga buto at dumami pa ang mga halaman na nagbibigay ng pagkain para sa atin (tingnan sa Genesis 1:11–12). Kapag ang isang halaman na katulad ng isang prutas o gulay ay tumubo, higit na maraming mga buto ang nalilikha.

Gawain

Gawin ang sumusunod na talatang gawain na kasama ang mga bata:

Itinatanim nang Malalim ang mga Buto

Itinatanim nang malalim ang mga buto (*yumuko at abutin ang sahig sa pamamagitan ng mga kamay*).
Sa lupa natutulog ang mga ito (*ipatong ang isang kamay sa isa pa, na magkataklob ang mga palad*).
Ang dilaw na araw ay maliwanag na sumisikat (*ilagay sa may uluhan ang mga kamay upang gumawa ng bilog*).
Ang mga patak ng ulan ay marahang bumabagsak (*iwagwag ang mga daliri habang papababa ang mga ito*).
Ang marahang hangin ay umiihip (*ikaway ang mga kamay sa may uluhan*).
Ang maliliit na buto ay nagsimulang lumaki (*ikawag-kawag ang mga daliri nang pataas mula sa sahig*).

- Tumulong na ba kayong magtanim ng mga buto?
- Ano ang itinanim ninyo?
- Anong mga pagkain ang nakukuha natin mula sa mga halaman?

Tulungang mag-isip ang mga bata ng ilang prutas, mga gulay at mga butil. Ipaliwanag na ang mga tinapay at *cereal* ay gawa sa mga butil. Sabihin sa mga bata kung gaano ang iyong pasasalamat sa Ama sa Langit para sa mga buto na lumalaki at nagiging mga prutas, gulay at mga butil.

Ipakitang muli ang mga buto.

- Ano ang kailangan ng mga butong ito upang tumubo?

Kuwento

Isalaysay ang kuwento ni Elias at ng balo ng Sarepta, na matatagpuan sa 1 Mga Hari 17:8–16. Tulungan ang mga bata na maunawaang walang sapat na pagkain dahil walang ulan. Kung walang ulan na nagdudulot ng tubig, walang pagkaing tutubo.

- Ano ang inyong magiging pakiramdam kung wala kayong makain na pagkain?
- Paano nabiyayaan ang balo sa pagbabahagi kay Elias ng kakaunting nasa kanya? (Tingnan sa 1 Mga Hari 17:15–16.)

Ipaliwanag na hindi lahat ng ating mga pagkain ay nagmumula sa mga halaman.

- Saan natin nakukuha ang gatas?
- Saan natin nakukuha ang mga itlog?
- Saan natin nakukuha ang karne?

Pag-usapan kung paano ang ilang pagkain ay nagmumula sa mga hayop. Ginagamit ang mga angkop na ginupit na larawan o mga larawan, talakayin ang mga hayop na ginagamit bilang pagkain sa inyong pook.

**Ginagamit natin ang mga halaman at mga hayop bilang damit**

Ituro na hindi lamang pagkain ang ating nakukuha mula sa mga halaman at mga hayop. Ipakita ang larawan 1–50, Ako ay Nakapagbibihis.

- Ano ang ginagawa ng batang lalaking ito?
- Ano ang inyong isinusuot kapag kayo ay nagbibihis?

Gawain

Ipasadula (pantomime) sa mga bata ang pagsusuot ng mga kagamitan sa pananamit katulad ng isang kamiseta, isang baro, sapatos, isang amerikana at isang sumbrero.

- Bakit kailangan natin ang damit? (Upang takpan ang ating mga katawan, upang pangalagaan ang ating mga katawan, upang panatilihin tayong mainit kapag malamig.)
- Sa anong bagay yari ang damit?

Kung mababanggit ng mga bata ang ilan sa mga kagamitang ginagamit sa paggawa ng damit, tanungin sila kung alam nila kung saan nanggaling ang mga ito. Ipaliwanag na nakakakuha tayo ng mga kagamitan para sa paggawa ng damit at mga sapatos mula sa mga halaman at ng mga hayop. Sabihin sa mga bata kung anong mga halaman o mga hayop ang nagbibigay ng mga kagamitang karaniwang ginagamit para sa damit sa inyong pook. Halimbawa, ang bulak at linen ay nagmumula sa mga halaman, ang seda ay nagmumula sa mga higad. Ang lana ay nagmumula sa tupa, at karamihan sa mga balat ay nagmumula sa mga baka.

**Makapagpapasalamat tayo para sa pagkain at damit**

Gawain

Hilingan ang mga bata na mag-isip ng mga pagkaing pinasasalamatan nila. Isa-isang ihagis o iabot ang isang supot ng mga bins o malambot na bagay sa bawat bata. Pabanggitin ang bawat bata ng pagkaing kanyang pinasasalamatan at pagkatapos ay ipahagis o ipaabot pabalik sa iyo ang supot ng bins. Talakayin kung saan nanggaling ang pagkain bago ihagis o iabot ang supot ng bins sa kasunod na bata. Paalalahanan ang mga bata na ang bawat halaman o hayop ay nilikha ni Jesus, sa ilalim ng pangangasiwa ng Ama sa Langit.

Ulitin ang gawain, na hinihiling sa bawat bata na magbanggit ng isang kagamitan sa pananamit sa halip na pagkain.

Ipakita ang larawan 1–15, Pagbabasbas ng Pagkain.

- Sino ang dapat nating pasalamatan para sa ating pagkain?
- Sino ang dapat nating pasalamatan para sa ating damit?
- Paano nating mapasasalamatan ang Ama sa Langit para sa mga bagay na ito? (Ang isang paraan ay ang pagbanggit ng mga ito sa ating pangaraw-araw na mga panalangin.)

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat na ginawang maaari ng Ama sa Langit at ni Jesus upang magkaroon tayo ng damit na maisusuot at pagkaing makakain.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Bigyan ang mga bata ng isang pirasong papel na may guhit sa gitna na may nakasulat na mga salitang *Nagpapasalamat ako para sa*: na nakasulat sa

itaas. Hayaang gumuhit ang bawat bata ng isang larawan ng pagkain sa isang panig ng guhit at isang kagamitan ng pananamit sa kabilang panig.

2. Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa unang dalawang talata ng “Thanks to Our Father” (*Children’s Songbook*, p. 20).
3. Papagkunwariin ang mga bata na mga buto. Hayaang magyumukyok sila na tila sila ay itinanim sa lupa, pagkatapos ay dahan-dahang tumayo habang sumisikat ang araw at dahan-dahang bumabagsak ang ulan sa kanila. Maaaring naisin mong maghalinhinan ang mga bata na maging ang araw at ang ulan.
4. Magdala ng isang prutas o gulay at bigyan ang mga bata ng kaunting patikim na makakain. Ilarawan ang uri ng buto at halamang pinagmulan ng prutas o gulay. Makipag-alam sa mga magulang ng mga bata upang makatiyak na walang sinumang batang may alerdyi sa pagkaing iyong dala.
5. Ilarawan ang isang pagkaing pangkaraniwan sa mga bata at hilingin sa kanilang hulaan kung aling pagkain ang inilalarawan mo. Halimbawa, maaari mong sabihing, “Ang pagkaing ito ay puti o kulay tsokolate sa labas. Ito ay may bao. Ito ay nakalagay sa isang salay. Ano ito? (Isang itlog.) Ulitin nang maraming beses hangga’t nais ninyo. Maaaring naisin mong magdala ng patikim ng bawat pagkaing inilarawan mo.”
6. Magdala ng mga gamit na pagkasuotan katulad ng pangginaw, amerikana at sumbrero at hayaang isukat ng mga bata ang mga ito habang binabangit mo ang mga damit na pinasasalamatan ng mga bata.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa “For Health and Strength” (*Children’s Songbook*, p. 21).
2. Ipasadula (pantomime) sa mga bata ang pagbibihis habang binibigkas mo ang mga salita sa sumusunod na talatang gawain:

   Mga bata, isuot ang inyong mga pantalon, mga pantalon, mga pantalon.
   Mga bata, isuot ang inyong mga pantalon, isa, dalawa, tatlo.

   Mga bata, isuot ang inyong mga palda, mga palda, mga palda.
   Mga bata, isuot ang inyong mga palda, isa, dalawa, tatlo.

   Mga bata, isuot ang inyong mga kamiseta, mga kamiseta, mga kamiseta.
   Mga bata, isuot ang inyong mga kamiseta, isa, dalawa, tatlo.

   Mga bata, isuot ang inyong mga medyas, mga medyas, mga medyas.
   Mga bata, isuot ang inyong mga medyas, isa, dalawa, tatlo.

   Mga bata, isuot ang inyong mga sapatos, mga sapatos, mga sapatos.
   Mga bata, isuot ang inyong mga sapatos, isa, dalawa, tatlo.

   Mga bata ngayo’y bihis na, mga bihis na, mga bihis na (*ipalakpak ang mga kamay*).
   Mga bata ngayo’y bihis na; maglaro tayo, halina!

Aralin
33
# Maaari Akong Maging Isang Kaibigan

**LAYUNIN** Upang tulungan ang bawat bata na magnais na maging isang mabuting kaibigan.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Juan 6:1–13 at 11:1–7, 17–44.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ituro ang sarili mo at itanong, "Sino Ako?" Maaaring isagot ng mga bata ang pangalan mo o ang salitang *guro*. Ipaliwanag na kaibigan ka rin nila, at sila ay mga kaibigan mo. Ipaliwanag na ang mga magkaibigan ay mga taong gusto ang bawat isa.

Kasamang tipunin sa isang bilog ang mga bata. Isa-isang tinitingnan ang mga bata, sabihing, "Si (pangalan ng bata) ay aking kaibigan." Hayaang magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata na gawin ito, na tinitiyak na ang bawat bata ay nababanggit sa bawat pagkakataon.

**Marami tayong mga kaibigan**

- Sino ang inyong mga kaibigan?

Pahintulutan ang mga bata na mag-usap tungkol sa kanilang mga kaibigan. Ituro na ang mga kaibigan ay maaaring sa kahit na anong gulang. Ang mga kasapi ng mag-anak ay maaaring ilan sa ating mga matalik na kaibigan. Bigyang-diin na ang bawat bata sa klase ay isang kaibigan.

Ipakita ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo. Ipaliwanag na ang taong nasa larawan ay isang napakabuting kaibigan sa bawat isa na nasa klase.

- Sino ang ating kaibigan sa larawang ito?
- Paano ninyo malalaman na si Jesus ay inyong kaibigan?

Awit

Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Si Jesus ay Mapagmahal Nating Kaibigan" (Jesus is Our Loving Friend, *Children's Songbook*, p. 58.)

Si Jesus mapagmahal
Nating Kaibigan.
Tayo'y gagabayan N'ya.
Lahat mahal N'ya.

Kuwento

Isalaysay ang kuwento tungkol kay Jesus na binubuhay si Lazaro mula sa mga patay, na matatagpuan sa Juan 11:1–7, 17–44. Bigyang-diin na si Lazaro at ang kanyang mga kapatid na babae ay mga kaibigan ni Jesus. Nang si Jesus ay nasa Betania, siya ay tumuloy sa kanilang tahanan at kumain ng hapunan na kasama nila.

- Ano ang nadama ni Jesus para kay Lazaro? (Tingnan sa Juan 11:3, 35–36.)
- Ano ang ginawa ni Jesus para kay Lazaro? (Tingnan sa Juan 11:43–44.)
- Ano sa palagay ninyo ang naging damdamin nina Lazaro, Maria at Marta para kay Jesus?

**Maaari tayong maging mabubuting kaibigan**

- Paano natin dapat pakitunguhan ang ating mga kaibigan?

Ipaliwanag na kapag tayo ay nagiging mabubuting kaibigan, tinutulungan natin ang iba na gumawa ng mabubuting bagay. Nagmamalasakit tayo sa ating mga kaibigan at nais na lumigaya sila. Talakayin ang kahalagahan ng pakikitungo sa iba sa pamamaraang nais nating tayo ay pakitunguhan. Tanungin ang mga bata kung paano silang magiging mabuting mga kaibigan sa mga kalagayan na katulad ng mga ito:

- Ikaw at ang isang kaibigan ay naglalaro, isa pang bata ang dumating at nais makipaglaro sa inyo.
- Isang bagong bata ang dumating sa klase sa kauna-unahang pagkakataon at nakadarama ng hiya o natatakot.
- Isang bata ang tinukso at malungkot.

Awit

Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Maging Mabait ang Nais Ko” (*Mga Himno at Awit Pambata*).

Maging mabait ang nais ko,<br>‘Pagkat ‘yan ang tama.<br>Kaya’t tandaan “Ang kabaitan:<br>Sa ‘kin nagmumula.”

- Ano ang pakiramdam ninyo kapag mabait sa inyo ang inyong mga kaibigan?
- Ano sa palagay ninyo ang pakiramdam nila kapag mabait kayo sa kanila?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na kung nais nilang magkaroon ng mga kaibigan, kailangan silang maging mabubuting kaibigan mismo.

**Ang magkaibigan ay nagbabahaginan sa bawat isa**

- Kung naglalaro kayo ng (bumanggit ng isang laruan o ibang tiyak na bagay), at dumating ang isang kaibigan upang makipaglaro sa inyo, ano ang dapat ninyong gawin?

Ipaliwanag na kapag hinayaan nating makipaglaro sa atin ang ibang tao, o kapag nagbibigay tayo ng kung ano ang mayroon tayo, tayo ay nagbabahagi. Kung minsan ay hindi natin mahati ang bagay na mayroon tayo, kaya naghahalinhinan tayo. Ito ay pagbabahagi rin.

- Kung ang isa sa mga kaibigan ninyo ang nagugutom at mayroon kayong pagkain, ano ang dapat ninyong gawin?

Kuwento

Ipakita ang Biblia at isalaysay ang kuwento ni Jesus na nagpapakain ng limang libo, na matatagpuan sa Juan 6:1–13. Bigyang-diin na dahil ibinahagi ng isang batang lalaki ang pagkain niya, nagawa ni Jesus na gamitin ang kanyang kapangyarihan na gumawa ng sapat na pagkain upang mapakain ang lahat ng mga tao.

Ipaalala sa mga bata ang kuwento ni Elias at ng balo ng Sarepta (ikinuwento sa aralin 32). Pinagpala ang balo dahil ibinahagi niya ang kanyang pagkain kahit na hindi gaanong marami ang nasa kanya.

- Ano ang maibabahagi natin sa ating mga kaibigan?
- Ano ang maibabahagi natin sa ating mga mag-anak?

Awit

Patayuin ang mga bata at ipaawit ang “Masayang Gawain” (Fun to Do, *Children’s Songbook,* p. 253), na ginagamit ang pariralang “Ang pagbabahagi ng aking (mga laruan, aklat, o anuman ang mga imungkahi ng mga bata) ay masayang gawain.” Pagawain ng mga galaw ang mga bata na aangkop sa mga salita.

Magpahiram ng laruan,
Ay gawaing masaya!
Magpahiram ng laruan,
Gawaing kaysaya!

(© 1963 ng D. C. Heath and Company. Inilimbag muli nang may pahintulot.)

Paalalahanan ang mga bata na ang mga magkaibigan ay nagtutulungan sa bawat isa, at humihimok sa kanilang tumulong sa paglilinis ng silid-aralan kapag kailangan.

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo sa kahalagahan ng pagiging isang mabuting kaibigan. Maaari kang magbahagi ng isang pansariling karanasan tungkol sa isa mong kaibigan. Paalalahanan ang mga bata na ang Ama sa Langit at si Jesus ay ating mga kaibigan at mahal nila tayo. Himukin ang mga bata na maging mabait sa kanilang mga kaibigan sa linggong ito.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Sabi ng Munting Sapa, ‘Magbigay’” (*Piliin ang Tama, B*) o “Jesus Said Love Everyone (*Children’s Songbook,* p. 61).
2. Patayuin ang mga bata at ipagawa ang talatang paggawa na “Mahal Kong Munting Kaibigan”:

   Ako’y may pinakamamahal na munting kaibigan *(yakapin ang sarili);*
   Siya’y nakikita ko araw-araw.
   Mahal ko ang aking magiliw na munting kaibigan.
   Sa ganitong paraan kami naglalaro:
   Naglalaro kami ng mga manika *(magkunwaring naghehele ng manika sa iyong mga kamay);*
   Inihahagis namin ang aming mga bola *(magkunwaring naghahagis ng bola);*
   Katulad ng mga sundalo, kami’y nagmamartsa *(magmartsa nang tahimik sa kinatatayuan).*
   Naglalaro kami sa duyan *(magkunwaring nagduduyan);*

Nag-uusap kami't nag-aawitan;
Katulad ng dapat gawin ng mabuting mga magkaibigan *(ihalukipkip ang mga kamay at itango ang ulo).*

3. Magdala ng kaunting pagkain para sa klase (makipag-alam sa mga magulang ng mga bata upang makatiyak na walang batang may alerdyi sa pagkain). Ilagay ang pagkain sa madaling makikita ng mga bata. Banggitin kung gaano kaganda itong tingnan at tanungin ang mga bata kung nais nilang ibahagi mo ito sa kanila. Tanungin ang mga bata kung ano ang mararamdaman nila kung ibabahagi mo ang pagkain sa ilan lamang sa kanila. Talakayin kung ano ang pakiramdam ng iba kung hindi sila kasali. Ibahagi ang pagkain sa mga bata.

4. Paguhitin ang bawat bata ng larawan ng kanyang sarili na nagbabahagi sa isang kaibigan. Pamagatan ang bawat larawan na *Maaari akong magbahagi sa aking kaibigan*.

5. Isalaysay ang sumusunod na kuwento sa totoong buhay sa sarili mong mga salita:

   Ang Sapatos na May Tanso sa Dulo

   Nang dumating ang mga tagabunsod upang mamuhay sa Utah, ang karamihan sa kanila ay mahirap. Nagugol nila ang lahat ng kanilang mga pera upang makabili ng mga bagay para sa mahabang paglalakbay at upang bilhin ang mga kagamitang kakailanganin nila sa pagtatayo ng mga tahanan at pagtatanim ng mga halamanan. Dahil walang sapat na pera ang mga tao, maraming mga bata ang iisa lamang ang pares ng sapatos, na isinusuot nila kapag Linggo. Madalas silang naglalakad nang walang sapin sa paa sa ibang mga araw ng linggo.

   Isang tagabunsod na batang babae na nagngangalang Melinda ang may isang pares ng mabigat, pangit, at may tanso sa dulo na sapatos na kanyang isinuot sa taglamig. Sa tag-init ay ibinili siya ng kanyang mag-anak ng bagong pares ng maganda, maginhawang isuot na Panlinggong sapatos at isusuot niya ang mga ito sa isang parada.

   Ang matalik na kaibigan ni Melinda na si Amanda ay wala ni anumang sapatos. Nalungkot si Melinda para kay Amanda at hiningi ang pahintulot ng kanyang ina upang ipahiram ang isang pares ng kanyang mga sapatos kay Amanda upang maisuot sa parada. Habang dinadampot ni Melinda ang kanyang luma, mabigat na may tanso sa dulong sapatos upang dalhin sa kanyang kaibigan, sinabi ng nanay niya na, "Kung magbabahagi ka, dapat na magbigay ka ng isang bagay na nais mong tanggapin sa iyong sarili."

   Nag-isip nang mabuti si Melinda ng ilang minuto. Inisip niya kung ano ang maaaring gawin ni Jesus. Inisip niya kung aling pares ng mga sapatos ang higit niyang nanaisin na isuot at siya ay nagpasiya. Dinala niya ang kanyang Panlinggong sapatos upang maisuot ng kanyang kaibigan at dumalo siya sa parada na isinusuot ang kanyang luma, pangit, na may tanso sa dulong sapatos. Ngunit maligayang-maligaya ang pakiramdam ni Melinda! Alam niyang nagbabahagi siya na katulad ng nais ni Jesus na ipagawa sa kanya.

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Maghanda ng ilang laruan para laruin ng mga bata. Talakayin ang kahalagahan ng pagsasabi ng "maaari ba" at "salamat sa iyo." Himukin ang mga bata na ibahagi ang mga laruan kapag naglalaro at tulungan ang bawat isa na iligpit ang mga laruan kapag tapos na silang maglaro.

2. Habang binibigkas mo ang sumusunod na talata, pamunuan ang mga bata sa mga galaw. Ulitin kung nais ng mga bata.

   Gawing Masasaya ang mga Araw

   Dalawang mata upang makita ang mga bagay na dapat gawin *(ituro ang mga mata),*
   Dalawang labi upang sa maghapon ay ngumiti *(ngumiti nang malaki).*
   Dalawang tainga upang marinig ang sinasabi ng iba *(bahagyang itikom ang mga kamay sa may tainga),*
   Dalawang mga kamay upang ang mga larua'y maitabi *(magkunwaring dumadampot ng mga laruan at itabi ang mga ito).*

   Isang dila ang sa araw-araw ay bibigkas ng mabubuting salita *(ituro ang bibig),*
   Isang pusong mapagmahal sa laro at paggawa *(pagdaupin ang mga kamay sa tapat ng puso).*
   Dalawang paa na tumatakbo nang masaya *(ituro ang mga paa)*—
   Ginagawang masaya ang mga araw para sa bawat isa.

3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "I Have Two Little Hands" (*Children's Songbook,* p. 272).

# Maaari Kong Mahalin ang Iba

Aralin
34

**LAYUNIN**

Upang himukin ang bawat bata na magpahiwatig ng pagmamahal para sa iba sa pamamagitan ng mabubuting salita at mga gawa,

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Mateo 7:12; Marcos 10:13–16; Lucas 10:30–37; at Juan 13:34.
2. Pagbalik-aralan ang kuwento mula sa aralin 19 tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa lalaking bulag (tingnan sa Juan 9:1–7).
3. Gumawa ng pusong papel para sa bawat bata sa klase. Isulat ang *Mahal kita* sa bawat puso.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572); larawan 1–43, Pinagagaling ni Jesus ang Bulag (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 213; 62145); larawan 1–48, Mga Batang Naglalaro ng Maliliit na Piraso ng Kahoy; larawan 1–62, Ang Mabuting Samaritano (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 218; 62156).
5. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan 1–48, Mga Batang Naglalaro ng Maliliit na Piraso ng Kahoy.

- Ano ang ginagawa ng mga batang ito?
- Sa palagay ba ninyo ay magkaibigan ang mga batang ito?
- Paano pakitunguhan ng magkakaibigan ang bawat isa?

Paalalahanan ang mga bata na ang mga magkaibigan ay mabait na nakikitungo sa isa't isa. Kapag mabait tayo sa iba, ipinapakita natin sa kanila ang pagmamahal.

Awit

Kasama ang mga bata, awitin o bigkasin ang mga salita sa "Lahat ay Magmamahalan, Sabi ni Jesus" (Jesus Said Love Everyone, *Children's Songbook,* p. 61), na ginagamit ang mga galaw na isinasaad sa ibaba:

Lahat ay magmamahalan (ipabukas ang mga kamay);
Sabi ni Jesus (itangu-tango ang ulo).
Kung puso'y may pag-ibig (ilagay ang mga kamay sa tapat ng puso),
Mamahalin ka (yakapin ang sarili).

**Nagpakita ng pagmamahal si Jesus sa iba sa pamamagitan ng pagiging mabait**

Ipakita ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo, at sabihin sa mga bata na sinabi ni Jesus sa atin na pakitunguhan natin ang iba na katulad ng nais nating maging pakikitungo nila sa atin. Ipakita ang Biblia at basahin ang Mateo 7:12 hanggang sa *gawin naman ninyo ang gayon sa kanila*. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng banal na kasulatang ito ay kailangan tayong maging mabait sa iba kung nais nating maging mabait ang iba sa atin.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–43, Pinagagaling ni Jesus ang Bulag. Magpatulong ka sa mga bata sa pagsasalaysay ng kuwentong nakapakita sa larawan (tingnan sa Juan 9:1–7).

- Paano naging mabait si Jesus sa lalaking bulag na ito?

Kuwento

Isalaysay ang kuwento na binabasbasan ni Jesus ang maliliit na bata, na matatagpuan sa Marcos 10:13–16.

- Paano naging mabait si Jesus sa mga bata?

Bigyang-diin na ginugol ni Jesus ang kanyang buhay sa pagtulong sa ibang tao. Sa pamamagitan ng pagiging mabait, ipinakikita ni Jesus ang pagmamahal sa iba. Ipaliwanag na inutusan tayo ni Jesus na mahalin ang bawat isa. Basahin ang Juan 13:34 sa mga bata. Ipaulit sa mga bata ang "kung paanong iniibig ko kayo, ay mangag-ibigan naman kayo sa isa't isa' nang ilang ulit.

Awit

Kasama ang mga bata, awitin o bigkasin ang mga salita sa "Mahalin Ninyo ang Bawat Isa" (Love One Another).

Mahalin ninyo,
Ang bawat isa.
"To'y bagong utos:
Mahalin, lahat.
Malalaman na
Kayo'y alagad ko,
Kung kayo'y may pagmamahalan.

(© 1961, 1989 ni Luacine C. Fox. Ginamit nang may pahintulot.)

**Maipapakita natin ang pagmamahal sa iba sa pamamagitan ng pagiging mabait**

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–62, Ang Mabuting Samaritano, at isalaysay ang kuwento ng mabuting Samaritano, na matatagpuan sa Lucas 10:30–37.

- Sino ang mabait sa kuwento?
- Ano ang ginawa ng Samaritano upang matulungan ang lalaking nasaktan?

Tulungan ang mga bata na mag-isip ng mga paraan na sila ay magiging mabait sa iba. Ipabahagi sa kanila ang kanilang mga ideya sa ibang mga kasapi ng klase.

Ipaliwanag na kung minsan ay mahirap maging mabait sa isang tao dahil sa ang taong iyon ay tila hindi palakaibigan o kaiba sa atin. Tulungan ang mga bata na maunawaang kailangan ng lahat na pakitunguhang mabuti. Kahit na ang mga tao ay tila hindi palakaibigan o tila kaiba sa atin (halimbawa, kung magkaiba ang kulay ng balat o may kapansanan), kailangan natin silang pakitunguhang mabuti.

Pag-usapan ang kahalagahan ng pagpapakita ng pagmamahal at kabaitan sa ating mga mag-anak.

- Paano kayo makapagpapakita ng pagmamahal sa inyong ama? sa inyong ina? sa inyong mga kapatid?

Bigyang-diin na kapag tayo ay mabait sa ating mga mag-anak, hindi lamang maligaya ang ating mag-anak, kundi ang Ama sa Langit at si Jesus ay maligaya din.

Ipaliwanag na kung minsan ang mga sanggol o higit na maliliit na bata ay kumukuha o nakababasag ng mga bagay na pag-aari natin. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kadalasan ay hindi nauunawaan ng mga napakaliit na bata kung ano ang kanilang ginagawa. Kailangang pakitunguhan natin silang mabuti at huwag magalit sa kanila. Kung mayroon tayong mga bagay na mababasag, dapat nating sikaping ilayo ang mga ito sa maaabot ng mga maliliit na bata.

- Paano tayo makapagpapakita ng pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesus?

Bigyang-diin na maipapakita natin ang pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesus sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan, sa pagiging magalang sa simbahan at sa pagiging mabait at matulungin sa mga nakapaligid sa atin.

**Maipapakita natin ang pagmamahal sa pamamagitan ng pagsasalita nang mabuti**

Gawain

Hilingin sa mga bata na sundin ang mga tagubilin sa ibaba. Pagkatapos gawin ng bawat bata ang bawat galaw, pasalamatan sila sa pagsunod sa tagubilin.

1. Mangyaring magsitayo.
2. Mangyaring magsiupo.
3. Mangyaring magsitayo at umikot. Mangyaring magsiupo. Mangyaring magsitayong muli.
4. Mangyaring ipakainat ang inyong mga kamay paitaas sa inyong uluhan.
5. Mangyaring magsiupo nang tahimik.

- Anong magalang o mabuting mga salita ang sinabi ko?
- Ano ang pakiramdam ninyo kapag mayroong nagsasabi sa inyong “mangyaring” at “salamat” sa iyo?

Tulungan ang mga batang maunawaan na kung nais nating magsalitang mabuti sa atin ang iba, dapat tayong magsalita nang mabuti sa kanila.

Ipaalala sa mga bata ang ibang magagalang na parirala, katulad ng “Ikinalulungkot ko” at “Mawalang galang na nga,” at ang mga kalagayan kung saan dapat gamitin ang mga pariralang iyon. Itanong ang mga sumusunod na katanungan o ang mga katulad nito na naaangkop sa inyong kultura:

- Paano kayong hihingi ng tubig na maiinom nang mapitagan?
- Ano ang dapat ninyong sabihin kung mayroong nagdala sa inyo ng isang handog?
- Ano ang maaari ninyong sabihin kung napalungkot ninyo ang isang tao?
- Ano ang maaari ninyong sabihin upang matawag ang pansin ng isang tao nang may pagpipitagan?

Ipaliwanag na kahit hindi mabuti ang pagsasalita sa atin ng iba kung minsan, dapat pa rin tayong magsalita nang mabuti sa kanila.

Awit — Awiting muli ang "Lahat ay Magmahalan, Sabi ni Jesus" na kasama ang mga bata.

Patotoo — Purihin ang mga bata sa mga paraan napansin mo ang kanilang pagiging magalang. Ipaliwanag na dahil ang lahat ay mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus, natutuwa sila kapag nakikita nila tayong nagiging mabait sa bawat isa. Magbigay ng patotoo na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging mabait tayo. Bigyan ang bawat bata ng pusong papel. Sabihin sa mga bata kung ano ang sinasabi ng mga salita sa mga puso, at ipahiwatig ang iyong pagmamahal para sa mga bata.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Basahin ang mga sumusunod na halimbawa (o lumikha ng sariling sa iyo), at ipataas sa mga bata ang kanilang mga pusong papel kung ang nakalarawang galaw ay mabuti o nagpapakita ng pagmamahal. Pahawakan sa kanila ang mga puso sa kanilang kandungan kung ang galaw ay hindi mabuti at hindi nagpapakita ng pagmamahal.

   - Paghahalinhinan kapag naglalaro ng isang laro.
   - Pagiging matampuhin.
   - Pagtulong sa isang batang nasaktan.
   - Paghampas sa isang taong nagpagalit sa iyo.
   - Paglalakad nang magalang sa bahay-pulungan.
   - Pagsasabi ng "mangyaring" at "salamat sa iyo."
   - Pagbubukas ng pinto para sa isang tao.
   - Pagiging maingay sa simbahan.
   - Pagtulong sa paglilinis.

   Paalalahanan ang mga bata na kapag mabait tayo sa iba, nagpapakita tayo ng pagmamahal, at ang Ama sa Langit at si Jesus ay naliligayahan sa atin.

2. Mag-isip ng ilang pangkaraniwang kalagayan kung saan may pagkakataon ang mga bata na maging mabait at magpakita ng pagmamahal sa iba. Isulat ang mga kalagayang ito sa mga pirasong papel at papiliin ang bawat bata ng isang pirasong papel. Basahin ang bawat katayuan at hayaang sabihin ng bata na nakapili nito kung paano kikilos sa kalagayang iyon. Maaaring naisin mong gamitin ang sumusunod na mga halimbawa:

   - Magkasama kayong naglalaro ng isang kaibigan, at isa pang bata ang pumasok sa silid. Ano ang dapat ninyong gawin?
   - Nais mo at ng kapatid mong babae na laruin ang iisang laruan. Ano ang dapat mong gawin?
   - Kinuha ng nakababata mong kapatid na lalaki ang isang bagay na sa iyo. Ano ang dapat mong gawin?

3. Ginagamit ang mga karaniwang halimbawa sa inyong purok o pook, talakayin kung paano magpapakita ng kabaitan at pagmamahal sa mga taong may kapansanan. Tulungan ang mga batang mag-isip ng mga tiyak na paraang maaari silang makatulong sa isang taong may kapansanan.
   - Paano natin maipakikita ang pagmamahal sa isang taong hindi nakakakita?
   - Paano nating maipakikita ang pagmamahal sa isang taong hindi nakaririnig?
   - Paano natin maipakikita ang pagmamahal sa isang taong gumagamit ng upuang may gulong o mga saklay?
4. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kahit na ang ibang tao ay nagsasalita ng ibang wika o may kaibang kulay ng balat sa kanila, tayong lahat ay mga anak ng Ama sa Langit. Tayong lahat ay dapat na maging mabait sa bawat isa. Dapat nating pakitunguhan ang bawat isa na katulad ng nais nating maging pakikitungo sa atin. Ipaliwanag na ang bawat tao ay kakaiba sa bawat isa sa ilang paraan.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Maging Mabait Kanino Man” (*Mga Himno at Awit Pambata*).
2. Tulungan ang mga batang gawin ang sumusunod na talatang gawain:

   Ang isang ngiti ay nakakahawa *(itulak ang mga sulok ng bibig upang ngumiti),*
   Kaya kapag ako’y nalulungkot na *(itulak ang mga sulok ng bibig upang sumimangot),*
   Sinisikap kong magbigay ng ngiti *(itulak ang mga sulok ng bibig upang ngumiti),*
   At hindi nagtatagal pakiramdam ko’y bumubuti *(ilagay ang kapwa kamay sa tapat ng puso)!*

   (Hinango mula sa Pat Graham, “Feeling Glad,” *Friend*, Mar. 1990, p. 21.)

Aralin
35

# Maaari Akong Maging Mabait sa mga Hayop

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan ang kahalagahan ng pagiging mabait sa mga hayop.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Genesis 2:19–20; 6–8.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–28, Paglikha–Mga Nabubuhay na Nilikha (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 100; 62483); larawan 1–30, Si Noe at ang Arka na May mga Hayop (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 103; 62305).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman ng Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Magkunwaring isang hayop na pangkaraniwan sa mga bata. Ipahula sa mga bata kung aling hayop ka. Hayaang magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata na magkunwaring isang hayop habang hinuhulaan ng ibang mga bata kung anong hayop siya.

**Binigyan ni Adan ng pangalan ang bawat hayop**

Paalalahanan ang mga bata na ang Ama sa Langit ang nagplano at si Jesus ang lumikha sa lahat ng hayop, isda, ibon at kulisap sa mundo. Ipakita ang Biblia at ipaliwanag na sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na pinangalanan ni Adan ang lahat ng hayop (tingnan sa Genesis 2:19–20). Ipakita ang larawan 1–28, Paglikha–Mga Nabubuhay na Nilikha.

- Ano ang pangalan ng mga hayop sa larawang ito? (Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagtuturo sa isang hayop sa larawan at pagsasabi ng pangalan nito.)

**Nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging mabait tayo sa mga hayop**

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–30, Si Noe at ang Arka na May mga Hayop, na matatagpuan sa Genesis 6–8. Bigyang-diin na kahit paano ay naligtas mula sa baha ang dalawa sa bawat uri ng mga hayop. Mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus ang mga hayop at nais na ang mga ito ay narito sa mundo.

- Bakit inilagay ni Noe ang mga hayop sa arka?
- Anong mga hayop ang pinasasalamatan ninyo na inilagay ni Noe sa arka?
- Paano sa palagay ninyo ang nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging pakikitungo natin sa mga hayop?

Kuwento

Sa sarili mong mga salita, isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol kay Pangulong Spencer W. Kimball, ang ikalabindalawang Pangulo ng Simbahan:

Noong bata pa si Pangulong Spencer W. Kimball, ang trabaho niya ay pastulin ang mga baka sa isang pastulan na may isang milya ang layo mula sa kanyang tahanan. Isang araw ay gumawa siya ng sarili niyang tirador, isang laruan na magagamit niya sa pagpapatama ng mga bato sa mga poste ng bakod at katawan ng mga puno. Naging mahusay siya at nagagawang tamaan ang isang puno o poste ng bakod na nasa malayo.

Mataas na mga puno ang tumubo sa tabi ng daan kung saan niya pinapastol ang baka. Napansin ni Spencer na maraming maliliit na ibon sa mga punong iyon. Nang makita niya ang mga ibon, natukso siyang tiradurin ang mga ito upang maipakita na siya ay magaling sa pagpapatama. Subalit sa gayon ay naalaala niya ang isang awit na inaawit niya sa Primarya. Sinasabi nito na, "Huwag patayin ang maliliit na ibon. . . . Ang Daigdig ay sa Diyos, at siya ay naglalaan ng pagkain para sa maliliit gayundin sa malalaki." Pinag-isipan ni Spencer ang mga salita na kanyang inaawit. Nakapagpasiya siya na ang mga ibon ay mahalaga sa Ama sa Langit, at hindi tama ang patayin ang mga ito. Kaya palagi niyang tinitiyak na ipatama ang kanyang tirador sa pook na wala siyang tatamaang anumang ibon (tingnan sa Conference Report, Abr. 1978, p. 71; o *Ensign*, Mayo 1978, p. 47).

- Paano ipinakita ni Spencer W. Kimball ang kabaitan sa mga ibon?

Sabihin sa mga bata na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging mabait tayo sa lahat ng hayop.

Awit

Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Maging Mabait Kanino Man" (*Mga Himno at Awit Pambata*).

Maging mabait ang nais ko,<br>
"Pagkat 'yan ang tama.<br>
Kaya't tandaan "Ang kabaitan:<br>
Sa 'kin nagmumula."

- Mayroon ba kayong anumang alagang hayop?

Gawain

Anyayahan ang mga bata na mag-usap tungkol sa kanilang mga alagang hayop at kung paano nila aalagaan ang mga ito. Basahin ang sumusunod na mga pangungusap at ipataas sa mga bata ang kanilang mga hinlalaki kung ang pangungusap ay mabait na paraan ng pakikitungo sa mga alagang hayop. Ipaturo pababa ang kanilang mga hinlalaki kung ito ay malupit na paraan ng pakikitungo sa mga alagang hayop.

- Pakainin ang mga ito ng mabuting pagkain araw-araw.
- Kalimutang pakainin ang mga ito.
- Kalimutang bigyan sila ng tubig.
- Maglaan ng malinis na tubig upang mainom nila.
- Maglaan ng ligtas at maginhawang lugar upang matulugan nila.
- Panatilihin silang nakakulong sa isang mainit na lugar sa buong maghapon.
- Pag-ukulan sila ng pagmamahal at pansin.

Patotoo

Ipaalala sa mga bata na ang mga hayop ay nilikha ni Jesus at bahagi ng plano ng Ama sa Langit. Nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging mabait tayo sa mga hayop. Ibahagi ang iyong damdamin tungkol sa isang alaga o tungkol sa mga hayop.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Gumawa ng kopya ng kuneho na nasa hulihan ng aralin para sa bawat bata, at hayaang kulayan ng mga bata ang kanilang mga kuneho. Magdikit ng isang binilot na bulak sa buntot ng bawat kuneho upang maging mabalahibo ito.
2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Ako ay Mahal ng Aking Ama sa Langit" (*Piliin ang Tama, B*).
3. Gamit ang bingwit mula sa aralin 11 at ang mga ginupit na larawan ng mga hayop na kasama ng manwal, hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pamimingwit ng mga hayop. Kapag nakabingwit na ang bawat bata ng isang hayop, hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpapakita ng kanilang mga hayop at pagsasabi ng nalalaman nila tungkol sa mga ito.
4. Gumawa ng sagisag na nagsasabing *Ako ay magiging mabait sa mga hayop* para maisuot ng mga bata pauwi.
5. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na laro sa daliri:

   Ang Aking Maliit na Kuting

   Ang aking maliit na kuting ay patakbong umakyat sa isang puno *("paakyatin" ang mga daliri ng kanang kamay sa kaliwang bisig)*
   At ito'y naupo at tumingin sa akin *(ipahinga ang kanang kamay sa kaliwang balikat).*
   Ang sabi ko'y, "Halika, muning'" at pababa siyang tumakbo *(pababain ang mga daliri sa bisig)*
   At ang pagkaing aking inilagay ay kanyang kinain *(bahagyang itikom ang kaliwang kamay; magkunwaring ang kanang kamay ang kuting na kumakain ng pagkain).*

6. Patayuin ang mga bata at ipagawa ang mga galaw na kasama ka habang binibigkas mo ang sumusunod na talata:

   Noe

   Si Noe ay nagtayo ng napakalaking arka *(idipa ang mga kamay);*
   Alam na alam niya ang gagawin niya *(ilagay ang daliri sa sentido).*
   Siya'y naglagari, nagsukat at nagpukpok *(gawin ang mga galaw na isinasaad)*
   Tulad ng sa kanya'y iniutos *(tumango).*Tinawag ni Noe ang kanyang pamilya *(kumaway)* Upang magmartsa patungo sa arka *(tahimik na magmartsa sa kinatatayuan)—*

   At ang mga hayop ay dala-dalawang *(itaas ang dalawang daliri)*

   Sumakay na sa arka.

   Ang madidilim na ulap ay natipon *(ilagay ang mga kamay sa uluhan),*
   Ang ulan ay nagimulang bumuhos *(iwagwag ang mga daliri na ginagaya ang ulan)—*

Ang buong sanlibutan ay natakpan *(iunat pabukas ang mga kamay);*
Lahat ng lupai'y natabunan *(ibaling ang ulo sa magkabila).*

Ang arka ay payapang lumutang *(gumawa ng galaw na lumulutang sa pamamagitan ng mga kamay)*
Pagkaraan ng maraming araw at gabi *(ilagay ang magkadaop na kamay sa isang pisngi),*
Hanggang sa ang araw ay sumikat muli *(ibilog ang mga kamay sa may uluhan)*
At maliwanag na sumikat nang buong init.

Ang lahat ng tubig ay nawala *(pagkrusin ang mga bisig sa may dibdib);*
Lumitaw ang tuyong lupa *(buksan ang mga bisig at iunat ang mga kamay).*
Ang pamilya ni Noe ay nagpasalamat *(yumuko at itiklop ang mga kamay)*
Sa Diyos na palagiang gabay.

(Halaw mula sa talata ni Beverly Spencer.)

---


**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Papagsalitain ang mga bata tungkol sa anumang alaga na mayroon sila o nais na magkaroon. Talakayin sa mga bata kung paano natin pakikitunguhan at pangangalagaan ang mga alaga.

2. Bigkasin ang mga salita sa "Ang Mundo ay Malaki at Bilog" (The World is So Big, *Children's Songbook*, p. 235). Gawin ang mga galaw na isinasaad sa ibaba:

   Ang mundo'y malaki at bilog *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig),*
   Naririto ang likha ng Diyos;
   Bundok *(ihugis bundok ang mga kamay sa uluhan)*
   Lambak *(ilagay ang mga kamay sa harapan na nakataob ang mga palad)*
   Punong mataas *(iunat ang mga kamay paitaas),*
   Malalaki't *(umabot paitaas)*
   Maliit na hayop *(umabot sa pababa).*
   Ang mundo'y malaki at bilog *(gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig),*
   Tayong lahat ay mahal ng Diyos *(itikom ang mga kamay at yakapin ang sarili).*

3. Isa-isang ipakita ang ilan sa mga ginupit na larawan ng mga hayop, katulad ng saan ito nakatira, ano ang huni nito at kung ano ang gusto nila dito.



# Maaari Akong Maging Mabuting Halimbawa

Aralin
36

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na magpakita ng mabuting halimbawa sa iba sa pamamagitan ng pagsunod sa halimbawa ni Jesus.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Mateo 4:19; Lucas 19:1–10; Juan 13:15; at 3 Nephi 17:11–24.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at isang Aklat ni Mormon.
   b. Ilang bakas ng mga paa na ginupit mula sa papel.
   c. Larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo 240; 62572); larawan 1–63, Si Zaqueo sa Isang Puno; larawan 1–64, Nananalangin si Jesus na Kasama ang mga Nephita (62542).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bigkasin ang mga salita sa "Ako'y Gayahin" (Do As I'm Doing, *Children's Songbook,* p. 276), na kasama ang mga bata. Pasundan sa mga bata ang anumang galaw na ginagawa mo, katulad ng pagpapagulong ng iyong mga kamay, pagpalakpak ng iyong mga kamay, o pagkukunwaring lumilipad na tulad ng isang ibon.

Ako'y gayahin;
Sundan mo ako!
Ako'y gayahin;
Sundan mo ako!
Mataas o mababa,
Mabilis o mabagal,
Ako'y gayahin;
Sundan mo ako!
Ako'y gayahin;
Sundan mo ako.

(© 1963 ng D. C. Heath and Company. Muling inilimbag nang may pahintulot.)

Ipaliwanag sa mga bata na nang gawin nila ang mga galaw na ginawa mo, sinusunod nila ang iyong halimbawa. Kapag sinusundan ang halimbawa ng isang tao, ginagawa natin ang ginagawa nila. Sabihin sa mga bata na sinabi ni Jesus, "Magsisunod kayo" (tingnan sa Mateo 4:19).

**Ipinadala ng Ama sa Langit si Jesucristo sa Lupa Upang Maging Halimbawa para sa Atin**

Ipakita ang larawan 1–3, si Jesus ang Cristo. Ipaliwanag na ang isa sa mga dahilan ng pagpunta ni Jesus sa mundo ay upang maging halimbawa para sa

atin at ipakita sa atin kung paano mamuhay. Si Jesus ay ganap. Ang ibig sabihin nito ay ginawa niya ang lahat ng bagay sa tamang paraan. Ang paraan ng kanyang pamumuhay noong narito sa mundo ay paraang dapat nating sikaping ipamuhay.

Buklatin ang Biblia at basahin ang Juan 13:15 sa mga bata. Sabihin sa mga bata na ito ang mga salita ni Jesus. Bigyang-diin na nais nating maging katulad ni Jesus at sundin ang kanyang halimbawa.

Awit

Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa unang bahagi ng "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (I"m Trying to Be Like Jesus, *Children's Songbook,* p. 78).

Sinisikap kong tularan;
Ang ugali ni Jesus.
Aking ipinapakita,
Pagmamahal sa lahat.

(© 1980 ni Janice Kapp Perry. Ginamit nang may pahintulot.)

- Anong mga uri ng bagay ang dapat nating gawin kung sinisikap nating maging katulad ni Jesus?

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–63, Si Zaqueo sa Isang Puno, at isalaysay ang kuwento ni Jesus at Zaqueo, na matatagpuan sa Lucas 19:1–10. Ipaliwanag na nagpakita sa atin ng mabuting halimbawa si Jesus nang naging mabait siya kay Zaqueo. Kahit na hindi ibig ng ibang tao si Zaqueo, nais ni Jesus na magpunta sa kanyang bahay at maging kaibigan niya.

- Paano naging mabait si Jesus kay Zaqueo? (Tingnan sa Lucas 19:5.)
- Ano sa palagay ninyo ang nadama ni Zaqueo nang naging mabait si Jesus sa kanya?

Awit

Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Lahat ay Magmahalan, Sabi ni Jesus" (Jesus Said Love Everyone, *Children's Songbook,* p. 61), na ginagamit ang mga galaw na nakasaad sa ibaba:

Lahat ay magmahalan *(ipakabukas ang mga kamay);*
Sabi ni Jesus *(itangu-tango ang ulo).*
Kung puso'y may pag-ibig *(ilagay ang mga kamay sa tapat ng puso),*
Mamahalin ka *(yakapin ang sarili).*

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–64, Nananalangin si Jesus na Kasama ng mga Nephita, at isalaysay ang kuwento kung paano nanalangin si Jesus para sa mga batang Nephita, na matatagpuan sa 3 Nephi 17:11–24. Ipaliwanag na ipinakita ni Jesus sa pamamagitan ng halimbawa na kailangan nating manalangin para sa iba.

- Sino ang ipinanalangin ni Jesus? (Tingnan sa 3 Nephi 17:21.)
- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng mga bata nang manalangin si Jesus para sa kanila?
- Sino ang maaari nating ipanalangin?

Talakayin ang mga tao na maaari nating ipanalangin, katulad ng mga kasapi ng mag-anak, mga taong maysakit, ang mga misyonero, at ang ating mga pinuno ng Simbahan.

Gawain

Ipakita ang larawan 1–63, Si Zaqueo sa Isang Puno, at ang larawan 1–64, Nananalangin si Jesus na Kasama ang mga Nephita, sa magkabilang panig ng silid, at maglagay sa sahig ng mga bakas ng paa na gawa sa papel na patungo sa bawat larawan. Paawitin ang mga bata o ipabigkas muli ang mga salita sa unang bahagi ng “Sinisikap Kong Tularan si Jesus” habang sinusundan nila ang mga bakas ng paa na patungo sa bawat larawan.

Tumigil sa bawat larawan at ipasalaysay muli sa mga bata ang kuwento, sa abot ng kanilang makakaya. Tulungan ang mga bata na mag-isip ng mga paraan na sila ay maaaring maging mabuting halimbawa katulad ni Jesus sa bawat kalagayan. Halimbawa, maaari nilang ibahagi ang kanilang mga laruan o makipaglaro sa isang bata na nangangailangan ng kaibigan (Zaqueo), at maaari silang manalangin para sa isang taong maysakit o nangangailangan ng natatanging tulong (pananalangin para sa mga batang Nephita).

Tulungan ang mga bata na malaman na kapag nagpapakita sila ng pagmamahal sa iba sa pamamagitan ng pagiging mabait at sa pamamagitan ng pananalangin para sa kanila, ay sinusunod nila ang halimbawa ni Jesus. Nagpapakita din sila ng mabuting halimbawa sa ibang mga tao.

Awit

Awitin o bigkasin ang mga salita sa koro ng “Sinisikap Kong Tularan si Jesus,” na ginagamit ang mga galaw na nakasaad sa ibaba:

Mahalin ninyo ang bawat isa *(yakapin ang sarili).*
Kabaita’y inyong ipakita *(kamayan ang isang tao).*
Maging mapagmahal sa diwa’t gawa *(magkunwaring ang isang kamay ay ulo ng isang hayop at haplusin ito sa pamamagitan ng kabilang kamay),*
Ito ang aral ni Jesus *(pagdikitin ang mga kamay, na nakaharap sa itaas ang mga palad, katulad ng isang aklat ng banal na kasulatan).*

(© 1980 ni Janice Kapp Perry. Ginamit nang may pahintulot.)

### Maaari tayong maging mabubuting halimbawa sa iba

Ipaliwanag na katulad ng pagsunod ng mga bata sa halimbawa ni Jesus, ang ibang tao ay nagmamasid sa kanila at sinusundan ang kanilang mga halimbawa.

Gawain

Hayaang magpunta ang isang bata sa harapan ng klase at maging pinuno. Hayaang pamunuan ng bata ang ibang mga bata sa mga galaw katulad ng pagpalakpak ng mga kamay, pag-ikot, o paglundag. Ulitin ang gawain upang mabigyang pagkakataon ang ibang bata na maging pinuno.

Ipaliwanag na may ibang higit na mahahalagang paraan upang maging halimbawa kaysa sa paggalaw ng ating mga katawan. Sabihin sa mga bata na maaari silang maging mabubuting halimbawa sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuting bagay, katulad ng pagsasabi ng totoo, pagsunod sa kanilang mga ina at ama, pagbabahagi ng kanilang mga laruan, pagiging magalang sa simbahan, at pagtulong sa kanilang mga mag-anak.

- Ano ang maaari ninyong gawin upang maging mabuting halimbawa sa iba?

Papag-isipin ang bawat bata ng isang paraang siya ay maaaring maging mabuting halimbawa at sabihin sa klase kung ano ang kanyang gagawin.

Patotoo

Isalaysay ang isang pagkakataon nang sinunod mo ang mabuting halimbawa ng isang tao. Ibahagi ang iyong pakiramdam tungkol sa kahalagahan ng

pagsunod sa halimbawa ni Jesus. Himukin ang mga bata na magpakita ng mabuting halimbawa sa iba sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na gagawin ni Jesus.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Gumawa ng simpleng korona o sumbrero mula sa papel para sa bawat bata. Sa bawat korona o sumbrero, isulat ang *Maaari akong maging isang mabuting halimbawa*. Talakayin ang mga paraang maaaring maging mabuting halimbawa ang mga bata sa buong linggo.
2. Awitin ang "Jesus Once Was a Little Child" (*Children's Songbook,* p. 55), "Jesus Wants Me for a Sunbeam" (*Children's Songbook,* p. 60), o "I Am like a Star" (*Children's Songbook,* p. 163).
3. Ipakita ang isang plaslayt o ibang munting ilaw. Sindihan ito at talakayin kung paanong nakatutulong sa mga tao ang plaslayt kapag ito ay nakasindi. Basahin nang malakas ang unang parirala sa 3 Nephi 12:16. Ipaliwanag sa mga bata na sila ay katulad ng mumunting ilaw kapag nagpapakita sila ng mabubuting halimbawa, sapagkat minamasdan sila ng ibang tao at sila ay sinusundan. Ipahawak sa isang bata ang plaslayt at akayin ang iba sa paligid ng silid. Ulitin hanggang sa ang bawat bata na nais maging pinuno ay nagkaroon ng pagkakataon.
4. Patayuin ang mga bata at ipagawa ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain:

   Mahal ni Jesus ang Maliliit na Bata

   Ang ilang bata ay nagtatakbuhan sa maalikabok na lansangan *(tumakbo sa kinatatayuan),*
   Pinagmamadali ang kanilang maliliit na paa *(ituro ang mga paa),*
   Upang sa maraming tao ay makipagsiksikan *(magkunwaring nakikipagtulakan sa maraming tao)*
   Lumapit kay Jesus upang makita ang kanyang mukha *(tumingkayad at lumingun-lingon).*
   "Itaboy sila," ang sabi ng ilang nakatatanda *(itaas ang kamay na tila nagsasabing "tigil").*
   "Marami siyang ginagawa upang lapitan ng mga bata" *(sumimangot at umiling).*
   Ngunit sabi ni Jesus, "Palapitin sila sa akin" *(ikaway ang mga kamay).*
   "Sila'y mahalaga at mahal sa akin" *(yakapin ang sarili).*

   (Hinango mula kay Margaretta Harmon sa *Bible Story Finger Plays and Action Rhymes* [Cincinnati, Ohio: Standard Publishing, 1964], p.27.)

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Hilingin sa mga bata na ulitin ang salitang *halimbawa*. Sabihin sa kanilang ang isang mabuting halimbawa ay isang taong nais mong maging katulad kapag malaki ka na. Ang mga magulang natin ay maaaring maging

mabubuting halimbawa sa atin. Hilingan ang mga bata na magbanggit ng mga bagay na ginagawa ng kanilang mga magulang upang mapangalagaan sila o mapaligaya sila.

2. Hayaang maghawakan ng mga kamay ang mga bata at gumalaw sa isang bilog habang inaawit o binibigkas mo ang mga salita sa "When We're Helping" (Children's Songbook, p. 198). Ulitin ang awit hanggang nais ninyo, na pinapalitan ang *ina* ng *ama*, *kuya*, *ate*, *lola* o *lolo*.

3. Laruin ang "Sundin ang Pinuno" na kasama ang mga bata. Papilahin ang mga bata. Ang unang bata sa pila ay tatakbo, tatalon, lulundag o gagawin ang ibang galaw papunta sa kabilang panig ng silid. Susundan ng ibang bata ang unang bata, na ginagawa ang ginawa niya. Pagkatapos ay pupunta ang unang bata sa dulo ng pila, at ang kasunod na bata ang magiging bagong pinuno. Ipagpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataon na maging pinuno.

Aralin
37

# Maaari Akong Maging Matapat

**LAYUNIN**

Upang palakasin ang pagnanais ng bawat bata na maging matapat.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Exodo 20:15–16; Alma 53:16–22; 56:44–57; at Mga Saligan ng Pananampalataya 13. Tingnan din sa *Mga Alintuntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 31.
2. Gumawa ng simpleng tali sa ulo para sa bawat bata na yari sa papel o tela. Isulat sa bawat tali sa ulo ang *Maaari Akong Maging Matapat*.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at isang Aklat ni Mormon.
   b. Isang butones o ibang maliit na bagay.
   c. Larawan 1–13, Joseph Smith (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 400; 62449); larawan 1–65, Dalawang Libong Kabataang mga Kawal (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 313; 62050).
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Papuntahin sa harap ng klase ang isang bata. Pagdaupin ang iyong mga kamay at ilagay ang isang butones o maliit na bagay sa loob. Hayaang pagdaupin ng ibang mga bata ang kanilang mga kamay. Magpalipat-lipat sa bawat bata na inilalagay ang mga kamay mo sa pagitan ng kanilang mga kamay. Ihulog ang butones sa mga kamay ng isang bata. Hayaang panatilihin ng mga bata na magkadaop ang kanilang mga kamay, na nagkukunwaring nasa kanila ang butones. Sabihing, "Butones, butones, sino ang may hawak ng butones?" Hayaang subuking hulaan ng batang nasa harapan kung aling bata ang may hawak ng butones sa pamamagitan ng pagtatanong, "(Pangalan), na sa iyo ba ang butones?" Sabihin sa mga bata na dapat silang sumagot nang may katapatan, "Wala sa akin ang butones" o "Oo, nasa akin ang butones."

Laruin ang laro nang ilang ulit, na pumipili ng ibang bata upang hulaan at ipasa ang butones. Purihin ang mga bata sa pagiging matapat.

### Nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na tayo ay maging matapat

Ipakita ang larawan 1–13, Joseph Smith. Sabihin sa mga bata na isinulat ni Propetang Joseph Smith sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya na "Naniniwala kami sa pagiging matapat". Tulungan ang mga bata na maisaulo ang mga salitang ito.

- Ano ang ibig sabihin ng pagiging matapat?

Ipaliwanag na ang pagiging matapat ay kinapapalooban ng pagsasabi ng totoo, hindi pagkuha ng mga bagay na pag-aari ng iba, at pakikitungo sa ibang tao nang walang kinikilingan.

Ipakita ang Biblia at sabihin sa mga bata na dinala ni Moises ang Sampung Utos sa kanyang mga tao (tingnan sa Exodo 20). Ipaliwanag na ibinigay ng Ama sa Langit at ni Jesus kay Moises ang dalawang kautusan tungkol sa pagiging matapat: “Huwag kang magnanakaw” at “Huwag kang magbibintang.” Basahin nang malakas ang Exodo 20: 15—16.

- Ano ang ibig sabihin ng magnakaw?

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng magbintang ay magsabi ng isang bagay na hindi totoo.

Awit

Bigkasin ang mga salita sa “Ako ay Naniniwala sa Pagiging Matapat” (I Believe in Being Honest, *Children’s Songbook*, p. 149).

Ako ay naniniwala
Sa pagiging matapat;
Katapata’y magmumula
Sa bawat kilos ko‘t wuja.

Gawain

Ilarawan ang ilang mga galaw sa mga bata. Patayuin ang mga bata kapag ang galaw ay matapat at paupuin kapag ang galaw ay hindi matapat. Gamitin ang mga halimbawa sa ibaba o lumikha ng ilang sariling sa iyo:

- Pagtanggap ng paanyaya samantalang sinabi sa inyo ng inyong ina na huwag gawin ito.
- Pagsasabi ng totoo tungkol sa bagay na ginagawa ninyo.
- Pagkuha ng isang bagay na hindi sa inyo.
- Pag-amin sa paggawa ng isang maling bagay.
- Pagsasabing iba ang gumawa samantalang kayo ang totoong gumawa nito.
- Pagkakita sa ilang pera o isang bagay na pag-aari ng iba at pagsasauli nito sa may-ari.

Hilingan ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan nila sa kanilang pagiging matapat.

- Ano ang pakiramdam ninyo kapag kayo ay matapat?
- Ano ang pakiramdam ninyo kapag hindi kayo matapat?
- Bakit kung minsan ay natatakot kayong maging matapat? (Maaaring maparusahan kayo o mapalungkot ang isang tao.)

Tulungan ang mga bata na maunawaan na magiging higit na mabuti ang ating pakiramdam kapag tayo ay matapat, kahit na mahirap itong gawin kung minsan.

### Pinagpapala tayo kapag tayo ay matapat

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–65, Dalawang Libong Kabataang mga Kawal. Isalaysay ang kuwento ng dalawang libong kabataang mga kawal, na matatagpuan sa Alma 53:16–22 at 56:44–57, lalo na ang Alma 53:20–21. Ipaliwanag na ang dahilan ng pagiging magiting ng mga kabataang lalaking ito ay sapagkat sila ay matapat. Basahin nang malakas ang Alma 53:20 (simula sa *sila’y mga kalalakihang matatapat*). Ipaliwanag na ang kahulugan ng pagiging matapat ay tunay. Dahil matatapat ang mga kabataang kawal na ito, sila ay pinangalagaan sa digmaan. Pinagpala sila sa kanilang katapatan, pananampalataya at tapang. Tayo ay pagpapalain din kung matapat tayo.

- Paano pinagpala ang mga kabataang mandirigma sa pagiging matapat? (Tingnan sa Alma 56:54–56.)

Gawain

Ilagay sa ulo ng mga bata ang mga tali. Papagkunwariin silang ang dalawang libong batang mandirigma at magmartsa sa paligid ng silid habang pumapalakpak ka. Pahintuin sila sa pagmamartsa kapag tumigil ka na sa pagpalakpak, at tanungin ang isang bata kung paano siyang magiging matapat. Muling magsimula sa pagpalakpak, at ulitin ang gawain hanggang sa ang bawat bata ay nagkaroon na ng pagkakataon na magbigay ng sagot.

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na maging matapat tayo at nang magiging maligaya ang ating pakiramdam kapag tayo ay matapat.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Isalaysay sa sarili mong mga salita ang sumusunod na kuwento tungkol kay Jacob Hamblin at ng kanyang anak na lalaki:

   Si Jacob Hamblin ay isa sa mga unang tagabunsod na nagpunta sa dakong timog ng Utah. Minahal niya ang mga Indiyan na nanirahan doon at natutuhang magsalita sa kanilang wika. Palagi siyang matapat sa mga Indiyan, at natutuhan nilang pagkatiwalaan siya. Isang araw ay inutusan ni Jacob ang kanyang anak na lalaki na ipagpalit sa isang Indiyan ang isang buriko para sa ilang kumot. Masusing tiningnan ng Indiyan ang buriko at inilabas ang isang salansan ng mga kumot. Sinabi ng anak na lalaki ni Jacob na, "Hindi sapat." Patuloy na nagdagdag ng mga kumot sa salansan ang Indiyan. Nang sa wari ng anak na lalaki ni Jacob na mayroon na siyang sapat na mga kumot, sumakay siyang pauwi, nagmamalaki na nakatanggap siya ng maraming kumot bilang kapalit ng buriko. Nang makita ni Jacob kung gaano karaming kumot ang naiuwi ng kanyang anak na lalaki, siya ay hindi nasiyahan. Ang buriko ay hindi nagkakahalaga ng gayon karaming mga kumot. Ipinasauli ni Jacob ang kalahati ng mga kumot sa Indiyan. Nang magbalik ang batang lalaki, ang Indiyan ay nagtawa at nagsabing, "Alam kong ipapasauli ni Jacob ang mga ito" (tingnan sa Jacob Hamblin Jr., sa pagkakasalaysay kay Louise Lee Udall, sa *A Story to Tell* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1945], 359–60).

   Ipaliwanag na alam ng Indiyan na si Jacob Hamblin ay isang matapat na tao at ipasasauli ang labis na mga kumot. Mapagkakatiwalaan ng Indiyan si Jacob dahil siya ay palaging matapat. Ipasadula o ipasalaysay muli sa mga bata ang kuwento.

2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Jesus Once Was a Little Child" (*Children's Songbook,* p. 55).

3. Gumamit ng mga simpleng manika, katulad ng mga manika na yari sa medyas o papel na supot, upang isadula ang mga kalagayan kung saan ang isang tao ay may pagpipilian sa pagitan ng pagiging matapat at hindi pagiging matapat. Gamitin ang mga halimbawa sa ibaba o lumikha ng ilang sariling sa iyo:

- Nakabasag kayo ng isang pinggan at tinanong ng inyong ina kung sino ang gumawa niyon.
- Tumutulong kayong mamulot ng perang tumapon, at natutukso kayong kumuha ng ilan.
- Kumain kayo ng dalawang *cookies* pagkatapos na sabihin sa inyo ng inyong ama na huwag gawin ito. Tinanong kayo ng ama ninyo kung kumain kayo ng *cookies*.

Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa paggamit sa manika at pagsasabi ng dapat nilang gawin sa bawat kalagayan.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Tanungin ang mga bata kung may kabayo sa silid. Sabihin sa kanila na kung titingin silang mabuti, hindi sila makakikita ng kabayo sa silid dahil wala nito. Magiging hindi matapat ang pagsasabi na may kabayo sa silid. Tanungin sila kung nakikita nila ang ______ (pangalan ng isang bagay na madaling makita ng mga bata). Ipaliwanag na katapatan ang sabihin ang bagay na ito ay nasa loob ng silid. Sabihin sa mga bata na kapag sinasabi nila ang isang bagay na totoo o tunay, sila ay nagiging matapat.
2. Hilingin sa mga bata na itaas ang dalawang kamay kapag nagsasabi ka ng isang bagay na totoo at ibaba ang kapwa mga kamay kapag nagsasabi ka ng isang bagay na hindi totoo. Gumawa ng mga simple ngunit halatang mga pangungusap, katulad ng "Mayroon akong bulaklak sa aking buhok," "Ang suot ko ay isang bestido," "Pula ang pantalon ni John," o "Nakaupo ka sa isang upuan."
3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Mangahas Gawi'y Tama" (*Mga Himno at Awit Pambata*).

Aralin
# 38
# Maaari Akong Maging Magalang

**LAYUNIN**

Upang himukin ang bawat bata na ipakita ang pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesus sa pamamagitan ng pagiging magalang.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Exodo 3:1–10.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–19, Si Cristo at ang mga Bata (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 216; 62467); larawan 1–66, Si Moises at ang Natutupok na Kahoy (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 107; 62239); larawan 1–67, Isang Magalang na Klase.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawaing Nagpapayaman ng Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Hilingan ang mga bata na ihalukipkip ang kanilang mga kamay at tahimik na maupo habang inaawit o binibigkas mo ang mga salita sa “Magalang, Tahimik” (Reverently, Quietly, *Children’s Songbook,* p. 26) mahinang tinig. Kung alam ng mga bata ang awit, maaari silang sumabay sa pag-awit.

Magalang, tahimik, kayo po‘y iisipin;
Magalang, tahimik, ‘to‘y aming aawitin.
Magalang, tahimik, mananalangin,
Espiritu’y isugo sa aming puso.

Kapag tapos na kayo, pasalamatan ang mga bata sa pag-upo nang tahimik.

**Maaari tayong maging magalang sa simbahan**

Ipakita ang larawan 1–67, Isang Magalang na Klase.

- Nasaan ang mga batang ito?
- Ano ang ginagawa nila?
- Ano sa palagay ninyo ang iniisip nila?
- Paano kayong kumilos kapag dumarating kayo sa Primarya?

Ipaliwanag na kapag dumarating tayo sa simbahan ay dapat tayong kumilos sa isang tiyak na paraan. Ito ay tinatawag na pagiging magalang.

Ipaulit sa mga bata ang salitang *magalang* nang ilang beses.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng pagiging magalang?

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng pagiging magalang ay ang paggawa ng mga bagay na nagpapakita ng pagmamahal at pagpipitagan sa Ama sa Langit at

kay Jesus. Naipapakita natin ang ating pagmamahal sa kanila sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan (hayaang ipakita ng mga bata ang ilan sa mga ito habang pinag-uusapan ninyo ang mga ito):

- Paglalakad nang tahimik at pagsasalita nang mahina.
- Tahimik na pag-upo at pakikinig sa mga panalangin at mga aralin.
- Pagtataas ng ating mga kamay kapag may nais tayong sabihin.
- Paghahalukipkip ng mga kamay.
- Pagpapanatiling malinis ng bahay-pulungan.

Ipaliwanag na kapag ginagawa natin ang mga bagay na ito, alam ng Ama sa Langit at ni Jesus na mahal natin sila at na maligaya tayo sa pagpunta sa simbahan.

Gawain

Kasama ang mga bata, bigkasin ang mga salita sa "Nais Kong Maging Magalang" (I Want to Be Reverent, *Children's Songbook*, p. 28). Ulitin kung nais.

Pag-ibig ko
Sa inyo'y ipakikita.
Ako ay makikinig,
Dahil ako'y magalang.

- Bakit tayo dapat na maging magalang sa Primarya?

Paalalahanan ang mga bata na kapag tayo ay magalang, nagagawa nating makinig sa ating mga guro at natututuhan ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus. Kapag magalang tayo, tinutulungan natin ang iba na maging magalang din.

- Sa anong gusali tayo naroroon sa ngayon?
- Kaninong tahanan ito?

Ipaliwanag na ang ating bahay-pulungan ay pag-aari ng Ama sa Langit at ni Jesus. Ito ay isang pook na ating pinupuntahan upang matutuhan ang tungkol sa kanila at kung ano ang nais nilang gawin natin.

Gawain

Gawin ang sumusunod na laro sa daliri na kasama ang mga bata. Kumatha ng mga galaw na nagpapakita ng mga bahagi ng bahay-pulungan.

Ang Bahay-pulungan

Ito ang mga dingding ng napakagandang bahay;
Ito ang mga matataas na tore.
Ito ang mga bintana na nagpapasok sa liwanag
At ang mga pintuang nakabukas para sa lahat.
Ang bahay na ito'y itinayo ng mga mapagmahal na kamay
Bilang isang lugar upang umawit at magdasal.
Ihalukipkip natin ang ating mga kamay, at iyuko ang ating mga ulo
(*ihalukipkip ang mga kamay at iyuko ang mga ulo*),
At sa bahay na ito ngayo'y magbigay pasalamat.

- Ano ang ilan sa mga bagay na dapat ninyong gawin sa loob ng bahay-pulungan?
- Ano ang ilan sa mga bagay na hindi ninyo dapat gawin sa loob ng bahay-pulungan?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na may mga lugar at pagkakataon upang magtakbuhan at maglaro sa bahay-pulungan, ngunit sa malaking bahagi ng mga gusali at kapag Linggo tayo ay dapat na maging magalang. Ituro na maliban sa pag-upo nang tahimik sa Primarya at sa kapilya, tayo ay naglalakad at nag-uusap nang mahina sa mga pasilyo.

Kuwento

Isalaysay ang isang kuwento tungkol sa mga bata sa iyong klase na dumadalo sa Primarya. Isama ang kung gaano sila kasabik habang sila ay tumatakbo at lumuluksu-lukso sa kanilang pagpunta sa gusali, kung gaano katahimik silang lumakad kapag pumasok na sa loob, at kung ano ang ginagawa nila sa kasalukuyan ng pulong sakramento at Primarya at pagkatapos ay sa pasilyo. Bigyang-diin kung gaano kagalang ang mga bata kapag sila ay nagpupunta sa simbahan.

Awit

Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Dalawang Paang Masaya” (Two Happy Feet, *Children’s Songbook*, p. 270), habang tahimik at maingat na naglalakad ang mga bata sa paligid ng silid upang hindi makalikha ng ingay ang kanilang mga sapatos.

Dalawang paang masaya
Sa ‘ki’y nagdadala.
Sila’y nakalulundag,
At nag-iingay pa.
Ngunit sa bahay ng Ama,
Dahan-dahan sila.
Kaya’t kahit naglalakad,
Paa ko’y tahimik.

- Ano ang ginagawa ninyo sa inyong mga paa sa mga pasilyo ng simbahan? sa kapilya? sa klase?
- Ano ang ginagawa ninyo sa inyong mga kamay?
- Ano ang ginagawa ninyo sa inyong tinig?

**Maaari tayong magkaroon ng magalang na pakiramdam**

Ipakita ang larawan 1–19, Si Cristo at ang mga Bata, at ipahiwatig ang iyong nadarama kapag naiisip mo si Jesucristo at kung gaano niya tayo kamahal. Ipaliwanag na ang mga ito ay mga damdamin ng paggalang. Anyayahan ang mga bata na ipahiwatig ang kanilang mga damdamin tungkol kay Jesus.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–66, si Moises at ang Natutupok na Kahoy, at isalaysay ang kuwento na matatagpuan sa Exodo 3:1–10. Bigyang-diin ang mga damdamin ng paggalang ni Moises nang makipag-usap sa kanya ang Panginoon mula sa natutupok na kahoy at tinawag siya upang pamunuan ang mga anak ni Israel papalabas sa Ehipto. Basahin nang malakas mula sa Biblia at ipaliwanag ang bahagi ng talata 5: “”Hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong mga paa, sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa.”

- Bakit hinubad ni Moises ang kanyang mga panyapak sa paa?

Ipaliwanag na ito ay isang paraan ng pagiging magalang. Tiyakin na nauunawaan ng mga bata na hindi natin kailangang hubarin ang ating mga sapatos upang maging magalang. Marami pa tayong paraan upang maging magalang.

- Paano kayo magiging magalang?

### Maaari tayong maging magalang sa tahanan

Sabihin sa mga bata na hindi lamang ang bahay-pulungan ang lugar na tayo ay dapat na maging magalang.

- Ano ang ginagawa ninyo sa bahay kapag mayroong nananalangin?
- Ano ang ginagawa ninyo sa bahay kapag nagdaraos ng gabing pantahanan ng mag-anak?

Ipaliwanag na kapag tahimik tayong nakikinig sa mga panalangin at mga aralin sa tahanan, tayo ay nagiging magalang din. Ipinapakita nito sa Ama sa Langit at kay Jesus na mahal natin sila.

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at ang iyong pasasalamat na maaari mong ipakita ang pagmamahal na ito sa pamamagitan ng pagiging magalang. Himukin ang mga bata na ipakita ang kanilang pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesus sa pamamagitan ng pagiging magalang sa Primarya, sa pulong sakramento at sa mga panalangin at gabing pantahanan ng mag-anak sa tahanan.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Pangunahan ang mga bata sa paglalakad nang magalang sa mga pasilyo ng bahay-pulungan. Kung maaari, magpunta sa kapilya. Kapag nakabalik na kayo sa silid-aralan, purihin ang mga bata sa kanilang magalang na kilos at talakayin kung paanong nakatulong ang kanilang pagiging magalang sa ibang tao sa gusali upang maging magalang sa kanilang mga klase.
2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “I Will Try to Be Reverent” (*Children’s Songbook*, p. 28) o kaya sa “Father, I’ll Reverent Be” (*Children’s Songbook,* p. 29).
3. Bakasin ang mga paa ng bawat bata sa isang pirasong papel na nasusulatan ng talatang “Dalawang Paa na Masaya.” Hayaang kulayan ng bawat bata ang kanyang bakas at iuwi ito.
4. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpapakita ng paraang maaari siyang maging magalang sa klase, katulad ng pag-upo nang tahimik, paghalukipkip ng mga kamay, o pagtataas ng kamay kapag may sasabihin. Pag-usapan kung bakit dapat tayong maging magalang sa bahay ng Ama sa Langit.
5. Tulungan ang mga bata na bigkasin ang mga salita sa isa o kapwa sumusunod na talata. Kumatha ng mga galaw na isinasaad ng mga salita.

   Ibukas, Isara [Mga Kamay]

   Ibukas, isara;
   Ibukas, isara;
   Magbigay ng palakpak.
   Ibukas, isara;
   Ibukas, isara;
   Sa kandungan ilapag.

Ikinakaway Ko ang Aking Kamay

Ikinakaway ko ang aking kamay.
Ipinaiikot ko ang aking kamay.
At ito'y aking ipinapalakpak.
Ang aking kamay ay itinataas ko,
Pagkatapos ay ibinababa ito
At sa aking kandungan inilalapag.

Tahimik ang aking mga paa.
Ang mga paa ko'y ipinapahinga.
Matuwid na nakaupo sa aking silya.
Iyuyuko ko ang aking ulo.
Ipipikit ko ang mga mata ko.
Sa panalangin ako'y handa na.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Ipapikit sa mga bata ang kanilang mga mata. Hilingin sa kanilang itaas ang kanilang mga kamay kung naririnig ka nila na naghuhulog ng isang barya o butones. Ihulog ang barya o butones sa sahig o sa mesa.
2. Pagkatapos ay ibalot ang butones o barya sa isang panyo o maliit na piraso ng tela. Hilingin sa mga bata na panatilihing nakapikit ang mga mata nila, makinig na mabuti, at itaas ang mga kamay nila kung maririnig nila ang barya o butones sa pagkakataong ito. Ihulog ang nakabalot na butones o barya sa sahig o sa mesa. Tulungan ang mga bata na maunawaan na maraming maririnig kung tayo ay makikinig.

# Ang Musika ay Nakapagpapasaya sa Akin

Aralin **39**

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na ang mabuting musika ay makatutulong sa atin na maging masaya ang pakiramdam at pinaaalalahanan tayo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang 1 Samuel 16:19–23; Eter 6:2–12; at Doktrina at mga Tipan 25:12.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia, isang Aklat ni Mormon, at isang kopya ng Doktrina at mga Tipan.
   b. Larawan 1–61, Ang Paglalakbay Mula sa Nauvoo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 410; 62493); larawan 1–68, Tumutugtog si David Para kay Haring Saul; larawan 1–69, Ang mga Gabara ng mga Jaredita.
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang Mga Gawain na Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

Paalala sa guro: Maaaring naisin mong anyayahan ang pinuno ng musika sa Primarya na tulungan ka sa araling ito.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Pabuuin ng isang bilog ang mga bata at awitin ang "Kung Ikaw ay Masaya" (If You're Happy, *Children's Songbook,* p. 266) nang ilang ulit, na ginagamit ang mga pariralang katulad ng "pumalakpak ka," "pumadyak ka," at "kumurap ka." Kumatha ng mga galaw na isinasaad ng mga salita.

Kung ikaw ay masaya, pumalakpak.
Kung ikaw ay masaya, pumalakpak.
Kung ikaw ay masaya, buhay mo ay sisigla,
Kung ikaw ay masaya, pumalakpak.

- Ano ang naramdaman ninyo nang inawit ninyo ang awiting ito?

### Ang mabuting musika ay makatutulong sa atin na maging masaya

Ipaliwanag na ang masaya, maganda, o payapang musika ay makatutulong sa atin na maging mabuti ang ating pakiramdam sa ating kalooban. Kapag tayo ay malungkot, o galit, o nagulat, nagagawa ng mabuting musika na mapasaya tayong muli.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–68, Tumutugtog si David Para kay Haring Saul. Isalaysay ang kuwento ni David na tumutugtog ng kanyang alpa para kay Haring Saul noong hindi mabuti ang pakiramdam ng hari, na matatagpuan sa 1 Samuel 16:19–23.

- Bakit sa palagay ninyo pinabuti ng musika ni David ang pakiramdam ni Haring Saul?
- Anong mga kagamitan sa musika ang nais ninyong marinig?

Maikling isadula ang mga kagamitan ng musika kapag binanggit ang mga ito.

Gawain — Papagkunwariin ang bawat bata na tumutugtog ng isang kagamitan sa musika, katulad halimbawa ng piyano, biyolin, gitara, plauta, o alpa, habang inihihimig mo ang isang pangkaraniwang awit o himno sa Primarya.

Awit — Ipaliwanag na ang pag-awit ay makatutulong din sa atin na maging masaya. Awitin ang “Happy Song” (*Children’s Songbook*, p. 264), na ginagamit ang mga galaw na nakasaad sa ibaba:

Bibi sa lawa maligaya *(buksan at isara ang hinlalaki at daliri na tulad ng tuka ng bibi).*
Inahing manok pumuputak *(ilagay ang kamay sa may kilikili para magmistulang pakpak).*
Ibong nasa pugad *(magkadikit na itikom ang mga kamay na anyong pugad)*
saka hangin *(ikaway ang mga kamay sa ulunan gaya ng mga punong humahapay sa hangin)*
Sama-samang umaawit.

(© 1963 ng D. C. Heath and Company. Muling inilimbag nang may pahintulot.)

- Anong mga awit sa Primarya ang nakatutulong sa inyong maging masaya?

Awit — Hayaang pumili ang mga bata ng isang kinawiwilihang awit, at awitin itong kasama sila.

Kuwento — Ipakita ang larawan 1–61, Ang Paglalakbay Mula sa Nauvoo, at isalaysay ang sumusunod na kuwento sa sarili mong mga salita:

Nang iwanan ng mga tagabunsod ang kanilang mga tahanan sa Nauvoo at naglakbay papuntang kanluran, pinuno nila ang mga natataklubang bagon at mga karumata ng lahat ng bagay na madadala nila. Kinailangan nilang iwanan ang marami sa kanilang mga pag-aari dahil walang mapaglagyan ng mga ito. Ang paglalakbay ay napakahirap, at karaniwang pagud na pagod ang mga tagabunsod sa paglipas ng maghapon.

Sa gabi ay tinitipon ng mga tagabunsod ang kanilang mga hayop at mga bagon nang nakapaikot at nagsisiga sa gitna ng bilog. Alam ng propetang si Brigham Young na higit na magiging masaya ang mga tao sa kanilang paglalakbay kung sila ay may musika. Hinimok niya silang umawit at sumayaw. Ginamit sa paglikha ng musika ng mga tagabunsod ang kanilang dalang mga biyolin, torotot, at mga tambol. Ang bawat isa ay umawit at sumayaw sa paligid ng apoy. Isa sa kanilang mga kinagigiliwang awit ang “Mga Banal, Halina” (Come, Come, Ye Saints). Ang musika ay nagbigay ng lakas at tibay ng loob sa mga tagabunsod. Kapag matutulog na sila sa gabi pagkatapos ng awitan at sayawan, sila ay masasaya.

Awit — Paupuin nang pabilog ang mga bata at magkunwaring mga tagabunsod na nakaupo sa paligid ng siga. Awitin ang “Pioneer Children Sang As They Walked” (*Children’s Songbook,* p. 214) o iba pang kinawiwilihang awit sa Primarya ng mga bata.

### Tinutulungan tayo ng musika na alalahanin ang Ama sa Langit at si Jesus

Ipaliwanag na ang musika sa simbahan ay nagpapaalala sa atin sa Ama sa Langit at kay Jesus. Hilingin sa mga bata na ipikit ang kanilang mga mata at magkunwaring pinakikinggan ang tumutugtog na musika sa kapilya bago ang pulong sakramento.

- Paano kayong natutulungan ng musika na maging magalang sa simbahan?

Ipaliwanag na natutuwa ang Ama sa Langit at si Jesus na mapakinggan tayong umaawit. Basahin nang malakas ang unang dalawang parirala ng Doktrina at mga Tipan 25:12 (hanggang sa *panalangin sa akin*). Ipaliwanag na ang pag-awit ng mga awitin sa simbahan ay tulad ng pananalangin sa Ama sa langit. Pinasasalamatan natin ang Ama sa Langit para sa mga pagpapala na ibinibigay niya sa atin. Ang pag-awit ng mga awitin tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus ay nagpapaalala sa atin na mahal nila tayo at nais na tulungan tayo. Ipaliwanag na ang mga awit na ating inaawit sa pulong sakramento ay tinatawag na mga himno.

- Bakit natin inaawit ang mga awit at mga himno sa simbahan?

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–69, Ang mga Gabara ng mga Jaredita, at isalaysay ang kuwento tungkol sa pagdating ng mga Jaredita sa lupang pangako, na matatagpuan sa Eter 6:2–12. Ipaliwanag na ang mga Jaredita ay umawit ng mga awit ng papuri sa Ama sa Langit at kay Jesus habang nasa loob sila ng mga gabara, o mga sasakyang-dagat.

- Bakit sa palagay ninyo umawit ang mga Jaredita sa kanilang paglalayag?
- Ano sa palagay ninyo ang nadama ng mga Jaredita nang pumagaspas ang hangin at mga alon sa kanilang mga gabara?
- Paanong makatutulong sa kanila ang pag-awit kapag sila ay natatakot?
- Nagawa na ba ninyong umawit nang minsang kayo ay natakot? Paano itong nakatulong sa inyo?

Patotoo

Ibahagi ang isang pagkakataon nang kayo ay napasaya ng musika. Paalalahanan ang mga bata na natutuwa ang Ama sa Langit at si Jesus na marinig silang umaawit ng mabubuting awitin. Kapag sila ay umaawit, makadarama sila ng kasiyahan at maaalala na mahal sila ng Ama sa Langit at ni Jesus.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Awitin ang “Masayang Gawain” (Fun to Do, *Children’s Songbook,* p. 253), “Sing a Song” (*Children’s Songbook,* p. 253), o “I Think the World Is Glorious” (*Children’s Songbook,* p. 230).
2. Kung ang klase ay maliit, papiliin ang bawat bata ng isang kinawiwilihang awit sa Primarya, at awitin ang mga ito nang magkakasama bilang isang klase.
3. Gumawa ng mga tasang pangkalog na yari sa papel para sa bawat bata upang magamit bilang mga kagamitan na pantugtog. Lagyan ng kaunting bigas o buhangin ang loob ng tasang yari sa papel. Idikit ang isa pang tasang yari sa papel sa nauna upang hindi tumapon ang bigas o buhangin.

Awitin ang isang awit sa Primarya habang ginagamit ng mga bata ang kanilang mga pangkalog. Makapagdadala ka rin ng iba pang bagay upang magamit bilang mga kagamitan sa pagtugtog, katulad halimbawa ng mga kampana, mga pulpol na patpat na paghahampasin, o mga kapirasong kahoy na pagkikiskisin.

4. Magpatugtog ng musika mula sa mga *audiocassette* ng *Children's Songbook* (52505 o 52428) o mga *compact disc* (50505 o 50428), at paawitin o pagalawin ang mga bata na kasabay nito.
5. Sa sarili mong mga salita, isalaysay ang kuwento nang si Propetang Joseph Smith at ang ibang mga pinuno ng Simbahan ay nasa Piitan ng Carthage. Ikinulong sila ng masasamang tao kahit na wala silang ginawang mali. Alam ng Propeta na nanganganib ang kanyang buhay, at siya ay labis na nalungkot. Hinilingan niya ang kanyang kaibigan na si John Taylor na umawit para sa kanya. Labis din ang kalungkutan ni John, at sinabi niya kay Joseph na tila ayaw niyang umawit, ngunit siya ay hinimok ni Joseph. Habang inaawit ni John ang isang awiting tungkol kay Jesus, ang bawat isa na nasa piitan ay nagkaroon nang higit na mabuting pakiramdam. Ang awit ay nagpaalala sa kanila na mahal sila ng Ama sa Langit at ni Jesus. Ito ay nagbigay sa kanila ng lakas at tibay ng loob.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Awitin ang ilan sa mga kinawiwilihang awit ng mga bata na kasama sila. Hayaan na mahinang pumalakpak ang mga bata habang sila ay umaawit. Sabihin sa mga bata ang tungkol sa kung paano silang pinasasaya ng musika.
2. Maghanda ng isang rekord ng iba't ibang estilo ng musika upang mapakinggan ng mga bata. Tiyaking ang musika ay angkop para sa Sabbath. Maaaring naisin mong gamitin ang ilan sa mga piling awit sa *audiocassette* na kasama ng manwal na ito.
3. Sabihin sa mga bata na binigyan tayo ng Ama sa Langit ng maraming uri ng musika. Ang ilang musika ay ginawa ng mga tao, at ang ibang musika ay ginawa ng mga bagay sa mundo sa ating paligid. Magbanggit ng ilang bagay sa kalikasan na gumagawa ng tunog na tulad ng musika, katulad halimbawa ng hangin, ulan, mga ibon, mga bubuyog, at kidlat. Ipagaya sa mga bata ang bawat tunog.

# Tinutulungan Ako ng Sakramento na Isipin ang Tungkol kay Jesus

Aralin **40**

**LAYUNIN** Upang himukin ang bawat bata na isipin si Jesus habang nagsasakramento.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Lucas 22:19–20 at 3 Nephi 18:1–11. Tingnan din sa Mga Alituntunin ng Ebanghelyo (31110), kabanata 23.
2. Sa pagsang-ayon ng pangulo ng inyong Primarya, hilingan ang obispo na makipag-ayos upang dumalo nang ilang minuto sa inyong klase ang isang kasapi ng korum ng mga saserdote sa pagsisimula ng panahon ng aralin. Dapat maghanda ang kasapi ng korum ng mga saserdote na sabihin sa mga bata ang tungkol sa kanyang mga tungkulin sa pangangasiwa ng sakramento at ang kanyang mga damdamin tungkol sa banal na ordenansang ito.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia at isang Aklat ni Mormon.
   b. Mga larawan ng mga pangyayari sa buhay ni Jesus, katulad ng larawan 1–16, Ang Kapanganakan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 201; 62495); larawan 1–17, Ang Batang si Jesus sa Templo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 205; 62500); larawan 1–19, Si Cristo at ang mga Bata (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 216; 62467); larawan 1–43, Pinagagaling ni Jesus ang Bulag (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 213; 62145); at iba pa na nais mong gamitin.
   c. Larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572); larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento (62021); larawan 1–44, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 316; 62380); larawan 1–70, Ang Huling Hapunan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 225; 62174).
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento. Sabihin sa mga bata na ang pulong sa Linggo kung saan karaniwan tayong nagsasama-sama bilang mga mag-anak ay tinatawag na pulong sakramento.

• Bakit tinatawag natin ang pulong na ito na pulong sakramento?

Ipakilala sa mga bata ang kasapi ng korum ng mga saserdote. Ipasalaysay sa kanya ang tungkol sa tungkulin ng Pagkasaserdoteng Aaron sa sakramento. Hayaang ipahiwatig niya ang kanyang mga damdamin tungkol sa kanyang ginagampanan sa banal na ordenansang ito. Pasalamatan siya sa pagdalo at hayaan siyang magbalik sa pulong ng kanyang korum o klase sa Panlinggong Paaralan.

**Ibinigay sa atin ni Jesus ang sakramento upang matulungan tayong alalahanin siya**

Ipakita ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo. Paalalahanan ang mga bata na si Jesus ang anak ng Ama sa Langit. Dahil sa mahal na mahal tayo ni Jesus, siya ay nagpunta sa lupa upang maging ating Tagapagligtas. Pinagaling niya ang mga maysakit, itinuro ang ebanghelyo, at ipinakita ang tamang daan na ipamumuhay. Pagkatapos ay namatay siya para sa atin.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–70, Ang Huling Hapunan. Isalaysay ang kuwento ng Huling Hapunan, na matatagpuan sa Lucas 22:19–20. Basahin nang malakas mula sa Biblia ang huling parirala sa talata 19: "Gawin ninyo ito sa pag-aalaala sa akin." Ipaliwanag na sinabi ni Jesus sa kanyang mga Apostol na magkakasamang magtipon bawat araw ng Sabbath at alalahanin siya sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakramento.

Ipakita ang larawan 1–44, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig. Ipaliwanag na nang dalawin ni Jesus ang mga Nephita, sinabihan din niya sila na magkakasamang magtipon bawat araw ng Sabbath at alalahanin siya sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakramento (tingnan sa 3 Nephi 18:1–11).

- Sino ang dapat na isinaisip ng mga Apostol nang sila ay tumanggap ng sakramento?
- Sino ang dapat na isinaisip ng mga Nephita nang sila ay tumanggap ng sakramento?
- Sino ang dapat nating isaisip kapag tumatanggap tayo ng sakramento?
- Kailan tayo tumatanggap ng sakramento?

Gawain

Gawin ang sumusunod na talatang gawain na kasama ang mga bata:

Ako'y Nagagalak na Dumating sa Simbahan Ngayon

Ako'y nagagalak na dumating sa simbahan ngayon (*gumawa ng mataas na tore ng simbahan sa pamamagitan ng pagdidikit ng dalawang dulo ng mga daliri*).
Natutuhan kong makinig (*itikom nang bahagya ang kamay at ilagay sa may tainga*)
At manalangin (*ihalukipkip ang mga kamay at iyuko ang ulo*).
Natutuhan ko ang tungkol kay Jesus na nasa itaas (*tumuro paitaas*);
Naisip ko si Jesus at ang kanyang pagmamahal (*ipatong ang mga kamay sa sarili na tila nakayakap*).

Mga kuwento

Isa-isang ipakita ang mga larawan tungkol sa buhay ni Jesus. Kung naaalala ng mga bata ang larawan, hayaang ipasalaysay sa kanila ang mga kuwento. Kung hindi nila alam ang kuwento, maikling ibahagi ito sa kanila. Hangga't maaari ay hayaang makilahok ang halos lahat ng mga bata sa pagsasalaysay ng mga kuwento.

- Anong mga kuwentong tungkol kay Jesus ang maaari nating isaisip habang nagsasakramento?

Papagsalaysayin ang mga bata ng ibang mga kuwento tungkol kay Jesus na maaari nilang isipin habang nagsasakramento. Kung wala silang maisip na kahit ano, isalaysay sa kanila ang isa o dalawang kuwento tungkol kay Jesus na nais mong isipin habang nagsasakramento.

**Maaari tayong maging magalang habang nagsasakramento**

Gawain

Tulungan ang mga bata na bigkasin ang sumusunod na talata, na ginagamit

ang mga galaw na nakasaad:

Ihahalukipkip ko ang aking mga kamay (*ihalukipkip ang mga kamay*),
Iyuyuko ang aking ulo (*iyuko ang ulo*),
At tatahimik, tatahimik ako (*ibulong ang linyang ito*).
Habang binabasbasan ang sakramento,
Ikaw ay aalalahanin ko.

Ipaliwanag na dahil ibinigay sa atin ni Jesus ang sakramento upang alalahanin siya, mahalaga na mag-isip ng tungkol kay Jesus at tulungan din ang iba na isipin ang tungkol sa kanya. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagiging magalang habang nagsasakramento.

Gawain

Ibulong ang isa sa mga sumusunod na pangungusap sa isang bata at ipaulit ito sa kanya nang malakas sa klase. Magpatuloy sa pamamagitan ng paggamit ng iba pang mga pangungusap at ibang mga bata.

1. Naghahanda tayo para sa sakramento sa pamamagitan ng pag-awit ng isang himno na nagpapaalala sa atin kay Jesus.
2. Nakikinig tayong mabuti habang binibigkas ang panalangin sa pagbabasbas ng tinapay.
3. Kapag naipasa na sa atin ang tinapay, isang piraso lamang ang ating kinukuha.
4. Nakikinig tayong mabuti habang binibigkas ang panalangin sa pagbabasbas ng tubig.
5. Buong paggalang nating iniinom ang tubig at inilalagay muli sa trey ang basong maliit.
6. Hindi natin kailanman pinaglalaruan ang tinapay o ang basong maliliit na pangsakramento.

Ipaliwanag na ang paggawa sa mga bagay na ito ay nagpapakita na tayo ay magalang habang tinatanggap natin ang sakramento.

- Paano tayo magiging magalang habang nagsasakramento?

Gawain

Iparinig na mabuti sa mga bata ang mga galaw na iyong inilalarawan. Sabihin sa kanilang tumayo kapag nagsabi ka ng isang bagay na dapat nilang gawin o isipin habang nagsasakramento. Gamitin ang sumusunod na mga halimbawa o ang ilang sariling iyo:

- Makinig na mabuti habang binibigkas ang mga panalangin sa sakramento.
- Alalahaning mahal tayo ng Ama sa Langit at ni Jesus.
- Isipin ang tungkol sa pagpipiknik.
- Alalahaning pinagaling ni Jesus ang mga taong maysakit.
- Makipag-usap sa iyong kapatid na lalaki o babae.
- Kumislot.
- Isipin ang tungkol sa pagbabasbas ni Jesus sa mga bata.

Patotoo

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa kung gaano ang iyong pasasalamat sa pagkakaroon ng sakramento upang tulungan tayong alalahanin si Jesucristo at ang nagawa niya para sa atin. Ipaliwanag na higit kang nagpapasalamat kapag ang bawat isa ay magalang habang nagsasakramento upang mapagtuunan mong mabuti ang pag-iisip tungkol kay Cristo.

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Before I Take the Sacrament” (*Children’s Songbook*, p. 73) o “To Think About Jesus” (*Children’s Songbook*, p. 71).
2. Paguhitin ang bawat bata ng isang larawan ng kanyang sarili na tumatanggap ng sakramento. Pamagatan ang bawat larawan ng Maaari kong isipin si Jesus habang tumatanggap ako ng sakramento.
3. Magdala sa klase ng mga walang lamang trey na pangsakramento para sa tinapay at tubig. Pahawakan at patingnan sa mga bata ang mga trey. Ipalarawan sa mga bata ang nangyayari habang pinangangasiwaan ang sakramento sa pulong sakramento.
4. Ipasadula sa mga bata ang ilan sa mga kinagigiliwan nilang mga kuwento mula sa buhay ni Jesus.

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Ipaliwanag ang sakramento sa madaling paraan: Ipakita ang isang larawan ni Jesus at sabihin sa mga bata na may panahon sa Linggo na inaalaala natin si Jesus sa isang natatanging pamamaraan. Ito ay kapag kumakain tayo ng maliit na piraso ng tinapay at umiinom ng tubig mula sa basong maliit habang nagsasakramento. Ipaliwanag na habang nagsasakramento ay inaalaala natin kung gaano tayo kamahal ni Jesus at iniisip ang maraming bagay na nagawa niya upang tulungan tayong maging masaya.
2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Ang Kuwentong Tungkol kay Jesus” (Tell Me the Stories of Jesus, *Children’s Songbook*, p. 57) o “Jesus Wants Me for a Sunbeam” (*Children’s Songbook*, p. 60).
3. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain habang binibigkas mo ang mga salita:

   Ang Paglikha
   Sinabi ni Jesus na ang araw ay dapat sumikat *(gumawa ng malaking bilog sa may uluhan sa pamamagitan ng mga kamay),*
   Ang ulan ay dapat bumagsak *(ibaba ang mga kamay sa may harapan ng katawan habang iwinawagwag ang mga daliri),*
   Ang mga bulaklak ay dapat lumaki *(bahagyang itikom ang mga kamay, nakaharap paitaas ang mga palad).*
   Sinabi ni Jesus na dapat umawit ang mga ibon *(ibukas at isara ang mga daliri at ang hinlalaki na tulad ng tuka ng ibon),*
   At ito'y nagkagayon, nagkagayon *(ihalukipkip ang mga kamay).*
   (Johnie B. Wood, sa *Sing, Look, Do, Action Songs for Children,* iniwasto upang ilimbag ni Dorothy M. Peterson [Cincinnati: Standard Publishing Co., 1965].)

   Paalalahanan ang mga bata na binigyan tayo ni Jesus ng maraming bagay upang pasayahin tayo. Habang nagsasakramento, maipakikita natin na tayo ay nagpapasalamat sa pamamagitan ng pag-iisip ng tungkol kay Jesus.

# Ibinigay sa Atin ng Ama sa Langit at ni Jesus ang mga Banal na Kasulatan

Aralin
41

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mga salita ng Ama sa Langit at ni Jesucristo at malalaman natin ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Lucas 22:19–20; 3 Nephi 18:21; Doktrina at mga Tipan 59:6; at Moises 7:11. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893), kabanata 10.
2. Maghandang isalaysay ang isa sa iyong mga paboritong kuwento mula sa mga banal na kasulatan, na ginagamit ang isang larawan kung maaari.
3. Mga kailangang kagamitan;
   a. Magkakasamang kopya ng mga banal na kasulatan (Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas).
   b. Isang piraso ng tela upang takpan ang mga banal na kasulatan o isang pirasong papel upang balutin ang mga ito.
   c. Larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572); larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 208; 62133); larawan 1–44, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig (Pakete ng Larawang ng Sining ng Ebanghelyo 316; 62380); larawan 1–70, Ang Huling Hapunan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 225; 62174).
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bago magklase, takpan ang magkakasamang kopya ng mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng isang piraso ng tela o balutin ang mga ito ng papel. Ilagay ang tinakpang mga banal na kasulatan sa isang mesa o upuan kung saan makikita ng mga bata ang mga ito. Ipaliwanag na tinakpan mo ang isang bagay na mahalaga sa iyo at sa lahat. Hayaang hulaan ng mga bata kung ano ang tinakpan mo.

Pagkaraan ng ilang panghuhula, hayaang salatin ng mga bata ang tela o papel. Kung mahuhulaan ng isang bata na ito ay isang aklat o mga aklat, sabihin sa mga bata na ang mga ito ay tinatawag na mga banal na kasulatan. Ipabigkas sa mga bata ang salitang *mga banal na kasulatan* nang ilang ulit.

### Ang mga banal na kasulatan ay mga sagradong aklat

Ipaliwanag na ang mga banal na kasulatan ay mahahalagang aklat na kakaiba sa ibang mga aklat. Sagradong aklat ang mga ito. Paalalahanan ang mga bata na ang isang bagay na sagrado ay tumutulong sa atin na isipin ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus. Ipaliwanag na sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus at kung gaano nila tayo kamahal. Sinasabi ng mga ito sa atin kung ano ang nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gawin natin upang tayo ay maging maligaya.

Isa-isang ipakita at banggitin ang mga pamantayang banal na kasulatan. Kung ang ilan sa mga ito ay magkakasama sa iisang aklat, ituro ang tagilirang bahagi ng pabalat kung saan nakasulat ang mga pamagat o buklatin ang mga pamagat na pahina ng bawat isa sa mga banal na kasulatan.

Gawain

Sabihin sa mga bata na dapat nating pangalagaang mabuti ang mga banal na kasulatan at buong ingat na buklatin ang mga pahina. Isa-isang papuntahin sa harapan ng klase ang mga bata at ipakita kung gaano kaingat nilang mahahawakan ang mga banal na kasulatan at paano bubuklatin ang mga pahina.

Ipaliwanag na ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mga totoong kuwento. Tinutulungan tayo ng mga kuwentong ito na malaman ang nais ipagawa sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesus. Makatutulong sa ating buhay ang mga kuwento sa mga banal na kasulatan.

Kuwento

Isalaysay sa mga bata ang isa sa iyong mga paboritong kuwento mula sa mga banal na kasulatan, na gumagamit ng isang larawan kung maaari. Bigyang-diin kung paanong nakatutulong sa iyo ang mga bagay na itinuturo sa kuwentong ito sa banal na kasulatan. Ipahiwatig kung gaano mo kaibig na basahin ang mga kuwento sa mga banal na kasulatan.

Awit

Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa “Ang Kuwentong Tungkol kay Jesus” (Tell Me the Stories of Jesus, *Children’s Songbook*, p. 57). Paalalahanan ang mga bata na ang mga kuwento sa mga banal na kasulatan na kanilang natututuhan ay mga totoong kuwento.

Mga k’wentong tungkol kay Jesus, ibig ko:
Ako’y magtatanong pa kung S’ya’y narito.
Tungkol sa dagat at paligid,
K’wento kay Jesus sabihin mo.

### Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mga aral ni Jesus

Ipaliwanag na ang ilan sa mga banal na kasulatan ay isinulat ng mga kalalakihan na nakakikilala kay Jesus at nabuhay noong kapanahunan niya. Nakita nila si Jesus at naringgan siyang magturo. Isinulat ng mga kalalakihang ito ang mga banal na kasulatan upang malaman ng lahat ang tungkol kay Jesus at sa kanyang mga aral at malaman na siya ang anak ng Ama sa Langit.

Ipakita ang larawan 1–70, Ang Huling Hapunan. Hayaang sabihin ng mga bata ang alam nila tungkol sa larawan. Ipakita ang Biblia at ipaulit sa mga bata ang pangalan nito. Buklatin ang Biblia sa Lucas 22. Ipaliwanag na itinuro ni Jesus sa Biblia na dapat nating tanggapin ang sakramento upang maalaala siya. Kinuha ni Jesus ang tinapay at binasbasan ito at ibinigay ito sa kanyang mga disipulo (mga tagatulong). Kumuha siya ng saro at pinainom sila dito. Basahin ang bahagi ng talata 19 kung saan sinabi ni Jesus, “Gawin ninyo ito sa pag-alaala sa akin.” Ituro na ang mga ito ay mga salita ni Jesus.

Ipakita ang larawan 1–44, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig, at ipaalala sa mga bata ang nangyayari sa larawan. Ipakita ang Aklat ni Mormon at ipaulit sa mga bata ang pangalan nito. Buklatin ang Aklat ni Mormon sa 3 Nephi 18. Ipaliwanag na tinuruan ni Jesus ang mga tao nang maraming bagay. Basahin ang bahagi ng talata 21 kung saan sinabi ni Jesus, "Manalangin sa inyong mga mag-anak."

- Ano ang sinasabi sa atin ni Jesus na gawin sa ating mga mag-anak?

Ipakita ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo. Ipakita ang Doktrina at mga Tipan at ipaulit sa mga bata ang pangalan nito nang ilang ulit. Buklatin ang Doktrina at mga Tipan sa bahagi 59. Ipaliwanag na ang isa sa mga bagay na itinuro ni Jesus ay dapat na mahalin natin ang lahat. Basahin ang bahagi ng talata 6 kung saan sinabi ni Jesus, "Mahalin ang inyong kapwa."

- Ano ang sinabi ni Jesus na gagawin?
- Sino ang inyong kapwa?
- Ano ang pakiramdam ninyo kapag mabait kayo sa iba at nagpapakita ng pagmamahal sa kanila?

Awit

Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa "Lahat ay Magmahalan, Sabi ni Jesus" (Jesus Said Love Everyone, *Children's Songbook*, p. 61), na ginagamit ang mga galaw na nakasaad sa ibaba:

Lahat ay magmahalan *(ipakabukas ang mga kamay);*
Sabi ni Jesus *(itangu-tango ang ulo).*
Kung puso'y may pag-ibig *(ilagay ang mga kamay sa tapat ng puso),*
Mamahalin ka *(yakapin ang sarili).*

Ipakita ang larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus. Hayaang magsabi ang mga bata tungkol sa larawan. Bigyang-diin na si Jesus ay bininyagan at nais niyang mabinyagan ang lahat. Ipakita ang Mahalagang Perlas at ipaulit sa mga bata ang pangalan nito. Buklatin ang Mahalagang Perlas sa Moises 7 at sabihin kung paanong tinuruan ni Jesus ang isang lalaking nagngangalang Enoc na magpunta sa mga tao at binyagan sila. Basahin ang bahagi ng talata 11 kung saan sinabi ni Jesus, "Magbinyag sa pangalan ng Ama, at ng Anak, . . . at ng Espiritu Santo."

Itaas ang apat na pamantayang banal na kasulatan. Bigyang-diin na ang mga aral ni Jesus ay nasa lahat ng mga ito.

- Ano ang mga aklat na ito?
- Kaninong mga aral ang matatagpuan sa mga banal na kasulatan?
- Bakit isinulat ang mga banal na kasulatan?
- Ano ang pakiramdam ninyo sa pagkakaalam na mahal tayo ng Ama sa Langit at ni Jesus at na ibinigay ang mga banal na kasulatan sa atin?

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat at pagmamahal sa mga banal na kasulatan. Magbigay ng patotoo na ang mga banal na kasulatan ay ang mga salita ng Ama sa Langit at ni Jesus at na sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay malalaman natin ang nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gawin natin.

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Itupi ng kalahati ang mga pirasong papel upang gumawa ng maliliit na kopya ng mga pabalat ng apat na pamantayang banal na kasulatan, na magkakasamang kopya para sa bawat bata. Ilimbag ang mga pangalan ng mga pamantayang banal na kasulatan sa mga pabalat. Butasan ang sulok ng bawat pabalat at gumamit ng isang piraso ng tali o sinulid upang sama-samang itali ang apat na banal na kasulatan ng bawat bata.

   Sa loob ng bawat pabalat, ilimbag ang banal na kasulatan na itinuro sa aralin:

   Biblia: *Tinuruan tayo ni Jesus tungkol sa sakramento (Lucas 22:19).*
   Aklat ni Mormon: *Tinuruan tayo ni Jesus na manalangin sa ating mga mag-anak (3 Nephi 18:21).*
   Doktrina at mga Tipan: *Tinuruan tayo ni Jesus na ibigin ang ating mga kapwa (Doktrina at mga Tipan 59:6).*
   Mahalagang Perlas: *Tinuruan tayo ni Jesus na magpabinyag (Moises 7:11).*

   Magbigay ng magkakasamang pabalat para maiuwi ng bawat bata. Habang ginagawa mo ito, pagbalik-aralan ang mga aral ni Jesus na tinalakay sa aralin.

2. Tulungan ang mga bata na isaulo ang bahagi ng ikawalong saligan ng pananampalataya: “Naniniwala kami na ang Biblia ay salita ng Diyos; naniniwala rin kami na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.”

3. Kumuha ng mga larawan ng ilan sa mga kuwento sa Aklat ni Mormon mula sa mga larawan na kasama sa manwal na ito o mula sa aklatan ng bahay-pulungan. Ipakita ang bawat larawan at maikling talakayin ang kuwento na inilalarawan nito. Paalalahanan ang mga bata na ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mga totoong kuwento. Ipaawit sa mga bata ang “Book of Mormon Stories” (*Children’s Songbook*, p. 118).

4. Ikuwento sa mga bata ang isang pagkakataon nang ang mga banal na kasulatan ay nagkaroon ng natatanging kahulugan sa iyong buhay. Ipaliwanag kung paano kang natulungan ng mga banal na kasulatan at kung ano ang pakiramdam mo dito.

5. Maghanap ng maikling banal na kasulatan na naglalaman ng mga salita ni Jesus, katulad ng mga nasa aralin. Bigkasin ang bawat banal na kasulatan, na nagsisimula sa mga salitang *sinabi ni Jesus*. Halimbawa, “Sinabi ni Jesus, ‘Sumunod kayo sa akin!’ ” Ihagis o iabot ang isang supot ng bins o ibang malambot na bagay sa isang bata at hayaang sundan ka niya sa pag ulit ng banal na kasulatan at pagkatapos ay ihagis mo pabalik ang supot ng bins. Magpatuloy sa paghahagis ng supot ng bins hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata.

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Ang Kuwentong Tungkol kay Jesus” (Tell Me the Stories of Jesus) habang hawak nang nakataas ang isang Biblia, o “Book of Mormon Stories” (*Children’s Songbook*, p. 118) habang hawak nang nakataas ang isang kopya ng Aklat ni Mormon.

2. Maikling isalaysay ang kuwento ng sampung ketongin (tingnan sa Lucas 17:11—19), at pagkatapos ay gawin ang sumusunod na laro sa daliri na kasama ang mga bata:

   Sampung kalalakihan ang maysakit *(itaas ang sampung mga daliri);*
   Pinagaling sila ni Cristo isang araw.
   Siya'y nagsalita lamang, at ang kanilang sakit ay naparam *(kumaway-kaway)!*
   Hindi ba kataka-taka? At hindi ba kakaiba? *(ilagay ang isang daliri sa sentido at magmukhang naguguluhan)*
   Na iisang lalaki lamang *(itaas ang isang daliri)*
   Ang nagpasalamat sa kanya
   At nagpuri sa Diyos *(itaas ang kapwa mga kamay paitaas)?*

   (Hinango mula kay Jean Shannon sa *Bible Story Finger Plays and Action Rhymes* [Cincinnati, Ohio: Standard Publishing Co., 1964], p. 27.)

   Ipakita sa mga bata kung saan matatagpuan sa Biblia ang kuwentong ito.

3. Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang mga paboritong kuwento sa banal na kasulatan. Kung magagawa mo, ipakita sa kanila kung saan matatagpuan ang mga kuwento sa mga banal na kasulatan.

Aralin
42

# Ako ay Kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na siya ay kasapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Marcos 1:9–11; Doktrina at mga Tipan 115:4; at Joseph Smith—Kasaysayan 1:5, 10–19. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 17.
2. Gupitin ang isang malaking pirasong papel o karton at gumawa ng mga piraso ng malaking *jigsaw* na kasindami ng mga tao na nasa klase (mga bata at guro). Isulat ang pangalan ng bawat kasapi ng klase sa isang piraso ng palaisipan (puzzle).
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Magkakasamang kopya ng mga banal na kasulatan.
   b. Larawan 1–4, Ang Unang Pangitain (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403; 62470); larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento (62021); larawan 1–12, Isang Batang Babae na Pinagtitibay (62020); larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 208; 62133); larawan 1–39, Pagbabasbas ng Isang Sanggol; larawan 1–40, Pangangasiwa sa Maysakit (62342); isang larawan ng buhay na propeta.
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Itaas ang isang piraso ng palaisipan na nasusulatan ng iyong pangalan. Sabihin sa mga bata na ito ay kasama ng isang palaisipan. Ipasa ang ibang mga piraso at tulungan ang mga bata na buuin ang palaisipan. Ituro ang bawat pangalan sa palaisipan, basahin ito sa mga bata. Ipaliwanag kung paanong ang bawat piraso ng palaisipan ay kabilang sa palaisipang ito, ang bawat isa sa kanila ay kabilang sa klaseng ito. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng makabilang sa isang bagay ay maging bahagi nito.

- Sa alin pa kayo kabilang?

Ipaliwanag na tayo ay kabilang sa ibang mga pangkat, katulad ng isang mag-anak o kapitbahayan. Kasapi din tayo sa simbahan ni Jesus.

Ipakita ang larawan 1–39, Pagbabasbas sa Isang Sanggol.

- Ano ang nangyayari sa larawang ito?

Ipaliwanag sa mga bata na karamihan sa kanila ay nakatanggap ng isang pangalan at isang pagbabasbas noong sila ay mga sanggol pa. Dahil sa pagpapangalang ito at pagbabasbas, ang kanilang mga pangalan ay nailagay sa mga talaan ng Simbahan at masasabi nilang, "Ako ay kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."

Tulungan ang mga bata na sabihing "Ako ay kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw" nang ilang ulit.

Gawain

Gawin ang talatang gawain na "Ako'y Nagagalak na Dumating sa Simbahan Ngayon" na kasama ang mga bata:

Ako'y nagagalak na dumating sa simbahan ngayon *(gumawa ng mataas na tore ng simbahan sa pamamagitan ng pagdidikit ng dalawang dulo ng mga daliri).*
Natutuhan kong makinig *(itikom nang bahagya ang kamay at ilagay sa may tainga)*
At manalangin *(ihalukipkip ang mga kamay at iyuko ang ulo).*
Natutuhan ko ang tungkol kay Jesus na nasa itaas *(tumuro paitaas);*
Naisip ko si Jesus at ang kanyang pagmamahal *(yakapin ang sarili).*

Ipaliwanag sa mga bata na nagpupunta tayo sa ating mga pulong sa simbahan upang matuto nang higit pa tungkol kay Jesus at kung ano ang nais niyang gawin natin. Sabihin sa mga bata na matututuhan nila sa araling ito ang tungkol sa ilan sa mga mahahalagang bagay na bahagi ng simbahan ni Jesus.

**Ang simbahan ni Jesus ay mayroong pagkasaserdote**

Ipakita ang larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento; larawan 1–12, Batang Babae na Pinagtitibay; at larawan 1–40, Pangangasiwa sa Maysakit. Hayaang sabihin ng mga bata ang alam nila tungkol sa nangyari sa bawat larawan. Ipaliwanag na kailangan ang pagkasaserdote upang magawa ang bawat isa sa mga bagay na ito. Ang pagkasaserdote ang kapangyarihang taglay ng Ama sa Langit at ni Jesus. Ibinabahagi nila ang kapangyarihang ito sa mga karapat-dapat na kalalakihan upang ang mga kalalakihan ay makatulong na gawin ang gawain ng Ama sa Langit at ni Jesus sa mundo. Ituro ang mga maytaglay ng pagkasaserdote sa bawat larawan. Hayaang sabihin ng mga bata ang salitang *pagkasaserdote* nang ilang ulit.

- Sino ang kilala ninyo na humahawak ng pagkasaserdote?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga kalalakihan na humahawak ng pagkasaserdote ay maaaring magbasbas at magpasa ng sakramento, magbinyag, magbigay ng mga pagbabasbas sa mga tao, at gumawa ng iba pang mahahalagang bagay. Muling ipakita ang larawan 1–39, Pagbabasbas ng Isang Sanggol, at sabihin sa mga bata na ang mga sanggol ay binabasbasan ng mga kalalakihan na nagtataglay ng pagkasaserdote.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–18, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus. Hayaang sabihin ng mga bata kung ano ang naaalala nila sa larawan. Maikling pagbalik-aralan ang kuwento, na matatagpuan sa Marcos 1:9.)

- Sino ang nagbibinyag kay Jesus? (Tingnan sa Marcos 1:9.)
- Anong kapangyarihan ang kinailangang taglayin ni Juan upang mabinyagan si Jesus? (Ang pagkasaserdote).

Ipaliwanag na ang pagpapabinyag sa isang nagtataglay ng pagkasaserdote ay isang mahalagang bahagi ng pagiging kasapi ng simbahan ni Jesus. Sabihin

sa mga bata na kapag walong taong gulang na sila, sila ay maaaring binyagan bilang kasapi ng simbahan ni Jesus.

### Ang simbahan ni Jesus ay may propeta

Ipakita ang larawan 1–4, Ang Unang Pangitain, at isalaysay ang kuwento tungkol kay Joseph Smith at ang Unang Pangitain, na matatagpuan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:5, 10–19.

- Sino ang dumating upang makipag-usap kay Joseph Smith sa kakahuyan? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.)

Ipaliwanag na dahil nakipag-usap ang Ama sa Langit at si Jesus kay Joseph Smith, tinatawag nating propeta si Joseph Smith. Sinasabi sa atin ng isang propeta ang nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na malaman natin.

- Ano ang isang propeta? (Isang lalaki na may natatanging tawag upang makipag-usap sa Ama sa Langit at kay Jesus at sabihin sa atin ang nais nilang malaman natin.)

Ipakita ang isang larawan ng buhay na propeta. Sabihin sa mga bata ang tungkol sa kanya. Ipaliwanag na ang simbahan ni Jesus ay palaging may buhay na propeta upang turuan tayo ng nais ipaalam at ipagawa sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesus.

Awit

Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa koro ng "Propeta'y Sundin" (Follow the Prophet, *Children's Songbook*, p. 110). Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng maligaw ay ang gumawa ng mga maling bagay. Ipahawak sa isang bata ang larawan ng buhay na propeta habang kayo ay umaawit.

Propeta'y sundin, propeta'y sundin, propeta'y sundin; h'wag maligaw.
Propeta'y sundin, propeta'y sundin, propeta'y sundin; s'ya ang gabay.

### Ang simbahan ni Jesus ay may mga banal na kasulatan

Itaas ang mga banal na kasulatan.

- Ano ang hawak ko?

Hayaang sabihin ng mga bata ang alam nila tungkol sa mga banal na kasulatan. Paalalahanan ang mga bata na ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mga aral ng Ama sa Langit at ni Jesus. Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng maraming totoong kuwento tungkol kay Jesus, sa mga propeta, at sa ibang mga tao. Ang mga banal na kasulatan ay mahalagang bahagi ng simbahan ni Jesus.

### Tayo ay kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

- Kaninong simbahan tayo nakasapi?
- Ano ang pangalan ng simbahan na ating kinasasapian?

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 115:4 sa mga bata. Ipaliwanag na ang pangalang ito ay nangangahulugan na ito ang simbahan ni Jesus sa panahon natin sa ngayon. Tulungan ang mga bata na maunawaan na maraming mga tao sa buong mundo ang kasapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Maaaring naisin mong ipaliwanag na may mga simbahan ngayon sa mundo na nagtuturo tungkol kay Jesus at nagtuturo sa mga tao na mamuhay nang mabuti, ngunit wala silang pagkasaserdote, isang buhay na propeta, o ng lahat ng mga banal na kasulatan.

Gawain

Hilingin sa lahat ng kasapi ng simbahan ni Jesus na tumayo. Paalalahanan ang mga bata na silang lahat ay dapat na nakatayo. Ipaulit sa mga bata ang, “Ako ay kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.”

Maikling pagbalik-aralan, na ginagamit ang mga larawan at ang mga banal na kasulatan, na ang pagkasaserdote, ang isang buhay na propeta, at ang mga banal na kasulatan ay mahahalagang bahagi ng simbahan ni Jesus.

Patotoo

Ipahayag ang iyong patotoo sa katotohanan ng ebanghelyo. Tulungan ang mga bata na madama kung gaano kahalaga at kamangha-mangha ang maging kasapi sa totoong simbahan ni Jesus.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Gumawa ng etiketa na nagsasabing *Ako ay kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Ara*w upang maisuot pauwi ng bawat bata. Hayaang kulayan ng mga bata ang kanilang mga sagisag.

2. Gawin ang sumusunod na laro sa daliri na kasama ang mga bata:

   Narito ang Simbahan

   Narito ang simbahan (pagdaupin ang mga kamay na itinatago sa loob ang mga daliri),
   At narito ang mataas na tore *(iladlad ang mga daliri at pagdaupin ang mga dulo).*
   Mga pinto ay buksan *(buksan ang mga palad na pinagdidikit pa rin ang mga daliri)*
   At ang lahat ng tao ay masdan *(iwagwag ang mga daliri).*
   Isara ang mga pintuan at mga dalangin nila'y pakinggan *(isara ang mga kamay na nakapasok ang mga daliri; ilagay ang mga kamay sa isang tainga).*

3. Isalaysay ang isang kuwento tungkol sa isang bata na kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na nagpupunta sa simbahan. Isali ang mga gawaing maaaring lahukan ng mga bata sa iyong klase, katulad ng pag-upo sa tabi ng kanilang mga mag-anak sa pulong sakramento, pagtanggap ng sakramento, pag-upo nang magalang sa Primarya, pananalangin at pag-awit.

   Maaari mo ring ipaisip sa mga bata ang mga ideyang ito sa pamamagitan ng pagtatanong ng katulad ng “Ano ang dapat gawin ng mga batang kasapi ng Simbahan kapag Linggo?” “Ano ang dapat nilang gawin sa pulong sakramento?” “Ano ang dapat nilang gawin sa gabing pantahanan ng mag-anak?” “Paano nila dapat pakitunguhan ang kanilang mga mag-anak?” ang kanilang mga kaibigan?” Tulungan ang mga bata na maunawaan kung ano ang dapat gawin ng mga batang lalaki at mga batang babae na kasapi ng simbahan ni Jesus.

4. Hayaang mag-isip ang mga bata ng iba't ibang pangkat na kanilang kinabibilangan, katulad ng isang mag-anak o isang klase sa Primarya. Hayaang sabihin ng mga bata kung ano ang gusto nila sa pagiging kabilang sa bawat pangkat. Tapusin ang talakayang ito sa mga bagay na nais nila (at nais mo) tungkol sa pagiging kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

5. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "The Church of Jesus Christ" (*Children's Songbook*, p. 77).

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Bago magklase, gumuhit ng apat na mga simpleng larawan—isang mata, isang kamay, isang tainga, at isang bibig—sa magkakahiwalay na mga pirasong papel.

   Sabihin sa mga bata na maraming bagay tayong magagawa sa simbahan. (Ipaskil ang larawan ng isang mata.) Maaari tayong magbasa ng mga kuwento sa banal na kasulatan. (Ipaskil ang larawan ng isang kamay.) Maaari tayong makipaglarong mabuti sa ating mga kaibigan. (Ipaskil ang larawan ng isang tainga.) Maaari tayong makinig nang mabuti sa ating mga guro. (Ipaskil ang larawan ng isang bibig.) Maaari tayong magsalita nang mahina habang nasa simbahan tayo. Palapitin ang bawat bata at ipaturo ang isa sa mga larawan. Habang itinuturo ang isang larawan, sabihing muli sa mga bata kung ano ang isinasagisag nito.

2. Tulungan ang mga bata na awitin ang "Book of Mormon Stories" (*Children's Songbook*, p. 118), na kumakatha ng mga galaw na isinasaad ng mga salita. O pagmartsahin ang mga bata sa paligid ng silid habang sila ay umaawit.

# Tayo ay May Buhay na Propeta

Aralin
43

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaang tayo ay pinagpapala kapag sinusunod natin ang propeta.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang 1 Samuel 3:1–10, 19–20. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 9.
2. Itala sa magkakahiwalay na mga pirasong papel ang ilang aral ng buhay na propeta mula sa mga talumpati sa komperensiya o mga nasusulat sa mga magasin ng Simbahan. Maghanda ng mga papel na kasindami ng mga bata sa klase. Itupi ang mga pirasong papel at ilagay ang mga ito sa isang mangkok o basket. Ang mga aral ay maaaring kabilangan ng—
   - Matuto mula sa mga banal na kasulatan bawat araw.
   - Panatilihing banal ang araw ng Sabbath.
   - Manalangin bawat araw.
   - Magpunta sa pulong sakramento at Primarya.
   - Maging matapat.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–4, Ang Unang Pangitain (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403; 62470); larawan 1–29, Pagtatayo ng Arka (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 102; 62053); larawang 1–42, Tinawag ng Panginoon ang Batang si Samuel (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 111; 62498); larawan 1–66, Si Moises at ang Natutupok na Kahoy (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 107; 62239); isang larawan ng buhay na propeta.
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Isa-isang ipakita ang mga larawan nila Noe (larawan 1–29), Moises (larawan 1–66), at Joseph Smith (larawan 1–4). Anyayahan ang mga bata na sabihin kung ano ang nalalaman nila sa nangyayari sa bawat larawan.

Pagkatapos talakayin ang nalalaman ng mga bata tungkol sa mga larawan, maikling ipaliwanag na sinabi ni Jesus kay Noe na magtayo ng isang arka upang mailigtas ang kanyang mag-anak mula sa baha. Sinabihan ni Jesus si Moises na palayain ang mga Israelita mula sa pagkaalipin. Sinabihan ni Jesus si Joseph Smith na hindi siya dapat sumapi sa alinman sa mga simbahan noon na nasa mundo.

### Ang mga Propeta ay Nakikipag-usap sa Ama sa Langit at kay Jesucristo

Ipaliwanag na sina Noe, Moises at Joseph ay mga propetang lahat. Ang isang propeta ay isang tao na nakikipag-usap sa Ama sa Langit at kay Jesus. Dahil wala ang Ama sa Langit at si Jesus upang turuan tayo, sila ay may mga propeta na tutulong sa kanila. Tinuturuan ng Ama sa Langit at ni Jesus ang propeta, at tayo ay tinuturuan ng propeta ng dapat nating gawin upang tayo ay pagpalain at maging maligaya.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–42, Tinawag ng Panginoon ang Batang si Samuel, at isalaysay ang kuwento ng pagkatawag kay Samuel bilang isang propeta, na matatagpuan sa 1 Samuel 3:1–10, 19–20. Basahin ang 1 Samuel 3:10 sa mga bata.

- Sino ang tumawag sa pangalan ni Samuel habang siya ay nasa higaan? (Si Jesus. Tingnan sa 1 Samuel 3:4.)
- Sino ang inakala ni Samuel na tumatawag sa kanya? (Tingnan sa 1 Samuel 3:5.)
- Ano ang sinabi ni Eli na gawin ni Samuel? (Tingnan sa 1 Samuel 3:9.)
- Ano ang sinabi ni Samuel kay Jesus? (Tingnan sa 1 Samuel 3:10.)

Ipaliwanag na si Samuel ay bata pa nang makipag-usap sa kanya sa unang pagkakataon ang Panginoon. Nang siya ay tumanda na, itinuro niya sa kanyang mga tao ang nais ipagawa sa kanila ng Ama sa Langit at ni Jesus.

Gawain

Hilingan ang tatlong bata na magkunwaring sina Samuel, Eli, at Jesus at isadula ang kuwento. Ulitin na hinahayaang gumanap ang ibang mga bata, kung nanaisin.

### Tayo ay may propeta ngayon sa mundo

Ipakita ang larawan ng buhay na propeta. Sabihin sa mga bata ang nalalaman mo tungkol sa propeta.

Patayuin ang mga bata at ipabigkas ang, "Si (pangalan ng buhay na propeta) ay isang propeta ng Diyos."

- Bakit kailangan natin ang buhay na propeta? (Upang malaman natin ang nais na ipagawa sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesus.)

Ipaliwanag na tayo ay tinuturuan ng buhay na propeta sa pamamagitan ng pagsasalita sa mga komperensiya. Ang mga komperensiya ay malalaking pulong na dinadaluhan ng maraming mga tao. Maaari nating mapakinggan ang propeta sa telebisyon, radyo o mga rekord sa teyp. Ang kanyang mga salita ay nakasulat din sa mga magasin ng Simbahan na maaaring basahin sa atin ng ating mga magulang o ng iba.

Gawain

Papiliin ang bawat bata ng isang pirasong papel mula sa mangkok o basket na iyong inihanda. Basahin ang mensahe sa bawat pirasong papel at talakayin ito nang maikli sa mga bata. Sabihin sa mga bata na ang mga mensaheng ito ay ang lahat ng bagay na hinihiling ng buhay na propeta na gawin natin.

Gawain

Hilingan ang mga bata na mag-isip ng mga paraan na maaari nilang sundin ang propeta. Ihagis o iabot ang isang supot ng bins sa bawat bata at sabihing, "Susundin ko ang propeta sa pamamagitan ng _____." Hayaang tapusin ng bawat bata ang pangungusap sa isang paraang masusunod niya ang propeta.

### Tayo ay pinagpapala kapag sinusunod natin ang propeta

Tukuying muli ang mga larawan nila Noe, Moises, Joseph Smith at ng buhay na propeta. Ipaliwanag na dahil sumunod ang mag-anak ni Noe sa kanya, sila ay naligtas mula sa baha. Dahil sinunod ng mga Israelita si Moises, sila ay inakay palabas sa Ehipto patungo sa mas mainam na lupain. Dahil sinunod ng mga tao si Joseph Smith, sila ay naging mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ipaliwanag na ang mga taong ito ay pinagpala dahil sinunod nila ang propeta. Tayo ay pinagpapala din kapag sinusunod natin ang propeta.

Awit

Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa koro ng "Propeta'y Sundin" (Follow the Prophet, *Children's Songbook*, p. 110). Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng maligaw ay gumawa ng mga maling bagay. Ipahawak sa isang bata ang larawan ng buhay na propeta habang kayo ay umaawit.

Propeta'y sundin, propeta'y sundin, propeta'y sundin; h'wag maligaw.
Propeta'y sundin, propeta'y sundin, propeta'y sundin; s'ya ang gabay.

Patotoo

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa buhay na propeta. Sabihin sa mga bata na alam mo na kapag sinunod natin ang propeta, tayo ay pagpapalain at ililigaya.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Kumuha ng isang rekord sa *audiocassette* o *videocassette* na tungkol sa buhay na propeta upang maipakita sa mga bata, o magpakita ng mga larawan niya mula sa mga magasin ng Simbahan.
2. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Salamat, O Diyos, sa Propeta" (*Mga Himno at Awit Pambata*).
3. Isalaysay muli ang kuwento tungkol sa pangitain ni Pangulong Lorenzo Snow sa Tagapagligtas (tingnan sa aralin 26). Ipaliwanag na nagpakita si Jesus kay Pangulong Snow upang sabihin sa kanya kung paano pamumunuan ang Simbahan. Sinabi ni Jesus kay Pangulong Snow kung ano ang ituturo sa mga kasapi ng Simbahan.
4. Mag-isip ng ilang kalagayan kung saan ay maaaring masunod ng mga bata ang mga aral ng propeta. Ilarawan ang bawat kalagayan sa klase, at hayaang sabihin ng mga bata o isadula ang maaari nilang gawin sa bawat kalagayan upang masunod ang propeta. Halimbawa: "Nakakita kayo ng pera sa kusina. Nais ninyong kunin ito, ngunit alam ninyong ito ay sa inyong ina. Ano ang gagawin ninyo upang masunod ang aral ng propeta na maging matapat?"

---

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Ipakita ang isang larawan ng buhay na propeta sa buong panahon ng klase. Gumugol ng panahon upang sabihin sa mga bata kung sino siya. Ipaliwanag na sila ay mahal niya at nais tumulong sa kanila na makabalik sa Ama sa Langit at kay Jesus. Ulitin ito nang dalawa o tatlong beses sa klase.

2. Laruin ang “Sundan ang Pinuno” na kasama ang mga bata. Papilahin ang mga bata. Ang unang bata sa pila ay tatakbo, tatalon, lulundag o gagawin ang ibang galaw papunta sa kabilang panig ng silid. Susundan ng ibang bata ang unang bata, na ginagawa ang ginawa niya. Pagkatapos ay pupunta ang unang bata sa dulo ng pila, at ang kasunod na bata ang magiging bagong pinuno. Ipagpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataong maging pinuno.

   Pagkatapos ng laro, ipaliwanag na ang propeta ang pinuno ng Simbahan. Kung sinusunod natin ang mga bagay na sinasabi niyang gawin natin, aakayin niya tayong pabalik sa Ama sa Langit at kay Jesus.

# Lahat Tayo ay Maaaring Tumulong sa Simbahan

Aralin

44

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaang ang bawat kasapi ng purok o sangay ay maaaring makatulong sa simbahan.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang 1 Nephi 17:7–15; 18:1–4.
2. Maghanda ng simpleng kard ng pasasalamat para kulayan ng bawat bata at ibigay sa pangulo ng Primarya o sa isa pang tao na tumutulong sa mga bata sa simbahan. Maaari mong naisin na gumuhit ng isang bulaklak sa harapan ng isang nakatuping pirasong papel at isulat sa loob ang mga salitang *Salamat sa iyo*.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon.
   b. Ang bingwit at isda na mula sa aralin 11. Maglagay ng pahiwatig tungkol sa obispo o pangulo ng sangay sa bawat isda, katulad ng "Nakaupo siya sa plataporma kapag nasa simbahan." "Tinutulungan niya ang mga tao ng ating purok [o sangay]," o "Maaari nating ibigay ang ating ikapu sa kanya."
   c. Isang sisidlan ng mga krayola o mga lapis.
   d. Larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento (62021); larawan 1–67, Isang Magalang na Klase; larawan 1–71, Pagtatayo ng Sasakyang-dagat.
4. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Magdala ng isang upuan sa gitna ng silid-aralan at subuking iangat ito sa pamamagitan ng isa sa mga paa nito. Ipaliwanag na maraming bagay ang hindi natin magagawa maliban na lamang kung sama-sama tayong gagawa. Anyayahan ang tatlong bata na hawakan ang bawat isa sa mga paa ng upuan at tulungan kang iangat ang upuan ng mga ilang pulgada mula sa sahig. Ipaliwanag na kapag sama-samang gumagawa ang bawat isa, maraming bagay tayong magagawa na hindi natin magagawa nang nag-iisa.

**Nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na sama-sama tayong gumawa**

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–71, Ang Pagtatayo ng Sasakyang-dagat, at maikling isalaysay ang kuwento tungkol kay Nephi at sa kanyang mag-anak na nagtatayo ng sasakyang-dagat, na matatagpuan sa 1 Nephi 17:7–15 at 18:1–4. Bigyang-diin na kinailangan ni Nephi ang tulong ng Panginoon (Jesus) at ng kanyang mag-anak sa pagtatayo ng sasakyang-dagat.

- Bakit hindi magawang maitayo ni Nephi ang sasakyang-dagat nang walang tulong?
- Paanong tinulungan ng Panginoon si Nephi? (Tingnan sa 1 Nephi 17:8–10; 18:1.)

- Paanong tumulong ang mag-anak ni Nephi? (Tingnan sa 1 Nephi 18:1.)
- Anong nangyari nang ang bawat isa ay sama-samang gumawa? (Tingnan sa 1 Nephi 18:4.)

Pahintulutan ang mga bata na pag-usapan ang tungkol sa anumang mga karanasan nila sa sama-samang paggawa na kasama ang ibang mga tao.

Gawain

Ipaliwanag na sama-sama din tayong gumagawa sa simbahan. Ang bawat tao sa purok (o sangay) ay tumutulong sa iba. Magkunwari, sa pamamagitan ng mga salita o kilos, na maging isang tao na tumutulong sa mga kasapi ng inyong klase sa simbahan bawat linggo, katulad ng tagakumpas, tumutugtog ng piyano, isang guro, o ang pangulo ng Primarya. Ipahula sa mga bata kung sino ang ginagaya mo. Pagkatapos mahulaan ng mga bata kung sino ka, ipaliwanag ang mga tungkulin ng tawag ng taong iyon. Ulitin hangga't gusto ninyo.

Ipakita ang larawan 1–8, Pagpapasa ng Sakramento.

- Ano ang ginagawa ng diyakono?
- May kilala ba kayong nagpapasa ng sakramento?

Ipaliwanag na ang mga kabataang lalaki na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ay maaaring maghanda, magbasbas at magpasa ng sakramento. Ang mga ito ay mga paraan na maaaring makatulong ang mga kabataang lalaki sa simbahan.

Gawain

Ipaliwanag na may isang tao sa inyong purok o sangay na tumutulong sa lahat sa simbahan. Binigyan ng Ama sa Langit ang taong ito ng mahalagang gawaing gagampanan. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pamimingwit ng mga pahiwatig na nasa isdang papel. Basahin nang malakas ang bawat pahiwatig. Magpatuloy hanggang sa mabasa ang lahat ng mga pahiwatig, at pagkatapos ay hayaang hulaan ng mga bata kung sino ang taong ito.

- Ano ang pangalan ng ating obispo? (o pangulo ng sangay)?
- Ano ang mahahalagang bagay na ginagawa niya upang tulungan tayo?

Talakayin ang mga gawaing nagawa ng ibang mga tao sa inyong purok o sangay, katulad ng mga tagapagturo sa tahanan at mga dumadalaw na tagapagturo. Maaaring naisin mong pag-usapan ang tungkol sa mga tawag ng mga kasapi ng mga mag-anak ng mga bata.

### Maaari tayong tumulong sa simbahan

Gawain

Ikalat sa sahig ang mga krayola o mga lapis na nasa sisidlan. Hilingan ang isa sa mga bata na damputin ang mga ito, at orasan siya upang makita kung gaano katagal itong gawin. Ikalat muli ang mga bagay. Ipadampot ang mga ito sa buong klase, at tingnan kung gaanong oras ang gugugulin. Ipaliwanag na kapag sama-samang gumagawa ang bawat isa, mas mainam nating nagagawa ang isang gawain.

- Ano ang maaari ninyong gawin upang makatulong sa simbahan?

Tulungan ang mga bata na mag-isip ng mga paraang makatutulong sila sa simbahan, kasali na ang pagpapanatiling malinis ng bahay-pulungan, pagiging mabait sa iba, pagtulong sa mga bata na nalulungkot o natatakot, at pagiging magalang sa mga pulong.

- Paano tayong makatutulong sa pagpapanatiling malinis ng ating silid-aralan at bahay-pulungan?
- Paano nating matutulungan ang ibang tao sa simbahan?

Ipakita ang larawan 1–67, Isang Magalang na Klase.

- Paano nakatutulong ang mga batang ito sa simbahan?
- Paano nakatutulong sa ating mga kamag-aral kapag tayo ay magalang?
- Paano nakatutulong sa guro kapag ang bawat isa ay magalang?
- Ano ang pakiramdam natin kapag ang lahat ay magalang?

Gawain

Ipaliwanag na ang isa pang paraan na makatutulong tayo sa simbahan ay sa pamamagitan ng pagsasabing "salamat sa iyo" sa mga taong gumagawa ng mga bagay para sa atin. Pakulayan sa mga bata ang mga kard na pasasalamat na iyong inihanda, at kung maaari ay ihatid ang mga ito habang nagkaklase.

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat para sa lahat ng mga taong tumutulong sa inyong purok o sangay. Sabihin kung ano ang iyong pakiramdam sa pagsasagawa ng gawain ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagiging isang guro sa Primarya.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing nais mong gamitin sa aralin.

1. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Our Bishop" (*Children's Songbook*, p. 135). Hayaang magkamayan sa bawat isa ang mga bata sa tuwing mababanggit ang salitang *obispo*.
2. Kung maaari, maglakad patungo sa kapilya at ipakita sa mga bata kung saan umuupo sa sakramento ang panguluhang obispo (o panguluhan ng sangay). Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pag-upo sa mga upuan. Pagkatapos ay ipakita sa mga bata kung nasaan ang tanggapan ng obispo (o pangulo ng sangay).
3. Ihagis o iabot ang isang malambot na bagay katulad ng isang bola o supot ng bins sa isang bata at hilingin sa kanyang magbanggit ng isang tao sa purok (o sangay) na tumutulong sa simbahan at ipaliwanag kung paanong tumutulong ang taong iyon. Pagkatapos ay ipahagis sa bata ang bagay pabalik sa iyo. Magpatuloy hanggang sa magkaroon ng kahit na isang pagkakataon ang bawat bata.
4. Sa pahintulot ng pangulo ng inyong Primarya, anyayahan ang isang kasapi ng panguluhang obispo o isa pang pinuno ng sangay na dumalaw sa klase at sabihin sa mga bata kung ano ang ginagawa niya upang makatulong sa simbahan.
5. Magdrowing ng simpleng mukha sa isang platong papel o bilog na piraso ng papel para sa bawat bata. Bigyan ng mga krayola o mga lapis ang mga bata, at padagdagan sa bawat bata ng buhok na kakulay ng kanilang sariling buhok. Sabihin sa mga bata na kung may sasabihin kang bagay na totoo tungkol sa kung paano sila makatutulong sa simbahan, dapat nilang itaas ang kanilang mga mukhang gawa sa papel. Kung ang pangungusap ay hindi totoo, dapat nilang iwan ang mga ito sa kanilang mga kandungan. Gumamit ng mga pangungusap na katulad ng—

- Dapat akong magtapon ng papel sa ilalim ng aking upuan.
- Dapat kong pasalamatan ang mga taong tumutulong sa akin sa simbahan.
- Dapat akong magtatakbo papunta sa klase.
- Dapat akong maging magalang sa simbahan.

---

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Laruin ang "Sundan ang Pinuno" na kasama ang mga bata. Papilahin ang mga bata. Ang unang bata sa pila ay tatakbo, tatalon, lulundag o gagawin ang ibang galaw papunta sa kabilang panig ng silid. Susundan ng ibang bata ang unang bata, na ginagawa ang ginawa niya. Pagkatapos ay pupunta ang unang bata sa dulo ng pila, at ang kasunod na bata ang magiging pinuno. Ipagpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataong maging pinuno.

   Pagkatapos ng laro ay paalalahanan ang mga bata na ang obispo ang pinuno ng purok. Nais niyang gawin natin ang mga bagay na aakay sa atin pabalik sa Ama sa Langit.

2. Awitin ang awit na "Ako'y Gayahin" (Do As I'm Doing, *Children's Songbook*, p. 276), na ginagamit ang galaw na iminungkahi ng isa sa mga bata sa klase. Ulitin ang awit upang magkaroon ng sapat na pagkakataong makapili ng galaw ang bawat bata.

# Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo (Pasko ng Pagkabuhay)

Aralin
45

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na maunawaan na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Lucas 23:33–24:12, 36–40, 51. Tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110), kabanata 12.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572); larawan 1–16, Ang Pagsilang (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 201; 62495); larawan 1–55, Ang Sermon sa Bundok (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 212; 62166); larawan 1–59, Ang Pagkapako sa Krus (Pakete ng Larawang ng Sining ng Ebanghelyo 230; 62505); larawan 1–72, Nananalangin si Jesus sa Getsemani (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 227; 62175); larawan 1–73, Ang Libing ni Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 231; 62180); larawan 1–74, Ipinapakita ni Jesus ang Kanyang mga Sugat (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 234; 62503).
3. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Hawakan ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo, nang nakataob sa iyong kandungan. Sabihin sa mga bata na pag-uusapan ninyo ang tungkol sa isang tao na napakahalaga. Hilingan sa mga bata na hulaan kung sino ang taong ito pagkatapos mong maibigay ang mga sumusunod na pahiwatig:

1. Mahal na mahal ng taong ito ang bawat isa.
2. Matagal na siyang namuhay sa mundo at itinatag ang kanyang simbahan.
3. Tinuruan niya tayo kung paano mamuhay at maging maligaya.
4. Pinagpala niya ang mga tao at sinabi sa kanilang maging mabait at mapagmahal.

Kapag nahulaan na ng mga bata (o nasabi mo sa kanila) na ang taong ito ay si Jesus, ipakita ang larawan.

### Mahal tayo ni Jesus

Paalalahanan ang mga bata na si Jesus ang anak ng Ama sa Langit. Ipinadala ng Ama sa Langit si Jesus sa lupa para sa isang mahalagang layunin.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–16, Ang Pagsilang. Maikling ikuwento ang tungkol sa pagsilang ni Jesus. Maaari mong naising tulungan ka ng mga bata sa pagsasalaysay ng kuwento. Paalalahanan sila na si Jesus ay isang natatanging sanggol.

Ipakita ang larawan 1–55, Ang Sermon sa Bundok. Ipaliwanag na nang lumaki si Jesus, itinatag niya ang kanyang simbahan at tinuruan ang mga tao kung paano mamuhay at mahalin ang bawat isa.

Awit

Patayuin ang mga bata at ipaawit o ipabigkas ang mga salita sa "Lahat ay Magmahalan, Sabi ni Jesus" (Jesus Said Love Everyone, *Children's Songbook*, p. 61), na ginagamit ang mga galaw na isinasaad sa ibaba:

Lahat ay magmahalan *(ipabukas ang mga kamay);*
Sabi ni Jesus *(itangu-tango ang ulo).*
Kung puso'y may pag-ibig *(ilagay ang mga kamay sa tapat ng puso),*
Mamahalin ka *(yakapin ang sarili).*

Ipakita ang larawan 1–72, Nananalangin si Jesus sa Getsemani.

- Ano ang ginagawa ni Jesus sa larawang ito?

Ipaliwanag na bago namatay si Jesus, siya ay nagtungo sa isang lugar na tinatawag na Halamanan ng Getsemani upang manalangin. Nagdusa si Jesus doon para sa ating mga kasalanan upang makapagsisi tayo at mapatawad sa mga maling bagay na ating nagagawa. Si Jesus ang tanging tao na may kapangyarihang gawin ito para sa atin. Ginawa niya ito dahil mahal na mahal niya tayo.

### Si Jesus ay nabuhay na mag-uli

Ipaliwanag na maraming tao na nabuhay noong kapanahunan ni Jesus sa mundo ang nagmahal sa kanya. Gayunman hindi naibigan ng ilang tao si Jesus. Hindi sila naniwala na siya ang anak ng Ama sa Langit.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–59, Ang Pagpapako sa Krus. Ipaliwanag sa simpleng pananalita ang Pagpapako sa Krus, na katulad ng nakalarawan sa Lucas 23:33–46. Ipaliwanag na ang mga taong ayaw kay Jesus ay naging napakalupit sa kanya. Ibinaon ng mga kawal ang mga pako sa mga kamay at paa ni Jesus at ibinayubay siya sa isang krus. Iniwan nila si Jesus sa krus hanggang sa siya ay mamatay. (Maging maingat sa pagsasalaysay ng kuwentong ito at sa paggawa ng talatang gawain sa ibaba. Ang ilang bata ay maaaring napakasensitibo tungkol sa ideya ng pananakit ng mga tao kay Jesus.)

Ipaliwanag na noong mamatay si Jesus, iniwan ng kanyang espiritu ang kanyang katawan at nagpunta sa langit. Paalalahanan ang mga bata na ang bawat isa sa atin ay may espiritu. Ang ating mga espiritu ay hindi nakikita, ngunit ang mga ito ang dahilan ng ating pagiging buhay.

Ipakita ang larawan 1–73, Ang Libing ni Jesus. Ipaliwanag na kinuha ng mga taong nagmamahal kay Jesus ang kanyang katawan at maingat na binalutan ito ng mga tela. Dinala nila ang katawan ni Jesus sa isang libingan (isang malayungib na lugar kung saan inililibing ang mga tao) at dahan-dahang inihiga ang kanyang katawan doon (tingnan sa Lucas 23:50–56).

Ipakita ang larawan 1–74, Ipinapakita ni Jesus ang Kanyang mga Sugat. Ipaliwanag na makalipas ang tatlong araw pagkatapos ng kanyang pagkamatay, si Jesus ay nabuhay na mag-uli. Siya ay muling nabuhay. Nang mamatay si

Jesus, iniwan ng kanyang espiritu ang kanyang katawan. Noong siya ay mabuhay na mag-uli, bumalik ang kanyang espiritu sa kanyang katawan. Si Jesus ang unang taong nabuhay na mag-uli.

Ipaliwanag na maraming tao ang nakakita kay Jesus pagkatapos na siya ay mabuhay na mag-uli (tingnan sa Lucas 24). Tinuruan ni Jesus ang kanyang mga kaibigan at ipinakita sa kanila ang kanyang nabuhay na mag-uling katawan (tingnan sa Lucas 24:36). Siya ay nagpahawak sa kanyang mga kaibigan upang malaman nilang ang kanyang nabuhay na mag-uling katawan ay may laman at mga buto (tingnan sa Lucas 24:39–40). Pagkatapos turuan ang mga tao, si Jesus ay nagpunta sa Ama sa Langit upang mamuhay muli sa piling niya (tingnan sa Lucas 24:51).

- Bakit nais ni Jesus na hawakan siya ng mga tao? (Tingnan sa Lucas 24:36–40.)
- Saan nagpunta si Jesus pagkatapos na iwanan niya ang mga tao? (Tingnan sa Lucas 24:51.)

Ipaliwanag na ang araw ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus ay ang unang Pasko ng Pagkabuhay. Ipinagdiriwang natin ang Pasko ng Pagkabuhay sa bawat taon upang tulungan tayong alalahanin na si Jesus ay nabuhay na mag-uli.

Gawain

Patayuin ang mga bata at ipagawa ang mga galaw sa sumusunod na talata na kasama mo:

Si Jesus ay muling nabuhay
Tatlong araw pagkatapos na siya ay mamatay *(itaas ang tatlong daliri).*
May mga bakas ng pako sa kanyang mga paa at kamay *(ituro ang palad at ang mga paa)*
At isang sugat na likha ng espada sa kanyang tagiliran *(ituro ang tagiliran).*
Si Jesus ay dumating at tinuruan tayong lahat *(ipakabukas ang mga kamay)*
Upang ipamuhay ang tunay na ebanghelyo *(ihalukipkip ang mga kamay).*
Dahil nabuhay na mag-uli si Jesus,
Mabubuhay ding mag-uli, lahat tayo *(itangu-tango ang ulo).*

### Tayo ay mabubuhay na mag-uli

Tulungan ang mga bata na maunawaan na muling nabuhay si Jesus pagkatapos niyang mamatay. Sa ngayon ay buhay si Jesus sa langit, at hindi na siya muling mamamatay pa. Ipaliwanag na ginawang posible ni Jesus para sa atin na mabuhay na mag-uli na katulad niya. Ang ibig sabihin nito ay mabubuhay na mag-uli ang bawat isa sa atin pagkatapos nating mamatay.

- May kilala ba kayong namatay na?

Ipaliwanag na kapag namamatay ang mga tao, ang kanilang mga espiritu ay buhay pa rin. Balang araw ang mga ito ay mabubuhay na mag-uli, na ang ibig sabihin ay magsasamang muli ang kanilang mga katawan at mga espiritu na katulad ng nangyari kay Jesus. Maaari mong naising ipaliwanag sa mga bata na maaaring hindi tayo mabuhay na mag-uli pagkalipas ng tatlong araw, katulad ni Jesus, subalit lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli balang araw.

Ipaulit sa mga bata ang salitang *nabuhay na mag-uli* nang ilang beses at sabihin kung ano ang kahulugan nito.

Ituro kung gaano kahanga-hanga na malaman na ang lahat ng mga taong kilala at mahal natin—ang ating mga magulang, mga kapatid na lalaki at

babae, mga lolo at lola at mga kaibigan—ay mabubuhay na mag-uli. Tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli pagkatapos nating mamatay. Ito ay ginawang posible ni Jesus.

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na mahal ni Jesus ang bawat isa sa atin. Dahil sa kanyang dakilang pagmamahal sa atin, siya ay nagdusa at namatay at nabuhay na mag-uli upang ang bawat isa sa atin ay mabuhay na mag-uli rin balang araw.

---

## MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.

1. Maikling talakayin ang ilang mga karanasan at mga kaugalian sa Pasko ng Pagkabuhay na alam na alam ng mga bata. Kilalanin na ang mga kaugalian sa Pasko ng Pagkabuhay na walang-kaugnayan sa relihiyon ay nakatutuwa, ngunit tulungan ang mga bata na ihiwalay ang mga ideyang iyon mula sa tunay na kahulugan ng Pasko ng Pagkabuhay.

2. Ipakita sa mga bata ang isang guwantes o kapot. Ihambing ang ating mga katawang lupa sa isang kamay na may nakasuot na guwantes dito. Ipakita kung paanong pinagagalaw ng kamay (espiritu) ang guwantes (ang katawan). Alisin ang guwantes at ipaliwanag na ito ay katulad ng kamatayang pisikal. Ang espiritu at ang katawan ay naghihiwalay, at hindi nakagagalaw ang katawan. Isuot muli ang guwantes sa iyong kamay at ipaliwanag na ito ay katulad ng pagiging buhay na muli. Ngayon ang espiritu at katawan ay magkasamang muli. Paalalahanan ang mga bata na dahil sa si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli, ang lahat ng mga tao ay mabubuhay na mag-uli balang araw.

3. Gumawa ng mga kopya ng bigay-sipi na pinamagatang “Si Jesus ang Ating Mapagmahal na Kaibigan,” na matatagpuan sa hulihan ng aralin 6, at pakulayan sa mga bata ang mga iyon.

4. Ihagis o iabot ang isang supot ng mga bins o iba pang malambot na bagay sa isang bata at hayaang sagutin niya ang isa sa mga tanong sa ibaba (o isang katulad na tanong) bago ihagis o iabot ang supot ng bins sa iyo. Magpatuloy hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata na sumagot sa isang tanong.

   - Bakit natin ipinagdiriwang ang Pasko ng Pagkabuhay?
   - Sino ang unang taong nabuhay na mag-uli?
   - Ano ang ibig sabihin ng mabuhay na mag-uli?
   - Saan inilagay ang katawan ni Jesus pagkatapos na siya ay mamatay?
   - Pagkatapos na mabuhay na mag-uli si Jesus, maraming tao ba ang nakakita kay Jesus?
   - Bakit pinahawakan ni Jesus sa mga tao ang kanyang nabuhay na mag-uling katawan?
   - Sino pa ang mabubuhay na mag-uli dahil sa si Jesus ay nabuhay na mag-uli?

5. Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa “Did Jesus Really Live Again?” (*Children’s Songbook*, p. 64) o “Jesus Has Risen” (*Children’s Songbook*, p. 70).

## MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA

1. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw sa sumusunod na talatang gawain habang binibigkas mo ang mga salita:

   Si Jesus ay Nabuhay!
   Ito ang pook na pinaghimlayan ni Jesus *(ituro);*
   Masdan ang bato'y naigulong papalayo!
   Yumuko; ang loob ay tingnan *(yumuko at kusutin ang mga mata).*
   Siya ay wala na dito *(tumayo)!*
   Si Jesus ay nabuhay! Magsaya kayo *(ipalakpak ang mga kamay)!*

   (Dana Eynon, sa *Bible Story Finger Plays and Action Rhymes* [Cincinnati, Ohio: Standard Publising Co., 1964], p. 29.)

2. Ipaliwanag na si Jesus ay namatay at nabuhay na mag-uli sa panahon ng tagsibol. Ang tagsibol ay panahon ng bagong buhay. Ang mga puno at mga bulaklak ay nagsisimulang tumubong muli. Maraming hayop ang isinisilang sa tagsibol. Paguhitin ang bawat bata ng isang larawan ng mga bulaklak o mga batang hayop. Ipakita ang larawan 1–3, Si Jesus ang Cristo, at ipaliwanag na dahil sa nabuhay na mag-uli si Jesus, tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli pagkatapos nating mamatay.

3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa "Jesus Loved the Little Children" (*Children's Songbook*, p. 59) o "Jesus Is Our Loving Friend" (*Children's Songbook*, p. 58). Paalalahanan ang mga bata na ipinagdiriwang natin ang Pasko ng Pagkabuhay upang alalahanin si Jesus at ang kanyang pagkabuhay na mag-uli.

Aralin
# 46

# Ang Pagsilang ni Jesucristo (Pasko)

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang bawat bata na makadama ng pasasalamat para sa pagkapanganak ni Jesucristo.

**PAGHAHANDA**

1. May panalanging pag-aralan ang Mateo 2:1–12 at Lucas 1:26–35; 2:1–20.
2. Alamin ang ilang simpleng detalye tungkol sa pagsilang ng mga bata sa iyong klase, katulad ng saan sila isinilang, ano ang kulay ng kanilang buhok, at saan sila tumira sa unang linggo ng kanilang buhay. Maging madaling makadama sa mga damdamin ng mga batang inampon.
3. Gumupit ng mga pirasong papel (mga 8” ang haba at 1 1/2” ang lapad) para gawing mga tanikala ng Pasko. Gumupit ng sapat na dami ng mga pirasong papel para sa bawat bata upang makagawa ng ilang dugtong ng tanikala.
4. Gumawa ng maikling tala na ipinapaliwanag ang tanikala ng Pasko (tingnan ang aralin) sa mga magulang, upang mahimok nila ang kanilang anak na gumawa ng mabubuting gawa.
5. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia.
   b. Isang maliit na belen. Maaari mong naisin na gumamit ng isang manikang sanggol na ibinalot sa isang kumot, na nakahiga sa isang maliit na kahon. Gumupit ng isang bituin mula sa papel upang ilagay sa itaas ng belen. Kung walang makuhang belen, gamitin ang larawan 1–75, Ang Pagsilang ni Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 200; 62116).
   c. Mga krayola at pandikit.
   d. Larawan 1–75, Ang Pasilang ni Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebangheloyo 200; 62116); larawan 1–76, Walang Silid sa Bahay Panuluyan (62115); larawan 1–77, Ang Paghahayag ng Pagsilang ni Jesus sa mga Pastol (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 202; 62117); larawan 1–78, Ang mga Pantas na Lalaki (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 203; 62120).
6. Gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa anumang mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman na nais mong gamitin.

**MGA GAWAIN SA PAGKATUTO**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Patayuin ang isang bata sa tabi mo habang isinasalaysay ang mga detalyeng tungkol sa kanyang pagsilang. Ulitin para sa bawat bata sa klase.

**Ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesus sa Kapaskuhan**

Ipaliwanag na yamang ito ang panahon ng Pasko, ipinagdiriwang natin ang pagsilang ng isang taong mahal nating lahat.

- Kaninong kapanganakan ang ipinagdiriwang natin?

Kuwento

Isalaysay ang kuwento ng pagdalaw ng anghel kay Maria, na matatagpuan sa Lucas 1:26–35. Ipaliwanag na sinabi ng anghel kay Maria na siya ang magiging ina ng Anak ng Diyos, si Jesus.

- Ano ang pangalan ng ina ni Jesus? (Tingnan sa Lucas 1:27.)
- Sino ang ama ni Jesus? (Ang Ama sa Langit. Tingnan sa Lucas 1:35.)

Ipaliwanag na hindi si Jose ang ama ni Jesus. Siya ay isang mabuting tao na pinili upang pangalagaan si Jesus. Nagpakita ang anghel kay Jose sa isang panaginip at sinabi sa kanya ang tungkol sa mahalagang sanggol na magiging anak ni Maria. Sinabi ng anghel kay Jose na si Maria ang dapat na maging asawa niya.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–76, Walang Silid sa Bahay Panuluyan, at isalaysay ang tungkol sa paglalakbay nina Jose at Maria mula sa Nasaret hanggang sa Betlehem, na matatagpuan sa Lucas 2:1–7. Basahin nang malakas ang Lucas 2:7, na ipinapaliwanag ang anumang salita na maaaring hindi alam ng mga bata.

Gawain

Paupuin o paluhurin ang mga bata sa sahig sa harapan ng belen. Maaari mong naisin na maglaan ng isang kumot upang maipansapin nila. Ipasa-pasa ang larawan 1–75, Ang Pagsilang ni Jesus, at hayaang magsabi ang bawat bata ng tungkol sa isang bagay na kanyang nakikita sa larawan.

- Bakit hindi natulog sa bahay panuluyan sina Maria at Jose? (Tingnan sa Lucas 2:7.)
- Saan ipinanganak si Jesus? (Sa isang sabsaban.)
- Anong uring higaan ang nailaan ni Maria para sa sanggol na si Jesus? (Tingnan sa Lucas 2:7.)

Awit

Tulungan ang mga bata na awitin o bigkasin ang mga salita sa “Sa Malayong Sabsaban” (Away in a Manger, *Children’s Songbook*, p. 42). Kumatha ng mga galaw sa kamay at bisig upang umangkop sa mga salita.

Sa malayong sabsaban na higaan,
Panginoong Jesus do’n isinilang.
Manga bituin sa langit nagmasid,
Sa pagtulog ng Panginoong Jesus.

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–77, Ang Pagpapahayag ng Pagkapanganak ni Jesus sa mga Pastol, at sabihin ang tungkol sa pagdalaw ng mga pastol, na matatagpuan sa Lucas 2:8—20.

- Bakit natakot ang mga pastol? (Tingnan sa Lucas 2:9.)
- Ano ang sinabi ng anghel sa mga pastol? (Tingnan sa Lucas 2:10–12.)
- Ano ang ginawa ng mga pastol pagkatapos nilang dalawin ang sanggol na si Jesus? (Tingnan sa Lucas 2:17–20.)

Kuwento

Ipakita ang larawan 1–78, Ang Mga Pantas na Lalaki, at sabihin sa kanila ang tungkol sa pagdalaw ng mga pantas na lalaki, na inilalarawan sa Mateo 2:1–12.

Gawain

Patayuin ang mga bata at magkunwaring nakasakay sa mga kamelyo na lumilibot sa paligid ng silid at magbalik sa belen, na sinusundan ang bituin na aakay sa kanila patungo sa sanggol na si Jesus.

Pagkatapos ng ilang ikot sa paligid ng silid, pababain ang mga bata sa kanilang mga kamelyo at magbalik sa belen. Ipaliwanag na noong panahong natagpuan ng mga pantas na lalaki ang sanggol na si Jesus, nakakita na si Jose ng mas mainam na lugar para pamalagian ng mag-anak at wala na sila sa sabsaban. Paalalahanan ang mga bata na ang mga pantas na lalaki ay nagdala ng mga handog na ginto, kamangyan at mira. Hayaang sabihin ng bawat bata kung ang kanyang pakunwaring handog ay ginto, kamangyan o mira at pagkatapos ay ipabigay ito sa sanggol na si Jesus.

**Ang ating handog kay Jesus ay ang maging katulad niya**

Ipaliwanag na sa bawat Pasko, habang ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesus, maaari tayong magbigay ng mga handog sa kanya. Hindi tayo makapagbibigay ng mga handog na ginto, kamangyan o mira na katulad ng ginawa ng mga pantas na lalaki, ngunit makapagbibigay tayo ng ibang uri ng handog. Tayo ay may handog kay Jesus kapag sinisikap nating maging katulad niya. Nagiging katulad tayo ni Jesus kapag tayo ay mabait sa ating mag-anak at mga kaibigan.

Gawain

Tulungan ang bawat bata na gumawa ng isang tanikala ng Pasko na may ilang dugtong. Pakulayan sa mga bata ang kanilang mga tanikala at pagkatapos ay pagdikit-dikitin ang mga tanikala (tingnan ang paglalarawan sa hulihan ng aralin). Sabihin sa mga bata na ilagay ang kanilang mga tanikala sa isang lugar sa kanilang mga tahanan kung saan ay mapapaalalahanan sila ng mga ito na gumawa ng mabubuting gawa para sa iba bilang mga handog kay Jesus. Hamunin ang mga bata na gumawa ng kahit isa man lamang na mabuting gawa sa bawat araw hanggang sa sumapit ang Pasko.

Tulungan ang mga bata na mag-isip ng mabubuting gawa na maaari nilang gawin. Paalalahanan sila na kapag gumagawa sila ng mabubuting gawa, sila ay nagbibigay ng isang kahanga-hangang handog kay Jesus. Bigyan ang bawat bata ng maikling tala na nagpapaliwanag tungkol sa tanikala sa kanyang mga magulang.

Patotoo

Ipaliwanag na ang pagsilang ni Jesus ang isa sa mga pinakamahalagang bagay na nangyari na sa daigdig. Ipahiwatig ang iyong pagmamahal kay Jesus at ang iyong pagnanais na maging katulad niya, hindi lamang sa Kapaskuhan kundi sa buong taon.

---

**MGA GAWAING NAGPAPAYAMAN SA KAALAMAN**

Pumili ng ilan sa mga gawaing ito upang gamitin sa aralin.


1. Isalaysay muli ang kuwento ng pagsilang ni Jesus habang isinasadula ng mga bata ang mga bahagi ni Jose, Maria, ng katiwala ng bahay panuluyan, ng mga pastol, at mga pantas na lalaki. Gumamit ng mga kagamitang katulad ng isang manikang sanggol, isang maliit na kumot, at isang balabal, kung mayroon ng mga ito. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na makilahok. Maaari mong naising ulitin ang gawain, na pinahihintulutan ang mga bata na gampanan ang iba't ibang bahagi.
2. Tulungan ang mga bata na gumupit o gumuhit ng simpleng mga palamuting bituin. Pakulayan sa mga bata ang kanilang mga palamuti, at maglagay ng tali sa bawat bituin upang maisabit ito ng bata kahit saan sa tahanan.

3. Talakayin ang ilan sa mga pangkalakal na paghahanda para sa Pasko na napapansin ng mga bata. Tulungan silang maunawaan na ang mga bagay na katulad ng mga handog at mga kasayahan ay nakatutuwa, subalit ang Pasko ay tunay na tungkol sa pagsilang ni Jesucristo at ang kahalagahan ng pagtutuon ng pansin sa kanya at sa kanyang buhay.
4. Talakayin ang mga Pamaskong kaugalian sa inyong pook na nakatuon kay Cristo na kinagigiliwan mo at alam mo. Anyayahan ang mga bata na pag-usapan ang tungkol sa anumang mga kaugalian na nakatuon kay Cristo na kinagigiliwan ng kanilang mga mag-anak sa Kapaskuhan.

**MGA KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA MAS MALILIIT NA BATA**

1. Papagkunwariin ang mga bata na mga pastol na nagpapahinga sa bukid. Tulungan silang maisadula ang takot na nadama ng mga pastol nang makakita sila ng anghel, pagkatapos ay ang kaligayahang kanilang nadama nang maunawaan nila ang balita. Tulungan silang mailarawan sa isip na nakaririnig ng mga anghel na umaawit at nakatingala sa magandang kalangitan sa gabi at nakikita ang bituin. Sama-samang lumakad sa paligid ng silid upang hanapin ang sanggol. Lumuhod sa harapan ng sanggol na si Jesus na nasa sabsaban, at umawit ng isang awit ng papuri.
2. Tulungan ang mga bata na gawin ang mga galaw na sumusunod na talata habang binibigkas mo ang mga salita:

   Isang sanggol sa sabsaban *(iugoy ang mga kamay na tila naghehele ng isang sanggol),*
   Katabi ang inang mapagmahal *(iabot ang mga kamay),*
   Bituing nagniningning sa kalangitan *(tumuro sa langit nang may paghanga),*
   Ang Anak ng Diyos ay narito *(ipalakpak ang mga kamay sa tuwa)!*
3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Little Jesus” (*Children’s Songbook*, p. 39) o “Lahat ay Magmahalan, Sabi ni Jesus” (Jesus Said Love Everyone, *Children’s Songbook*, p. 61). Paalalahanan ang mga bata na ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesus sa Kapaskuhan.
4. Gumawa ng simpleng mga ginupit na papel ng nakalampin na sanggol na si Jesus. Magtipon ng pinatuyong damo, giniikan o dayami at dalhin ito upang idikit ng mga bata sa “sabsaban” (isang parisukat na papel). Ipadikit sa mga bata ang sanggol na si Jesus sa ibabaw ng higaan na gawa sa damo o dayami.



# Indese sa mga Talatang Gawain at mga Awit na may Kasamang Paggalaw sa *Primarya 1*


Adan at Eva . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 63
Ako ay Kilala ng Ama sa Langit . . . . . . . . . 2, 26
Ako ay Mahal ng Aking Amang nasa Langit . . 23
Ako ay May
Ako ay Tagatulong . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 121
Ako ng Isang Bagay na Mali . . . . . . . . . . . . . 132
Ako'y Gayahin (Do as I'm Doing) . . . . . 163, 202
Ako'y May Ilong . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 91
Ako'y Nagagalak na
Ako'y Naghuhukay . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 44
Ako'y Nagpapasalamat
Ang Aking Damdamin . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 96
Ang Aking Mag-anak (1) . . . . . . . . . . . . . . . 107
Ang Aking Mag-anak (2) . . . . . . . . . . . . . . . 108
Ang Aking Maliit na Kuting . . . . . . . . . . . . . . 160
Ang Bahay-pulungan . . . . . . . . . . . . . . . . . . 173
Ang Batang si Jesus ay Nagpunta
Ang Goldpis . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 46
Ang Isang Ngiti ay Nakakahawa . . . . . . . . . . 157
Ang mga Batang Tagabunsod . . . . . . . . . . . 141
Ang mga Patak ng Ulan . . . . . . . . . . . . . . . . . 39
Ang Mundo'y Malaki . . . . . . . 35, 53, 58, 64, 161
Ang Munting Pagong . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 47
Ang Munting Sanggol na si Moises . . . . . 4, 112
Ang Munting Taong Ito . . . . . . . . . . . . . . . . . . 34
Ang Munting Tinig . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 31
Ang Nilikha ng Diyos . . . . . . . . . . . . . . 13, 36, 64
Ang Paglikha . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .69, 184
Ang Pagtulong ay
at Minsan Ako'y Maliit . . . . . . . . . . . . . . . . . . xxii
Ating Kamay ay Itiklop . . . . . . . . . . . . . . . . . . 18
Bahay-pukyutan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 59
Book of Mormon Stories . . . . . . . . . . . . . . . . 194
Dahil Linggo Ngayon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 68
Dalawang Maliliit na Humuhuning Ibon . . . . . . 59
Dalawang Maliliit na Magkaibigan . . . . . . . . 138
Dalawang Paang Masaya . . . . . . . . . . . . . . . 174
Dumating sa Simbahan Ngayon . . . 67, 182, 191
Gaano Katagal ang Walang-hanggan . . . . . . 120
Ganito ang Ginagawa ng Sanggol . . . . . . . . 112
Gawing Masasaya ang mga Araw . . . . . . 98, 152
Gusto Ko ang Aking mga Kamay . . . . . . 79, 130
Happy Song . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 178
Hinges . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 73
Hipuin ang Inyong mga Mata . . . . . . . 85, 89, 93
I Have Two Little Hands . . . . . . . . . . . . . . . . . 77
Ibukas, Isara . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . xxi, 175
Ihahalukipkip Ko ang Aking mga Kamay . . . 183
Ikinakaway Ko ang Aking Kamay . . . . . . xxi, 176
Ipalakpak ang Inyong mga Kamay . . . . . . . . . 79
Isang Awit ng Panalangin . . . . . . . . . . . . . . . . 16
Isang Awit ng Pasasalamat . . . . . . . . . . . . . . . 17
Isang Munting Paru-paro . . . . . . . . . . . . . . . . 58
Isang Sanggol sa Sabsaban . . . . . . . . . . . . . 211
Itiklop Natin Ating Kamay . . . . . . . . . . . . . . . 18
Itinatanim nang Malalim ang mga Buto . . . . 145
Ito ang Nanay Ko . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 126
Kahanga-hangang Katawan . . . . . . . . . 7, 71, 84
Kapag Nakagagawa
Kung Ikaw ay Masaya (If You're Happy) . 98, 177
Kung Ikaw ay Napakatangkad . . . . . . . . . . 4, 25
Lahat ay Magmahalan,
Lahat ng Bagay na Maganda . . . . . . . . . . . . . 58
Limang Maliliit na Isda . . . . . . . . . . . . . . . . . 48
Little Seeds Lie Fast Asleep . . . . . . . . . . . . . 43
Lola . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 114
Mag-anak na Kaysaya . . . . . . . . . . . . . . . . . 107
Magkakasamang Namuhay
Mahal Kong Munting Kaibigan . . . . . . . . . . . 150
Mahal ni Jesus ang Lahat ng Bata . . . . . . . . . 24
Mahal ni Jesus ang Maliliit na Bata . . . . . . . . 166
Maliliit na Gagamba . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 60
Masayang Gawain
(Fun To Do) . . . . . 35, 38, 78, 102, 111, 143, 150
Masisipag na Maliliit na Daliri . . . . . . . . 130, 143
May Pananampalataya Akong Nananalangin . 16
Mga Bata, Isuot ang Inyong mga Pantalon . . 147
Mga Ibon sa Puno . . . . . . . . . . . . . . . . . 59, 107
Mga Ngiti . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 94
Minsan Ako'y Mataas,
Minsan Ako'y Sanggol . . . . . . . . . . . 21, 74, 103
My Hands . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 77
na Kapiling ang Ama sa Langit . . . . . . . . 14, 121
Naaabot Ko ang Mataas . . . . . . . . . . . . . . . . 78
Nais ng mga Paa Ko ang Tumatakbo . . . . . . 128
Nakapagpapaligaya sa Akin . . . . . . . . . . . . . . 96

Narito ang Simbahan . . . . . . . . . . . . . . . . . . 193
Natatangi ang Sabado . . . . . . . . . . . . . . . . . . 69
Noe . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 52, 160
Paa, Tuhod, Balikat, . . . . . . . . . . . . . . . . . Ulo 70
Pagbibilang ng mga Daliri . . . . . . . . . . . . . . . 78
Papkorn . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 42
Para sa Aking mga Mata . . . . . . . . . . . 12, 18, 87
Sa Kakahuyan Lumuhod si Joseph . . . . . . . . . 8
Sa Malayong Sabsaban . . . . . . . . . . . . . 20, 209
Sa Templo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 20
Sabi ni Jesus . . . . . . . . . . . . . 153, 164, 187, 204
Sampung Kalalakihan ang Maysakit . . . . . . . 189
Si Jesus ay Muling Nabuhay . . . . . . . . . . . . . 205
Si Jesus ay Nabuhay . . . . . . . . . . . . . . . . . . 207
Sinisikap Kong Tularan si Jesus . . . . . . . . . . 165
Tahanan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 142
Tayong Lahat ay
Templo'y Minamasdan Ko . . . . . . . . . . . . . . . 118
When We're Helping . . . . . . . . . . . . . . . 116, 143

# Mga Awit para sa Alagaan mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata*

Ang sumusunod na mga awit mula sa Aklat ng mga Awit Pambata ay angkop na angkop na gamitin sa alagaan. Kasama nito ang ilang mungkahi ng mga paraan ng inyong pag-aakma sa mga salita. Maaaring mayroon kayong ibang mga ideya sa pag-aakma ng mga ito o ng ibang mga awit sa Aklat ng mga Awit Pambata upang maging angkop ang mga ito sa alagaan.

Mag-anak na Kaysaya (© 1975 Pioneer Music Press, Inc.)
Kumatha ng isang talata tungkol sa inyong masayang alagaan o Primarya.Gamitin bilang pagbati: “Narito na si Susie. . . . ”

Ako’y Gayahin
Gamitin sa pagbibigay ng mga tagubilin: “Tayo’y maglinis; sundan n’yo ako. . . ” o “Tayo’y umawit. . . . ”

Sa Kalusugan (For Health and Strength)
Gamitin ang pangalan ng anumang bagay na nais pasalamatan ng mga bata: “Sa puno, bulaklak, ulan, purihin ka, O Diyos.”

Masayang Gawain

Paa, Tuhod, Balikat, Ulo

Awitin ang tungkol sa mga pangunahing galaw: “Halina, tayo ay lumakad (tumakbo, tumalon, lumundag) . . . sa paligid nitong silid.” Gamitin sa pagbibigay ng mga tagubilin: “Laruan natin ay damputin . . . at ilagay sa kahon (sa istante, sa silid).”

Awit ng Pagbati (Hello Song)

Kung Ikaw ay Masaya

Once There Was a Snowman (© 1981 Pioneer Music Press Inc.)
Kumatha ng mga talata tungkol sa ibang mga bagay sa kalikasan: “Minsan may ‘sang puno . . . mataas. Ako’y naupo sa kanyang lilim . . . maliit.” O “Minsan ma’y ‘sang bundok . . . mataas. Doon sa tuktok ako’y umakyat; at mga ulap ay dumaan.”

Pumapatak ang Ulan (Rain Is Falling All Around)

Umawit (Sing a Song)
Palitan ang “umawit” ng mga pangunahing galaw: “Tumalon” o “Lumundag.” Umawit ng tungkol sa pananamit, mga kulay, o sarili: “Sapatos: “To’y gusto ko. Suot ko sa tuwina; sapatos!”

Mga Ngiti

Pasasalamat sa Ama

Tayo ay Yumuyuko (We Bow Our Heads)

Bilang karagdagan sa mga awit sa *Aklat ng mga Awit Pambata*, maaari ninyong gamitin ang mga awit ng mga bata na mula sa inyong sariling kultura. Tiyaking masusunod sa mga awit ang sumusunod na pamantayan:

Ang mga ito ay maiikli at simple.
Ang mga ito ay gumagamit ng kaunting nota (5 hanggang 8 nota).
Ang mga salita ay paulit-ulit (ang iisang salita ay gamit nang ilang ulit) at madaling matutuhan.
Ang mga salita ay naglalarawan ng mga bagay na nakikita, naririnig, naaamoy, o nahihipo ng mga bata.
Ang mga salita ay hindi labag sa mga turo ng ebanghelyo.